# Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan

## George Albert Smith



MGA TURO NG MGA PANGULO NG SIMBAHAN

# GEORGE ALBERT SMITH

Inilathala ng
Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw
Salt Lake City, Utah

**Serye ng mga Aklat sa *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan***

*Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith*
(aytem bilang 36481 893)
*Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Brigham Young* (35554 893)
*Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: John Taylor* (35969 893)
*Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Wilford Woodruff* (36315 893)
*Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph F. Smith* (35744 893)
*Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Heber J. Grant* (35970 893)
*Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: George Albert Smith* (36786 893)
*Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: David O. McKay* (36492 893)
*Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Harold B. Lee* (35892 893)
*Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Spencer W. Kimball* (36500 893)

Para maka-order ng mga aklat na ito, pumunta sa distribution center sa inyong lugar o bisitahin ang store.lds.org.

Ang iyong mga puna at mungkahi tungkol sa aklat na ito ay pasasalamatan. Isumite po lamang ang mga ito sa Curriculum Development, 50 East North Temple Street, Room 2404, Salt Lake City, UT 84150-3220 USA.

O ipadala sa e-mail ang inyong mga puna at mungkahi sa:
cur-development@ldschurch.org

Isulat lamang ang iyong pangalan, address, ward, at stake. Tiyaking ibigay ang pamagat ng aklat. Pagkatapos ay ibigay ang inyong mga puna at mungkahi tungkol sa mga kalakasan ng aklat at mga bahaging maaari pang pagandahin.


© 2011 ng Intellectual Reserve, Inc.
Lahat ng karapatan ay nakalaan
Inilimbag sa Estados Unidos ng Amerika

Pagsang-ayon sa Ingles: 8/02
Pagsang-ayon sa pagsasalin: 8/02
Pagsasalin ng *Teachings of Presidents of the Church: George Albert Smith*
Tagalog
36786 893

# Mga Nilalaman


| Pamagat | Pahina |
|---|---|
| Pambungad | v |
| Buod ng Kasaysayan | ix |
| Ang Buhay at Ministeryo ni George Albert Smith | xii |
| 1 Pamumuhay Ayon sa Ating Paniniwala | 1 |
| 2 "Iibigin Mo ang Iyong Kapuwa na Gaya ng Iyong Sarili" | 13 |
| 3 Ang Ating Patotoo Tungkol kay Jesucristo | 23 |
| 4 Ang Propetang Joseph Smith, Kasangkapan ng Diyos sa Pagpapanumbalik ng Katotohanan | 37 |
| 5 Ang Banal na Priesthood—para Pagpalain ang mga Anak ng Diyos | 51 |
| 6 Pagsang-ayon sa Lahat ng Sinasang-ayunan ng Panginoon | 63 |
| 7 Ang Kawalang-Kamatayan ng Kaluluwa | 75 |
| 8 Mga Pagpapala ng Templo para sa Ating Sarili at sa Ating mga Ninuno | 89 |
| 9 Buksan ang Inyong Kaluluwa sa Panginoon sa Panalangin | 101 |
| 10 Mga Banal na Kasulatan, ang Pinakamahalagang Aklat sa Mundo | 113 |
| 11 Paghahayag mula sa Diyos para sa Kanyang mga Anak | 123 |
| 12 Masigasig na Hangaring Ibahagi ang Ebanghelyo | 135 |
| 13 Gawin ang Ating Tungkulin na Ibahagi ang Ebanghelyo | 149 |
| 14 Paano Epektibong Maibabahagi ang Ebanghelyo | 163 |
| 15 Pagsusulong sa Gawain ng Panginoon | 175 |
| 16 "Ihandog ang Inyong Sakramento sa Aking Banal na Araw" | 187 |
| 17 Ang Nagpapalakas na Kapangyarihan ng Pananampalataya | 199 |
| 18 Manatili sa Panig ng Panginoon | 211 |
| 19 Temporal at Espirituwal na mga Pagpapala mula sa Word of Wisdom | 223 |
| 20 Temporal na Kaligtasan para sa Ating Sarili at sa Iba | 235 |
| 21 Ang Bisa ng Kabaitan | 247 |
| 22 Palakihin ang mga Anak sa Liwanag at Katotohanan | 259 |
| 23 "Kayo ay Kinakailangang Magpatawad" | 273 |
| 24 Mabuting Pamumuhay sa mga Panahong Mapanganib | 283 |
| Listahan ng mga Larawan | 294 |
| Indeks | 295 |





# Pambungad

Ang Unang Panguluhan at ang Korum ng Labindalawang Apostol ay nagpasimula ng seryeng *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan* para tulungan kayong palalimin ang inyong pag-unawa sa ipinanumbalik na ebanghelyo at lalo kayong mapalapit sa Panginoon sa pamamagitan ng mga turo ng mga propeta sa mga huling araw. Sa pagdaragdag ng Simbahan ng mga aklat sa seryeng ito, makakakolekta kayo ng mga reperensyang aklat ng ebanghelyo sa inyong tahanan. Ang mga tomo sa seryeng ito ay nilayong magamit sa personal na pag-aaral at sa pagtuturo sa araw ng Linggo. Matutulungan rin kayo nitong ihanda ang iba pang mga aralin o mensahe at sagutin ang mga tanong tungkol sa doktrina ng Simbahan.

Tampok sa aklat na ito ang mga turo ni Pangulong George Albert Smith, na naglingkod bilang Pangulo ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw mula Mayo 21, 1945, hanggang Abril 4, 1951.

---

### Personal na Pag-aaral

Habang pinag-aaralan ninyo ang mga turo ni Pangulong George Albert Smith, mapanalanging hangarin ang inspirasyon ng Espiritu. Ang mga tanong sa dulo ng bawat kabanata ay makakatulong upang maunawaan ninyo ang mga turo ni Pangulong Smith at maiangkop ang mga ito sa inyong buhay. Habang pinag-aaralan ninyo ang mga turong ito, maaari ninyong isipin kung paano ninyo ito maituturo sa mga kapamilya at kaibigan. Palalakasin nito ang pag-unawa ninyo sa inyong binabasa.

---

### Pagtuturo mula sa Aklat na Ito

Magagamit ninyo ang aklat na ito sa pagtuturo sa tahanan o sa simbahan. Makakatulong sa inyo ang sumusunod na mga tuntunin.

### *Maghandang Magturo*

Hangarin ang patnubay ng Espiritu Santo habang naghahanda kayong magturo. Mapanalanging pag-aralan ang kabanata upang magkaroon kayo ng tiwala sa pagkaunawa ninyo sa mga turo ni Pangulong Smith. Makapagtuturo kayo nang mas taimtim at mabisa kapag naimpluwensyahan kayo ng kanyang mga salita (tingnan sa D at T 11:21).

Kung nagtuturo kayo ng aralin sa Melchizedek Priesthood o Relief Society, hindi ninyo dapat isantabi ang aklat na ito o ihanda ang mga aralin mula sa iba pang mga materyal. Mapanalanging piliin mula sa kabanata ang mga turong sa pakiramdam ninyo ay makakatulong nang malaki sa mga tinuturuan ninyo. Ang ilang kabanata ay naglalaman ng mas maraming materyal kaysa kaya ninyong talakayin sa oras ng klase. Hayaang magpatuloy ang magagandang talakayan sa halip na sikaping talakayin ang lahat ng turo.

Hikayatin ang mga kalahok na pag-aralan ang kabanata bago ituro ang aralin at dalhin nila ang aklat. Kapag ginawa nila ito, magiging mas handa silang makilahok sa talakayan at patatagin ang isa't isa.

### *Pasimulan ang Kabanata*

Habang pinasisimulan ninyo ang kabanata, at sa buong aralin, sikaping lumikha ng kapaligiran na maaantig ng Espiritu ang mga puso at isipan ng inyong mga tinuturuan. Upang masimulan ang aralin, tulungan ang mga tinuturuan ninyo na magtuon sa mga turo sa kabanata. Upang magawa ito, maaari ninyong:

- Basahin at talakayin ang bahaging pinamagatang "Mula sa Buhay ni George Albert Smith" sa simula ng kabanata.
- Talakayin ang isang larawan o talata mula sa kabanata.
- Kantahin ang isang kaugnay na himno.
- Ibahagi nang kaunti ang isang personal na karanasan tungkol sa paksa.

### *Pangunahan ang Talakayan tungkol sa mga Turo ni Pangulong Smith*

Habang nagtuturo kayo mula sa aklat na ito, anyayahan ang iba na ibahagi ang kanilang iniisip, magtanong, at turuan ang isa't isa.

Matututo silang mabuti kapag aktibo silang nakikilahok. Mabuting paraan din ito para matulungan silang tumanggap ng personal na paghahayag. Upang makahikayat ng talakayan, gamitin ang mga tanong sa dulo ng kabanata. Ang mga tanong na ito ay nakarepe-rensya sa iba't ibang bahagi ng kabanata upang ipakita kung aling bahagi ng mga turo ang tinutukoy nito. Maaari din kayong gu-mawa ng sarili ninyong mga tanong para sa mga tinuturuan ninyo. Halimbawa, maaari ninyong itanong sa mga kalahok kung paano nila maiaakma ang mga turo ni Pangulong Smith sa kanilang mga tungkulin bilang magulang o bilang home teacher o visiting teacher.

Ang sumusunod na mga opsyon ay maaaring magbigay sa inyo ng karagdagang mga ideya:

- Ipabahagi sa mga kalahok ang natutuhan nila mula sa kanilang personal na pag-aaral sa kabanata. Maaaring makatulong kung kokontakin ang ilang kalahok sa loob ng linggong iyon at pag-handain silang magbahagi ng kanilang natutuhan pagdating nila.
- Atasan ang mga kalahok na basahin ang mga piling tanong sa dulo ng kabanata (isa-isa o sa maliliit na grupo). Ipahanap sa ka-nila ang mga turo sa kabanata na may kaugnayan sa mga tanong. Pagkatapos ay ipabahagi sa kanila sa grupo ang kanilang mga iniisip at ideya.
- Sama-samang basahin ang mga piling pahayag ni Pangulong Smith mula sa kabanata. Ipabahagi sa mga kalahok ang mga ha-limbawa mula sa mga banal na kasulatan at mula sa sarili nilang karanasan na naglalarawan ng itinuro ni Pangulong Smith.
- Papiliin ang mga kalahok ng isang bahaging interesado sila at ipabasa ito nang tahimik. Anyayahan silang magtipon sa mga grupong may dalawa o tatlong miyembro na pipili ng iisang ba-hagi at tatalakayin ang kanilang natutuhan.

### *Tapusin ang Talakayan*

Ibuod nang maikli ang aralin o ipabuod ito sa isa o dalawang kalahok. Hikayatin ang inyong mga tinuturuan na ibahagi sa iba ang natutuhan nila mula sa mga turo ni Pangulong Smith. Patotohanan ang mga turo na inyong tinalakay. Maaari din ninyong ipabahagi sa iba ang kanilang patotoo.

## Impormasyon tungkol sa mga Pinagkunang Binanggit sa Aklat na Ito

Ang mga turo ni Pangulong Smith sa aklat na ito ay tuwirang sinipi mula sa iba't ibang mapagkukunan. Pinanatili sa mga hangong ito ang pagbabantas, pagbabaybay, pagpapalaki ng mga titik, at pag-aayos ng mga talata sa orihinal na mga pinagkunan maliban kung kinailangan itong baguhin ng patnugot o itama ang baybay para mas maayos itong basahin. Dahil dito, maaari kayong makapansin ng kaunting pagkakaiba sa teksto. Halimbawa, ang salitang *ebanghelyo* ay nagsimula sa maliit na titik sa ilang sipi at sa malaking titik naman sa iba.

Gayundin, madalas gamitin ni Pangulong Smith ang mga katagang tulad ng *kalalakihan, lalaki,* o *sangkatuhan* sa pagtukoy sa lahat ng tao, kapwa lalaki at babae. Karaniwan ito sa wikang ginamit sa kanyang panahon. Sa kabila ng mga kaibhan ng makaluma sa makabagong wika, angkop ang mga turo ni Pangulong Smith kapwa sa kababaihan at sa kalalakihan.

# Buod ng Kasaysayan

Ang sumusunod na kronolohiya ay naglalaan ng maikling buod ng kasaysayan para sa mga turo ni Pangulong George Albert Smith na nakalahad sa aklat na ito.

| | |
|---|---|
| 1870, Abril 4 | Isinilang sa Salt Lake City, Utah, kina John Henry at Sarah Farr Smith. |
| 1874–75 | Ang kanyang ama, si John Henry Smith, ay nagmisyon sa Great Britain. Apat na taong gulang si George Albert nang umalis ito. |
| 1880, Oktubre 27 | Si John Henry Smith ay inorden bilang Apostol. |
| 1882–85 | Si John Henry Smith ay naglingkod bilang pangulo ng European Mission. |
| 1883 | Si George Albert Smith ay nagsimulang magtrabaho sa isang pabrika ng mga damit sa edad na 13. |
| 1888 | Nagsimula siyang magtrabaho para sa isang kumpanya ng tren. Nasira nang tuluyan ang kanyang mga mata dahil sa kanyang trabaho. |
| 1891, Setyembre–Nobyembre | Nagmisyon sa katimugang Utah para sa Young Men's Mutual Improvement Association. |
| 1892, Mayo 25 | Pinakasalan si Lucy Emily Woodruff sa Manti Utah Temple. |
| 1892–94 | Nagmisyon sa katimugang Estados Unidos, ilang linggo lang matapos ang kanyang kasal. Nakasama niya si Lucy sa misyon sa loob ng apat na buwan. |

| | |
|---|---|
| 1903, Oktubre 8 | Inorden ni Pangulong Joseph F. Smith bilang Apostol. |
| 1904 | Isinulat ang kanyang "sariling panuntunan," isang listahan ng 11 huwaran na ipinangako niyang ipamuhay (tingnan sa mga pahina 1-2 ng aklat na ito). |
| 1909–12 | Nagkaroon ng malulubhang karamdaman. |
| 1919–21 | Pinamunuan ang European Mission. |
| 1921–35 | Naglingkod bilang general superintendent ng Young Men's Mutual Improvement Association. |
| 1922 | Hinirang na vice president ng National Society of the Sons of the American Revolution. Naglingkod siya sa katungkulang ito hanggang 1925 at muli noong 1944 at 1946. |
| 1930, Setyembre | Tumulong sa pag-oorganisa ng Utah Pioneer Trails and Landmarks Association para hanapin at markahan ang mga makasaysayang lugar sa Simbahan. Nahirang siya bilang unang pangulo ng organisasyon. |
| 1933, Hulyo 27 | Naging pangulo ng Society for the Aid of the Sightless sa Utah. |
| 1934, Mayo 31 | Tumanggap ng Silver Buffalo, ang pinakamataas na parangal na ibinibigay ng Boy Scouts of America. |
| 1935–36 | Pinamahalaan ang paglalathala ng Aklat ni Mormon sa wikang braille. |
| 1937 Nobyembre 5 | Namatay si Lucy sa edad na 68 matapos ang matagal na pagkakasakit. |

| | |
|---|---|
| 1938, Enero–Hulyo | Binisita ang mga misyon ng Simbahan sa South Pacific, kabilang na ang mga pagtigil sa Hawaii, Samoa, Tonga, Tahiti, New Zealand, at Australia. |
| 1943, Hulyo | Itinalaga bilang Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol. |
| 1945, Mayo 21 | Itinalaga bilang Pangulo ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. |
| 1945, Setyembre 23 | Inilaan ang Idaho Falls Idaho Temple. |
| 1945, Nobyembre 2 | Nakipagpulong sa pangulo ng Estados Unidos na si Harry S. Truman para talakayin ang mga pagsisikap na magpadala ng tulong sa Europa pagkaraan ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig. |
| 1946, Mayo | Binisita ang mga miyembro ng Simbahan sa Mexico, ang unang Pangulo ng Simbahan na gumawa nito. Binigyan ng kopya ng Aklat ni Mormon ang pangulo ng Mexico na si Manuel Camacho. |
| 1947, Hulyo 24 | Inilaan ang This Is the Place Monument at ginunita ang ikasandaang taong anibersaryo ng pagdating ng mga pioneer sa Salt Lake Valley. |
| 1947 | Umabot sa isang milyon ang mga miyembro ng Simbahan. |
| 1949, Setyembre 30–Oktubre 2 | Nakilahok sa pinakaunang brodkast ng pangkalahatang kumperensya sa telebisyon. |
| 1951, Abril 4 | Namatay sa Salt Lake City, Utah, noong kanyang ika-81 kaarawan. |

# Ang Buhay at Ministeryo ni George Albert Smith

Isang araw noong nanunungkulan siya bilang Pangulo ng Simbahan, may nagpadala ng retrato kay George Albert Smith na may kasamang maikling sulat na nagsasabing, "Ipinadala ko po ito sa inyo dahil ito po ay larawan ng isang taong pinaniniwalaan naming naglalarawan sa inyong pagkatao." Retrato iyon ni Pangulong Smith na bumibisita sa isang ina at sa apat na batang anak nito. Sa partikular na araw na iyon, nagmamadali si Pangulong Smith para makahabol sa tren nang pigilin siya ng ina, sa pag-asang magkaroon ng pagkakataon ang kanyang mga anak na makamayan ang isang propeta ng Diyos. Kinuhanan ng retrato ng isang nagmamasid ang sandaling iyon.

Sabi pa sa sulat, "Kaya namin iniingatan [ang retratong ito] ay dahil, kahit napakaabala ninyo, kahit nagmamadali kayong makasakay sa kotse at makahabol sa naghihintay na tren, nag-abala pa rin kayong kamayan ang bawat bata sa pamilyang ito."[1]

Ang kabaitang tulad nito ang katangian ng buhay at ministeryo ni George Albert Smith. Sa pagpapakita man ng pagmamahal at paghihikayat sa isang kapitbahay na nag-aalinlangan sa kanyang pananampalataya o sa pag-oorganisa ng malawakang pagkakawanggawa para mapakain ang libu-libong tao, ipinamuhay ni George Albert Smith ang utos ng Tagapagligtas na, "Iibigin mo ang iyong kapuwa na gaya ng iyong sarili" (Marcos 12:31).

## Mga Unang Taon, 1870–90


*Mga edad 4*

Si George Albert Smith ay isinilang noong Abril 4, 1870, kina John Henry at Sarah Farr Smith sa isang simpleng tahanan sa Salt Lake City. Ang pamilya Smith ay may dakilang pamana ng paglilingkod sa kaharian ng Diyos. Ang ama ni George Albert ay naglingkod sa Korum ng Labindalawang Apostol at sa Unang Panguluhan. Ang kanyang lolo at kapangalan niya, si George A. Smith, ay pinsan ni Propetang Joseph Smith at kabilang sa mga unang pioneer na Banal sa mga Huling Araw na pumasok sa Salt Lake Valley noong 1847; si George A. Smith ay isa ring Apostol at tagapayo kay Pangulong Brigham Young. Ang lolo-sa-tuhod ni George Albert na si John Smith ay naglingkod bilang Patriarch sa Simbahan at bilang unang stake president sa Salt Lake City. At ang kanyang lolo sa ina, na si Lorin Farr, ang unang mayor o punong-bayan ng Ogden, Utah, at unang stake president sa lungsod na iyon.


*John Henry Smith*

Minahal at hinangaan ni George Albert Smith ang kanyang mga magulang. Pinasalamatan niya ang kanyang ama sa pagtuturo sa kanya na tumulong sa mga nangangailangan,[2] at pinuri ang kanyang ina sa mga sakripisyo nito sa pagpapalaki sa kanyang pamilya sa ebanghelyo. "Kahit mahirap kami," paggunita niya, "at nasa misyon ang aking ama noong limang taong gulang ako, hinding-hindi ko maalala na narinig kong nagreklamo ang aking ina, at hinding-hindi ko siya nakitang umiyak dahil sa aming kalagayan. Wala pa akong nakilala na kasingtalino niya sa paghawak ng pera. . . .

". . . Noong nasa misyon ang aking ama, si Inay ang umako sa kanyang tungkulin, at siya talaga ang namuno sa tahanan habang wala si Itay. Lagi kaming nagdarasal, at nagbabasbas ng pagkain, at kapag mayroong maysakit, tinatawag niya ang mga elder, dahil malaki ang pananampalataya niya sa mga ordenansa ng ebanghelyo. Lagi siyang nagbabayad ng buong ikapu, at ang alam ko,



*Mga anak nina John Henry at Sarah Farr Smith. Nasa kaliwa si George Albert Smith.*

hinding-hindi pumasok sa isipan niya na baka may mali at hindi totoo ang 'Mormonismo.' Naniniwala siya rito nang buong kaluluwa niya."[3]



*Sarah Farr Smith*

Higit sa lahat, naalala ni George Albert Smith na tinuruan siya ng kanyang ina na manalangin at magtiwala na sasagot ang Diyos: "Kapag iniisip ko ang impluwensya ng aking ina noong ako ay [bata] pa nakadarama ako ng matinding paggalang at naiiyak ako. . . . Parang kahapon lang, naaalala ko na hinawakan niya ang kamay ko at umakyat kami sa ikalawang palapag. Doon ay lumuhod ako sa kanyang harapan at hinawakan ang kanyang kamay habang tinuturuan niya akong manalangin. Salamat sa Diyos para sa mga inang nasa puso ang diwa ng Ebanghelyo at may hangaring tumulong o pagpalain ang iba. Kaya kong ulitin ang panalanging iyon ngayon kahit napakatagal na mula nang natutuhan ko ito. Nagbigay ito sa akin ng katiyakan na mayroon akong Ama sa Langit, at ipinaalam sa akin na nakikinig at sumasagot Siya sa panalangin. Nang lumaki na ako nakatira pa rin kami sa

dalawang-palapag na bahay na yari sa kahoy at kapag malakas ang hangin umuuga ito na para bang matutumba ito. Kung minsan takot na takot akong matulog. Kama ko lang ang nasa maliit na silid, at maraming gabing bumabangon ako at lumuluhod at humihiling sa aking Ama sa Langit na pangalagaan ang bahay namin, ingatan ito para hindi ito masira at muli akong babalik sa maliit kong kama na nakatitiyak na pangangalagaan ako mula sa kasamaan na para bang hawak ko ang kamay ng aking Ama."[4]

Sa paggunita sa kanyang kabataan, sabi ni George Albert Smith:

"Nabuhay sa kahirapan ang aking mga magulang, ngunit pinupuri ko ang aking Lumikha at pinasasalamatan siya nang buong puso sa pagpapadala sa akin sa kanilang tahanan.

". . . Nalaman ko noong bata pa ako na ito ang gawain ng Panginoon. Nalaman ko na may mga propetang nabubuhay sa mundo. Nalaman ko na ang inspirasyon ng Maykapal ay makaiimpluwensya sa mga taong namumuhay sa paraan na matatamasa ito.

". . . Nagpapasalamat ako sa aking pagkapanganay, sa mga magulang na nagturo sa akin ng ebanghelyo ni Jesucristo at nagpakita ng halimbawa sa kanilang tahanan."[5]

Kilalang masayahin at mahilig maglaro ang batang si George Albert. Nagustuhan ng mga kaibigan ang kanyang pagiging masayahin, at natutuwa siyang aliwin sila gamit ang harmonica, banjo, at gitara at sa pagkanta ng nakakatawang mga awitin. Subalit nagkaroon din siya ng mga karanasan na tumulong sa kanya na maging lubos na responsable na kahanga-hanga sa kanyang murang edad. Noong 12 taong gulang si George Albert, nag-aral siya sa Brigham Young Academy, kung saan tumanggap siya ng ilang payo na magkakaroon ng malaking epekto sa kanyang buhay. Kalaunan ay ginunita niya:

"Mapalad ako na naging guro ko si Dr. Karl G. Maeser, ang mahusay na guro na unang nagplano ng malalaking paaralan ng ating Simbahan. . . . Hindi ko masyadong maalala ang sinabi noong taon na naroon ako, ngunit may isang bagay na marahil ay hinding-hindi ko malilimutan. Maraming beses ko na itong nabanggit. . . . Isang araw ay tumayo si Dr. Maeser at sinabi niyang:

"'Hindi lamang kayo mananagot sa mga bagay na ginagawa ninyo, kundi mananagot rin kayo sa mga bagay mismo na iniisip ninyo.'

"Dahil bata pa, at hindi ko ugaling pigiling masyado ang aking mga iniisip, hindi ko alam kung ano ang gagawin ko, at nag-alala ako. Sa katunayan, natanim ito nang husto sa aking isipan. Pagkaraan ng mga isang linggo o sampung araw bigla kong naunawaan ang ibig niyang sabihin. Nakita ko ang dahilan niyon noon. Bigla kong naisip ang interpretasyon o pakahulugang ito sa sinabi niya: Aba, siyempre, mananagot ka sa mga iniisip mo dahil kapag nagwakas na ang buhay mo sa mundo, ang buhay mo ang magiging kabuuan ng mga iniisip mo. Ang mungkahing iyon ay naging malaking pagpapala sa aking buhay, at nakaya kong iwasan sa maraming pagkakataon ang pag-iisip nang masama dahil alam ko na kapag nagwakas na ang buhay ko, ako ang magiging produkto ng aking mga iniisip."[6]

Binalikat ng batang si George Albert ang malalaking responsibilidad sa tahanan noong 1882 nang ang kanyang ama, na dalawang taong nagsilbi noon sa Korum ng Labindalawa, ay tinawag bilang pangulo ng European Mission. Dahil sa wala si John Henry, kinailangang tumulong ni George Albert sa pagtataguyod sa pamilya. Noong siya ay 13 taong gulang, nag-aplay siya sa planta at department store na pag-aari ng Simbahan sa Salt Lake City, ngunit sinabi ng manager na hindi nila kayang magpasuweldo ng isa pang tao. Sumagot si George Albert na hindi siya nagpapabayad, magtatrabaho lamang siya. Dagdag pa niya, "Alam ko na kung may halaga ako, babayaran ako."[7] Dahil sa kanyang positibong pag-uugali, napasok siya bilang manggagawa sa pabrika sa halagang $2.50 sa isang linggo, at dahil sa kanyang magandang trabaho, hindi naglaon ay tumaas ang posisyon niya sa kumpanya.

Noong siya ay 18 taong gulang, nakakita siya ng trabaho sa isang railway surveying party. Habang nagtatrabaho rito, napinsala ang mata niya sa tama ng sikat ng araw sa buhanginan ng disyerto. Tuluyang napinsala ang paningin ni George Albert, kaya nahirapan siyang magbasa at nagpahirap ito sa buong buhay niya.

## Paglilingkod sa Misyon at Pag-aasawa, 1891–94

Noong Setyembre 1891 tinawag ni Pangulong Wilford Woodruff si George Albert Smith na maglingkod nang maikling panahon sa katimugang Utah. Ang partikular niyang tungkulin ay makipagtulungan sa mga kabataan ng Simbahan sa lugar na iyon. Nang sumunod na apat na buwan tumulong sila ng kanyang kompanyon sa pagbuo ng mga organisasyon ng mga kabataan sa mga stake at ward, nagsalita sa napakaraming pulong, at hinikayat ang mga kabataan na ipamuhay ang mga pamantayan ng Simbahan.

Pagkauwi mula sa kanyang misyon, patuloy na niligawan ni George Albert ang kanyang mahal na kababatang si Lucy Woodruff, na apo ni Pangulong Wilford Woodruff. Lumaki silang magkapitbahay, at napansin ni Lucy ang pagkakaroon ng magagandang katangian ni George Albert. Itinala niya sa kanyang diary ang kanyang paghanga rito: "Ngayong gabi nahiga ako na nagpapasalamat sa Diyos . . . at nananalangin na bigyan niya ako ng lakas na maging higit na karapat-dapat sa pag-ibig ng isang tao na matibay kong pinaniniwalaan na isa sa pinakamagagaling na binatang nabubuhay sa daigdig. Naluluha ako sa kanyang kabutihan at kabaitan."[8]



*Lucy Emily Woodruff Smith*

Ngunit maraming tagahanga si Lucy, at ang ilan sa mga ito ay napakayayaman at mamahalin ang ibinibigay na mga regalo sa kanya. Sa kabilang dako, naakit si Lucy kay George Albert dahil sa katapatan nito sa Panginoon. Sinulatan siya ni George Albert, "Kung interesado kang pakasalan ang isang tao dahil sa pera hindi ako iyon, dahil matagal ko nang naipasiya na hindi ko ilalaan ang sarili ko o ang buhay ko o ang panahon ko sa pagpapayaman kundi sa paglilingkod sa



*Mga misyonero sa Southern States Mission. Ang bagong kasal na sina Lucy (ikatlo sa kaliwa) at George Albert Smith (nakaupo sa tabi niya) ay magkasamang naglingkod sa mission home.*

Panginoon at sa pagtulong sa Kanyang mga anak sa mundong ito."[9] Nagpasiya si Lucy, at noong Mayo 25, 1892, ikinasal sila ni George Albert sa Manti Utah Temple. Ang ama ni George Albert ang nagkasal sa kanila. Sa araw na iyon binigyan ni Lucy ang kanyang asawa ng maliit na locket na may larawan niya sa loob. Inilagay ni George Albert ang locket sa chain ng kanyang pocket watch, kung saan nakalagay ito malapit sa kanyang puso, at halos araw-araw niya itong suot habang siya'y nabubuhay.[10]

Wala pang isang buwang magkasama ang bagong kasal nang umalis si George Albert para sa isa pang misyon, ang isang ito ay pagtuturo ng ebanghelyo sa katimugang Estados Unidos. Kahit alam nila na nalalapit na ang kanyang pag-alis—dumating ang tawag tatlong linggo bago sila ikinasal—nahirapan pa rin silang maghiwalay. Kapwa sila lubhang nagalak nang, pagkaraan ng apat na buwan ay tinawag na maglingkod si Lucy kasama ang kanyang asawa sa

mission office, kung saan naatasan kamakailan si Elder Smith na maglingkod bilang mission secretary.

Ang pangulo ng Southern States Mission noon ay si J. Golden Kimball, na naglilingkod din noon bilang miyembro ng Pitumpu. Habang naglilingkod si Elder Smith, dalawang beses na kinailangang lisanin ni Pangulong Kimball ang misyon para asikasuhin ang mahahalagang bagay sa Salt Lake City—minsan noong katatawag pa lang kay Elder Smith bilang mission secretary at muli pagkaraan ng isang taon. Sa dalawang pagkakataong ito, iniwan ni Pangulong Kimball kay Elder Smith ang malaking responsibilidad na pamunuan at pangasiwaan ang misyon, at nagbigay ng suporta at payo sa pamamagitan ng napakaraming liham. Sa kabuuan, naglingkod si Elder Smith bilang gumaganap na pangulo ng misyon nang mga 16 na buwan. Nag-alala si Pangulong Kimball na matatagalan siya, ngunit nagtiwala siya sa kanyang batang assistant. Sinabi niya sa isang liham kay Elder Smith, "Palagay ko sa nahihiwatigan at nalalaman ko, gaano man ito kalimitado, ay nagawa kong makita ang iyong integridad at kahalagahan, na tinitiyak ko sa iyo."[11] Sa isa pang liham na isinulat niya, "Lagi mong isipin ito: na pinahahalagahan ko ang iyong mga pagsisikap, kasigasigan, at magandang ugali."[12]

Maraming beses na nasaksihan ni Pangulong Kimball ang kasigasigan at magandang ugali ni Elder Smith. Minsan ay magkasamang naglakbay ang dalawa at naanyayahan silang palipasin ang gabi sa isang maliit na bahay na yari sa troso. Kalaunan ay ginunita ni George Albert Smith:

"Bandang hatinggabi ay nagising kami sa lakas ng sigawan at hiyawan sa labas. Narinig namin ang mga pagmumura nang maupo kami sa kama para alamin ang mga nangyayari. Maliwanag ang buwan nang gabing iyon at nakita namin ang maraming tao sa labas. Tumayo si Pangulong Kimball at nagsimulang magbihis. Kumatok nang malakas sa pintuan ang mga lalaki at nagmumurang inutusang lumabas ang mga Mormon, para barilin nila ang mga ito. Tinanong ako ni Pangulong Kimball kung titindig ako at magbibihis at sinabi kong hindi, mananatili ako sa kama, na natitiyak ko na pangangalagaan kami ng Panginoon. Sa loob lamang ng ilang sandali napuno ang silid ng mga putok ng baril. Mukhang nag-apat na grupo ang mga nanggugulo at pinagbabaril ang mga sulok ng

bahay. Nagliparan ang maliliit na piraso ng kahoy sa aming ulunan sa lahat ng direksyon. Nagkaroon ng sandali ng katahimikan, pagkatapos ay sunud-sunod na naman ang pagputok ng mga baril at mas marami pang maliliit na piraso ng kahoy ang nagliparan. Talagang hindi ako natakot. Panatag na panatag akong nakahiga roon, habang dinaranas ang isa sa pinakamalalagim na pangyayari sa buhay ko, ngunit tiyak ko . . . na poprotektahan ako ng Panginoon, at ginawa nga niya ito.

"Mukhang nagsawa ang mga mandurumog at nag-alisan na. Kinabukasan pagbukas namin ng pinto, naroon ang malaking bulto ng makakapal na pamalong gamit ng mga mandurumog para bugbugin ang mga misyonero sa Timog."[13]

Pagkaraan ng ilang taon ikinuwento ni George Albert Smith ang karanasang ito sa kanyang mga apo para turuan silang magtiwala sa Panginoon. "Nais kong isaisip ninyo," sabi niya, "na pangangalagaan kayo ng Panginoon sa oras ng panganib, kung bibigyan ninyo siya ng pagkakataon."[14]

---

## Buhay-Pamilya

Ini-release sina George Albert at Lucy mula sa kanilang misyon noong Hunyo 1894. Makaraan ang ilang buwan matapos silang makabalik sa Salt Lake City, tumanggap si Lucy ng basbas mula sa kanyang lolo, na si Pangulong Wilford Woodruff, at ipinangako sa kanya na magkakaroon siya ng mga anak. Noong Nobyembre 19, 1895, nagsilang siya ng isang babae na pinangalanan nilang Emily, at pagkaraan ng apat na taon ay nagsilang siya ng isa pang babae, si Edith. Ang kanilang bunso, si George Albert Jr., ay isinilang noong 1905.

Si George Albert Smith ay isang mapagmahal na ama, na mahal na mahal ng kanyang mga anak. Ganito ang isinulat ni Edith tungkol sa kanya: "Para sa akin taglay ni Itay ang lahat ng katangian para mapamahal ang isang ama sa kanyang anak. Ginampanan niya ang lahat ng inaasahan ko sa isang ama." Talagang hinangaan ng mga bata ang pagtrato ni George Albert sa kanyang pinakamamahal na asawa. "Kalugud-lugod ang pagmamahal at konsiderasyon ni Itay kay Inay," pagsulat ni Edith. "Hinding-hindi niya pinalalampas ang pagkakataon upang ipakita ang pagpapahalaga niya kay Inay.



*Ang Korum ng Labindalawang Apostol noong 1921. Nakatayo, kaliwa papunta sa kanan: Joseph Fielding Smith, James E. Talmage, Stephen L Richards, Richard R. Lyman, Melvin J. Ballard, at John A. Widtsoe. Nakaupo, kaliwa papunta sa kanan: Rudger Clawson, Reed Smoot, George Albert Smith, George F. Richards, Orson F. Whitney, at David O. McKay.*

Lahat ng ginawa nila ay ginawa nila nang magkasama, matapos itong planuhing mabuti at pagtulungan. Mahalaga si Inay sa kanya. . . . Kahit mahal na mahal naming lahat si Inay, tiyak ko na dahil sa pagkamaalalahanin at pagiging magiliw ni Itay sa kanya ay higit siyang napamahal sa amin na mga anak nila."[15]

Bilang ama, taos-pusong sinikap ni George Albert Smith na tulungan ang kanyang mga anak na maranasan ang galak na nadama niya sa pamumuhay sa ebanghelyo. Isang araw ng Pasko, matapos buksan ang mga regalo, itinanong niya sa maliliit niyang anak kung ano ang madarama nila kung ipamimigay nila ang ilan sa kanilang mga laruan sa mga batang walang natanggap na anumang regalo sa Pasko. Dahil katatanggap lang nila ng mga bagong laruan, pumayag ang mga bata na ipamigay nila ang ilan sa mga luma nilang laruan sa mga batang nangangailangan.

"Gusto ba ninyong bigyan din sila ng ilan sa mga bagong laruan?" magiliw na mungkahi ni George Albert.

Nag-atubili ang kanyang mga anak, ngunit kalaunan ay pumayag na silang ipamigay ang isa o dalawa sa mga bago nilang laruan. Pagkatapos ay isinama ni George Albert ang mga bata sa tahanan ng mga batang naisip niyang bigyan, at inihatid ang mga regalo. Talagang napakagandang karanasan kaya't pag-alis nila, masayang sinabi ng isa sa mga bata, "Tayo na at kunin natin ang iba pang mga laruan para sa kanila."[16]

---

## Korum ng Labindalawang Apostol, 1903–45

Martes, Oktubre 6, 1903, abala si George Albert Smith sa trabaho at hindi nakadalo sa mga sesyon ng pangkalahatang kumperensya sa araw na iyon. Nang lisanin niya ang opisina, halos tapos na ang sesyon ng kumperensya sa hapon, kaya umuwi na siya na may planong dalhin ang kanyang mga anak sa perya.

Pagdating niya sa bahay, nagulat siyang makita ang napakaraming bisita, at isa sa mga iyon ang lumapit at mahigpit siyang kinamayan.

"Ano'ng nangyayari?" tanong niya.

"Hindi po ba ninyo alam?" sagot nito.

"Hindi ko alam ang ano?"

"Sinang-ayunan na po kayo bilang miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol," ang sabi ng bisita.

"Hindi iyan totoo," sabi ni George Albert. "Baka nagkamali lang."

"Narinig ko po mismo," sagot ng bisita.

"Baka naman ibang Smith iyon," sabi niya. "Walang nagsabi sa akin tungkol dito, at hindi ako makapaniwalang totoo ito."

Nalilitong nagbalik ang bisita sa Tabernacle para alamin kung nagkamali nga siya. Doon ay ipinaalam sa kanya na tama siya—si George Albert Smith ang pinakabagong miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol.[17]

Ginunita kalaunan ng kanyang anak na si Emily ang tagpo sa tahanan ng mga Smith: "Parang nagdagsaan ang buong Tabernacle

sa bakuran papasok sa bahay namin, umiiyak at hinahagkan si Inay. Sinasabi nilang lahat na isa nang apostol si Itay, at akala namin ay pagiging apostol ang pinakamasaklap na bagay na maaaring mangyari sa isang tao."

Kahit napatunayan na ang balita, ipinasiya ni George Albert na dalhin pa rin niya ang kanyang mga anak sa perya tulad ng kanyang ipinangako, "bagama't halos wala na siyang napanood dito," paggunita ni Emily. "Ginugol niya ang buong panahon na nakasandal sa pader at nakikipag-usap sa mga tao."[18]

Pagkaraan ng dalawang araw, noong Oktubre 8, 1903, inorden si George Albert Smith ni President Joseph F. Smith bilang Apostol sa silid sa itaas ng Salt Lake Temple. Matapos ang ordinasyon inanyayahan siyang ibahagi ang kanyang damdamin sa mga miyembro ng Korum ng Labindalawa na naroon. "Dama kong mahina ako at kulang sa tamang pagpapasiya kumpara sa mga kalalakihang mas matanda sa akin," sabi niya, "ngunit tapat ang puso ko, at taos kong hangad ang pagsulong ng gawain ng Panginoon. . . . Matibay ang aking patotoo sa kabanalan ng gawaing ito; alam ko na ang ebanghelyo ay dumating sa lupa sa ilalim ng pamamahala at patnubay ng Panginoon mismo, at na ang mga taong nahirang na mamuno ay tunay na Kanyang mga lingkod. Hangad ko at dalangin na mabuhay ako nang dalisay at mapagpakumbaba, para maging karapat-dapat ako sa mga panghihikayat at babala ng Espiritu upang magabayan ako habambuhay."[19]

Si George Albert Smith ay naglingkod sa Korum ng Labindalawa nang halos 42 taon, kabilang na ang 2 taon bilang Pangulo ng Korum. Sa panahong ito ginampanan niya ang maraming tungkulin at tinulungan ang mga tao sa iba't ibang dako ng mundo sa napakaraming paraan.


### *Pagbabahagi ng Ebanghelyo at Pakikipagkaibigan para sa Simbahan*

Si Elder Smith ay may likas na talento na papanatagin ang mga tao at kaibiganin ang mga kaaway. Ganito ang sinabi ng isang lokal na negosyante, na hindi miyembro ng Simbahan, sa kanyang burol: "Madali siyang makagaanan ng loob. Isa siyang taong gugustuhin mong makilala. Ang kanyang magiliw na ngiti, mahigpit na

pagkamay, at mainit na pagbati ay magpapadama sa inyong kalooban, sa inyong puso, ng taos niyang pakikipagkaibigan sa inyo at sa kanyang kapwa-tao."[20]

Ang talentong ito ay mahalaga noong panahon na ang Simbahan ay hindi pa gaanong kilala sa buong mundo at pinagdududahan ng marami. Minsan, habang gumaganap sa isang tungkulin sa West Virginia, nalaman niya na nagbabala ang mga opisyal ng lungsod na dadakpin ang sinumang mahuling nangangaral ng Mormonismo. Nakipagkita si Elder Smith sa klerk ng lungsod, si Mr. Engle, para subukang ipabago ang patakaran. Isinulat niya kalaunan sa kanyang journal: "Nang una kong tawagan si Mr. Engle napakasungit niya at mariin na ipinaalam sa akin na hindi tayo pahihintulutan sa lungsod na iyon. . . . Sinabi ko sa kanya na naniniwala ako na mali ang impormasyong nasabi sa kanya at gusto ko siyang kausapin. . . . Matagal-tagal din kaming nag-usap tungkol sa Mormonismo. Lumambot ang puso niya bago ako lumisan at kinamayan ako at binigyan niya ako ng calling card niya. Lumisan ako na nakatitiyak na napawi ko nang bahagya ang kanyang maling palagay."[21] Makaraan ang tatlong araw muling bumisita sa kanya si Elder Smith at sa pagkakataong ito ay nag-iwan sa kanya ng kopya ng Aklat ni Mormon.[22]

Si Elder Smith ay laging naghahanap ng mga pagkakataon upang makausap ang mga tao tungkol sa Simbahan. Tuwing kakailanganin niyang maglakbay dahil sa kanyang tungkulin, nagdadala siya ng mga kopya ng Aklat ni Mormon, mga magasin ng Simbahan, at iba pang literatura ng Simbahan na inaasam niyang ipamigay. Dahil malakas ang patotoo ng Aklat ni Mormon tungkol kay Jesucristo, itinuring ito ni Elder Smith na magandang Pamaskong regalo at madalas magpadala sa koreo ng mga kopya nito sa mga kaibigan sa ibang relihiyon at maging sa mga kilalang taong hindi pa niya nakikita.[23] Sa isang liham na nakalakip sa gayong regalo sa Pasko ay isinulat niya: "Sa loob ng ilang araw ipagdiriwang ng mga Kristiyano ang pagsilang ng Tagapagligtas at kaugalian na sa panahong ito na alalahanin ang ating mga kaibigan. Dahil dito ay tiwala akong tatanggapin mo mula sa akin ang kopyang ito ng Aklat ni Mormon. . . . Sa paniniwalang magagalak kang magkaroon nito sa iyong aklatan ipinadala ko ito sa iyo bilang regalo sa Pasko."



*Pinamahalaan ni Elder George Albert Smith ang paglalathala ng Aklat ni Mormon sa braille.*

Narito ang natanggap niyang sagot: "Magkakaroon ng lugar ang aklat na ito sa aming istante at mababasa ito [mula simula hanggang wakas] nang ganap na bukas ang aming isipan. Tiyak na mapalalawak nito ang pananaw at magkakaroon ng ibayong pang-unawa ang lahat ng magbabasa nito nang may pagpapahalaga."[24]

### *Pakikibahagi sa Komunidad*

Hinikayat ni Elder Smith ang mga miyembro ng Simbahan na maging aktibo sa kanilang mga komunidad at gamitin ang kanilang impluwensya upang mapabuti ang mga sitwasyon sa mundo. Siya mismo ay bahagi ng ilang organisasyon sa komunidad sa kabila ng pagiging abala niya bilang General Authority. Nahalal siyang presidente ng International Irrigation Congress at ng Dry Farming Congress, at nahalal sa anim na termino bilang bise presidente ng National Society of the Sons of the American Revolution. Isang malakas na tagapagtaguyod ng aviation upang mas madaling

makapaglakbay ang mga General Authority para sa kanilang tungkulin, naglingkod si Elder Smith sa board of directors ng Western Air Lines. Aktibo rin siya noon sa Boy Scouts of America at noong 1934 ay ginawaran ng Silver Buffalo, ang pinakamataas na karangalang ibinibigay sa Scouting. Pagkatapos ng Unang Digmaang Pandaigdig naglingkod siya bilang Utah state chairman ng Armenian at Syrian Relief campaign at bilang kinatawan ng estado sa International Housing Convention, na ang layunin ay hanapan ng tirahan ang mga nawalan ng tahanan dahil sa digmaan.[25]

Bago siya tinawag bilang Apostol, naging aktibo sa pulitika si George Albert, na masigasig na nangangampanya para sa mga adhikain at kandidatong nadama niya na magpapaunlad sa lipunan. Nang maging General Authority siya, nabawasan ang pakikibahagi niya sa pulitika, ngunit patuloy niyang sinuportahan ang layuning pinaniwalaan niya. Halimbawa, noong 1923 tumulong siyang ilunsad ang isang panukalang-batas sa Utah State Legislature na humantong sa pagpapatayo ng isang ospital para sa mga pasyenteng may tuberkulosis.[26]

Ang pagkahahabag ni Elder Smith sa kapwa ay lalong nakita sa kanyang paglilingkod bilang presidente ng Society for the Aid of the Sightless, isang katungkulang hinawakan niya mula 1933 hanggang 1949. Dahil nagkaroon ng pinsala ang kanyang paningin, nakadama ng espesyal na simpatiya si Elder Smith sa mga bulag. Pinamahalaan niya ang paglalathala ng Aklat ni Mormon sa braille, at pinasimulan ang isang programa para tulungan ang mga bulag na matutong magbasa ng braille at makaagapay sa ibang paraan kahit may kapansanan sila. Napamahal siya sa mga pinaglingkuran niya dahil sa kanyang mga ginawa. Isang miyembro ng Society for the Aid of the Sightless ang nagpaabot ng kanyang pasasalamat sa pamamagitan ng isang tula na ibinigay kay Elder Smith sa kanyang ika-70 kaarawan:

Kapag sa Buhay ay nagdusa,
At pumatak ang mga luha;
Kapag nanginig sa Taglamig ang aking kaluluwa,
At walang nakinig sa pagmamakaawa—
Ako'y babaling at aasa,

Kaybigat man ng paghakbang,
Upang matagpuan pusong may pag-unawa,
Kapag tunay na kaibigan—
Puso'y maytaglay na Karunungan,
Puno ng habag at kabaitan,
Pananalig niya sa Diyos at sa tao
Sa isang bulag ay nagturo. . . .

Kahit magiliw niyang mukha'y
Hindi namin mamasdan,
Amin pa ring natatalos
Ang pag-unawa niyang lubos;
Kapayapaan ng kanyang kaluluwa
Amin ding nadarama;
Taimtim niyang panalangi'y nagsasabing
Hindi kami nag-iisa;
Pananampalataya niya'y aming lakas,
Sa pagtahak sa tagong landas;
Kaluluwa nami'y kanyang pinasigla
Sapagka't Diyos ang kasama.[27]

### *Karamdaman at Iba Pang mga Pagsubok*


Halos buong buhay na hindi gaanong maganda ang kalusugan ni George Albert. Bagama't nasisiyahan siya sa paglangoy, pangangabayo, at iba pang pisikal na aktibidad, madalas ay mahina ang kanyang katawan. Bukod sa kanyang paulit-ulit na mga problema sa mata, si Elder Smith ay dumanas din ng pananakit ng tiyan at likod, laging pagkapagod, sakit sa puso, at marami pang ibang karamdaman sa buong buhay niya. Ang hirap at bigat ng marami niyang responsibilidad ay nagpahina rin sa kanya, at sa simula ay ayaw niyang bagalan ang mabilis niyang pagkilos para maingatan ang kanyang kalusugan. Dahil dito, mula 1909 hanggang 1912 nagkasakit siya nang malubha kaya't naratay siya sa banig ng karamdaman at hindi niya nagampanan ang kanyang mga tungkulin sa Korum ng Labindalawa. Napakalaking pagsubok niyon kay Elder Smith, na desperadong ituloy ang kanyang paglilingkod. Ang pagkamatay ng kanyang ama noong 1911 at ang malubhang trangkasong dumapo sa kanyang asawa ay lalong nagpahirap sa paggaling ni Elder Smith.

Pagkaraan ng ilang taon ibinahagi niya ang naging karanasan niya sa panahong ito:

"Ilang taon na ang nakararaan nagkasakit ako nang malubha. Sa katunayan, akala ko sumuko na ang lahat maliban sa aking asawa. . . . Halos hindi ako makakilos sa panghihina. Mabagal at nakakapagod para sa akin kahit ang pagtagilid man lamang sa kama.

"Isang araw, sa kalagayang ito, nawalan ako ng malay sa nangyayari sa aking paligid at akala ko ay nasa Kabilang-Buhay na ako. Natagpuan ko ang sarili ko na nakatalikod sa isang malaki at magandang lawa, at nakaharap sa makapal na kakahuyan. Walang tao sa paligid, at walang bangka sa lawa o anumang makikita na nagpapahiwatig kung paano ako nakarating doon. Naunawaan ko, o tila naunawaan ko, na natapos ko na ang gawain ko sa mortalidad at nakauwi na ako. . . .

"Nagsimula akong maglakad-lakad, at hindi nagtagal ay nakita ko ang isang daan papasok sa kakahuyan na tila bihirang tahakin, at halos natatakpan ng damo. Sinundan ko ang landas, at matapos akong maglakad nang ilang oras at malayu-layo na ang narating ko sa kakahuyan, nakita ko ang isang lalaking papalapit sa akin. Napansin ko na napakalaki niyang lalaki, at binilisan ko ang paglakad papunta sa kanya, dahil nakilala ko na siya ang lolo ko [si George A. Smith]. Noong siya'y nabubuhay pa mahigit tatlong daang libra ang timbang niya, kaya't makikita ninyo na malaking tao siya. Naaalala ko kung gaano ako kasaya na makita siyang papalapit. Ipinangalan ako sa kanya at lagi ko itong ipinagmamalaki.



*George A. Smith*

"Nang ilang hakbang na lang ang layo sa akin ni Lolo, tumigil siya. Ang pagtigil niya ay isang paanyaya sa akin na tumigil. Pagkatapos—at ito ang ayaw kong malimutan ng mga batang lalaki at babae at mga kabataan—tiningnan niya ako nang napakataimtim at sinabi:

"'Gusto kong malaman kung ano ang nagawa mo sa aking pangalan.'

"Lahat ng nagawa ko ay nagdaan sa aking harapan na parang lumilipad na larawan sa screen—lahat ng nagawa ko. Mabilis na bumalik ang malinaw na gunitang ito sa mismong

oras ng pagtayo ko roon. Nagdaan sa harapan ko ang buong buhay ko. Ngumiti ako at tumingin sa lolo ko at sinabi kong:

"'Wala po akong nagawang anuman sa pangalan ninyo na dapat ninyong ikahiya.'

"Lumapit siya at niyakap ako, at nang gawin niya ito, muli akong nagkamalay sa aking kinaroroonan sa mundo. Basa ang unan ko na para bang binuhusan ito ng tubig—basa sa mga luha ng pasasalamat na nakasagot ako nang hindi nahihiya.

"Maraming beses ko na itong pinag-isipan, at nais kong sabihin sa inyo na sinisikap ko, nang higit kaysa rati mula noon, na pangalagaan ang pangalang iyon. Kaya nais kong sabihin sa mga batang lalaki at babae, sa mga binata at dalaga, sa mga kabataan ng Simbahan at sa buong mundo: Igalang ang inyong ama at ina. Igalang ang mga pangalang taglay ninyo."[28]

Kalaunan ay nagsimulang magbalik ang lakas ni Elder Smith, at nalampasan niya ang pagsubok na ito nang may panibagong pasasalamat sa kanyang patotoo tungkol sa katotohanan. Sinabi niya sa mga Banal nang sumunod na pangkalahatang kumperensya: "Kamuntik na akong mamatay nitong nagdaang mga taon, muntik na muntik na kaya't tiyak ko na [kung hindi] sa espesyal na pagpapala ng ating Ama sa Langit hindi sana ako nanatiling buhay. Ngunit, kahit sandali ay hinding-hindi nanghina ang patotoong iyon na bigay sa akin ng aking Ama sa Langit. Habang mas nalalapit ako sa kamatayan, mas natitiyak ko na ang ebanghelyo ay totoo. Ngayong naligtas ang aking buhay nagagalak akong magpatotoo na alam ko na ang ebanghelyo ay totoo, at buong kaluluwa kong pinasasalamatan ang aking Ama sa Langit na inihayag niya ito sa akin."[29]

Patuloy na nagpahirap kay Elder Smith ang iba't ibang pisikal na karamdaman at iba pang paghihirap nang sumunod na mga taon. Marahil ang pinakamabigat na pagsubok sa kanya ay noong mga taong 1932 hanggang 1937, nang ang kanyang asawang si Lucy ay nagkasakit ng arthritis at neuralgia. Matinding sakit ng katawan ang naranasan niya at pagsapit ng 1937 kinailangan niya ng halos palagiang pangangalaga. Pagkatapos noong Abril 1937 muntik na siyang mamatay sa atake sa puso at mas humina pa siya kaysa rati.

Kahit palaging nag-aalala kay Lucy, patuloy na ginampanan ni Elder Smith ang kanyang mga tungkulin sa abot ng kanyang makakaya. Noong Nobyembre 5, 1937, nagsalita siya sa burol ng isang kaibigan, at habang nakaupo pagkatapos magsalita, may nag-abot sa kanya ng isang maikling sulat na pinauuwi siya kaagad. Isinulat niya kalaunan sa kanyang journal: "Agad kong nilisan ang kapilya ngunit nalagutan na ng hininga ang Pinakamamahal kong asawa bago ako dumating sa aming tahanan. Pumanaw siya habang nagsasalita ako sa burol. Nawalan ako ng tapat na asawa at alam kong malulungkot ako dahil wala siya."

Sina Lucy at George Albert ay mahigit 45 taon nang kasal nang pumanaw si Lucy. Si Lucy ay 68 taong gulang noon. Kahit lubos na nangulila sa kanyang asawa, alam ni Elder Smith na pansamantala lamang ang paghihiwalay, at ang kaalamang ito ang nagpalakas sa kanya. "Kahit lubhang namighati ang aking pamilya," pagsulat niya, "napanatag kami sa katiyakan na muli namin siyang makakapiling kung mananatili kaming tapat. Siya ay naging isang tapat, matulungin, maunawaing asawa at ina. Nahirapan siya nang anim na taon sa iba't ibang paraan at tiyak ko na masaya na siya sa piling ng kanyang ina at ng iba pang mga mahal sa buhay na naroon. . . . Napakabait ng Panginoon at inalis niya ang bawat sakit na dulot ng kamatayan, na labis kong pinasasalamatan."[30]

### *Pangulo ng European Mission*

Noong 1919 tinawag ni Pangulong Heber J. Grant, na kamakailan ay sinang-ayunan bilang Pangulo ng Simbahan, si Elder Smith upang mangulo sa European Mission. Sa pagsasalita sa pangkalahatang kumperensya ilang araw lang bago siya umalis, sinabi ni Elder Smith:

"Gusto kong sabihin sa inyo, mga kapatid, na itinuturing kong karangalan—hindi, higit pa sa karangalan, itinuturing kong napakalaking pagpapala—na inalis ng Panginoon ang panghihina ko kamakailan, at ipinanumbalik ang aking kalusugan kaya nadama ng mga kapatid na maaari kong gampanan ang isang misyon sa ibang bansa. . . .

". . . Sa susunod na Miyerkoles sasakay ako ng tren papunta sa baybay-dagat at patawid ng karagatan papunta sa misyon kung saan



*Bantayog sa Burol Cumorah, kung saan ibinigay ng anghel na si Moroni ang mga laminang ginto kay Joseph Smith*

ako tinawag. Salamat sa Diyos sa pagkakataong makaalis. Nagpapasalamat ako na ang kaalaman tungkol sa katotohanang ito ay napasaaking kaluluwa."[31]

Sa panahong ito bumabangon pa lang ang Europa mula sa epekto ng Unang Digmaang Pandaigdig, na ilang buwan pa lamang natatapos. Dahil sa digmaan, napakababa ng bilang ng mga misyonero sa Europa, at ang isa sa mga tungkulin ni Elder Smith ay dagdagan ang bilang na iyon. Gayunman, dahil bagsak ang ekonomiya ng Europa pagkatapos ng digmaan, ayaw magkaloob ng mga kailangang visa ang mga pamahalaan. Ang malala pa, marami pang hindi nauunawaan at maling palagay tungkol sa mga Banal sa mga Huling Araw. Para mapaganda ang imahe ng Simbahan, nakipagkita si Elder Smith sa napakaraming opisyal ng pamahalaan at iba pang kilalang mga tao. Sa pagpapaliwanag ng layunin ng mga misyonero sa Europa at sa buong mundo, madalas niyang sabihing, "Ingatan ninyo ang lahat ng mabubuting bagay na mayroon kayo,

ingatan ang lahat ng ibinigay sa inyo ng Diyos na nagpapasigla sa inyong buhay, pagkatapos ay hayaan ninyong magbahagi kami ng isang bagay na magdaragdag sa inyong kaligayahan at magbibigay sa inyo ng ibayong kasiyahan."[32] Ayon sa isa sa mga misyonerong naglingkod sa ilalim ng kanyang pamamahala, "sa pamamagitan ng kanyang mahusay at magandang paraan, natamo niya ang kanilang paggalang at pakikipagkaibigan at naging mas maluwag sa mga misyonero na pinagkaitan nila noon."[33]

Sa pagtatapos ng kanyang paglilingkod noong 1921, nagtagumpay si Elder Smith sa pagdaragdag ng mga misyonerong naglilingkod sa Europa at sa pagbabago ng ilang maling palagay tungkol sa mga Banal sa mga Huling Araw. Nagawa rin niyang magkaroon ng mga kaibigan para sa Simbahan, at nakipag-ugnayan pa rin sa kanila sa pamamagitan ng liham sa loob ng maraming taon.

### *Pag-iingat sa mga Makasaysayang Lugar ng Simbahan*

Mahilig magkuwento si Elder Smith tungkol sa Simbahan at sa magagandang pangyayari sa kasaysayan nito. Sa buong ministeryo niya marami siyang naitulong upang maingatan ang kasaysayang iyan sa pamamagitan ng paglikha ng mga bantayog o kaya naman sa pagtukoy at paglalagay ng tanda sa mga lugar na mahalaga sa kasaysayan ng Simbahan. Tulad ng isinulat ng isa sa mga kasamahan niya, "Naniniwala siya na sa pagtawag sa pansin ng nakababatang henerasyon sa mga tagumpay ng kanilang mga ninuno ay makapagbibigay siya ng mahalagang paglilingkod."[34]

Noong bata pa siyang Apostol nagpunta siya sa Palmyra, New York, at inayos ang pagbili sa sakahan o bukirin ni Joseph Smith Sr. sa ngalan ng Simbahan. Habang nasa New York binisita rin niya ang isang lalaking nagngangalang Pliny Sexton, na may-ari ng Burol Cumorah, ang lugar kung saan nakuha ni Joseph Smith ang mga laminang ginto. Ayaw ibenta ni Mr. Sexton ang lupa o lote sa Simbahan, ngunit gayon man ay naging magkaibigan sila ni Elder Smith. Dahil na rin sa mabuting pakikitungo ni Elder Smith kay Mr. Sexton, nabili ng Simbahan kalaunan ang lupain at inilaan ang isang bantayog doon.

Noong 1930, sa ikasandaang taon ng organisasyon ng Simbahan, tumulong si Elder Smith sa pagtatatag ng Utah Pioneer Trails



*Si Pangulong Smith at ang kanyang mga tagapayo, J. Reuben Clark Jr. (kaliwa) at David O. McKay (kanan)*

and Landmarks Association at nahalal bilang unang presidente ng grupo. Nang sumunod na 20 taon, ang organisasyong ito ay naglagay ng mahigit 100 bantayog at tanda, marami sa mga ito ay bilang paggunita sa paglalakbay ng mga pioneer papuntang Salt Lake Valley. Si Elder Smith ang nagsagawa ng paglalaan ng karamihan sa mga bantayog na ito.[35]

Sa pagpapaliwanag sa interes ng Simbahan sa mga makasaysayang lugar, isinulat niya: "Naging kaugalian na ang magtayo ng mga bantayog para sa mga tao para manatili ang kanilang alaala. Ang mga dakilang pangyayari ay napapananatili rin sa isipan ng mga tao sa pamamagitan ng pagtatayo ng mga bantayog. . . . Maraming magagandang bagay ang nalilimutan at nadarama ng mga tao na mainam na lagyan ng tanda ang mga ito sa makabuluhang paraan para mapansin ng mga susunod ang mahahalagang pangyayaring ito."[36]

Dahil ang kanyang lolo ay isa sa mga pioneer na naglakad papuntang Utah, malaki ang respeto ni Elder Smith sa mga naunang

miyembro ng Simbahan na nagsakripisyo nang malaki para sa kanilang pananampalataya. Sa isang mensaheng ibinigay sa Relief Society, ibinahagi niya ang karanasang ito habang muling tinutunton ang ruta ng mga handcart pioneer:

"Dumating kami sa bahagi ng ruta kung saan napakaraming namatay sa Martin Handcart Company. Nakita namin, nang malapitan, ang lugar na pinaghimpilan nila. Naroon ang mga inapo ng grupong iyon upang tumulong sa paglalagay ng tanda. Pagkatapos ay nakarating kami sa Rock Creek; isang pansamantalang tanda ang inilagay namin doon noong nakaraang taon. Sa panahong iyon naguusbungan ang magagandang ligaw na bulaklak sa lahat ng dako, napakaraming wild iris, at namitas ng ilan sa mga bulaklak na ito ang mga miyembro ng grupo at maingat na inilagay ang mga ito sa ibabaw ng isang tumpok na bato na ibinunton noong nakaraang taon. . . . Dito nakalibing sa iisang puntod ang 15 miyembro ng Simbahang ito, na namatay dahil sa gutom at pagkalantad sa init at lamig.

"Alam ninyo may mga pagkakataon at lugar na tila mas malapit tayo sa ating Ama sa Langit. Habang nakaupo kami—kami na mga inapo ng mga pioneer na iyon na tumawid sa kapatagan sa init ng tag-araw at lamig ng taglamig—sa paligid ng siga sa maliit na lambak na iyon ng Rock Creek, kung saan sinawing-palad ang Willie Handcart Company, ay ikinuwento ang mga karanasan ng aming mga ninuno. . . . Napakagandang okasyon niyon. Ikinuwento muli ang kasaysayan para sa aming kapakanan.

". . . Pakiramdam ko ay kapiling namin mismo ang mga taong nagbigay ng lahat ng mayroon sila para mapasaamin ang mga pagpapala ng Ebanghelyo. Parang dama namin na kapiling namin ang Panginoon.

"Habang naglalakad kami palayo, matapos kaming mag-iyakan—dahil alam ko na walang hindi umiyak sa grupo ng mga 30 o 40 katao—ang diwang ibinunga ng maliit na pagtitipong iyon ay umantig sa aming puso, at hinawakan ako sa bisig ng isa sa butihing kababaihan at sinabing, 'Brother Smith, mas magiging mabait na ako mula ngayon.' Ang babaeng ito . . . ay isa sa pinakamabubuting kababaihan ngunit naniniwala ako na naantig siya tulad ng karamihan sa amin, dahil sa katotohanang sa ilang partikular na bagay ay nadama

naming hindi kami nakaabot sa mga huwarang dapat ay nasa aming kaluluwa. Hindi lamang ibinigay ng mga taong nakalibing doon ang mga araw ng kanilang buhay kundi ibinigay nila ang mismong buhay nila bilang katibayan ng kanilang paniniwala sa kabanalan ng gawaing ito. . . .

"Kung ang mga miyembro ng organisasyong ito [ang Relief Society] ay magiging kasingtapat ng mga nakalibing sa kapatagan, na hinarap ang kanilang mga problema nang may pananampalataya sa Panginoon, madaragdagan ang inyong tagumpay at ang pagpapala ng isang mapagmahal na Ama ay dadaloy sa inyo at sa inyong pamilya."[37]

---

## Pangulo ng Simbahan, 1945–51

Maagang-maaga pa noong Mayo 15, 1945, habang sakay ng tren sa silangang bahagi ng Estados Unidos, ginising si Elder Smith ng opisyal ng tren na may dalang mensahe: pumanaw na si Pangulong Heber J. Grant, na Pangulo ng Simbahan nang panahong iyon. Lumipat kaagad ng tren si Elder Smith at nagbalik sa Salt Lake City. Pagkaraan lamang ng ilang araw si George Albert Smith, bilang senior member ng Korum ng Labindalawang Apostol, ay itinalaga bilang ikawalong Pangulo ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw.

Sa una niyang mensahe sa pangkalahatang kumperensya bilang Pangulo ng Simbahan, sinabi niya sa mga Banal matapos nila siyang sang-ayunan, "Iniisip ko kung mayroon dito na nakadarama ng panghihina at pagpapakumbaba tulad ng lalaking nakatayo sa harapan ninyo."[38] Ipinahayag niya ang gayon ding damdamin sa kanyang pamilya: "Hindi ko hinangad ang posisyong ito. Parang hindi ko makakaya ito. Ngunit dumating ito sa akin, at ibibigay ko ang buong kakayahan ko rito. Nais kong malaman ninyong lahat na, anuman ang ginagawa ninyo sa simbahan, mula [home] teaching hanggang sa pamumuno sa isang stake, kung ginagawa ninyo ito nang buong kakayahan ninyo, ang inyong katungkulan ay kasinghalaga ng sa akin."[39]

Nadama ng marami na ang mga talento ni Pangulong Smith ay talagang akma sa tungkuling ito. Ipinahayag ng isa sa mga General



*Ang This Is the Place Monument, na gumugunita sa pagdating ng mga pioneer sa Salt Lake Valley, ay inilaan ni Pangulong Smith noong 1947.*

Authority ang pagtitiwalang ito pagkatapos na pagkatapos sang-ayunan si Pangulong Smith: "Madalas sabihin na ang Panginoon ay nagbangon ng isang natatanging tao upang gumanap sa isang natatanging misyon. . . . Hindi ko masasabi kung anong natatanging misyon ang naghihintay kay Pangulong George Albert Smith. Gayunman, ito ang alam ko, na sa partikular na panahong ito sa kasaysayan ng mundo, higit kailanman kailangan ngayon ang pagmamahal sa kapwa. Dagdag pa rito, ito ang alam ko, na wala akong kilalang tao na nagmamahal sa kapwa, lahat man sila o bawat isa, nang higit kaysa kay Pangulong George Albert Smith."[40]

### *Pagtulong sa mga Nangangailangan sa Idinulot ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig*

Natapos ang Ikawalang Digmaang Pandaigdig ilang buwan lamang matapos maging Pangulo ng Simbahan si George Albert Smith. Ang digmaan ay nag-iwan ng libu-libong taong walang

tahanan at naghihirap sa Europa, at mabilis na pinakilos ni Pangulong Smith ang kawanggawa ng Simbahan para magbigay ng tulong. Kalaunan ay sinabi ni Pangulong Gordon B. Hinckley tungkol dito: "Isa ako sa mga nagtrabaho sa gabi sa Welfare Square dito sa Salt Lake City sa pagkakarga ng mga suplay sa mga sasakyan na magdadala ng pagkain sa daungan kung saan ito itinawid ng dagat. Sa paglalaan ng Swiss Temple [noong 1955], nang maraming Banal sa Germany ang nagpunta sa templo, narinig ko ang ilan sa kanila, habang tumutulo ang luha sa kanilang mga pisngi, na nagpasalamat sa pagkaing iyon na nagligtas sa kanilang buhay."[41]

Alam din ni Pangulong Smith na malaki ang pangangailangang espirituwal ng mga tao sa mundo sa idinulot ng gayon katinding digmaan. Bilang tugon, gumawa siya ng mga hakbang para muling iorganisa ang mga misyon sa mga bansa kung saan naantala ang gawaing misyonero, at hinikayat niya ang mga Banal na ipamuhay nila ang ebanghelyo ng kapayapaan. "Ang pinakamagandang katibayan ng pasasalamat sa panahong ito," sabi niya kaagad pagkatapos ng digmaan, "ay gawin ang lahat ng ating magagawa upang makapaghatid ng kaligayahan sa malungkot na mundong ito, dahil lahat tayo ay anak ng ating Ama, at lahat tayo ay may obligasyon na gawing mas masayang lugar ang mundong ito na ating ginagalawan.

"Magpakita tayo ng kabaitan at unawain ang lahat ng nangangailangan nito, na hindi kinalilimutan ang mga naulila; at sa panahon ng ating pagsasaya para sa kapayapaan, huwag nating kalimutan ang mga nawalan ng kanilang mga mahal sa buhay bilang bahagi ng mga nagbuwis ng buhay upang makamtan ang kapayapaan. . . .

"Dalangin ko na bumaling ang mga tao sa Diyos, at sumunod sa kanyang mga batas, at sa gayon ay maligtas ang mundo sa higit pang kaguluhan at pagkawasak. Dalangin ko na ang kapayapaang dumarating lamang mula sa ating Ama sa Langit ay manatili sa puso at tahanan ng lahat ng nagdadalamhati."[42]

### *Dagdag na mga Pagkakataong Ibahagi ang Ebanghelyo*

Patuloy na ibinahagi ni Pangulong Smith ang ebanghelyo sa iba tuwing may pagkakataon, at ang mga pagkakataong iyon ay naragdagan sa kanyang bagong posisyon o katungkulan. Noong Mayo 1946 si Pangulong Smith ang unang Pangulo ng Simbahan

na bumisita sa mga Banal sa Mexico. Bukod sa pakikipagpulong sa mga miyembro ng Simbahan at pagsasalita sa isang malaking kumperensya, nakipagkita rin si Pangulong Smith sa ilang matataas na opisyal sa Mexico at kinausap sila tungkol sa ipinanumbalik na ebanghelyo. Sa isang pagbisita sa pangulo ng Mexico na si Manuel Camacho, ipinaliwanag ni Pangulong Smith at ng kanyang grupo: "Naparito kaming dala ang espesyal na mensahe para sa inyo at sa inyong mga mamamayan. Narito kami para ikuwento sa inyo ang tungkol sa inyong mga ninuno at sa ipinanumbalik na Ebanghelyo ni Jesucristo. . . . May aklat kami na . . . nagkukuwento tungkol sa isang dakilang propeta na kasama ang kanyang pamilya at iba pa, na umalis sa Jerusalem 600 taon bago isinilang si Cristo, at dumating sa . . . dakilang lupain ng Amerika, na tinawag nilang 'lupang pangako, na pinili sa lahat ng iba pang mga lupain.' Ikinukuwento rin dito sa Aklat ni Mormon ang pagdalaw ni Jesucristo sa kontinenteng ito, at na inorganisa Niya ang Kanyang Simbahan at pumili Siya ng labindalawang disipulo."

Si President Camacho, na nagpakita ng paggalang at paghanga sa mga Banal sa mga Huling Araw na naninirahan sa kanyang bansa, ay naging napakainteresado sa Aklat ni Mormon at nagtanong, "Puwede ba akong magkaroon ng kopya ng Aklat ni Mormon? Ngayon ko lang narinig ang tungkol dito." Sa gayon ay binigyan siya ni Pangulong Smith ng isang kopya sa Espanyol na yari sa katad ang pabalat, na may mga talatang kapansin-pansin na nakasulat sa harapan ng aklat. Sabi ni President Camacho, "Babasahin ko ang buong aklat, dahil malaking pakinabang ito sa akin at sa aking mga tao." [43]

### *Pagdiriwang ng Ikasandaang Taong Anibersaryo ng Pagdating ng mga Pioneer*

Isa sa mga tampok na pangyayari sa anim na taong pagiging Pangulo ng Simbahan ni George Albert Smith ay naganap noong 1947, nang ipagdiwang ng Simbahan ang ikasandaang taong anibersaryo ng pagdating ng mga pioneer sa Salt Lake Valley. Pinamahalaan ni Pangulong Smith ang pagdiriwang, na napansin ng buong bansa at nagtapos sa paglalaan ng This Is the Place Monument sa Salt Lake City, malapit sa lugar kung saan unang nakarating sa lambak ang mga pioneer. Mula noong 1930 nakibahagi na si Pangulong Smith sa pagpaplano ng isang bantayog upang parangalan ang mga nagawa



*Si Pangulong Smith sa kanyang tanggapan*

at pananampalataya ng mga pioneer. Gayunman, tiniyak niyang mabuti na maparangalan din ng bantayog ang naunang mga explorer, misyonero mula sa ibang mga relihiyon, at mahahalagang pinunong American Indian ng panahong iyon.

Sa paglalaan ng This Is the Place Monument, nakita ni George Q. Morris, na noon ay pangulo ng Eastern States Mission, ang diwa ng kabutihan, na ayon sa kanya ay dahil sa mga pagsisikap ni Pangulong Smith: "Ang mga naitulong ni Pangulong Smith sa kapatiran at pagkakaunawaan ay nakita sa serbisyo ng paglalaan. . . . Pinarangalan mismo ng bantayog na nililok—hangga't maaari'y nililok ang bawat larawan ng indibiduwal—ang mga lalaking gumuhit ng kasaysayan sa bulubundukin ng kanluran na nauna sa mga Mormon Pioneer, anuman ang kanilang lahi o relihiyon. Nang ihanda ang programa para sa serbisyo ng paglalaan, hinangad ni Pangulong Smith na lahat ng pangunahing grupo ng mga relihiyon ay magkaroon ng kinatawan bukod pa sa mga opisyal ng estado, bansa, at lungsod. Isang paring Katoliko, isang bishop na Protestante, isang rabbi na Judio, at mga kinatawan ng Simbahan ni Jesucristo ng mga

Banal sa mga Huling Araw ang kilalang mga tagapagsalita. Ito ang sabi ng isang bisitang taga-silangan, pagkatapos ng programa, 'Ngayon ay muli akong nabinyagan sa espirituwal. Hindi mangyayari ang nasaksihan ko sa iba pang panig ng mundo. Napakaganda ng pagkakaunawaang ipinakita ngayon.' "[44]

Bagama't kahanga-hanga ang 60-piyeng bantayog, itinuro ni Pangulong Smith na ang pinakamainam na paraan para maparangalan ang mga pioneer ay tularan ang kanilang halimbawa ng pananampalataya at katapatan. Sa panalangin sa paglalaan ng bantayog, sinabi niya: "Ama naming nasa langit, . . . kami ay nakatayo sa inyong harapan ngayong umaga sa tahimik na gilid na ito ng burol at nakatingin sa malaking bantayog na itinayo para parangalan ang inyong mga anak na lalaki at babae at ang kanilang katapatan. . . . Dalangin namin na nawa'y magkaroon kami ng diwang iyon na naglarawan sa matatapat na taong iyon na naniwala sa inyo at sa inyong Pinakamamahal na Anak, na pumunta sa lambak na ito dahil hangad nilang manirahan dito at sambahin kayo. Dalangin namin na ang diwa ng pagsamba at pasasalamat ay magpatuloy sa aming mga puso."[45]

### *Paggunita sa Buhay sa Edad na 80*

Sa kabila ng kanyang pagtanda, sa halos buong panahon niya bilang pangulo ay naisagawa ni Pangulong Smith ang kanyang mga responsibilidad nang hindi nagkakasakit na tulad noong una na naging hadlang sa kanyang gawain. Sa isang artikulong inilathala noong Abril 1950, ilang araw bago ang kanyang ika-80 kaarawan, ginunita ni Pangulong Smith ang kanyang buhay at binanggit kung gaano siya tinulungan at pinagpala ng Diyos:

"Sa walumpung taong ito, nakapaglakbay ako nang mahigit sa isang milyong milya sa mundo alang-alang sa ebanghelyo ni Jesucristo. Naranasan ko na ang iba't ibang klima at napuntahan na ang maraming lupain at maraming bansa, at mula pa sa pagkabata naging mabait at matulungin sa akin ang mga tao, mga miyembro ng Simbahan at gayundin ang mga di-miyembro. Saanman ako magpunta, nakakakilala ako ng mararangal na lalaki at babae. . . .

". . . Kapag iniisip ko kung gaano ako kahina at karupok, na matawag na lider ng dakilang Simbahang ito, natanto ko kung gaano

kalaking tulong ang kailangan ko. Mapagpasalamat kong kinikilala ang tulong ng aking Ama sa langit, at ang panghihikayat at pagiging bahagi ng marami sa magagaling na lalaki at babae sa buhay ko na matatagpuan saanmang lugar sa mundo, kapwa rito at sa ibang bansa."

Nagpatuloy siya sa paghahayag ng pagmamahal sa mga taong pinaglingkuran niya sa loob ng napakaraming taon:

"Tunay na isang pagpapala ang makasama ang gayong mga tao, at mula sa kaibuturan ng aking kaluluwa sinasamantala ko ang pagkakataong ito para pasalamatan kayo sa inyong kabaitan sa akin, at sasamantalahin ko rin ang pagkakataong ito upang sabihin sa inyong lahat: Hindi ninyo alam kung gaano ko kayo kamahal. Hindi ko ito mailarawan sa salita. At nais kong ipadama iyan sa bawat anak na lalaki at babae ng aking Ama sa Langit.

"Napakahaba na ng buhay ko, kumpara sa karaniwang nilalang, at maligaya ang buhay ko. Hindi na magtatagal, sa natural na takbo ng mga pangyayari, ay tatawagin na ako sa kabilang-buhay. Nasasabik na ako sa pagsapit ng sandaling iyon. At pagkaraan ng walumpung taon sa mortalidad, paglalakbay sa maraming bahagi ng mundo, pakikihalubilo sa maraming dakila at mabubuting lalaki at babae, pinatototohanan ko sa inyo, na mas alam ko ngayon kaysa noon na ang Diyos ay buhay; na si Jesus ang Cristo; na si Joseph Smith ay propeta ng Diyos na Buhay; at na ang Simbahang inorganisa niya sa ilalim ng pamamahala ng ating Ama sa Langit, Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw . . . ay pinamamahalaan sa ilalim ng kapangyarihan at awtoridad ng iisang priesthood na iginawad nina Pedro, Santiago, at Juan kina Joseph Smith at Oliver Cowdery. Alam ko ito tulad ng pagkaalam ko na ako ay buhay, at alam ko na napakahalagang patotohanan ito sa inyo at mananagot ako sa aking Ama sa Langit para dito at sa lahat ng iba pang bagay na naituro ko sa kanyang pangalan. . . . Taglay ang pagmamahal at pagmamalasakit sa puso ko para sa lahat, pinatototohanan ko ito sa pangalan ni Jesucristo na ating Panginoon."[46]

Pagkaraan ng isang taon, sa kanyang ika-81 kaarawan, Abril 4, 1951, payapang sumakabilang-buhay si George Albert Smith sa kanyang tahanan sa tabi ng kanyang anak na lalaki at mga anak na babae.

## Mga Simpleng Pagpapakita ng Magiliw na Paglilingkod

Maraming naisagawa si George Albert Smith sa kanyang 81 taon—sa Simbahan, sa kanyang komunidad, at sa iba't ibang dako ng mundo. Ngunit ang mga personal na nakakakilala sa kanya ay mas naaalala siya sa kanyang mga simple at mapagpakumbabang pagpapakita ng kabaitan at pagmamahal. Sinabi ni Pangulong David O. McKay, na nangasiwa sa burol ni Pangulong Smith, tungkol sa kanya, "Tunay ngang siya ay isang marangal na tao, pinakamasaya kapag napapasaya niya ang iba."[47]

Muling ikinuwento ni Elder John A. Widtsoe, miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol, ang isang karanasan niya habang sinisikap na lutasin ang isang mahalaga at mahirap na problema:

"Naupo ako sa aking opisina na pagod na pagod matapos magtrabaho sa maghapon. . . . Pagod ako noon. Noon din ay may kumatok sa pintuan, at pumasok si George Albert Smith. Sabi niya, 'Papauwi na ako mula sa maghapong pagtatrabaho. Naisip kita at ang mga problemang kailangan mong lutasin. Pumasok ako para panatagin ka at basbasan.'

"Ganyan si George Albert Smith. . . . Hinding-hindi ko iyon malilimutan. Nag-usap kami sandali; naghiwalay kami, at umuwi na siya. Sumigla ang puso ko. Nawala ang pagod ko.

"Nakita ninyo, ang pagmamahal . . . ay hindi lamang isang salita o damdamin. Para maging karapat-dapat na pagmamahal ito, kailangang ipakita ito. Ipinakita ito ni Pangulong Smith sa pagkakataong iyon. Ibinigay niya ang sarili niyang oras, ang sarili niyang lakas, sa akin."[48]

Si Elder Matthew Cowley, na miyembro din ng Korum ng Labindalawa at malapit na kaibigan ni Pangulong Smith, ay nagbigay-pugay sa burol sa ganitong paraan:

"Lahat ng namimighati, lahat ng dumaranas ng sakit o iba pang kagipitan, sinuman ang nakasalamuha ng anak na ito ng Diyos, ay nakahugot ng kabanalan at lakas mula sa kanya. Ang makasama siya ay paggaling, kung hindi man sa pisikal, siguradong sa espirituwal. . . .

". . . Kinalulugdan ng Diyos ang makadiyos, at tiyak ko na ang pinakamaikling paglalakbay na nagawa ng taong ito ng Diyos ay ang katatapos niyang paglalakbay. Ang Diyos ay pag-ibig. Si George Albert Smith ay pag-ibig. Siya ay makadiyos. Kinuha na siya ng Diyos.

". . . Hindi natin kayang parangalan sa salita ang buhay na gaya nito. Hindi sapat ang mga ito. Isa lamang ang paraan para parangalan ang kanyang kabanalan, ang kabutihan ng kanyang loob, ang magagandang katangian ng kanyang pagmamahal, at iyan ay sa pamamagitan ng ating mga gawa. . . .

"Maging mas mapagpatawad tayo, mas magiliw sa ating pakikitungo sa isa't isa, mas mapagbigay sa isa't isa, mas maunawain sa damdamin ng isa't isa."[49]

Ito ang mababasa sa lapida ni George Albert Smith. Ito ay buod na akma sa buhay niya na puno ng mapagmahal na paglilingkod:

"Naunawaan at ipinalaganap niya ang mga turo ni Cristo at hindi karaniwan ang tagumpay niya sa pagsasabuhay nito. Mabait siya, matiyaga, matalino, mapagparaya, at maunawain. Nabuhay siya na gumagawa ng mabuti. Mahal niya ang Utah at America, ngunit hindi lamang ito ang kanyang iniisip. Naniniwala siya, nang walang pagaalinlangan, na kailangan ang pagmamahal at ang kapangyarihan ng pagmamahal. Para sa kanyang Simbahan at sa kanyang pamilya walang hanggan ang kanyang pagmamahal at pinaglingkuran sila nang taos-puso. Subalit walang hangganan ang kanyang pagmamahal; kabilang dito ang lahat ng tao, anuman ang lahi, relihiyon, o katayuan nila sa buhay. Sa kanila at tungkol sa kanila madalas niyang sabihin: 'Lahat tayo ay anak ng ating Ama.' "

## *Mga Tala*

1. Sa D. Arthur Haycock, "A Day with the President," *Improvement Era,* Abr. 1950, 288.
2. Tingnan sa "Pres. Smith's Leadership Address," *Deseret News,* Peb. 16, 1946, bahagi tungkol sa Simbahan, 6.
3. "Mothers of Our Leaders," *Relief Society Magazine,* Hunyo 1919, 313–14.
4. "To the Relief Society," *Relief Society Magazine,* Dis. 1932, 707–8.
5. "After Eighty Years," *Improvement Era,* Abr. 1950, 263.
6. "Pres. Smith's Leadership Address," 1.
7. Sa Merlo J. Pusey, *Builders of the Kingdom* (1981), 209.
8. Journal ni Lucy Woodruff, Peb. 5, 1888, George Albert Smith Family Papers, University of Utah, box 138, aklat 1.
9. Sa Emily Stewart Smith, "Some Notes about President George Albert Smith," Mayo 1948, George Albert Smith Family Papers, University of Utah, box 5, pahina 3.

10. Tingnan sa Emily Stewart Smith, "Some Notes about President George Albert Smith," 5.
11. J.J Golden Kimball, liham na may petsang Mar. 18, 1893, George Albert Smith Family Papers, University of Utah, box 72, folder 12.
12. J.J Golden Kimball, liham na may petsang Hunyo 30, 1893, George Albert Smith Family Papers, University of Utah, box 72, folder 15.
13. "How My Life Was Preserved," George Albert Smith Family Papers, University of Utah, box 121, scrapbook 1, mga pahina 43–44.
14. "How My Life Was Preserved," 43.
15. Edith Smith Elliott, "No Wonder We Love Him," *Relief Society Magazine,* Hunyo 1953, 366, 368.
16. Tingnan sa *Builders of the Kingdom,* 240.
17. Tingnan sa *Builders of the Kingdom,* 224–25.
18. Emily Smith Stewart, sa "Pres. Smith Mementos At Y." *Deseret News,* Okt. 14, 1967, bahagi tungkol sa Simbahan, 6–7.
19. George Albert Smith Family Papers, University of Utah, box 100, folder 23, pahina 11.
20. John F. Fitzpatrick, sa Conference Report, Abr. 1951, 172.
21. Journal ni George Albert Smith, Okt. 27, 1906, George Albert Smith Family Papers, University of Utah, box 73, book 3, pahina 70.
22. Tingnan sa journal ni George Albert Smith, Okt. 30, 1906, George Albert Smith Family Papers, University of Utah, box 73, book 3, pahina 72.
23. Tingnan sa Francis M. Gibbons, *George Albert Smith: Kind and Caring Christian, Prophet of God* (1990), 208–9.
24. Sa Glenn R. Stubbs, "A Biography of George Albert Smith, 1870 to 1951" (PhD diss., Brigham Young University, 1974), 295.
25. Tingnan sa Bryant S. Hinckley, "Greatness in Men: Superintendent George Albert Smith," *Improvement Era,* Mar. 1932, 270, 271.
26. Tingnan sa "A Biography of George Albert Smith," 283.
27. Irene Jones, "The Understanding Heart," *Improvement Era,* Hulyo 1940, 423.
28. "Your Good Name," *Improvement Era,* Mar. 1947, 139.
29. Sa Conference Report, Okt. 1921, 42.
30. Journal ni George Albert Smith, Nob. 5, 1937, George Albert Smith Family Papers, University of Utah, box 74, book 11, mga pahina 83–84.
31. Sa Conference Report, Hunyo 1919, 42, 44.
32. Sa Conference Report, Okt. 1950, 8.
33. James Gunn McKay, sa "A Biography of George Albert Smith," 141.
34. George Q. Morris, "Perpetuating Our Ideals through Markers and Monuments," *Improvement Era,* Abr. 1950, 284.
35. Tingnan sa "Markers and Monuments," 284.
36. Liham kay Leslie O. Loveridge, Mar. 15, 1937, George Albert Smith Family Papers, University of Utah, box 67, folder 25.
37. "To the Relief Society," *Relief Society Magazine,* Dis. 1932, 705–6.
38. Sa Conference Report, Okt. 1945, 18.
39. Sa *Builders of the Kingdom,* 315–16.
40. Joseph F. Smith, sa Conference Report, Okt. 1945, 31–32; si Joseph F. Smith ay Patriarch sa Simbahan at apo ni Pangulong Joseph F. Smith, ikaanim na Pangulo ng Simbahan.
41. Gordon B. Hinckley, sa Conference Report, Abr. 1992, 75; o *Ensign,* Mayo 1992, 52.
42. "Some Thoughts on War, and Sorrow, and Peace," *Improvement Era,* Set. 1945, 501.
43. Tingnan sa Arwell L. Pierce, sa Conference Report, Abr. 1951, 112–13.
44. "Markers and Monuments," 284–85.
45. "Dedicatory Prayer," *Improvement Era,* Set. 1947, 571.
46. "After Eighty Years," 263–64.
47. David O. McKay, sa Conference Report, Abr. 1951, 3.
48. John A. Widtsoe, sa Conference Report, Abr. 1951, 99.
49. Matthew Cowley, sa Conference Report, Abr. 1951, 168–69.

# Pamumuhay Ayon sa Ating Paniniwala

*Dapat nating ipamuhay ang ating relihiyon araw-araw.*

## Mula sa Buhay ni George Albert Smith

Noong siya ay 34 na taong gulang, gumawa si George Albert Smith ng listahan ng mga matatag na pasiya na tinawag niyang "sariling panuntunan"—11 panuntunang ipinangako niyang ipamumuhay:

"Magiging kaibigan ako sa mga walang kaibigan at magagalak na makatulong sa mga pangangailangan ng mga dukha o maralita.

"Bibisitahin ko ang mga maysakit at nagdadalamhati at pupukawin sa kanila ang hangaring manampalataya na sila ay gagaling.

"Ituturo ko ang katotohanan para makaunawa at mapagpala ang buong sangkatauhan.

"Hahanapin ko ang nalilihis ng landas at sisikapin kong ibalik siya sa matwid at masayang buhay.

"Hindi ko hahangaring pilitin ang mga tao na mamuhay ayon sa aking mga panuntunan kundi mamahalin ko sila para gawin nila ang tama.

"Makikisalamuha ako sa karaniwang mga tao at tutulungan ko silang lutasin ang kanilang mga problema para sumaya ang kanilang buhay sa lupa.

"Iiwasan ko ang publisidad ng matataas na katungkulan at pipigilan ang labis na mga papuri ng mga kaibigang walang pakundangan.

"Hindi ko sasadyaing saktan ang damdamin ng sinuman, maging ang taong nagkasala sa akin, ngunit sa halip ay hahangarin kong gawan siya ng mabuti at kakaibiganin ko siya.

"Pipigilan ko ang tendensiya ng pagiging makasarili at pagkainggit at magagalak sa mga tagumpay ng lahat ng anak ng aking Ama sa Langit.

"Hindi ako magiging kaaway ng sinumang tao.

"Dahil alam kong ibinigay sa mundo ng Manunubos ng sangkatauhan ang kaisa-isang planong lubos na magpapaunlad at magpapaligaya sa atin sa buhay na ito at sa kabilang-buhay, palagay ko ay hindi lamang isang tungkulin kundi magandang pribilehiyo rin ang ipalaganap ang katotohanang ito."[1] [Tingnan ang mungkahi 1 sa pahina 10.]

Sinabi ng mga taong nakakikilala kay Pangulong Smith na talagang ipinamuhay niya ang kanyang panuntunan. Nagbahagi ng karanasan si Ezra Taft Benson, na noon ay miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol, tungkol sa pagtupad ni Pangulong Smith sa kanyang pasiyang "bisitahin ang maysakit at nagdadalamhati at pukawin sa kanila ang hangaring sumampalataya na sila ay gagaling":

"Hinding-hindi ako titigil sa pasasalamat sa mga pagbisita niya sa aking tahanan habang nasa [malayo] ako at naglilingkod bilang isang hamak na misyonero. . . . Pinasasalamatan ko lalo ang pagbisita niya sa kalaliman ng gabi nang muntik nang mamatay ang aming munting anak. Walang anumang pasabi, nag-ukol ng oras si Pangulong Smith na magpunta sa tahanang iyon at ipinatong ang kanyang mga kamay sa ulunan ng batang iyon, na maraming oras nang karga ng kanyang ina, at nangakong lubos itong gagaling. Ganyan si Pangulong Smith, lagi siyang may oras na tumulong, lalo na sa mga maysakit, sa mga taong nangangailangan sa kanya."[2]

Napansin ni Spencer W. Kimball ang isa pang pagkakataon kung saan namalas sa mga kilos ni Pangulong Smith ang pasiya niyang gumawa ng mabuti sa "isang taong nagkasala [sa kanya]":

"Ibinalita [kay Pangulong Smith] na may nagnakaw ng kanyang balabal mula sa kanyang sasakyan. Sa halip na magalit, sumagot siya: 'Sana alam natin kung sino iyon, para mabigyan din natin siya ng kumot, dahil siguradong giniginaw siya; at kaunting pagkain din, dahil siguradong gutom siya.'"[3]

Isa pang nagmamasid ang sumulat tungkol kay George Albert Smith: "Ang kanyang relihiyon ay hindi doktrinang puro salita

lamang. Hindi ito teoriya. Higit na mahalaga ito sa kanya at hindi isang magandang plano lamang na dapat hangaan. Ito ay higit pa sa isang pilosopiya ng buhay. Sa isang praktikal na taong katulad niya, relihiyon ang diwang namamayani sa buhay ng isang tao, sa paggawa niya ng mga bagay-bagay, kahit sa pagbigkas lang ng isang mabuting salita o pagbibigay ng isang baso ng malamig na tubig. Dapat niyang ipamuhay ang kanyang relihiyon. Dapat itong makita sa lahat ng aspeto ng buhay sa araw-araw."[4]

Ibinuod ni Pangulong J. Reuben Clark Jr., isa sa kanyang mga tagapayo sa Unang Panguluhan, ang personal na integridad ni Pangulong Smith sa mga salitang ito: "Isa siya sa iilang taong masasabi ninyo na ipinamumuhay niya ang kanyang itinuturo."[5]

## Mga Turo ni George Albert Smith

---

### Ang pagsunod natin sa ebanghelyo—hindi lamang ang ating pagiging miyembro ng Simbahan—ang dahilan kaya't nagiging karapat-dapat tayong tawaging mga Banal.

Ang pagsamba sa Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ay isang buhay na tapat sa Diyos, isang hangaring maging karapat-dapat sa kanya na kung kaninong larawan tayo ay nilikha at nagbigay sa atin ng lahat . . . ng makabuluhan—ang ebanghelyo ni Jesucristo.[6]

Napakainam na madama na kabilang tayo sa isang simbahan na binubuo o dapat na binubuo ng mga banal. Hindi sapat na nasa talaan lamang ang ating pangalan. Mahalagang mamuhay sa paraang nararapat tayong tawagin na mga Banal, at kung gagawin ninyo ito, magiging maligaya kayo. . . .

Nang isilang sa mundo si Jesus ng Nazaret at sinimulang ipangaral ang Ebanghelyo ng Kaharian, marami ang hindi tumanggap sa Kanyang mensahe, lalo na ang mapagmagaling na mga Fariseo, na nagsasabing sila ay mga binhi ni Abraham at nagpahiwatig na ililigtas sila ng kanilang angkan sa Kaharian ng Diyos.

Ipinaalam sa kanila ng Tagapagligtas na kung sila ay mga anak ni Abraham, gagawin nila ang mga gawain ni Abraham. [Tingnan sa Juan 8:33–39.] Gusto kong sabihin sa mga Banal sa mga Huling



*"Kaya't ang bawa't dumirinig ng aking mga salitang ito at ginaganap, ay matutulad sa isang taong matalino, na itinayo ang kaniyang bahay sa ibabaw ng bato."*

Araw, na kung tayo ay karapat-dapat tawaging mga Banal sa mga Huling Araw, iyon ay dahil sa namumuhay tayo nang banal, at layunin ng Ebanghelyo na gawin tayong karapat-dapat sa ganyang paraan. Narating na ng mundo ang gayong kalagayan at matagal na itong nalilinlang ng kaaway at nagsasabing paniniwala lamang sa Diyos ang kailangan para maligtas, kaya't natatakot ako sa mangyayari sa mundo. Iyan ay panlilinlang lang ng kaaway.[7] [Tingnan ang mungkahi 2 sa pahina 10.]

Ang tinatawag na "Mormonismo" ay ang Ebanghelyo ni Jesucristo, samakatuwid ito ang kapangyarihan ng Diyos sa ikaliligtas ng lahat ng naniniwala at sumusunod sa mga itinuturo nito. Hindi ang mga nagsasabi ng, "Panginoon, Panginoon," ang magtatamasa ng paggabay ng Kanyang espiritu kundi ang mga gumagawa ng Kanyang kalooban [tingnan sa Lucas 6:46].[8]

Tungkol sa ika-7 kabanata ng Mateo at sa ika-24 na talata, nabasa ko ang sumusunod:

"Kaya't ang bawa't dumirinig ng aking mga salitang ito at ginaganap, ay matutulad sa isang taong matalino, na itinayo ang kaniyang bahay sa ibabaw ng bato:

"At lumagpak ang ulan, at bumaha, at humihip ang mga hangin, at hinampas ang bahay na yaon; at hindi nabagsak: sapagka't natatayo sa ibabaw ng bato.

"At ang bawa't dumirinig ng aking mga salitang ito at hindi ginaganap, ay matutulad sa isang taong mangmang, na itinayo ang kaniyang bahay sa buhanginan:

"At lumagpak ang ulan, at bumaha, at humihip ang mga hangin, at hinampas ang bahay na yaon; at nabagsak: at kakilakilabot ang kaniyang pagkabagsak." [Mateo 7:24–27.]

Ilan sa atin, nang malaman ang kalooban ng Ama, ang gumagawa nito? Ilan sa atin ang sa araw-araw ay naglalatag ng pundasyon at nagtatayo ng istrukturang aayon sa dignidad ng pagkatao ng ating Panginoon? 'Oo, ang tao ang katawan ng Diyos, maging mga templo; at ano mang templo ang marurumihan, wawasakin ng Diyos ang templong yaon.' [D at T 93:35.] Binigyan Niya tayo ng talino at karunungang higit kaysa sa ating kapwa-tao. Ang kaalaman tungkol sa buhay bago tayo isinilang ay ibinigay sa mga Banal sa mga Huling Araw; isang kaalaman na tayo ay narito dahil napanatili natin ang ating unang kalagayan, at nabigyan tayo ng pagkakataong magkaroon ng buhay na walang hanggan sa piling ng ating Ama sa Langit, sa pamamagitan ng pagpapanatili sa ating ikalawang kalagayan. Hindi tayo hahatulang tulad ng paghatol sa ating mga kapatid sa mundo, kundi ayon sa mas malalaking oportunidad na ipinagkatiwala sa atin. Mabibilang tayo sa mga taong tumanggap sa salita ng Panginoon, na nakarinig sa Kanyang mga sinabi, at kung gagawin natin ang mga ito ay magkakaroon tayo ng buhay na walang-hanggan, ngunit kung hindi ay isusumpa tayo.[9]

Gumawa tayo nang mas mabuti kaysa dati. Pag-ibayuhin natin ang ating determinasyong maging tunay na mga Banal sa mga Huling Araw, at hindi pakunwari lamang. . . . Wala akong kilalang hindi

makagagawa ng mas mabuti pa kaysa dati niyang ginagawa, kung magpapasiya siyang gawin ito.[10]

---

**Inaasahan ng ating Ama sa Langit na tayo ay maghahanda at mamumuhay nang marapat para sa Kanyang mga ipinangakong pagpapala.**

Binuksan ko ang ika-dalawampu't dalawang kabanata ng talaan ni Mateo tungkol sa turo ng Tagapagligtas, at babasahin ko ang partikular na talinghagang ito:

"At sumagot si Jesus at muling pinagsalitaan sila sa mga talinghaga, na sinasabi,

"Tulad ang kaharian ng langit sa isang hari na naghanda ng piging ng kasalan ng kaniyang anak na lalake,

"At sinugo ang kaniyang mga alipin upang tawagin ang mga inanyayahan sa piging ng kasalan. . . .

"Datapuwa't pagpasok ng hari upang tingnan ang mga panauhin, ay doo'y nakita niya ang isang tao na hindi nararamtan ng damit-kasalan:

"At sinabi niya sa kaniya, Kaibigan, ano't pumasok ka rito, na walang damit-kasalan? At siya'y naumid.

"Nang magkagayo'y sinabi ng hari sa mga naglilingkod, Gapusin ninyo ang mga paa at mga kamay niya, at itapon ninyo siya sa kadiliman sa labas; diyan na nga ang pagtangis at ang pagngangalit ng mga ngipin.

"Sapagka't marami ang mga tinawag, datapuwa't kakaunti ang mga nahirang." [Tingnan sa Mateo 22:1–3, 11–14.] . . .

. . . Narito ang isang lalaking pumasok sa isang piging ng kasalan, at nang dumating ang oras ay nakita ng hari o ng panginoon na hindi siya nakadamit para sa kasalan. Malinaw na binale-wala niya ang kahalagahan nito. Pumasok siya, nang hindi handa, na umaasang maging bahagi nito. Dumalo siya sa piging—lahat sila ay inanyayahan sa piging, ngunit ipinalagay ko na dapat nilang malaman na tanging ang mga angkop ang pananamit ang papapasukin, at namangha ang lalaking ito nang tanungin siya kung bakit siya naroon sa gayong ayos.

Tila inaakala ng sangkatauhan na makadadalo sila kung kailan nila gusto. Hindi nauunawan ng mga anak ng ating Ama na may paghahandang gagawin. Nalinlang sila nang husto ng kaaway at napaniwala sila na walang paghahandang kailangan, kahit ano ay puwede, ngunit sa mensaheng ito na ibinigay ng Tagapagligtas sa kanyang mga kasamahan sa pamamagitan ng talinghaga, ay ipinaalam sa atin na kailangang may paghahanda, at kung wala ang paghahandang iyan ay hindi papayagan ang sinuman na makibahagi sa mas mahahalagang kaloob ng ating Ama sa Langit. Angkop iyan sa mga miyembro ng Simbahang ito na iniisip na dahil inanyayahan sila, at dahil nakalista ang kanilang pangalan sa talaan ng mga taong tinawag, wala na silang kailangan pang gawin. . . . Nalimutan nila ang Panginoon at hindi sila naghahanda para sa piging kung saan niya sila inanyayahan.

Layon ng ating Ama sa Langit na paghandaan natin ang piging ng kasalan dahil kung hindi tayo ay hindi makakapasok. Umaasa Siya na patuloy nating isasaisip ang katotohanan, at ipalalaganap ang katotohanang iyan sa lahat ng kanyang anak kapag may pagkakataon. Ang katotohanang nasa talaan ng Simbahan ang ating pangalan ay hindi garantiya na magkakaroon tayo ng lugar sa kahariang selestiyal. Ang mga tao lamang na namumuhay nang marapat para maging mga miyembro ng kahariang iyon ang magkakaroon ng lugar doon.

Sa gitna ng kaguluhan, ng kawalang-katiyakan sa mundo, kung may panahon man na dapat nating suriin ang ating sarili, para malaman kung ginagawa natin ang ipinagagawa ng Panginoon, ngayon iyon; kung may panahon man na dapat nating matiyak na tayo ay nasa landas tungo sa buhay na walang-hanggan, ngayon iyon. Hindi natin maaaring palampasin ang mga pagkakataong ito. Hindi maaaring hamakin ang Diyos. Kapag inalok niya tayo ng isang kaloob, kapag binigyan niya tayo ng isang pagpapala, kapag inanyayahan niya tayong makibahagi sa isang piging at hindi natin ito pinansin, makatitiyak tayo na pagdurusahan natin ang pagkabagabag na darating sa mga taong tumatanggi sa mga pagpapala ng Panginoon kapag inialok ang mga ito.[11]

Hindi tayo maaaring mamuhay nang ayon sa mundo at umasang magkakaroon tayo ng lugar sa Kaharian. Sinasabi sa atin ng Panginoon sa unang bahagi ng Doktrina at mga Tipan, tungkol sa kasamaan: na hindi siya makatitingin sa kasalanan nang may pinakamaliit na antas



*"Kung hinahanap natin ang lahat ng pagkakataon para makagawa ng mabuti sa mga anak ng ating Ama, tayo ay . . . magagalak sa kabutihang nagagawa natin dito."*

ng pagsasaalang-alang [tingnan sa D at T 1:31]. Ito ay isang doktrinang mahirap tanggapin, dahil iniisip ng ilan sa atin sa Simbahan na maaari nating balewalain ang Ebanghelyo ng ating Panginoon at ang mga batayan ng Buhay na Walang-Hanggan, at makamit pa rin ang lugar na gusto natin. Ito ay hindi totoo. Ang Panginoon ay maawain, ngunit siya ay magiging makatarungan, at kung nais natin ng anumang pagpapala ay isa lamang ang paraan para makamit natin ito, at iyon ay ang sundin ang mga utos na magpapamarapat sa atin sa pagpapala.[12] [Tingnan ang mungkahi 3 sa pahina 10.]

---

## Kung ginagampanan natin ang ating buong tungkulin, ang ating buhay ang nagpapatunay ng paniniwala natin sa ebanghelyo.

Noong nakaraang taon, nagkaroon ako ng pribilehiyong makilala at makausap tungkol sa ebanghelyo ang ilang kalalakihang

nakatira sa komunidad na ito [Salt Lake City], na hindi mga miyembro ng ating Simbahan. Ang isang lalaki ay dalawampung taon nang nakatira dito, isang lalaking walang kapintasan ang buhay, isang mabuting mamamayan, isang kahanga-hangang negosyante, isang taong mabait sa ating mga miyembro. Sinabi niya sa akin na dalawampung taon na siyang nakatira dito, at napag-isip-isip niya na kasimbait lang tayo ng iba pang mga tao na miyembro ng ibang simbahan; wala siyang makitang anumang kakaiba sa atin.

Nais kong sabihin sa inyo, mga kapatid ko, na para sa akin iyan ay hindi papuri. Kung hindi ako nagawang mas mabuting tao ng ebanghelyo ni Jesucristo, ibig sabihin hindi ako umunlad na tulad ng nararapat, at kung ang ating kapwa na hindi kabilang sa Simbahang ito ay makakahalubilo natin taun-taon at walang makikitang katibayan ng kabutihang dulot ng pagsunod sa mga utos ng Diyos sa ating buhay, ibig sabihin kailangan ng pagbabago sa Israel. . . .

. . . Ginagampanan ba ninyo ang inyong tungkulin? ginagampanan ba natin ang gawaing ipinagkatiwala sa atin ng Panginoon? nadarama ba natin ang bigat ng responsibilidad natin? o ginagawa lang natin ang madali, nagpapatangay tayo sa agos at binabalewala ito at inaakalang sa huling araw, tayo ay matutubos?[13]

Tayo ay tinatawag na bayang pag-aaring sarili ng Diyos [tingnan sa I Ni Pedro 2:9] dahil, marahil, lubos tayong naniniwala sa ebanghelyo ni Jesucristo. . . .

Kung dahil sa pagiging kakaiba natin ay namuhay tayo ayon sa bawat salitang nagmumula sa bibig ng ating Ama sa Langit [tingnan sa D at T 84:44], tunay ngang tayo ay mga taong pinagpala. Tunay ngang sa maraming paraan ay namumuhay tayo ayon sa patotoong ibinigay sa atin ng ating Manunubos, at hangga't ginagawa natin ito tayo ay mga taong pinagpala; ngunit higit pa tayong pagpapalain at uunlad kung magagampanan natin ang ating buong tungkulin.

Dalangin kong mapasaatin ang espiritung magbibigay atin ng kakayahan na maglingkod nang tapat, na madaig ng hangaring gumawa ng mabuti ang mga tuksong kinakaharap natin, at mahikayat ang ibang nagmamasid sa ating mabubuting gawa, saanman tayo magtungo, na luwalhatiin ang ating Ama na nasa langit [tingnan sa Mateo 5:16].[14]

Suriin natin ngayon ang ating sarili. Ginagawa ba natin ang lahat ng dapat nating gawin? At kung hindi, magbago tayo at magpakabuti. Kung ginagawa natin ang nararapat, kung hinahanap natin ang lahat ng pagkakataon para makagawa ng mabuti sa mga anak ng ating Ama, tayo ay pagpapalain ng matalinong Ama, at magagalak sa kabutihang nagagawa natin dito. . . .

Magpakumbaba tayo at manalangin, na namumuhay nang malapit sa ating Ama sa Langit, at ipakita ang ating paniniwala sa Ebanghelyo ni Jesucristo sa pamamagitan ng pamumuhay ayon sa mga alituntunin nito. Patunayan natin ang ating pananampalataya sa Diyos, at sa gawaing ibinigay Niya sa lupa, sa pamamagitan ng pamumuhay nang matwid sa tuwina, sapagkat iyan ang pinakamatibay na patotoong maipapakita natin na totoo ang gawaing ito.[15] [Tingnan ang mungkahi 4 sa pahina 11.]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

Pag-isipan ang mga ideyang ito sa pag-aaral ninyo ng kabanata o paghahandang magturo. Para sa karagdagang tulong, tingnan sa mga pahina v-viii.

1. Habang pinag-aaralan ninyong muli ang panuntunan ni Pangulong Smith (mga pahina 1–2), isipin ang ilang huwaran o alituntuning gusto ninyong sundin sa sarili ninyong buhay. Isiping itala ang mga ito sa sariling journal.
2. Basahin ang unang apat na buong talata sa pahina 3–4. Ano ang kahulugan ng maging Banal sa mga Huling Araw? Ano ang magagawa ng isang magulang upang tulungang matuto ang kanilang mga anak na mamuhay bilang isang banal?
3. Habang binabasa ninyo ang bahaging nagsisimula sa pahina 6, pag-isipan kung paano maiaangkop sa inyong buhay ang talinghaga ng piging ng kasalan (tingnan din sa Mateo 22:1–14). Halimbawa, ano sa palagay ninyo ang kinakatawan ng piging ng kasalan? Sino ang kinakatawan ng mga inanyayahang panauhin? Pag-isipang mabuti ang magagawa ninyo para "paghandaan ang piging ng kasalan" (pahina 6).

4. Basahin ang huling talata ng mga turo (sa pahina “00” [9]) at mag-isip ng isang taong kilala ninyo na may malakas na patotoo sa ebanghelyo. Paano pinatutunayan sa buhay ng taong iyon ang kanyang patotoo? Isipin kung ano ang magagawa ninyo upang mapatunayan ang inyong patotoo.

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan:* Mateo 7:16–23; Santiago 1:22–25; 2:15–18; I Ni Juan 2:3–6; Moroni 7:3–5; Doktrina at mga Tipan 41:5

*Tulong sa pagtuturo:* “Upang matulungan tayo sa pagtuturo mula sa mga banal na kasulatan at sa mga salita ng mga propeta sa mga huling araw, gumawa ang Simbahan ng mga manwal ng aralin at iba pang mga materyal. Kaunti lamang ang pangangailangan para sa mga komentaryo o iba pang materyal na sanggunian” (*Pagtuturo, Walang Higit na Dakilang Tungkulin: Mapagkukunang Gabay sa Pagtuturo ng Ebanghelyo* [2000], 63).

## *Mga Tala*


1. “President George Albert Smith’s Creed,” *Improvement Era,* Abr. 1950, 262.
2. Ezra Taft Benson, sa Conference Report, Abr. 1951, 46.
3. Spencer W. Kimball, *The Miracle of Forgiveness* (1969), 284.
4. Bryant S. Hinckley, “Greatness in Men: Superintendent George Albert Smith,” *Improvement Era,* Mar. 1932, 270.
5. J.J Reuben Clark Jr.J, sa Doyle L. Green, “Tributes Paid President George Albert Smith,” *Improvement Era,* Hunyo 1951, 405.
6. Sa Conference Report, Abr. 1949, 8.
7. “The Church with Divine Authority,” *Deseret News,* Set. 28, 1946, bahagi tungkol sa Simbahan, 1, 6.
8. Sa Conference Report, Abr. 1913, 28–29.
9. Sa Conference Report, Okt. 1906, 47.
10. Sa Conference Report, Abr. 1941, 27.
11. Sa Conference Report, Okt. 1930, 66–68.
12. Kumperensya ng mga Pitumpu at stake missionary, Okt. 4, 1941, 6.
13. Sa Conference Report, Okt. 1916, 49.
14. “Some Points of ‘Peculiarity,’ ” *Improvement Era,* Mar. 1949, 137.
15. Sa Conference Report, Abr. 1914, 13.



*"Itinuturo sa atin ng ebanghelyo na magkawanggawa sa lahat at mahalin ang ating kapwa."*

# "Iibigin Mo ang Iyong Kapuwa na Gaya ng Iyong Sarili"

*Ang pagtulong sa iba nang may pagmamahal at pagkahahabag ay mahalaga sa ebanghelyo ni Jesucristo.*

## Mula sa Buhay ni George Albert Smith

Si George Albert Smith ay kilala sa kakayahan niyang mahalin ang iba. Ganito ang sabi ni Pangulong J. Reuben Clark Jr., isa sa kanyang mga tagapayo sa Unang Panguluhan, tungkol sa kanya: "Ang tunay niyang pangalan ay Pag-ibig. . . . Minahal niya ang lahat ng kanyang nakakilala. Minahal niya ang lahat ng hindi niya nakakilala."[1]

Ang pagmamahal ni Pangulong Smith sa iba ay nagmula sa kanyang taos na paniniwala na lahat tayo ay magkakapatid, mga anak ng iisang Ama sa Langit. Noong malapit na siyang pumanaw, sinabi niya sa mga Banal:

"Wala akong alam na kaaway ko, at walang sinuman sa mundo na kinapootan ko. Lahat ng lalaki at babae ay mga anak ng aking Ama, at hinangad ko sa buhay na sundin ang matalinong bilin ng Manunubos ng sangkatauhan—na ibigin ang aking kapwa gaya ng aking sarili. . . . Hindi ninyo malalaman kailanman kung gaano ko kayo kamahal. Hindi ko kayang ipaliwanag ito. At gusto kong madama iyan sa bawat anak na lalaki at anak na babae ng aking Ama sa Langit."[2]

Ipinamalas ni Pangulong Smith ang pagmamahal niya sa iba sa pamamagitan ng walang-katapusang pagtulong. Napansin ng isang nagmamasid: "Ugali na ni Pangulong Smith na gawin ang lahat para personal na aliwin at basbasan ang maraming maysakit, nalulungkot, at may dahilang magpasalamat sa kanyang masayang panghihikayat. Karaniwan siyang nakikita, bago at matapos ang oras ng trabaho, na naglalakad sa mga pasilyo ng ospital, dumadalaw sa bawat silid,

nagbabasbas, nagpapalakas ng loob, at nagpapasaya dahil sa di-inaasahang pagdalaw niya sa mga lugar na iyon kung saan lubos at mapagpasalamat na tinatanggap ang kanyang nakaaaliw at nakapapanatag na presensya. . . . Ugali na niyang magpunta saanman niya madama na makakatulong siya at makapagpapalakas ng loob."[3]

Si Pangulong Thomas S. Monson ay nagbanggit ng isang partikular na halimbawa kung saan ginawa ni Pangulong Smith ang lahat para magpakita ng pagmamahal sa isang taong nangangailangan:

"Isang umaga ng taglamig, inalis ng mga tagalinis ng kalsada [sa Salt Lake City] ang malalaking tipak ng yelo sa mga kanal. Ang mga regular na tauhan ay tinulungan ng mga temporaryong manggagawa na lubhang nangangailangan ng trabaho. Ang isa sa kanila ay manipis na sweater lamang ang suot at ginaw na ginaw. Isang payat na lalaking ayos na ayos ang balbas ang naparaan sa kanila at tinanong ang manggagawa, 'Kailangan mo ng mas makapal na sweater sa ganito kaginaw na umaga. Nasaan ang pangginaw mo?' Sumagot ang lalaki na wala siyang maisuot na pangginaw. Hinubad ng bisita ang sarili nitong pangginaw, iniabot ito sa lalaki at sinabing, 'Sa iyo na ang pangginaw na ito. Makapal na lana ito at hindi ka giginawin. Diyan lang ako nagtatrabaho sa tapat.' Ang kalsada ay South Temple. Ang mabuting Samaritanong naglakad nang walang pangginaw papasok sa Church Administration Building sa kanyang pang-araw-araw na trabaho ay si Pangulong George Albert Smith ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Ipinakita ng kanyang pagiging bukas-palad ang kanyang maawaing puso. Tunay ngang siya ay tagapagbantay sa kanyang kapatid."[4] [Tingnan ang mungkahi 1 sa pahina 20.]

## Mga Turo ni George Albert Smith

---

### Lahat ng tao ay ating mga kapatid, mga anak ng ating Ama sa Langit.

Itinuturing nating kapatid ang lahat ng lalaki at babae; minamasdan natin ang mukha ng bawat tao sa mundong ito bilang anak ng ating Ama, at naniniwala tayo na dahil bawat isa ay nilikha sa larawan ng Ama, nagtataglay rin sila ng kaunting kabanalan na kung mapauunlad ay maghahanda sa atin na makabalik sa Kanyang piling. . . .

Iyan ang pagkaunawa natin sa layunin ng ating buhay sa mundo, at nagpapaliwanag sa pagmamalasakit natin sa ating kapwa. Maraming nag-aakala na hiwalay ang buhay natin sa iba, at iniisip ng ilan na nakikisama lang tayo sa mga kagrupo natin. Ang totoo, itinuturing nating kapatid ang bawat batang isinilang sa mundo, bilang anak ng Diyos, at nadarama natin na hindi magiging lubos ang ating kaligayahan sa kaharian ng langit kung hindi natin kasama ang ating mga pamilya at kaibigan at kasamahan na kilala na natin at kung kaninong kapakanan ay labis nating pinag-ukulan ng panahon sa mundo.[5]

Kapag naiisip ko ang pagpapahalaga at pagmamahal ko sa pamilya ng aking Ama, ang sangkatauhan, naaalala ko ang sinabi ng aking ama sa lupa, at palagay ko namana ko iyan sa kanya. Sabi niya, "Tuwing makakakita ako ng isang anak ng Diyos na nasa abang kalagayan lagi akong yumuyukod kaagad at itinatayo at tinutulungan ko siyang magbagong-buhay." Ang gusto kong sabihin ay lagi kong itinuturing na kapatid ang bawat anak ng aking Ama at alam kong mahal ng Diyos ang bawat isa sa kanyang mga anak.[6]

Magiging napakasaya ng mundo kung ituturing na kapatid ng lahat ng tao ang kanyang kapwa, at mamahalin pa sila gaya ng kanilang sarili.[7] [Tingnan ang mungkahi 2 sa pahina 20.]

---

**Itinuturo sa atin ng ebanghelyo ni Jesucristo na mahalin ang lahat ng anak ng Diyos.**

Itinuturo sa atin ng ebanghelyo na magkawanggawa sa lahat at mahalin ang ating kapwa. Sabi ng Tagapagligtas:

"Iibigin mo ang Panginoon mong Dios ng buong puso mo, at ng buong kaluluwa mo, at ng buong pagiisip mo. Ito ang dakila at pangunang utos.

"At ang pangalawang katulad ay ito, Iibigin mo ang iyong kapuwa na gaya ng iyong sarili. Sa dalawang utos na ito'y nauuwi ang buong kautusan, at ang mga propeta." [Mateo 22:37–40.]

Mga kapatid, kung ang ebanghelyo ni Jesucristo, na ibinigay sa inyo, ay hindi nagtanim ng ganyang pagmamahal sa inyong puso para sa inyong kapwa, sinasabi ko sa inyo na hindi pa ninyo natatamasa ang kabuuan ng napakagandang kaloob na iyan na sumapit



*“Ipakita natin sa ating kilos . . . na talagang sinusunod natin ang dakilang utos na iyon na . . ., ‘Iibigin mo ang iyong kapuwa gaya ng iyong sarili.’ ”*

sa mundo nang itatag ang Simbahang ito.[8] [Tingnan ang mungkahi 3 sa pahina 20.]

Ang ating ministeryo ay pagpapakita ng pagmamahal. Pinagyayaman ng ating paglilingkod ang ating buhay. . . . Kung tayo ay namumuhay ayon sa layon ng Diyos, kung nagmiministeryo tayo ayon sa kanyang hangarin, bawat araw sa ating buhay ay pinagyayaman ng impluwensya ng kanyang Espiritu, nag-iibayo ang pagmamahal natin sa ating kapwa at bumubuti ang ating kaluluwa hanggang sa madama natin na mayayakap natin ang lahat ng anak ng Diyos, na may hangaring pagpalain sila at ipaunawa sa kanila ang katotohanan.[9]

Bilang mga miyembro ng Simbahan ni Cristo, dapat nating sundin ang Kanyang mga utos at mahalin ang isa’t isa. Sa gayon dapat nating mahalin hindi lamang ang mga miyembro ng Simbahang kinabibilangan natin, kundi iparating ito sa lahat ng anak ng tao.[10]

Ipakita natin sa ating kilos, kahinahunan, pagmamahal, pananampalataya, na talagang sinusunod natin ang dakilang utos na iyon na ayon sa Tagapagligtas ay katulad ng dakila at pangunang utos, "Iibigin mo ang iyong kapuwa na gaya ng iyong sarili."[11]

## Nagkakawanggawa tayo sa pamamagitan ng pagtulong sa mga nangangailangan at pagpapalakas ng kanilang loob.

Imposibleng masukat ang bunga ng pagmamahal at pagkakawanggawa sa mundo. May pagkakataon ang bawat branch at ward at misyon na punuin ng liwanag ang mundo, pasayahin at pasiglahin ang mga pinanghihinaan ng loob, at maghatid ng galak at kapanatagan sa mga nababagabag.[12]

Ito ang sabi ng Panginoon:

"Tiyakin na inyong minamahal ang bawat isa; tumigil sa pagiging mapag-imbot; matutong magbahagi sa bawat isa gaya ng hinihingi ng ebanghelyo. . . .

"At higit sa lahat, damitan ang inyong sarili ng bigkis ng pag-ibig sa kapwa-tao, gaya ng isang balabal, na siyang bigkis ng pagiging ganap at ng kapayapaan." [D at T 88:123, 125.] . . .

. . . Sinusunod ba ninyo ang kanyang payo tungkol sa pag-ibig sa kapwa-tao? Gusto kong sabihin na sa panahong ito ng ating buhay dapat nating mahalin ang ating kapwa, hindi lamang sa pagbabahagi ng ating kabuhayan sa mga nangangailangan, kundi unawain natin ang mga kahinaan at kabiguan at kamalian ng mga anak ng ating Ama.[13]

Kung may makita tayong lalaki o babaeng hindi nagtagumpay sa buhay, isang taong humihina ang pananampalataya, huwag natin siyang talikuran; tiyaking bisitahin siya, at pakitaan ng kabaitan at pagmamahal, at hikayatin siyang iwaksi ang kamalian sa kanyang buhay. Ang pagkakataon upang magawa natin ito ay nasa lahat ng dako; at may ilang kalalakihan at kababaihan sa Simbahang ito na gustuhin man nila ay hindi sila makaalpas sa lipunang kinabibilangan nila, at sabihan ng mabuti, o turuan ng katotohanan ang ilan sa mga anak ng ating Ama. . . . Ito ang gawain ng ating Ama. Ito ang pinakamahalagang bagay na magagawa natin sa buhay na ito.[14]



*"Punuin ng liwanag ang mundo, pasayahin at pasiglahin ang mga pinanghihinaan ng loob, at maghatid ng galak at kapanatagan sa mga nababagabag."*

Kabutihan lamang ang hangad ko sa aking puso para sa sangkatauhan. Wala akong nadaramang poot sa aking puso kahit kanino. May ilan akong kilala na sana lang ay mas bumait pa nang kaunti kaysa rati, ngunit kawalan iyon sa kanila, hindi sa akin. Kung mayayakap ko lang sila at matutulungang bumalik sa landas ng kaligayahan sa pagtuturo sa kanila ng ebanghelyo ni Jesucristo, mag-iibayo ang kaligayahan ko dahil dito. . . . Hindi ninyo mapipilit ang tao na gawin ang tama, ngunit maaari ninyo silang mahalin hanggang sa gawin nila ito, kung makikita nila sa inyong halimbawa na totoo ang sinasabi ninyo.[15] [Tingnan ang mungkahi 4 sa pahina 20.]

---

## Ang tunay na kaligayahan ay nagmumula sa pagmamahal at paglilingkod sa iba.

Huwag kalimutan na gaano man karami ang ibigay ninyong pera, gaano man katindi ang paghahangad ninyo sa mga bagay ng

mundong ito para pasayahin ang inyong sarili, ang inyong kaligayahan ay mababatay sa inyong pagkakawanggawa at kabaitan at pagmamahal sa mga nakakasalamuha ninyo rito sa lupa. Napakalinaw na sinabi ng ating Ama sa Langit na ang taong nagsasabi na mahal niya ang Diyos at hindi mahal ang kanyang kapatid ay hindi nagsasabi ng totoo [tingnan sa I Ni Juan 4:20].[16]

Hindi lamang ang natatanggap natin ang nagpapasaya sa atin kundi ang ibinibigay natin, at kapag mas marami tayong ibinibigay na nagpapasaya at nagpapasigla sa mga anak ng ating Ama, dapat tayong magbigay ng mas marami. Lumalaki ito na parang bukal ng buhay at humahantong sa walang-hanggang kaligayahan.[17]

Kapag nagwakas na ang ating buhay sa mundong ito at pauwi na tayo, makikita natin na nabigyang-dangal tayo ng bawat mabuting nagawa natin, bawat kabaitang ipinakita natin, bawat pagsisikap natin para sa kapakanan ng ating kapwa. . . .

. . . Ipakita natin ang ating pasasalamat sa ibinigay sa atin ng Panginoon sa paglilingkod sa Kanya, at naglilingkod tayo sa Kanya kapag gumagawa tayo ng mabuti sa Kanyang mga anak. Tumanggap tayo nang walang bayad, magbigay tayo ngayon nang walang bayad [tingnan sa Mateo 10:8]. Taglay ang pusong mainit na nagmamahal at mabait sa ating kapwa, patuloy tayong sumulong hanggang sa tawagin tayo pabalik, at harapin natin ang talaan ng ating buhay. Pagkatapos, kung napagbuti natin ang ating mga talento, kung tayo ay naging tapat, tunay, malinis ang puri, marangal, at mapagkawanggawa, at hinangad nating pasiglahin ang bawat kaluluwang nakasalamuha natin, kung namuhay tayo ayon sa liwanag na natanggap natin, at ipinalaganap natin ang liwanag na iyan basta may pagkakataon, tayo ay magiging napakasaya at mapupuno ng pasasalamat ang ating puso kapag natanggap natin mula sa Lumikha ng langit at lupa ang malugod Niyang pasasalamat: "Mabuting gawa, mabuti at tapat na alipin; nagtapat ka sa kakaunting bagay, pamamahalain kita sa maraming bagay; pumasok ka sa kagalakan ng iyong Panginoon." [Mateo 25:21.][18] [Tingnan sa mungkahi 5 sa pahina 20.]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

Pag-isipan ang mga ideyang ito habang pinag-aaralan ninyo ang kabanata o naghahanda kayong magturo. Para sa karagdagang tulong, tingnan sa mga pahina v–viii.

1. Mag-isip ng mga paraan na maipamamalas ninyo ang pagmamahal na tulad ng ginawa ni Pangulong Smith (tingnan sa mga pahina 13–14). Halimbawa, paano natin maipamamalas ang ating pagmamahal sa pagganap sa ating mga tungkulin sa home at visiting teaching?
2. Habang pinag-aaralan ninyo ang unang bahagi ng mga turo (mga pahina 15–17), pag-isipan kung paano mapagbubuti ng pagsasagawa ng mga turong ito ang pakikipag-ugnayan ninyo sa mga kapitbahay, katrabaho, kapamilya, at iba pa.
3. Basahin ang huling talata sa pahina 15. Ano ang ilang turo o kuwento sa mga banal na kasulatan na nagbibigay-inspirasyon sa inyo na mahalin at paglingkuran ang iba?
4. Pag-aralan ang bahaging nagsisimula sa pahina 17, lalo na ang huling talata sa pahina 17 at unang talata sa pahina 18. Mag-isip ng isang taong maaaring hindi kasama sa "grupong [inyong] kinabibilangan." Ano ang isang partikular na bagay na magagawa ninyo para tulungan ang taong iyon?
5. Pag-isipang mabuti ang mga turo ni Pangulong Smith sa mga pahina 18–19. Ano ang mga karanasan ninyo na nagturo sa inyo na ang tunay na kaligayahan ay nagmumula sa pagpapasaya sa iba?


*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan:* Mateo 5:43–44; 25:34–40; Lucas 10:25–37; Juan 13:34–35; I Ni Juan 4:7–8; 1 Nephi 11:16–25; Moroni 7:44–48

*Tulong sa pagtuturo:* "Ang ilang pagtuturong ginagawa sa Simbahan ay masusi, ito ay parang lektyur. Hindi tayo gaanong tumutugon sa mga lektyur sa mga silid-aralan. Nauunawaan natin ito sa sacrament meeting at mga kumperensya, ngunit maaaring pagpapalitan ng mga ideya ang pagtuturo upang maaari kayong magtanong. Madali

kayong makapagtatanong kapag nasa klase" (Boyd K. Packer, "Mga Alituntunin ng Pagtuturo at Pag-aaral," *Liahona,* Hunyo 2007, 50).

## *Mga Tala*

1. J. Reuben Clark Jr., "No Man Had Greater Love for Humanity Than He," *Deseret News,* Abr. 11, 1951, bahaging pang-Simbahan, 10, 12.
2. "After Eighty Years," *Improvement Era,* Abr. 1950, 263.
3. Richard L. Evans, "Anniversary," *Improvement Era,* Abr. 1946, 224.
4. Sa Conference Report, Abr. 1990, 62; o *Ensign,* Mayo 1990, 47.
5. "Mormon View of Life's Mission," *Deseret Evening News,* Hunyo 27, 1908, bahaging pang-Simbahan, 2.
6. "Pres. Smith's Leadership Address," *Deseret News,* Peb. 16, 1946, 6.
7. Sa Conference Report, Okt. 1946, 149.
8. Sa Conference Report, Abr. 1922, 52.
9. Sa Conference Report, Okt. 1929, 24.
10. Sa Conference Report, Abr. 1905, 62.
11. Sa Conference Report, Abr. 1949, 10.
12. "To the Relief Society," *Relief Society Magazine*, Dis. 1932, 704.
13. "Saints Blessed," *Deseret News,* Nob. 12, 1932, bahaging pang-Simbahan, 5, 8.
14. Sa Conference Report, Abr. 1914, 12–13.
15. Sa Conference Report, Abr. 1946, 184–85.
16. "To the Relief Society," 709.
17. *Sharing the Gospel with Others,* pinili ni Preston Nibley (1948), 214; mensaheng ibinigay noong Nob. 4, 1945, sa Washington, D.C.
18. "Mormon View of Life's Mission," 2.



*"Alam ko na ang aking Manunubos ay buhay at mapagpakumbaba kong gagawin ang lahat upang patotohanan ang Kanyang mga turo."*

# Ang Ating Patotoo Tungkol kay Jesucristo

*Ang ipinanumbalik na ebanghelyo ay nagbibigay ng dagdag na patotoo sa mga Banal sa mga Huling Araw na si Jesucristo ang Anak ng Diyos.*

## Mula sa Buhay ni George Albert Smith

Sa mga paglalakbay ni George Albert Smith bilang General Authority, may nakilala siya paminsan-minsan na mga taong nag-aakala na ang mga Banal sa mga Huling Araw ay hindi naniniwala kay Jesucristo. Ang maling palagay na ito ay ikinamangha at ikinabahala ni Pangulong Smith, at sinikap niyang itama ito sa pagbabahagi ng sarili niyang patotoo tungkol sa Tagapagligtas.

Minsan ay nagsalita siya sa isang pulong ng Simbahan sa Cardston, Canada, tungkol sa buhay at misyon ni Cristo. Kinabukasan nagpunta siya sa isang istasyon ng tren para bumili ng tiket. Habang naghihintay siya sa pila, narinig niya ang pag-uusap ng isang babae at ng takilyera. Binanggit ng babae na noong nakaraang gabi ay nagpasiya siyang dumalo sa isang samba ng mga Banal sa mga Huling Araw.

Mukhang nagulat ang takilyera. "Naku naman," sabi ng takilyera. "Huwag mong sabihing nagsimba ka nga roon."

"Oo naman," sagot ng babae. "Bakit hindi?"

Sabi ng takilyera, "Ni hindi sila naniniwala kay Jesucristo."

At sumagot ang babae, "Kagabi lang ay nakinig ako sa mensahe ng isa sa mga elder ng Simbahan tungkol sa buhay ni Jesus ng Nazaret, at wala pa akong narinig na sinumang nagsalita na para

bang alam na alam niya na talagang si Jesus ang Cristo, maliban sa tagapagsalitang iyon noon."[1] [Tingnan sa mungkahi 1 sa pahina 33.]

Si George Albert Smith ay nagtamo ng lakas mula sa kanyang patotoo tungkol kay Jesucristo, at natuwang ibahagi ito sa iba. Sa edad na 44, sa 11 taon niyang paglilingkod bilang apostol, sinabi niya:

"Nahikayat ako at nabigyan, ika nga, ng higit na kakayahan at kapangyarihang hindi akin na ituro ang maluluwalhating katotohanang ipinahayag ng Manunubos ng daigdig. Hindi ko pa Siya nakita nang harapan ngunit natamasa ko na ang patnubay ng Kanyang espiritu at nadama ang Kanyang presensya sa paraang hindi maipagkakamali. Alam ko na ang aking Manunubos ay buhay at mapagpakumbaba kong gagawin ang lahat upang patotohanan ang Kanyang mga turo. . . . Buong katauhan ko ay puspos ng kaalaman na Siya ay buhay at balang-araw ay malalaman ito ng lahat ng tao.

"Ang Tagapagligtas ay namatay upang tayo ay mabuhay. Dinaig Niya ang kamatayan at libingan at nangangako Siya ng pag-asa ng maluwalhating pagkabuhay na mag-uli sa lahat ng sumusunod sa Kanyang mga turo. . . . Alam kong ito ang gawain ng Panginoon, na si Jesus ang ating Tagapagligtas."[2]

Si Pangulong Smith ay namatay noong ika-81 kaarawan niya, Abril 4, 1951. Sa mga huling sandali ng kanyang buhay, sa harap ng kanyang pamilya, itinanong ng kanyang anak na lalaki, "Itay, may gusto po ba kayong sabihin sa pamilya—isang bagay na espesyal?"

Nakangiting muli niyang pinagtibay ang patotoong ilang beses na niyang ibinahagi sa buong buhay niya: "Oo, ito lamang: Alam ko na ang aking Manunubos ay buhay; alam ko na ang aking Manunubos ay buhay."[3]

## Mga Turo ni George Albert Smith

### Si Jesucristo ang Anak ng Diyos, at Siya ay buhay ngayon bilang ating nabuhay na mag-uling Tagapagligtas.

Marami akong nakita sa mundo na hindi alam na naniniwala tayo sa banal na misyon ng ating Panginoon, at hindi lang minsan ako nahikayat na sabihin na wala nang ibang mga tao sa mundo na lubos na nakauunawa sa banal na misyon ni Jesucristo, na lubos na

naniniwala na siya ang Anak ng Diyos, na lubhang umaasa [tiwala] na sa kasalukuyan ay nakaluklok siya sa kaluwalhatian sa kanang kamay ng kanyang Ama, na katulad ng mga Banal sa mga Huling Araw.[4]

Alam ko tulad ng pagkaalam na ako ay buhay na siya ang anak ng Diyos, na sa pamamagitan niya at tanging sa pamamagitan niya tayo magtatamo ng kadakilaan sa kahariang selestiyal at lahat ng susunod sa kanyang mga yapak at mamumuhay ayon sa mga turong ibinigay niya, ay liligaya sa buhay na ito at maghahanda para sa kanilang sarili ng isang mansiyon sa kanyang selestiyal na kaharian, kung saan sila mananahan sa kanyang piling magpakailanman.[5]

Ang Manunubos ng sangkatauhan ay higit pa sa mabuting taong naparito sa mundo upang turuan tayo ng kagandahang-asal. Ang Manunubos ng sangkatauhan ay nagtaglay ng higit pa kaysa pangkaraniwang katalinuhan. Tunay na Siya ang Anak ng Diyos, ang bugtong na anak ng Diyos sa laman. . . . Naparito Siya upang pagsisihin ang mga tao, upang ituwid ang kanilang landas. Nakihalubilo Siya sa kanila na kinakatawan ang Diyos Amang Walang Hanggan, na ipinapahayag na siya ang wangis ng kanyang Ama, at ang mga nakakita sa kanya ay nakita na ang Ama, at sinabi sa kanila na isinugo siya upang gawin ang kalooban ng kanyang Ama, at nanawagan sa lahat ng tao na talikuran ang maling gawain nila, na pagsisihan ang kanilang mga kasalanan at lumusong sa tubig ng binyag.[6]

Noong kapanahunan ng Tagapagligtas ibinulong ng kaaway sa [mga] tao, hindi siya ang Anak ng Diyos, tiyak na hindi ninyo siya tatanggapin, isa lamang siyang karaniwang tao, anak lang siya nina Maria at Jose at hindi rin siya Anak ng Diyos na katulad ninyo, at pinakinggan ng mga tao ang mapanira at masamang nilalang na iyon at ipinako sa krus ang Manunubos ng sangkatauhan.[7]

Tunay ngang Siya ang Anak ng Diyos. Tumulong Siya sa [mga tao] nang may pagmamahal at kabaitan; ngunit kinutya nila ang Kanyang pangalan at sinabing Siya ay masama. . . . Siya ang Anak ng Diyos, at talagang may karapatan Siyang magsalita sa ngalan ng Ama. Ang mga katotohanang hatid Niya sa lupa ay nagmula sa Ama; at bagaman ipinako nila Siya sa krus, bagaman ipinutong nila sa Kanyang ulo ang koronang tinik, at inilagay ang kunwaring setro sa

Kanyang mga kamay, bagaman pinatulo nila ang Kanyang dugo sa pamamagitan ng malupit na sibat, ang salitang hatid Niya sa kanila ay salita ng Panginoon, at tunay na Siya ang Anak ng Diyos.[8]

Hindi lamang tayo naniniwala na si Jesus ng Nazaret ay nabuhay sa mundo, kundi naniniwala tayo na Siya ay buhay ngayon, hindi lamang sa diwa, hindi bilang isang bagay na walang katawan o hindi nahahawakan, kundi naniniwala tayo sa Kanya bilang isang taong dinakila; dahil nagbangon Siya taglay ang katawan ding iyon na inihimlay sa libingan ni Jose ng Arimatea, ang katawang pinaglingkuran ng mga taong nagmamahal sa Kanya. Ang Jesucristong iyon na nagbangon mula sa libingan, ay dinala ang katawang iyon na dinalisay at nilinis, . . . at dinala niya ang katawang ito nang mawala siya sa paningin ng mga tao sa Jerusalem nang sabihin ng dalawang lalaking nakaputi na: "Paparito [siyang] gaya rin ng inyong nakitang pagparoon niya sa langit." [Tingnan sa Mga Gawa 1:10–11.]

Ito si Jesus ng Nazaret na pinaniniwalaan ng mga Banal sa mga Huling Araw. Naniniwala rin tayo na ang mga pangakong nagawa hinggil sa sangkatauhan ay matutupad, na sa takdang panahon, kapag naipangaral na ang ebanghelyo sa buong mundo, sa bawat bansa, lahi, wika at tao, kapag wala nang maidahilan ang mga tao tungkol dito, naniniwala tayo na sa pamamagitan ng kapangyarihan ng ating Ama sa Langit ay matatanggap ng sangkatauhan ang napakagandang pagpapalang iyon ng pagkabuhay na mag-uli mula sa mga patay, at na ang Manunubos ng sangkatauhan ay darating sa mga alapaap ng langit na may kapangyarihan at kaluwalhatian upang manahan dito sa lupa. Naniniwala tayo na si Jesus ng Nazaret ay paparito upang manahan sa piling ng mga karapat-dapat sa kaluwalhatiang selestiyal.[9] [Tingnan sa mungkahi 2 sa pahina 33.]

---

## Tinatanggap natin ang patotoo sa Biblia tungkol sa banal na misyon ni Jesucristo.

Si Jesus ng Nazaret ay lumusong sa tubig at bininyagan ni Juan, at nang umahon siya mula sa tubig, bumaba sa kanya ang Espiritu Santo sa anyo ng kalapati. At sabi ng isang tinig mula sa langit, "Ito ang sinisinta kong Anak, na siya kong lubos na kinalulugdan." [Tingnan sa Mateo 3:13–17.]



*"Tinatanggap natin nang walang pag-aalinlangan ang patotoo . . . na nasa Bagong Tipan hinggil sa pagkabuhay na mag-uli ng Manunubos ng sangkatauhan."*

Mayroon pa bang mas tiyak kaysa rito? Ang kahanga-hangang Biblia natin ay naglalaman ng lahat ng impormasyon at higit pa rito, mangyari pa. Kapag sinabi o inisip ng mga tao na hindi tayo naniniwala sa banal na misyon ni Jesucristo, ipaalam sa kanila na naniniwala tayo sa lahat ng itinuturo ng Biblia tungkol sa kanya. Naniniwala tayo sa kuwento kung paano niya inorganisa ang kanyang mga tao at tinuruan sila, at kung paanong sa huli, . . . siya ay ipinako sa krus.[10]

Tinatanggap natin nang walang pag-aalinlangan ang patotoo ng lahat ng apat na ebanghelista na nasa Bagong Tipan hinggil sa pagkabuhay na mag-uli ng Manunubos ng sangkatauhan. Napakalinaw nito kaya para sa akin ay tiyak na mauunawaan ito ng bawat taong nag-iisip. Ang katotohanan ay matapos ipako sa krus at ihimlay sa libingan ang Tagapagligtas siya ay nagbangon, at sa loob ng apatnapung araw ay nakihalubilo sa kanyang mga disipulo, kumain ng

isda at pulot-pukyutan na kasama nila, nadama nila ang bakas ng mga pako sa kanyang mga kamay at marka ng sibat sa kanyang tagiliran. Sinabi niya sa kanila habang kasama sila, "Tingnan ninyo ang aking mga kamay at ang aking mga paa, ako rin nga: hipuin ninyo ako at tingnan; sapagka't ang isang espiritu'y walang laman at mga buto, na gaya ng inyong nakikita na nasa akin." [Tingnan sa Lucas 24:39–43. ] Tiyak na hindi maikakaila ang katibayang ito at magkagayunman ay marami sa mga anak ng ating Ama ang hindi ito nauunawaan.[11] [Tingnan sa mungkahi 3 sa pahina 34.]

---

## Ang Aklat ni Mormon at ang patotoo ni Joseph Smith ay nagbibigay sa atin ng karagdagang katibayan sa kabanalan ni Cristo.

May duda noong unang panahon na hindi banal ang pinagmulan ni Jesus, dahil isinilang Siya na isang sanggol, inilagay sa isang sabsaban, at ang Kanyang ina ay si Maria at ang kapuri-puri niyang ama ay ang karpinterong si Jose. Maraming umamin na Siya ay isang dakila at mabuting tao, ngunit hinangad nilang agawin sa Kanya ang kabanalan ng Kanyang pagsilang.

Gayunman, mabuti na lang at tumanggap tayong mga Banal sa mga Huling Araw ng isang patotoo na ang mga bagay na ito ay totoo; at bukod pa riyan, tumanggap tayo ng patotoo na nagtungo Siya sa kanlurang hemispero, tulad ng nakatala sa Aklat ni Mormon, at naglingkod sa mga Nephita sa kontinenteng ito. Hindi siya dumating sa pagkakataong ito bilang isang munting bata, kundi dumating Siya sa mga alapaap ng langit; at ang Kanyang pagdating ay ipinahayag ng isang tinig na tumimo sa kaibuturan ng bawat taong nasa lupain. Dumating siya sa pagkakataong ito bilang isang tao mula sa langit, at nakita nila ang Kanyang pagdating. Nalaman nila na Siya ang Cristo, sapagkat ang Kanyang pagdating ay hinulaan ng kanilang mga propeta. Ibinigay Niya sa kanila ang organisasyong umiral din sa Simbahan sa Jerusalem. Itinuro Niya sa kanila na dapat silang mabinyagan, tulad Niya, ng mga taong may awtoridad na mangasiwa sa ordenansang iyon. [Tingnan sa 3 Nephi 11:1–27.] Hindi ito salita ng isang karaniwang tao; ito ang salita ng Anak ng Diyos, na umakyat sa kanyang Ama, at nagbalik, upang ang mga



*Nang bisitahin ng nabuhay na mag-uling Tagapagligtas ang mga Nephita, "bumaba ang mga anghel mula sa langit na naliligiran ng apoy at pinalibutan ang mga batang paslit."*

anak ng tao ay magkaroon ng isa pang patotoo bukod pa sa naibigay na sa kanila.[12]

Ano pang ibang mas tuwirang katibayan ng pagkabuhay na maguli mula sa mga patay maliban sa siya, sa kanyang nabuhay na mag-uling katawan, ay nagtungo sa [mga Nephita] at itinuro sa kanila ang Ebanghelyong itinuro din niya sa Jerusalem? At ngayon ay tinupad niya ang pangakong ginawa niya sa Jerusalem nang sabihin niyang, "Mayroon akong ibang mga tupa, na hindi sa kulungang ito; sila'y kailangan din namang dalhin ko, at kanilang diringgin ang aking tinig; at sila'y magiging isang kawan, at magkakaroon ng isang pastor." Juan 10:16.] Dumating siyang taglay ang kanyang nabuhay na mag-uling katawan upang ihatid sa kanila ang impormasyong ipinropesiya niyang dapat ibigay sa mga taong pinaglilingkuran niya ngayon.

Napakagandang karanasan para sa mga taong iyon. Matapos silang turuan maghapon . . . pinagaling niya ang kanilang maysakit at binasbasan ang kanilang mga anak at patuloy na itinuro sa kanila ang kagandahan ng kanyang Ebanghelyo. Walang pag-aalinlangan sa kanilang isipan na Siya ang Tagapagligtas ng mundo. Nakita nila ang kanyang pagbaba mula sa langit at nasaksihan ang kanyang kagila-gilalas na kapangyarihan. . . . Dumating siya nang maluwalhati. Bumaba ang mga anghel mula sa langit na naliligiran ng apoy at pinalibutan ang mga batang paslit kaya't sila ay naliligiran ng apoy. At naglingkod sa kanila ang mga anghel. [Tingnan sa 3 Nephi 17:6–24.]

Iyon ay hindi mga guni-guni, kundi mga kagila-gilalas na karanasang maaalala magpakailanman ng mga nakaranas nito. Bilang mga Banal sa mga Huling Araw tinatanggap natin ang talaang ito bilang katibayan ng pagkabuhay na mag-uli ni Jesucristo na ating Panginoon.[13]

Pagkatapos sa ating panahon ay may isa pang taong nabuhay. . . . [Si Joseph Smith] ay hindi lamang nagkaroon ng patotoo sa Biblia na si Jesus ang Cristo, kundi nakita pa niya ang Diyos Ama na nakatayo sa mga alapaap ng langit, na puno ng kaluwalhatian, at si Jesucristo, ang Manunubos ng daigdig, na dinakila sa Kanyang kanang kamay, at narinig niya ang tinig ng Panginoon, na nagsasabing, "Ito ang Aking Pinakamamahal na Anak, pakinggan Siya." [Tingnan sa Joseph Smith—Kasaysayan 1:16–17.] Nagpatotoo siya tungkol sa maluwalhating pangitaing ito sa mga taong nakahalubilo niya. Ang iba ay tumanggap din ng patotoo mula sa itaas. Ang kanilang patotoo sa kabanalan ng misyon ng Tagapagligtas ay naragdagan at napalakas, kaya't hindi na ito bahagi ng lumang kasaysayan na ang Diyos ay buhay at si Jesus ang Cristo; alam nila ito sa kanilang sarili, dahil nakatanggap sila mismo ng patotoo.[14]

Sa aking isipan isa sa pinakamalalakas na patotoo tungkol sa kabanalan ng buhay ng ating Tagapagligtas ang patotoo ni Joseph Smith na nagbuwis ng kanyang buhay bilang saksi ng katotohanan ng ebanghelyo ni Jesucristo.[15] [Tingnan sa mungkahi 3 sa pahina 34.]

**Bawat isa sa atin ay maaaring magtamo ng personal na patotoo na si Jesus ang Cristo.**

May isa pa tayong patotoo, isa pang katibayan na mas perpekto at higit pang nakakakumbinsi kaysa iba, dahil ito ay isang patotoong dumarating sa isang tao kapag nasunod niya ang mga ipinagagawa ng ating Ama sa Langit. Ito ay isang patotoong tumimo sa ating kaluluwa sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo, kapag nagawa natin ang ipinagagawa ng Panginoon kung malaman natin na ang doktrina ay sa Diyos o sa tao.[16]

Siya mismo ang nagsabi, "Ang turo ko ay hindi akin, kundi doon sa nagsugo sa akin. Kung ang sinomang tao ay nagiibig gumawa ng kaniyang kalooban, ay makikilala niya ang turo, kung ito'y sa Dios, o kung ako'y nagsasalita na mula sa aking sarili." (Juan 7:16–17) Iyan ang Kanyang sariling pangako. Tinatanggap natin ang pangakong iyon bilang mga Kristiyano sa buong mundo at dapat nating sikaping patunayan ito upang malaman kung magagawa ito o hindi. Marami na ang nakagawa nito. Natanto ko na . . . marami na ang sumubok dito, marami na ang nakaaalam na ang Diyos ay buhay, na si Jesus ang Cristo, na Siya ang Tagapagligtas ng daigdig.[17]

Kaya, hindi lamang katibayan ng mga talaan ang nasa atin . . . , hindi lamang patotoo ng mabubuting taong nabuhay sa mundo sa ating panahon, kundi kung sumunod tayo sa mga ipinagagawa ng ating Ama sa Langit, kung sumampalataya tayo sa Diyos, kung pinagsisihan natin ang ating mga kasalanan, kung nabinyagan tayo sa pamamagitan ng paglulubog sa tubig, kung natanggap natin ang Espiritu Santo mula sa kamay ng mga awtorisadong lingkod ng Panginoon, sinasabi ko, kung nagawa natin ang lahat ng ito ay may tiyak na kaalaman sa bawat kaluluwa na hindi maikakaila [maitatatwa] na ang Diyos ay buhay at si Jesucristo ang Manunubos ng sangkatauhan. . . .

. . . Bilang isa sa mga mapagpakumbabang miyembro ng Simbahang ito pinatototohanan ko sa inyo na alam ko na siya ay buhay katulad ng pagkaalam ko na ako ay buhay. . . . Si Jesus ang Cristo, at alam ko na ang mga anak ng tao ay kailangang malaman ito, na kailangan nilang matanggap ito, at wika nga niya na nasa langit, "bawat tuhod ay luluhod, at bawat dila ay magtatapat [na si Jesus

ang Cristo].” [Tingnan sa D at T 88:104.][18] [Tingnan sa mungkahi 4 sa pahina 34.]

---

**Ang ating misyon ay ibahagi sa lahat ng tao ang alam natin tungkol kay Jesucristo.**

Sinasabi ko sa inyong mga Banal sa mga Huling Araw, wala nang iba pang mga tao sa buong mundo na nagtataglay ng lahat ng impormasyong nasa atin hinggil sa kabanalan ng Tagapagligtas; at kung hindi tayo naniwala sa Kanya sasailalim tayo sa mas masidhing sumpa kaysa ibang hindi kailanman nagtamo ng gayong impormasyon. Kaya nga walang pag-aatubili nating masasabi sa mundo na naniniwala tayo sa mga bagay na ito. . . .

Binabati ko kayo na dumating sa inyong buhay ang pribilehiyo at pagpapalang ito. At ngayon nakikiusap ako sa inyo bilang kapatid, nagsusumamo ako sa inyo tulad ng isa sa mga pinakahamak sa inyo, huwag ninyong itago ang inyong ilawan sa ilalim ng takalan. Huwag ninyong itago sa inyong kapwa ang kaalamang ipinagkaloob sa inyo ng Diyos.

Huwag ninyo silang inisin, ngunit huwag maging mangmang para itago sa kanila ang ebanghelyo ni Jesucristo. Iyan lang ang tanging kapangyarihan ng Diyos tungo sa kaligtasan sa kahariang selestiyal.[19]

Ang pinakamaliligayang lalaki at babaeng kilala ninyo sa mundo ay yaong ang kanilang buhay ay nakaayon sa mga turo ng ebanghelyo ni Jesucristo. Sila ang mga yaong nakatitiyak sa buhay na walang hanggan; sila ang mga yaong nakauunawa sa layunin ng ating pag-iral. . . . Sa pagparoo’t parito ko sa mundo na hatid ang mensaheng ito, napuspos ng kagalakan ang aking kaluluwa, at nanlabo ang aking mga mata sa mga luha, nang makita ko kung gaano kalaki ang pagbabagong dulot ng ebanghelyo ni Jesucristo sa buhay ng mga tao. Nakakita na ako ng mga taong nasiraan ng loob, mga taong nasa kadiliman, mga taong nagduda sa layunin ng kanilang pag-iral, at nang maituro sa kanila ang maluluwalhating katotohanan ng ebanghelyo ni Jesucristo, sila ay nagbago, natuto silang maging masaya, makuntento, masiyahan, masigla sa paniniwala at

pagtuturo ng ebanghelyong ipinahayag ni Jesucristo noong narito siya sa lupa at naglakbay sa Galilea.

Mga kapatid, hindi iyan nauunawaan ng daigdig, ngunit misyon nating tulungan sila na maunawaan ito, at hindi sa pagmamataas, ni sa pagyayabang, kundi sa pag-ibig sa lahat, na may magiliw na pagmamahal, ipinararating ang mensaheng ito. . . .

Bilang isa sa mga pinakahamak sa inyo, buong-puso ko siyang pinasasalamatan para sa katiyakang dumating sa aking buhay. . . . Higit sa lahat, pinasasalamatan ko siya para sa kaalamang tumimo sa aking kaluluwa; alam ko na ang aking Ama sa Langit ay buhay, alam ko na si Jesucristo ang Tagapagligtas ng sangkatauhan, at na wala nang iba pang pangalan sa ilalim ng langit na magpapadakila sa mga lalaki at babae, kundi ang pangalan ni Jesucristo, na ating Panginoon. Alam ko na pumarito siya sa mundo sa huling araw na ito, na pinagkalooban niya ng banal na awtoridad ang isang mapagpakumbabang batang lalaki na naghahanap ng katotohanan, at bunga niyon ay naorganisa ang Simbahan na ating kinabibilangan; at naroon ang kapangyarihan ng Diyos tungo sa kaligtasan ng lahat ng naniniwala.[20]

Dalangin ko na mamuhay tayo sa paraang tayo ay marapat na mga uliran ng Kanyang layunin. Dalangin ko na sa pamamagitan nito ay maipakita natin sa ating buhay na tayo ay tunay na naniniwala sa Panginoong Jesucristo.[21] [Tingnan sa mungkahi 5 sa pahina 34.]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

Pag-isipan ang mga ideyang ito habang pinag-aaralan ninyo ang kabanata o naghahanda kayong magturo. Para sa karagdagang tulong, tingnan sa mga pahina v–viii.

1. Basahin ang kuwento sa pahina 23. Paano mo sasagutin ang isang taong nagsasabi na ang mga Banal sa mga Huling Araw ay hindi naniniwala kay Jesucristo?

2. Itinuro ni Pangulong Smith, “Hindi lamang tayo naniniwala na nabuhay sa mundo si Jesus ng Nazaret, kundi naniniwala tayo na siya ay nabubuhay pa” (pahina 26). Ano ang mga

dahilan ng mga Banal sa mga Huling Araw sa paniniwala na si Jesucristo ay nabubuhay ngayon? Ano ang personal ninyong mga dahilan sa paniniwala sa bagay na ito?

3. Repasuhin nang bahagya ang mga pahina 26–30. Ano ang ilang kuwento o talata mula sa mga banal na kasulatan na nagpalakas sa inyong patotoo na si Jesucristo ang Anak ng Diyos? Basahin ang 1 Nephi 10:17 at mag-isip ng mga paraan na madaragdagan ninyo ang inyong pag-unawa sa misyon ng Tagapagligtas.
4. Habang binabasa ninyo ang pahina 31, isipin kung paano napalakas ng pagsunod sa mga alituntunin at ordenansa ng ebanghelyo ang inyong patotoo kay Jesucristo. Ano ang magagawa ng mga magulang para matulungan ang kanilang mga anak na magtamo ng patotoong ito?
5. Ano ang naiisip o nadarama ninyo habang binabasa ninyo ang patotoo ni Pangulong Smith sa mga pahina 32–33? Umisip ng mga pagkakataon na nakita ninyong nagbago ang buhay ng mga tao dahil sa ebanghelyo ni Jesucristo. Paano binago ng ebanghelyo ang inyong buhay?

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan:* Mateo 16:15–17; 17:1–5; 2 Nephi 25:26; Alma 5:45–48; Doktrina at mga Tipan 76:22–24; 110:1–4

*Tulong sa pagtuturo:* "[Iwasan] ang tuksong talakayin ang napakaraming materyal. . .. Nagtuturo tayo ng mga tao, hindi lamang ng paksa; at . . . bawat balangkas ng lesson na nakita ko na ay tiyak na mas maraming nilalaman kaysa sa maituturo natin sa itinakdang oras" (Jeffrey R. Holland, "Pagtuturo at Pag-aaral sa Simbahan," *Liahona,* Hunyo 2007, 59).

## Mga Tala

1. Sa *Deseret News,* Dis. 27, 1924, bahaging pang-Simbahan, 6; tingnan din sa *Sharing the Gospel with Others,* pinili ni Preston Nibley (1948), 201–2.
2. "Testimony of Elder George Albert Smith," *Liahona: The Elders' Journal,* Peb. 2, 1915, 502.
3. Sa Robert L. Simpson, *The Powers and Responsibilities of the Priesthood,* Brigham Young University Speeches of the Year (Mar. 31, 1964), 8.
4. Sa *Deseret News,* Dis. 27, 1924, bahaging pang-Simbahan, 6.
5. Sa *Deseret News,* Ene. 15, 1927, bahaging pang-Simbahan, 8.

6. Sa Conference Report, Okt. 1921, 39.
7. Sa Conference Report, Abr. 1918, 39.
8. Sa Conference Report, Abr. 1904, 63.
9. Sa *Deseret News,* Dis. 27, 1924, bahaging pang-Simbahan, 6.
10. Sa Conference Report, Okt. 1950, 156.
11. Sa Conference Report, Abr. 1939, 120–21.
12. Sa Conference Report, Abr. 1905, 61.
13. Sa Conference Report, Abr. 1939, 121–22.
14. Sa Conference Report, Abr. 1905, 61–62.
15. Sa *Deseret News,* Ene. 15, 1927, bahaging pang-Simbahan, 8.
16. Sa *Deseret News,* Dis. 27, 1924, bahaging pang-Simbahan, 6.
17. *Sharing the Gospel with Others,* 206; mensaheng ibinigay noong Nob. 4, 1945, sa Washington, D.C.
18. Sa *Deseret News,* Dis. 27, 1924, bahaging pang-Simbahan, 6.
19. *Sharing the Gospel with Others,* 211, 214; mensaheng ibinigay noong Nob. 4, 1945, sa Washington, D.C.
20. Sa Conference Report, Okt. 1927, 48–50.
21. Sa *Deseret News,* Ene. 12, 1907, 31.



*Noong Disyembre 23, 1905, nakibahagi si George Albert Smith at ang iba pang mga pinuno ng Simbahan sa paglalaan ng isang bantayog sa lugar na sinilangan ni Propetang Joseph Smith.*

# Ang Propetang Joseph Smith, Kasangkapan ng Diyos sa Pagpapanumbalik ng Katotohanan

*Sa pamamagitan ni Propetang Joseph Smith, ipinanumbalik ng Diyos ang ebanghelyo ni Jesucristo sa kadalisayan nito.*

## Mula sa Buhay ni George Albert Smith

Noong malapit na ang ika-100 anibersaryo ng kaarawan ni Propetang Joseph Smith, naglakbay si Elder George Albert Smith kasama si Pangulong Joseph F. Smith at ang iba pa para bisitahin ang mahahalagang lugar sa buhay ng Propeta. Noong umaga ng Disyembre 23, 1905, isang bantayog ni Joseph Smith ang inilaan sa lugar na kanyang sinilangan sa Vermont. Nakaaantig na karanasan para kina George Albert Smith at sa kanyang mga kasama na mapunta sa lugar na napakahalaga sa Pagpapanumbalik ng ebanghelyo. "Malayang dumaloy ang aming mga luha," paggunita niya. "Sa ilalim ng impluwensya ng Espiritu, bawat kaluluwa ay nagpakumbaba, bawat puso ay naantig, at nagalak kami sa mga pagpapala ng ating Ama sa Langit."[1] Si George Albert Smith ang hinilingang mag-alay ng pangwakas na panalangin sa mga serbisyo ng paglalaan. Matapos ibuod ang maghapon sa kanyang journal, isinulat niya: "At diyan nagtapos ang isa sa mga pinakamakabuluhang araw sa aking buhay. Nagpapasalamat akong maging isa sa iilan sa ating mga tao na tumulong sa gawaing katatapos pa lamang."[2]

Kalaunan ay nagpunta sila sa pinangyarihan ng Unang Pangitain, sa Palmyra, New York. Paggunita ni Elder Smith: "Nagpunta kami sa

kakahuyan kung saan lumuhod si Joseph at hiniling sa Panginoon na ipaalam sa kanya kung alin sa mga simbahan ang dapat niyang aniban. Nahikayat kaming awitin, sa banal na lugar na iyon, ang magandang . . . himnong 'Unang Panalangin ni Joseph Smith.' "[3]

Matapos bisitahin ang Hill Cumorah, Kirtland Temple, at iba pang mga lugar na may kaugnayan sa misyon ng Propeta, tinipon ni Pangulong Joseph F. Smith ang grupo sa huling gabi ng paglalakbay. "Matapos kumanta ng ilang awitin ng Sion, bawat miyembro ng grupo ay tinulutang magpatotoo tungkol sa kabutihan at awa sa atin ng ating Ama. Ang Espiritu ng Panginoon ay ibinuhos sa amin, at napaluha kami sa galak at kaligayahan."[4] [Tingnan sa mungkahi 1 sa pahina 48.]

Makalipas ang ilang taon, habang naglilingkod si George Albert Smith bilang Pangulo ng Simbahan, ilang aklat ang inilathala na nagtangkang siraan si Joseph Smith. Sa pangkalahatang kumperensya ng Simbahan, matapang na ipinagtanggol ni Pangulong Smith ang Propeta, at pinatotohanan ang misyon nito sa ganitong mga salita:

"Marami sa mga pakinabang at pagpapalang dumating sa akin ang napasaakin dahil sa taong nagbuwis ng buhay para sa ebanghelyo ni Jesucristo. May ilang nangutya sa kanya, ngunit gusto kong sabihin na ang mga gumawa nito ay malilimutan at ang kanilang mga labi ay babalik sa lupa, kung hindi pa man sila pumanaw, at ang baho ng kanilang kabuktutan ay hindi maglalaho kailanman, samantalang ang kaluwalhatian at karangalan at karingalan at katapangan at katapatang ipinamalas ni Propetang Joseph Smith ay mauugnay sa kanyang pangalan magpakailanman."[5]

Hangang-hanga si Elder Harold B. Lee, na noon ay miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol, sa pahayag na ito kaya nagtago siya ng kopya nito sa kanyang pitaka at binanggit ito nang madalas, sa hangaring ang mga salita ni Pangulong Smith "ay marinig sa lahat ng sulok ng mundo."[6]

## Mga Turo ni George Albert Smith

### Ipinakita sa Unang Pangitain ni Joseph Smith na ang kalangitan ay hindi nakapinid.

Naniniwala tayo na ang ating Ama sa Langit ay nangusap sa ating sariling panahon . . . , na narinig niya ang abang dalangin ng isang binatilyo sa Palmyra, at sinagot ang panalangin nito at biniyayaan ito ng kaalaman tungkol sa kanyang katauhan, upang makilala ng lahat ng tao ang Panginoon, kung gusto nila.

Hindi na kakaiba kay Joseph Smith ang hanapin ang Panginoon. Nagmula siya sa isang . . . angkan na naniniwala sa ating Ama sa Langit, sa banal na misyon ng Tagapagligtas, sa bisa ng panalangin, at na diringgin at sasagutin ng Diyos ang kanyang mga tao kung sila ay haharap sa kanya nang may tamang layunin. Madali para sa binatilyong ito ang maniwala, dahil siya ay isinilang at lumaki sa isang sambahayang naniniwala; at nang magpunta siya sa kakahuyan bilang tugon sa tagubilin ng banal na kasulatan na (Santiago 1:5): "Nguni't kung nagkukulang ng karunungan ang sinoman sa inyo, ay humingi sa Dios, na nagbibigay ng sagana sa lahat at hindi nanunumbat; at ito'y ibibigay sa kaniya," naniwala siya na sasagutin ang kanyang panalangin, at nangako ang ating Ama sa Langit sa kanyang mga anak sa simula pa lamang, na, "sa pamamagitan ng pananampalataya ay maaari mong malaman ang lahat ng bagay."[7]

Ang pananampalataya niya sa Diyos ay inilayo siya sa paniniwala, na karaniwan sa kanyang panahon, na ang Biblia ay naglalaman ng lahat ng paghahayag na maaaring matanggap ng tao, at ang kalangitan ay nakapinid na sa paghahayag. Nanalangin siya sa Panginoon, at nasagot ang kanyang panalangin. Nakita niya ang Ama at Anak na bumababa sa lupa at nalilibutan ng maluwalhating liwanag. Tumanggap siya ng di-maitatatwang kaalaman na sila ay may mga tabernakulong tulad ng tao, at na sila ay may laman at buto; nakipag-usap sila sa kanya at narinig niya ang kanilang tinig.[8]

Ang resulta [ng panalangin ni Joseph] ay ang maluwalhating pagpapamalas na iyon, na hindi katulad ng anumang narinig na natin sa kasaysayan ng daigdig. Narinig na natin na may mga pagkakataon na nagpakita mismo ang Ama sa Langit; nabasa natin na

may mga pagkakataon na nagpakita mismo ang Manunubos ng sangkatauhan; ngunit wala pa tayong narinig na pagkakataon na nagpakita ang Ama at ang Anak sa sinumang buhay na nilalang at nakipag-usap sa taong iyon.

Hindi ito pinaniniwalaan ng mga tao sa mundo. Naituro na sa kalalakihan at kababaihan na nakapinid na ang mga kalangitan . . . , at nang ipahayag ng binatilyong ito na sa ating panahon, sa mismong panahon na higit sa lahat ay kailangan natin ng liwanag, noong ang kalalakihan at kababaihan ay paroo't parito sa paghahanap sa salita ng Diyos at hindi ito matagpuan, tulad ng ipinropesiya ng mga propeta noong araw [tingnan sa Amos 8:11–12], na nagpakita mismo ang Panginoon, siya [si Joseph] ay kinutya. . . . Hindi tinanggap ang kanyang pahayag, at ang dapat sana'y mga kaibigan niya ay tumalikod sa kanya at sinabi pa na ito ay nanggaling sa diyablo. Ano ang patotoo ng binatilyo?

". . . Ako'y tunay na nakakita ng liwanag, at sa gitna ng liwanag na yaon nakakita ako ng dalawang Katauhan, at sa katotohanan kinausap nila ako; at bagaman kinamuhian ako at inusig dahil sa pagsasabi na nakakita ako ng pangitain, gayon man ito'y totoo; at habang ako'y kanilang inuusig, ako'y nilalait, at nagsasabi ng lahat ng uri ng kasamaan laban sa akin nang walang katotohanan sa pagsasabi nito, dahil dito ay nasabi ko sa aking puso: Bakit ako inuusig sa pagsasabi ng katotohanan? Ako ay tunay na nakakita ng pangitain; at sino ako na aking kakalabanin ang Diyos, o bakit iniisip ng sanlibutan na ipagkakaila ko ang tunay kong nakita? Sapagkat nakakita ako ng pangitain; ito'y alam ko, at nalalaman ko na ito ay alam ng Diyos, at ito'y hindi ko maipagkakaila, ni tangkain kong gawin ito; at nalalaman ko na kung ito'y aking gagawin ay magkakasala ako sa Diyos, at mapapasailalim sa sumpa." [Tingnan sa Joseph Smith—Kasaysayan 1:25.][9]

Noong taong 1830, nang itatag ang Simbahang ito, walang simbahan sa mundo na magsasabing naniwala sila na ihahayag ng Diyos ang kanyang sarili sa mga anak ng tao. Salungat lahat diyan ang mga turo ng mga simbahan, at nakita ng ating Ama na walangsaysay na sikaping iligtas ang kanyang mga anak hangga't hindi sila nagkakaroon ng inspirasyong lumapit sa kanya na may paniniwalang diringgin at sasagutin niya ang kanilang mga dalangin. Nang



*Ang Unang Pangitain ni Joseph Smith ay "nagpasimula . . . ng bagong panahon sa mundong ito, at naglatag ng pundasyon ng pananampalataya ng mga anak ng tao."*

makita ng batang propeta sa kakahuyan ng Palmyra ang Ama at ang Anak, at natanto na sila nga ay mga personahe, na naririnig at sasagutin nila ang kanyang sinabi, nagpasimula ito ng bagong panahon sa mundong ito, at naglatag ng pundasyon ng pananampalataya ng mga anak ng tao. Makapagdarasal na sila ngayon sa ating Ama sa langit at matatanto na naririnig at sinasagot niya ang kanilang mga dalangin, na may koneksiyon sa pagitan ng langit at lupa.[10] [Tingnan sa mungkahi 2 sa pahina 48.]

**Bagaman bata pa at kulang sa karanasan, si Joseph Smith ay tinawag upang ipanumbalik ng totoong Simbahan ni Jesucristo.**

Pananampalataya ang naghikayat kay Joseph na manalangin sa Diyos at magtanong kung aling simbahan ang dapat niyang aniban. Ano ang sagot? Sinabi ba ng Panginoon na, "Anak ko, mabuti silang lahat, nagsisikap silang lahat na sundin ang aking mga utos, ang mga pinuno ng lahat ng simbahang ito ay sinasang-ayunan ko, kahit aling simbahan ay maaari mong aniban, aakayin ka nilang lahat sa kinaroroonan ng ating Ama sa Langit?" Inasahan siguro ng bata ang gayong sagot dahil sa mga kalagayang umiral noon. Ngunit nais niyang malaman ang gagawin, at buo ang kanyang pananampalataya na sasabihin ito sa kanya ng Panginoon. Kaya nang manalangin siya, itinanong niya kung alin sa mga simbahan ang dapat niyang aniban, at palagay ko nagulat siya nang [sabihin sa kanya na], "Hindi [ka] dapat sumapi sa alinman sa kanila; itinuturo nila bilang mga doktrina ang mga kautusan ng tao; lumalapit sila sa akin sa pamamagitan ng kanilang mga labi, subalit ang kanilang mga puso ay malayo sa akin; [sila ay] may anyo ng kabanalan, datapwat tinatanggihan ang kapangyarihan nito." [Tingnan sa Joseph Smith—Kasaysayan 1:19.] Isipin ang isang batang lalaking labing-apat na taong gulang na tumindig mula sa pagkakaluhod sa kakahuyan malapit sa kanyang tahanan at ipinahayag sa mundo ang gayong mensahe! Naiisip ba ninyo na kayang subukang gawin ng isang binatilyo ang gayong bagay? Ngunit sa patotoong ibinigay sa kanya ng Ama sa langit, sa utos na nagmula mismo sa Panginoon, sinubukan ba niyang gumawa ng ibang bagay maliban sa ipahayag ang sinabi sa kanya ng Panginoon ?[11]

Bata pa si Joseph Smith nang ipatong nina Pedro, Santiago, at Juan ang kanilang mga kamay sa kanyang ulunan at iorden siya sa Melchizedek Priesthood,—siya at si Oliver Cowdery. Hindi nagtagal ay inutusan si Joseph Smith na itatag ang Simbahan. Siya'y isang binatilyo lamang, ngunit itinatag niya ito ayon sa utos ng Manunubos ng sangkatauhan. At ito ay itinulad sa Simbahang itinatag ng Tagapagligtas noong narito pa siya sa lupa. Sigurado ako na maraming nag-isip na biglang umasenso ang binatilyong ito, at inisip nila na katawa-tawang ipalagay ng isang taong hindi naturuang maging

pinuno na mamuno. Ngunit kagaya siya ng iba pang mga lingkod ng ating Ama sa Langit na nabuhay sa mundo, na tinawag ng Panginoon upang gampanan ang isang natatanging tungkulin, at ang kakulangan niya sa kaalaman tungkol sa mga bagay ng daigdig na ito ay hindi naging hadlang para bigyan siya ng Panginoon ng kaalamang sapat para makapantay niya at mahigitan pa sa maraming aspeto ang mga taong nag-angkin ng napakaraming oportunidad sa mundo na ipinagkait sa kanya.[12]

Bagaman pinagmalupitan at pinaratangan, kinutya ng mga taong dapat sana ay kanyang mga kaibigan, kinalaban ng matatalino at nakapag-aral na mga tao noong panahong iyon, nagtagumpay siya sa pagpapanumbalik ng Ebanghelyo ng buhay at kaligtasan at sa pagtatatag ng Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw.

Kahit walang tigil ang mga puwersa ng kasamaan sa pagwasak sa kanya, iningatan siya ng Panginoon hanggang sa matapos ang kanyang gawain at lahat ng susi at ordenansang kailangan para sa kaligtasan ng sangkatauhan ay muling naibigay sa mga tao.[13] [Tingnan sa mungkahi 3 sa pahina 48.]

---

## Ang mga katotohanang ipinanumbalik sa pamamagitan ni Joseph Smith ay naghahatid ng kapayapaan at galak sa lahat ng tumatanggap ng mga ito.

Mula sa batang iyon na nakakita sa Ama at sa Anak, sa gulang na labing-apat, naiparating ang napakagandang mensahe na ang ating Ama sa Langit at ang kanyang Anak na si Jesucristo ay mga niluwalhating nilalang; na ang Tagapagligtas ng mundo ay nabuhay na mag-uli mula sa mga patay. Nakita ng binatilyong iyon ang matagal nang alam ng mundo, ngunit sa kung anong dahilan ay kanilang nalimutan, at sinimulan niya itong patotohanan sa mga anak ng tao.[14]

[Sa simula ng 1800s] kakaunti ang mga tao sa mundo na naniwala sa isang personal na Diyos na may katawan. Ngunit may ipinamalas sa panahong iyon kay Propetang Joseph Smith, noong siya ay bata pa, ni wala pang labinlimang taong gulang, at nakita niya ang Ama at ang Anak at pinatotohanan iyon. Dinalaw rin siya ng mga sugo ng langit, at ang Panginoon, sa pamamagitan nila ay binigyan siya



*"Sinasabi ko sa lahat ng tao sa lahat ng dako, suriin ang mga turo ng Ebanghelyo ng ating Panginoon ayon sa inihayag kay Propetang Joseph Smith, saliksikin ang mga ito nang may panalangin."*

ng karagdagang kaalaman para sa mga anak ng tao, at ibinigay niya sa atin o sa mga nauna sa atin sa Simbahan, sa kanyang sariling paraan, ang pag-unawa tungkol sa layunin ng buhay. . . . Ang kanyang paglalarawan sa langit ay nagbigay-inspirasyon sa atin na hangaring maging marapat sa isang tahanan doon kapag nagwakas na ang ating buhay sa lupa. Ang isang literal na pagkabuhay na mag-uli at paglalarawan sa langit at impiyerno ay ginawang napakalinaw

kaya, ayon nga sa banal na kasulatan, "ang mga palalakad na tao, oo, maging ang mga mangmang, ay hindi mangangaligaw roon." Tingnan sa Isaias 35:8.][15]

Sa pamamagitan niya ay inihayag ang pagtatayo ng templo, ang kawalang-hanggan ng tipan ng kasal, at kaligtasan ng mga patay, na naghatid ng hindi mailarawang galak sa libu-libong anak ng ating Ama.

Ang walang-hanggang mga katotohanang ipinahayag niya ay naipaparating na sa mga tao sa mundo, at naghahatid ng kapayapaan at kasiyahan sa lahat ng tumatanggap nito.[16]

Alam ng ating Ama sa Langit ang mangyayari nang sa huling araw na ito ay ipanumbalik niya ang ebanghelyo sa kadalisayan nito. Alam niya ang pag-apostasiya ng kanyang mga anak sa mundong ito, at na sila ay lumayo mula sa malinaw na katotohanan, at sa kanyang matinding awa, inihayag niya ang gawaing ito sa mga huling araw. Mula sa isang lalawigan ay pinili niya ang isang batang lalaki sa kalipunan ng mga tao, at binigyang-inspirasyon itong simulan ang gawaing nakatakdang gumawa ng pagbabago sa mga relihiyon sa mundo. Alam niya na nangangapa sa dilim ang daigdig, at sa awa ay ipinanumbalik niya ang liwanag. Wala nang iba pang paraan para lumigaya ang mga anak ng tao kundi sa pamamagitan ng matwid na pamumuhay, at hindi makapamumuhay nang matwid ang mga tao nang hindi nakasalig sa katotohanan. Napakaraming katotohanan sa mundo ngunit lubha itong nahaluan ng kamalian kaya ang Panginoon mismo ay nagsabi kay Propetang Joseph Smith na ang kalalakihang nagtuturo sa mga simbahan ay itinuro bilang doktrina ang mga utos ng tao, at binalaan ang bata na hindi siya dapat makabilang sa kanila. Pagkatapos ay ipinanumbalik niya ang ebanghelyo, ang kapangyarihan ng Diyos na magligtas, sa lahat ng mga maniniwala at susunod dito.[17]

Sinasabi ko sa lahat ng tao sa lahat ng dako, suriin ang mga turo ng Ebanghelyo ng ating Panginoon ayon sa inihayag kay Propetang Joseph Smith, saliksikin ang mga ito nang may panalangin, at makikita ninyo ang lunas sa mga suliranin ng mundong ito, at wala nang ibang paraan para matuklasan ito.[18] [Tingnan sa mungkahi 4 sa pahina 48.]

**Handa si Joseph Smith na magbuwis ng buhay para sa kanyang patotoo.**

Tulad ng nangyari sa mga propetang ibinangon ng Panginoon noong araw, tila kinailangan sa pagkakataong ito na tatakan ng kanyang dugo ang patotoo ng Kanyang lingkod. Wala nang mas [nakaaantig] na pahina sa kasaysayan ng daigdig kaysa roon sa kinasusulatan ng mga huling salita ng ating pinakamamahal na si Propetang Joseph Smith. Alam niya na malapit na siyang mamatay; natanto niya na ang kanyang misyon sa buhay ay natupad na. . . . At noong nasa bingit na siya ng kamatayan, sinabi niya, "Ako ay patutungong gaya ng isang kordero sa katayan; subalit ako ay mahinahon gaya ng isang umaga sa tag-araw. Ako ay may budhi na walang kasalanan sa harapan ng Diyos, at sa lahat ng tao. [Kung patayin nila ako], ako ay mamamatay na walang kasalanan, [at ang aking dugo ay daraing ng paghihiganti mula sa lupa], at ito ang masasabi tungkol sa akin, 'Siya ay pinaslang nang walang habag.'" [Tingnan sa D at T 135:4.]

Hindi siya natakot humarap sa hukuman . . . at panagutan ang kanyang mga ginawa noong siya ay nabubuhay pa. Hindi siya natakot harapin ang paratang laban sa kanya, na nililinlang niya ang mga tao at hindi makatwiran ang kanyang pakikitungo sa kanila. Hindi siya natakot sa kahihinatnan ng kanyang misyon sa buhay, at sa tagumpay sa huli ng gawain na alam niyang banal ang pinagmulan, at pinagbuwisan niya ng buhay. Subalit hinusgahan ng mga tao sa mundo ang gawaing ito, tulad ng dati, ayon sa pagkaunawa ng tao. Wala sa kanila ang Espiritu ng Diyos, na magpapaunawa sa kanila na ito ay nagmula sa ating Ama sa Langit.[19]

Ang binatilyong ito ay lubhang nakatiyak sa paghahayag na kanyang natanggap, at sabik na sabik na ipaalam ang katotohanan sa lahat ng anak ng kanyang Ama, lahat sila, kaya mula nang matanggap niya ang mga lamina ng Aklat ni Mormon mula sa anghel na si Moroni inilaan na niya ang kanyang buong buhay sa pagtatatag ng Simbahan at pagpapalaganap ng katotohanan. . . . Nag-alab noon sa kanyang kaluluwa ang kaalamang tinaglay ni Esteban [tingnan sa Mga Gawa 7:54–60], tulad din ng Manunubos, na ang ating Ama sa Langit ang namumuno, na gawain niya ang narito sa lupa, na

kapangyarihan niya ang mananaig kalaunan, na ang buhay na ito ay bahagi lamang ng kawalang-hanggan. Handa siyang ibigay ang bahagi ng kanyang buhay sa lupa, kung kailangan, para walang-hanggan niyang makasama ang mga tunay niyang minamahal, at ang mabubuting lalaki at babaeng nabuhay at nabubuhay sa mundo, at muling mabubuhay sa mundo kapag ito ay naging kahariang selestiyal.[20]

Itinuro ni Joseph Smith na alam niyang mayroong kabilang-buhay, at na ang Diyos ay buhay, at alam ng Diyos na alam niya na ang Diyos ay buhay. Handa siyang magbuwis ng buhay upang kayo, mga kapatid ko, ay mapalakas sa inyong pananampalataya at hindi masira ang inyong tiwala sa kanya. Alam niya ang layunin ng buhay na ito. Alam niya na narito tayo upang maghanda para sa hinaharap at sa mas maluwalhating buhay. At handa siya, kung kailangan, na magbuwis ng sariling buhay, hindi lamang para mawalan nito, para sa ating kapakinabangan, kundi dahil alam niya na sinabi ng Ama na sinumang magliligtas ng kanyang buhay ay mawawalan nito, ngunit sinumang mawalan ng kanyang buhay alang-alang sa Kanya ay makasusumpong niyaon, maging ng buhay na walang-hanggan [tingnan sa Mateo 16:25]. Ang kaalamang ito ang dahilan kaya nagawa ng Propeta at [ng] Patriarch ng Simbahan [si Hyrum Smith] noong panahong iyon na [iwan] ang kanilang mga mahal sa buhay, upang mabilanggo, at ibigay ang lahat ng mayroon sila sa mundong ito, na maibibigay ng tao para sa kanilang mga kapatid—ang kanilang mortal na buhay.[21]

Noong taong 1830, ang Simbahan ay itinatag na may anim na miyembro. Ang kaaway ng lahat ng kabutihan mula sa araw na iyon hanggang ngayon ay gustong hadlangan ang pag-unlad nito at wasakin ito. Iniisip ko kung ang dakilang lalaking iyon, si Joseph Smith, na nagbuwis ng buhay upang maitatag at magpatuloy ang Simbahan tulad ng layon ng Panginoon, ay nakikita ang pag-iral ng Simbahan ngayon, na may mga sangay na naitatag sa lahat ng panig ng mundo, at natatanto na bawat araw mula nang siya ay paslangin, mula nang magbuwis siya ng buhay at tatakan niya ng kanyang dugo ang kanyang patotoo, ay naging mas matatag ang Simbahan kaysa noon.[22] [Tingnan sa mungkahi 5 sa pahina 48.]

## Mga Mungkahi para sa Pag-aaral at Pagtuturo

Pag-isipan ang mga ideyang ito habang pinag-aaralan ninyo ang kabanata o naghahanda kayong magturo. Para sa karagdagang tulong, tingnan sa mga pahina v–viii.

1. Pag-isipan ang mga karanasan ni Pangulong Smith na inilarawan sa unang tatlong talata ng "Mula sa Buhay ni George Albert Smith" (mga pahina 37–38). Anong mga karanasan ninyo sa buhay ang nagpalakas sa inyong patotoo tungkol kay Propetang Joseph Smith? Habang binabasa ninyo ang kabanatang ito, tukuyin ang mga pahayag mula sa mga turo ni Pangulong Smith na nagpapalakas sa inyong patotoo, at isiping ibahagi ang mga ito sa mga miyembro ng inyong pamilya, priesthood quorum, o Relief Society.
2. Repasuhin ang unang bahagi ng mga turo (mga pahina 39–41) at repasuhin ang sariling salaysay ni Joseph Smith tungkol sa Unang Pangitain (tingnan sa Joseph Smith—Kasaysayan 1:10–19). Paano naimpluwensyahan ng Unang Pangitain ang inyong pananampalataya sa Diyos? Paano ninyo nakitang naimpluwensyahan nito ang pananampalataya ng iba?
3. Pag-aralan ang bahaging nagsisimula sa pahina 42 at basahin ang Doktrina at mga Tipan 1:17–19. Ano ang matututuhan natin tungkol sa paglilingkod sa Simbahan mula sa halimbawa ni Joseph Smith? Mag-isip ng isang pagkakataon na binigyan kayo ng tungkulin mula sa Panginoon at hindi ninyo nadama na karapat-dapat kayo. Paano kayo tinulungan ng Panginoon?
4. Ano ang ilan sa mga katotohanang inihayag ng Panginoon sa pamamagitan ni Joseph Smith? (Para sa ilang halimbawa ng mga katotohanang ito, tingnan ang bahaging nagsisimula sa pahina 43.) Paano napagpala ang inyong buhay dahil sa alam ninyo ang mga katotohanang ito?
5. Habang pinag-iisipan ninyong mabuti ang huling talata ng mga turo (pahina 47), isipin kung ano ang magagawa ninyo para patuloy na mas lumakas ang Simbahan.

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan:* Isaias 29:13–14; I Mga Taga Corinto 1:26–27; 2 Nephi 3:5–9, 11–15; Doktrina at mga Tipan 135

*Tulong sa pagtuturo:* "Para makahikayat ng talakayan, gamitin ang mga tanong sa dulo ng kabanata. . . . Maaari din kayong gumawa ng sarili ninyong mga tanong lalo na para sa mga tinuturuan ninyo. Halimbawa, maaari ninyong tanungin ang mga kalahok kung paano nila maiaangkop ang mga turo ni Pangulong Smith sa kanilang mga responsibilidad bilang mga magulang o home teacher o visiting teacher" (mula sa pahina vi ng aklat na ito).

## *Mga Tala*

1. Sa Conference Report, Abr. 1906, 54.
2. Journal entry na may petsang Dis. 23, 1905, George Albert Smith Family Papers, University of Utah, box 73, aklat 2, pahina 160.
3. Sa Conference Report, Abr. 1906, 56.
4. Sa Conference Report, Abr. 1906, 57–58.
5. Sa Conference Report, Abr. 1946, 181–82.
6. Harold B. Lee, sa Conference Report, Okt. 1947, 67.
7. Sa Conference Report, Okt. 1921, 158–59.
8. "The Latter-day Prophet," *Millennial Star,* Dis. 7, 1905, 822.
9. Sa Conference Report, Okt. 1921, 159–60.
10. Sa Conference Report, Abr. 1917, 37.
11. Sa Conference Report, Okt. 1921, 159–60.
12. Sa Conference Report, Abr. 1927, 83.
13. "The Latter-day Prophet," 823.
14. Sa Conference Report, Okt. 1921, 160.
15. Sa Conference Report, Abr. 1934, 26.
16. "The Latter-day Prophet," 823.
17. Sa Conference Report, Okt. 1916, 46–47.
18. Sa Conference Report, Okt. 1931, 121.
19. Sa Conference Report, Abr. 1904, 63–64.
20. Sa Conference Report, Okt. 1927, 48.
21. Sa Conference Report, Abr. 1905, 62–63.
22. Sa Conference Report, Okt. 1945, 18.



*"Iniisip ko kung ipinadarama ng ama sa [isang] anak kapag naorden na itong deacon na nasa kanya na ang isang bagay na walang-hanggan ang kahalagahan."*

# Ang Banal na Priesthood—para Pagpalain ang mga Anak ng Diyos

*Ang priesthood ang awtoridad ng Diyos. Ang mga maytaglay ng priesthood ay dapat maging karapat-dapat at gamitin ito para pagpalain ang iba.*

## Mula sa Buhay ni George Albert Smith

Sa sesyon ng priesthood sa pangkalahatang kumperensya noong Oktubre 2, 1948, sinabi ni Pangulong George Albert Smith:

"Kung minsan iniisip ko kung tayo bilang mga ama ay nagpupunyaging ipaliwanag sa ating mga anak na lalaki ang bigat ng obligasyon kapag deacon na sila. Iniisip ko kung ipinadarama ng ama sa anak kapag naorden na itong deacon na nasa kanya na ang isang bagay na walang-hanggan ang kahalagahan. . . .

"Naaalala ko, na para bang kahapon lang, nang ipatong ni John Tingey ang kanyang mga kamay sa aking ulunan at iorden akong deacon. Naipaliwanag itong mabuti sa akin at ang kahalagahan nito, kaya nadama kong isa itong malaking karangalan. Ang resulta ay, isa itong pagpapala sa akin, at kalaunan isa pang ordinasyon ang dumating sa akin. Ngunit sa bawat sitwasyon, natanim sa aking isipan na narito ang isang pagkakataon para sa isa pang pagpapala."[1]

Sa mensahe ring iyon, itinuro ni Pangulong Smith na isa sa mga pagpapalang dulot ng ordinasyon sa priesthood ay ang pagkakataong pagpalain ang buhay ng iba. Bilang halimbawa, nagkuwento siya tungkol sa isang mahusay na maytaglay ng priesthood—isang home teacher—noong kabataan niya:

"Si Rodney Badger ay home teacher ng aming pamilya sa loob ng maraming taon, at isang magaling na tao. Tuwing darating siya

nagtitipon ang pamilya at nauupo siya at nagtatanong sa amin at nagkukuwento ng mga bagay na inaakala niyang dapat naming maunawaan. At nais kong sabihin sa inyo na nang magpunta siya sa bahay namin kasama niya ang espiritu ng Panginoon. At paglabas niya nadama namin na nadalaw kami ng isang lingkod ng Panginoon."[2]

Tinapos ni Pangulong Smith ang kanyang mensahe sa pagpapahayag ng kanyang hangarin na paglingkuran ng mga maytaglay ng priesthood ang mga miyembro ng kanilang mga ward at stake at "huwag sayangin ang pagkakataong mapasigla at mapaunlad at matulungan silang maging tulad ng inaasam ng ating Ama sa kanila."[3] [Tingnan ang mungkahi 1 sa pahina 59.]

## Mga Turo ni George Albert Smith

### Ipinanumbalik ni Jesucristo ang banal na awtoridad sa mundo noong Kanyang mortal na ministeryo.

Nang dumating ang Tagapagligtas sa kalagitnaan ng panahon, nalaman Niya na puno ng kasamaan ang dakilang lungsod ng Jerusalem. Ang mga tao ay namuhay sa kasamaan kaya nawala sa kanila ang banal na awtoridad, kaya't isinugo [ng Diyos] ang Kanyang Anak sa mundo at muling nagpasimula ng isang Simbahang may banal na kapangyarihan. . . . May mabubuting tao sa Kanyang angkan, . . . at may iba pa na gumaganap pa rin sa Priesthood, ngunit kinailangang pumarito ang Tagapagligtas upang ipanumbalik ang banal na awtoridad. . . .

. . . Nang simulan Niya ang Kanyang ministeryo, hindi Siya nagpatulong sa mga hari at pinuno at saserdote at sa mga may mataas na katungkulan, kundi tinawag Niya ang mga abang mangingisda, at bunga nito ay nakatipon Siya ng mga lalaking matuturuan, at hindi ng mga kalalakihang hindi maniniwala sa Kanya. Inorganisa Niya ang isang Simbahan sa patnubay ng ating Ama sa Langit. Iginawad Niya ang banal na awtoridad sa Kanyang mga kasamahan at ibinilin ang nararapat nilang gawin. . . . Siya ay may banal na awtoridad, at ang mga mabubuti na ay kinilala Siya bilang Anak ng Diyos. Iniisip ng ilan na isa lamang Siyang mabuting tao. Naniniwala tayo na hindi Siya naparito sa mundo para lamang ituro sa

mga tao ang gagawin, kundi upang igawad sa Kanyang mga kasamahan ang banal na awtoridad na pangasiwaan ang mga ordenansa ng Kanyang Simbahan. . . .

Noong panahon ng Tagapagligtas, Siya ang namumunong awtoridad. Pumapangalawa sa Kanya ang isang korum ng labindalawang kalalakihan, na pinili Niya. Nang Siya ay pumanaw, ang Korum ng Labindalawa, na hindi ilang ordinaryong kalalakihan lamang na tinawag ang kanilang sarili na mga disipulo, kundi isang korum ng labindalawang kalalakihang may banal na awtoridad at natanggap ito mula kay Jesucristo, ang siyang namuno sa Simbahan.[4] [Tingnan sa mungkahi 2 sa pahina 59.]

---

**Ang priesthood ay ipinanumbalik sa ating panahon ng kalalakihang maytaglay nito noong unang panahon.**

Nakatala at kinikilala sa langit at lupa na dumami ang mga doktrina at relihiyon matapos lisanin [ni Jesucristo] ang mundo, at dumami ang mga simbahan sa mundo at mga sekta ng relihiyon hanggang sa dumating ang panahon ni Joseph Smith, ang ating pinakamamahal na propeta. Maraming tao ang nagkunwaring nagtataglay ng banal na awtoridad, at palagay ko inakala ng ilan na natanggap nila ito. . . .

Nang dumating ang panahon at nawala sa mundo ang awtoridad o Priesthood, tinawag ng Panginoon ang isang abang batang lalaki at nagpakita rito at kinausap siya, at sinabi sa kanya ang nararapat niyang gawin, at nagpadala ng iba pang mga sugo at makalangit na nilalang, na ang resulta ay ang pagkakaorganisa ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, at nasa Simbahang iyan ang banal na awtoridad. . . .

Noong binata na si Joseph Smith inutos sa kanya ng Panginoon na isalin ang Aklat ni Mormon. Minsan habang nagsasalin sina Joseph at Oliver Cowdery, nagsugo ang Panginoon ng isang banal na nilalang upang sagutin ang kanilang mga tanong tungkol sa binyag. Sino ang dumating? Si Juan Bautista, na nagtataglay noon ng Aaronic Priesthood. Saan siya nanggaling? Nanggaling siya sa langit. . . . Nagpakita siya kina Joseph Smith at Oliver Cowdery bilang isang maluwalhati at nabuhay na mag-uling nilalang. Dumating siya



*"Ang kalalakihang maytaglay ng Priesthood noon ay pumarito at iginawad ang Priesthood na iyon sa abang kalalakihan."*

sa utos ng ating Ama sa Langit na igawad ang Aaronic Priesthood kina Joseph at Oliver, sapagkat wala ito noon sa mundo. Kailangang mabuksan ang kalangitan at isang lalaking nagtaglay ng Priesthood, at taglay pa rin ito, ang dapat pumarito at igawad ito.

Kasunod niyon, iginawad nina Pedro, Santiago, at Juan, na maytaglay ng Melchizedek Priesthood, ang Priesthood na ito kina Joseph at Oliver, at pinamahalaan ng Panginoon ang organisasyon ng Simbahan, na may isang Panguluhan, na binubuo ng isang pangulo at dalawang tagapayo; gayundin ng isang Korum ng Labindalawang Apostol, isang Patriarch, mga High Priest, Pitumpu, Elder, Priest, Teacher at Deacon; katulad ng organisasyong umiral sa sinaunang simbahan, kung awtoridad ang pag-uusapan.[5]

Ang awtoridad na iginawad [kay Joseph Smith] ang siya ring awtoridad na iginawad sa inyong mga anak, at aatasan sila ng ating Ama sa langit na mangasiwa sa mga ordenansa ng Ebanghelyo.

Ang responsibilidad na ibinigay kay Joseph Smith ay hindi nawala sa kanyang pagpanaw, iniatang ito sa balikat ng iba. Ang ating Ama sa Langit ay nagbangon ng mga taong may awtoridad na magsasalita sa Kanyang pangalan, upang mangasiwa sa mga ordenansa ng Ebanghelyo, at pagpalain ang mga anak ng tao. Ibinahagi nila ang karangalang iyan sa inyo at sa inyong mga anak.[6]

Nagpapasalamat ako na sa panahong ito ay muling inihayag ng Panginoon ang Ebanghelyo. Nagpakita ang Ama at ang Anak; ang kalalakihang maytaglay ng Priesthood noon ay pumarito at iginawad ang Priesthood na iyon sa abang kalalakihan na inutusan namang igawad ito sa iba. Kaya't ang Ebanghelyo at Priesthood ay para sa lahat ng magiging karapat-dapat na tumanggap niyon, at iyan ang paraan ng Panginoon.[7]

Tunay na kamangha-mangha ang inyong misyon, kayong kalalakihang nagtataglay ng Priesthood. Iginawad sa inyo ang banal na awtoridad. Hindi ninyo natamo ang inyong karapatang ipangaral at ituro ang ebanghelyo at mangasiwa sa mga ordenansa nito bunga ng pagsasanay sa kolehiyo o unibersidad. Natanggap ninyo ang inyong awtoridad mula sa kalalakihang inutusan ng langit na maging mga lingkod ng Panginoon, at iginawad ito sa inyo ng mga taong tuwirang tumanggap nito mula kay Jesucristo na ating Panginoon.[8] [Tingnan ang mungkahi 3 sa pahina 60.]

---

### Ang kapangyarihan at awtoridad ng Diyos ay matatagpuan lamang sa Kanyang tunay na Simbahan.

May mga lalaking nagtanong sa akin: "Ano ang ikinaganda ng simbahan ninyo kaysa sa ibang simbahan?" Sinikap ko, sa magandang paraan, na ipaliwanag sa kanila ang kaibhan. Anumang organisasyon ay maaaring magtipun-tipon para sumamba, ngunit hindi iyan nagbibigay sa kanila ng banal na awtoridad. Anumang grupo ng mga simbahan ay maaaring magsama-sama at mag-oganisa ng mga simbahan sa komunidad. Hindi iyan nagkakaloob ng banal na awtoridad. Maaaring magkaisa ang mga tao para sa mabubuting layunin, ngunit ang awtoridad mula sa ating Ama sa Langit ay natatamo lamang sa kanyang paraan, at ang kanyang paraan noong unang panahon ay tumawag at mag-orden ng kalalakihan at italaga sila para sa gawain. Ganyan din ang ginagawa sa ating panahon. . . .

Dapat ipaunawa sa mga tao na ang pagdarasal nang nakayuko sa harapan ng Panginoon ay hindi nagbibigay sa kanila ng banal na awtoridad. Ang pamumuhay sa katapatan, kabanalan, katotohanan, atbp., ay hindi nagbibigay sa kanila ng banal na awtoridad. . . . Hindi sapat na manalangin tayo, na magsimba tayo. Kailangan tayong magtaglay ng banal na awtoridad, at ang pag-angkin na taglay natin ang awtoridad na iyan ang dahilan kaya labis na inusig ang Simbahang ito sa simula pa lamang. Ngunit iyan ang katotohanan at marami sa mga anak ng ating Ama ang nagsisimulang makapuna sa epekto ng banal na awtoridad sa Simbahang ito. Nakikita nila ang magandang pagbabago sa buhay ng kalalakihan at kababaihan.[9] [Tingnan ang mungkahi 4 sa pahina 60.]

Ayaw kong isipin ng iba na sinisiraan at pinipintasan ko ang mga taong kabilang sa iba't ibang sekta ng relihiyon sa mundo. Nagpapasalamat ako na napakarami sa kanila ang mabubuting kalalakihan at kababaihang naniniwala sa kanya at sa liwanag na napasakanila ay naglilingkod sa Diyos; ngunit totoo pa rin na itinatag ng ating Ama sa mundong ito, ang kanyang Simbahan. Iginawad niya sa kalalakihan sa panahong ito ang kanyang awtoridad, at wala nang iba pang awtoridad sa mundong ito na kikilalanin niya maliban sa itinatag niya mismo.[10] [Tingnan ang mungkahi 5 sa pahina 60.]

---

**Mahalaga ang mga ordenansa ng priesthood upang makapasok tayo sa kahariang selestiyal.**

Kung katulad tayo ng lahat ng ibang sekta ng relihiyon, maaari nating hanapin ang Panginoon at tanggapin ang kanyang mga pagpapala, dahil lahat ng taong gumagawa ng mabuti sa mundong ito ay pinagpapala; maaaring nasa atin ang lahat ng mabuting ugali at angkinin natin ito, ngunit kung wala ang kapangyarihan ng Diyos at ang awtoridad ng banal na Priesthood imposibleng marating ng tao ang kahariang selestiyal.[11]

Ang tanging plano na maghahanda sa tao para sa kahariang Selestiyal ay ang planong ibinigay ni Jesucristo, na ating Panginoon; at ang tanging awtoridad na magpapagindapat sa kalalakihan na magturo at mangasiwa sa mga ordenansa ng Ebanghelyo nang angkop ay ang awtoridad ni Jesucristo, na ating Panginoon.[12]

Si Joseph Smith Jr. ay tinawag ng Diyos na maging Kanyang propeta at sa pamamagitan niya ay naipanumbalik sa mundo ang Banal na Melchizedek Priesthood na siyang kapangyarihan ng Diyos na ipinagkatiwala sa tao upang kumilos sa Kanyang pangalan. Sa pamamagitan ng Priesthood na ito bawat ordenansa ng Ebanghelyo ng ating Panginoong Jesucristo, na kailangan para sa kaligtasan ng mga anak ng tao, ay pinangangasiwaan nang may awtoridad.[13]

Paano tayo maaapektuhan kung hihiwalay tayo sa awtoridad na iginawad ng Diyos sa atin? Mangangahulugan ito na napagsarhan tayo ng mga pintuan ng kahariang selestiyal. Mangangahulugan ito na hindi ko makakamtan ang maluwalhating pagpapalang itinuro sa akin na asamin ko mula pa sa aking pagkabata. . . . Ang makasama ko ang aking mga mahal sa buhay, . . . na halos kasinghalaga ng sarili kong buhay, ay hindi ko matatamasa sa kahariang selestiyal.[14]

Ang priesthood . . . kung tayo ay tapat, ay isang pagpapalang magbubukas ng mga pintuan ng kahariang selestiyal at magbibigay ng lugar na matitirhan natin doon sa buong kawalang-hanggan. Huwag ipagwalang-bahala ang walang-kapantay na pagpapalang ito.[15] [Tingnan ang mungkahi 6 sa pahina 60.]

---

## Ang mga maytaglay ng priesthood ay may responsibilidad na mamuhay nang uliran at gamitin ang priesthood upang pagpalain ang iba.

Napakagandang malaman na ang kalalakihang karapat-dapat ay maaaring matanggap [ang] priesthood at makagawa ng maraming bagay, sa awtoridad na ibinigay sa kanila, na magpapala sa ibang mga anak ng ating Ama.[16]

Maglibot man kayo sa iba pang Simbahan sa mundo o sa lahat ng iba pang Simbahan, wala kayong makikitang . . . kalalakihang nagtataglay ng banal na awtoridad. Huwag ninyong kalilimutan iyan. Kabilang kayo sa isang piling grupo ng kalalakihan, . . . na pinatungan ng mga kamay sa ulunan, at nakatanggap ng banal na awtoridad, kaya kayo naging mga katuwang ng Panginoon ng Langit at Lupa. Hindi ko ibig sabihin na hindi kayo maaaring tumawa, ngumiti, at magsaya sa buhay, kundi ang ibig kong sabihin ay dapat magkaroon sa kaibuturan ng bawat kaluluwa ng kabatirang "Ako

ay tagapagbantay sa aking kapatid. Taglay ko ang awtoridad na nagmula sa Panginoong Jesucristo—ako ay maytaglay ng Banal na Priesthood." Kung gagawin natin ito hindi natin mababalewala ang mga sagradong bagay na tulad ng ginawa ng ilan noong araw.[17]

Ang katotohanan na taglay nila ang Priesthood ay magiging sumpa sa maraming kalalakihan, dahil sa pagturing nila rito, na para bang isa itong napaka-karaniwang bagay.[18]

Iniisip ng ilang kalalakihan na dahil taglay nila ang Priesthood ay mayroon na silang espesyal na paraan sa pamumuno sa kanilang tahanan. Gusto kong sabihin sa inyo na kayong kalalakihan na maytaglay ng Priesthood ay hinding-hindi makakapasok sa Kahariang Selestiyal, maliban kung igalang ninyo ang inyong asawa at pamilya at turuan sila at ibigay sa kanila ang mga pagpapalang nais ninyo para sa inyong sarili.[19]

Ang awtoridad ng ating Ama sa Langit ay nasa mundo para pagpalain ang sangkatauhan, hindi upang gawing mayabang ang mga nakatanggap ng awtoridad na iyon, kundi upang gawin silang mapagpakumbaba; hindi upang ipadama sa mga nakatanggap ng mga espesyal na pribilehiyo na mas mahusay sila kaysa iba, kundi upang gawing mapagpakumbaba ang ating kaluluwa, mapanalangin ang ating puso, at maunawain sa lahat ng tao sa lahat ng ating ginagawa, at maging halimbawa ng matwid na pamumuhay na siyang hangad ng ating Ama sa Langit na ituro natin.[20]

Wala tayong mararating sa pagiging miyembro ng Simbahan at pagtataglay ng Priesthood kung hindi tayo karapat-dapat. Sinabi ng Panginoon na bawat pagpapalang hangad natin ay nakabatay sa pagsunod natin sa Kanyang mga utos. Maaari nating linlangin ang ating kapwa, at lokohin ang ating sarili na makakalusot tayo, ngunit kung hindi natin susundin ang mga utos ng ating Ama sa Langit, kung hindi tayo karapat-dapat magtaglay ng banal na Priesthood na ito na napakahalaga, hindi tayo magkakaroon ng puwang sa kahariang selestiyal.[21]

Kayo mga kapatid . . . ay ginawaran ng sagradong oportunidad, ng sagradong pagtitiwala. Natanggap ninyo ang mga pagpapala ng banal na Priesthood. Nagawaran kayo ng banal na awtoridad, at kalakip ng awtoridad na iyan ang responsibilidad na iparating ang

inyong tinig at mamuhay sa paraan na malalaman ng mga tao sa mundo ang kaibhan ng Ebanghelyo ni Jesucristo sa iba pang mga organisasyon sa mundo.[22]

Saanman kayo magpunta, laging isaisip ang katotohanan na kinakatawan ninyo siya na may-akda ng ating buhay. Ang priesthood na taglay ninyo ay hindi priesthood ni Joseph Smith, o ni Brigham Young, o ng iba pang kalalakihang tinawag na mamuno sa Simbahang ito sa inyong lugar o sa ibang lugar. Ang priesthood na taglay ninyo ay kapangyarihan ng Diyos, na iginawad sa inyo mula sa kalangitan. Ang mga banal na nilalang ay kinailangang isugo sa lupa . . . upang ipanumbalik ang maluwalhating pagpapalang nawala sa mundo nang daan-daang taon. Dapat nating ipagpasalamat ang mga pagpapalang natatanggap natin.[23]

Dalangin ko na pagpalain tayong lahat ng Panginoon, na maging karapat-dapat tayong magtaglay ng priesthood na ipinagkaloob at iginawad Niya sa atin, na saanman tayo magpunta ay masabi ng mga tao, "Ang lalaking iyan ay lingkod ng Panginoon."[24] [Tingnan ang mungkahi 7 sa pahina 60.]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

Pag-isipan ang mga ideyang ito habang pinag-aaralan ninyo ang kabanata o naghahanda kayong magturo. Para sa karagdagang tulong, tingnan sa mga pahina v–viii.

1. Pag-isipan ang inilarawang mga karanasan ni Pangulong Smith sa mga pahina 51–52. Ano ang magagawa natin para tulungang maghanda ang mga kabataang lalaki na maorden sa mga katungkulan sa priesthood? Ano ang magagawa natin para tulungang maunawaan ng mga kabataang babae ang kahalagahan ng kapangyarihan ng priesthood sa kanilang buhay? Bakit mahalagang matutuhan ng kalalakihan at kababaihan ang tungkol sa priesthood?
2. Bakit "kinailangang . . . ipanumbalik [ng Tagapagligtas] ang banal na awtoridad" (pahina 52) noong Kanyang ministeryo sa lupa, bukod pa sa pagtuturo ng ebanghelyo?


3. Basahin ang huling talata sa pahina 54 at ang unang talata sa pahina 55. Sa palagay ninyo, bakit ipinagkaloob ng Panginoon ang Kanyang awtoridad sa lahat ng karapat-dapat na kalalakihan sa halip na sa iilang kalalakihan na nakapag-aral?
4. Binanggit ni Pangulong Smith ang "magandang pagbabago sa buhay ng kalalakihan at kababaihan" dahil sa priesthood (pahina 55). Ano ang ibig sabihin ng pahayag na ito sa inyo? Ano ang magagawa ninyo para mapangalagaan ang kapangyarihan at impluwensya ng priesthood sa inyong buhay?
5. Habang binabasa ninyong muli ang bahaging nagsisimula sa pahina 55, pag-isipan kung paano kayo sasagot kung itanong sa inyo ng isang tao ang itinanong kay Pangulong Smith: "Ano ang ikinaganda ng simbahan ninyo kaysa sa ibang simbahan?"
6. Pag-aralan ang bahaging nagsisimula sa pahina 56. Ano ang ilan sa "walang kapantay na mga pagpapala" na natanggap ninyo dahil sa priesthood?
7. Habang pinag-aaralan ninyo ang huling bahagi ng mga turo (mga pahina 57–59), hanapin ang mga responsibilidad na sinabi ni Pangulong Smith na kalakip ng priesthood. Ano ang magagawa ng mga miyembro ng korum para suportahan ang isa't isa sa kanilang mga responsibilidad? Paano matutulungan ng kababaihan ang mga maytaglay ng priesthood na manatiling tapat sa mga responsibilidad na ito? Ano ang magagawa ng mga maytaglay ng priesthood para suportahan ang kababaihan sa kanilang mga banal na tungkulin?

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan:* Juan 15:16; Alma 13:1–3, 6–10; Doktrina at mga Tipan 84:19–22; Joseph Smith—Kasaysayan 1:68–72; Mga Saligan ng Pananampalataya 1:5

*Tulong sa pagtuturo:* "Magpatotoo kapag [hinikayat] kayo ng Espiritu na gawin ito, hindi lamang sa katapusan ng bawat aralin. Magbigay ng mga pagkakataon sa mga tinuturuan ninyo na makapagbigay ng kanilang mga patotoo" (*Pagtuturo, Walang Higit na Dakilang Tungkulin,* 55–56).

## *Mga Tala*


1. Sa Conference Report, Okt. 1948, 180–81.
2. Sa Conference Report, Okt. 1948, 186.
3. Sa Conference Report, Okt. 1948, 190.
4. "The Church with Divine Authority," *Deseret News,* Set. 28, 1946, bahaging pang-Simbahan, 6.
5. "The Church with Divine Authority," 6.
6. Sa Conference Report, Abr. 1904, 64.
7. Sa Conference Report, Abr. 1934, 28–29.
8. Sa Conference Report, Abr. 1927, 83.
9. Sa Conference Report, Abr. 1934, 28–29.
10. Sa Conference Report, Abr. 1917, 37–38.
11. Sa Conference Report, Okt. 1926, 106.
12. Sa Conference Report, Abr. 1934, 30.
13. "Message to Sunday School Teachers," *Instructor,* Nob. 1946, 501.
14. Sa Conference Report, Abr. 1925, 65.
15. Sa Conference Report, Abr. 1949, 191–92.
16. Sa Conference Report, Okt. 1950, 6.
17. Kumperensya ng mga Pitumpu at stake missionary, Okt. 4, 1941, 7.
18. Sa Conference Report, Abr. 1948, 184.
19. Sa Conference Report, Abr. 1948, 184.
20. Sa Conference Report, Okt. 1928, 94.
21. Sa Conference Report, Abr. 1943, 91–92.
22. Sa Conference Report, Okt. 1933, 25.
23. Sa Conference Report, Okt. 1945, 118.
24. Sa Conference Report, Okt. 1950, 182.



*"Ako ay tao lamang, isa sa pinakahamak sa inyo, ngunit tinawag ako sa tungkuling ito . . . sa pamamagitan ng awtoridad ng ating Ama sa Langit."*

# Pagsang-ayon sa Lahat ng Sinasang-ayunan ng Panginoon

*Ang ating mga pinuno ay pinili ng Panginoon, at inaasahan Niyang sasang-ayunan natin sila sa salita at sa gawa.*

## Mula sa Buhay ni George Albert Smith

Si George Albert Smith ay sinang-ayunan bilang Pangulo ng Simbahan sa pangkalahatang kumperensya noong Oktubre 1945. Sa pagtatapos ng kumperensya, nagpasalamat si Pangulong Smith sa pagsang-ayon ng mga Banal: "Salamat sa tiwalang ipinakita ninyo, mga kapatid, sa pag-asang magtatagumpay ako, at sa pangako ng ilan sa inyo, na tutulungan ninyo akong magtagumpay, sapagkat ako ay tao lamang, isa sa mga pinakahamak sa inyo, ngunit tinawag ako sa tungkuling ito—at wala ako rito kung hindi ko alam na ako ay tinawag—sa pamamagitan ng awtoridad ng ating Ama sa Langit."

Pagkatapos ay idinagdag niya ang pakiusap na ito: "Kakailanganin ko ang tulong ng bawat lalaki at bawat babae at bawat bata, hindi para pagpalain ako, kundi para pagpalain kayo, at para pagpalain ang mga anak ng tao saanman sila naroon. Iyan ay hindi *ko* responsibilidad, iyan ay *ating* responsibilidad."[1]

Tulad ng ipinamalas sa kabanatang ito, naunawaan ni George Albert Smith ang mabibigat na pasanin ng Unang Panguluhan, bago pa man siya naging Pangulo ng Simbahan. Itinuro niya sa mga Banal na ang kanilang katapatan ay makatutulong sa pagpapagaan ng mga pasaning iyon, at ipinakita niya ang halimbawa ng alituntuning ito sa kanyang paglilingkod sa Korum ng Labindalawang Apostol.

Noong 1946, habang nangangasiwa sa isang sesyon sa pangkalahatang kumperensya, pinasimulan ni Pangulong Smith ang pagsang-ayon sa mga opisyal ng Simbahan sa pagpapaliwanag na higit

pa ito sa pagsang-ayon lamang: "May ginagawa tayong kaugalian na sa mga Kumperensyang ito; iyan ay, ang ipakilala ang mga Awtoridad ng Simbahan para masang-ayunan ng mga miyembro. Sana'y matanto ninyo, lahat kayo, na ito ay isang sagradong pribilehiyo. . . . Hindi lamang ito isang simbolo kundi isang pahiwatig na, sa tulong ng Panginoon, gagampanan ninyo ang inyong bahagi sa gawain."[2] [Tingnan sa mungkahi 1 sa pahina 72.]

## Mga Turo ni George Albert Smith

### Ang mga namumuno sa Simbahan ay inihanda, pinili, at binigyang-inspirasyon ng Panginoon.

Ang dakilang Simbahang ito ay pinamumunuan na noon pa ng mga lalaking lubos na inihanda,tinuruan, at pinagkalooban para sa mataas na karangalan na naigawad sa bawat humalili sa tungkuling ito. Ang ating Ama sa Langit sa kanyang karunungan ay pinalibutan ang mga lider na ito ng Israel ng iba pa na may pananampalatayang tulad nila at hindi yumuyukod sa tao dahil sa kilala ito o dahil siya ang pangulo ng Simbahan, kundi kinikilala nila siya bilang tagapagsalita ng ating Ama sa Langit at sinasang-ayunan at sinusuportahan at ipinagdarasal siya, at minamahal siya, upang sila man ay makatanggap ng mga pagpapala ng ating Ama sa Langit.

Wala nang iba pang organisasyong tulad nito sa mundo. Wala nang iba pang mga tao [na] pinamumunuan sa paraang katulad ng pamumuno sa mga taong ito. Tunay ngang sinabi na ang mga namumuno ay mabubuting tao. Sa pamamagitan nila isinasagawa ng ating Ama sa Langit ang kanyang gawain. Sa pamamagitan nila kailangang maituro ang ebanghelyo. . . . Ang taong namumuno sa atin ngayon ay hindi lamang namumuno dahil sa kanyang sariling kakayahan. Hindi siya namumuno dahil anak siya ng isang dakilang pinuno kundi hawak niya ang posisyong iyan dahil alam ng ating Ama sa Langit na marangal ang kanyang kaluluwa. Batid ang determinasyon niyang ihatid ang mensaheng ito sa lahat ng bansa sa mundo, inihanda niya ang taong ito para sa mataas na tungkuling iginawad sa kanya. Siya ay namumuno bilang kinatawan ng ating Ama sa Langit.[3]

Iniisip ko ngayon ang mga hamak ngunit mabubuting taong namuno na sa Simbahang ito mula nang itatag ito. . . . Nakasama

ko nang madalas ang [marami sa] mga Pangulo [ng Simbahan] at naniniwala ako na silang lahat ay alagad ng Diyos. Imposibleng pumili pa ang ating Ama sa Langit ng ibang tao upang mamuno sa kanyang Simbahan.[4]

Ano ang nangyari nang mamatay [si Joseph Smith]? . . . [Ang mga Banal] ay hindi nagdaos ng lihim na pagpupulong, nagtalaga ng chairman at pumili ng bagong pinuno. Ang pinuno ay napili na ng Panginoon. Siya ang pinakamatagal nang miyembro ng Korum ng Labindalawa, si Brigham Young. . . . Ang Simbahan sa kabuuan ay sinang-ayunan siya bilang Pangulo sa lahat ng sesyon nito. Nang siya ay pumanaw, hindi sinabi ng kanyang mga tagapayo na sila ang Pangulo, kundi ang Korum ng Labindalawa ang namuno sa matagal na panahon, at pagkatapos ay sinang-ayunan ang pinakamatagal nilang miyembro bilang Pangulo ng Simbahan. Nanaig ang ganap na kaayusan. . . .

Pinag-aralan kong muli ang ilan sa mga bagay na ito para hindi kami magkamali. Hindi pinili ni Joseph Smith ang kanyang sarili na maging Pangulo ng Simbahan. Ni ang sinumang sumunod sa kanya. . . . Ang paghirang ay nagmumula sa ating Ama sa Langit sa pamamagitan ng Kanyang inspirasyon, at tinatanggap ng mga tao ang lahat ng kapangyarihang kaakibat ng paghirang na iyon.[5]

Dapat nating pasalamatan nang lubos na alam natin na ang gawaing ito ay hindi gawain ng tao, kundi gawain ng Panginoon; na ang Simbahang ito, na nagtataglay ng pangalan ni Jesucristo, ay pinamumunuan niya, at hindi niya tutulutang wasakin ito ng sinumang tao o grupo. Hindi niya pahihintulutan ang mga taong namumuno sa kanyang Simbahan na akayin sa mali ang kanyang mga tao, kundi susuportahan niya sila ng kanyang pinakamakapangyarihang lakas. Dadakilain niya sila sa paningin ng mabubuti at dakilang kalalakihan at kababaihan. Pagpapalain niya ang kanilang ministeryo at mapupuno ito ng tagumpay. Ang mga kumakalaban at naghahanap ng mali ay hindi magagalak sa kanilang paglaban. Pagdurusahan ng mga namimintas at naghahangad na sirain ang impluwensya ng mga pinuno ng Simbahan ang bunga ng kanilang kamalian.[6]

Kailangan tayong magpasalamat sa ating puso na tayo ay pinamumunuan ng banal na kalalakihang binigyang-inspirasyon ng

ating Ama sa langit na magturo sa atin sa araw-araw.[7] [Tingnan sa mungkahi 2 sa pahina 72.]

**Sa pamamagitan ng Kanyang mga lingkod, itinuturo sa atin ng Panginoon ang landas tungo sa kaligayahan at kaligtasan.**

Mula sa panahon ni Amang Adan hanggang ngayon pinapayuhan ng Panginoon ang mga tao sa pamamagitan ng kanyang mga lingkod. Binibigyan niya sila ng inspirasyon sa mas mabuting pamumuhay kapag sila ay nakinig sa kanya, at sa bawat panahon, kung kailangan ng kanyang mga anak, nagsusugo siya ng banal na kalalakihan sa mundo, upang magbahagi ng tagubiling nagpapaligaya, binigyan niya sila ng inspirasyong ituro ang maluluwalhating katotohanang nagpapadakila at nagpapaunlad sa sangkatauhan.[8]

Wala akong alam na napakahalagang bagay na nangyari sa mundo na hindi ipinaalam ng Panginoon sa mga tao sa pamamagitan ng kanyang mga propeta bago ito naganap, upang hindi sila datnang walang-muwang ng magaganap, kundi maiplano nila ang kanilang buhay, kung gusto nila, sa kanilang kapakinabangan. . . .

Isa na rito ang kaso ni Noe. Inutusan siya ng Panginoon na gumawa ng arka upang mailigtas ang mga matwid mula sa paparating na baha. Itinayo ni Noe ang arka at nangaral ng pagsisisi sa kanyang henerasyon sa loob ng isandaan at dalawampung taon, kaya't lubusan silang nabalaan. Gayunman, napakasama ng mga tao kaya't hindi nila pinakinggan ang babala. Dahil malaya silang pumili, pinili nila ang kasamaan sa halip na kabutihan. Bumuhos ang ulan, at bumaha, at tanging si Noe at ang kanyang pamilyang binubuo ng walong katao ang naligtas. Lahat ay nabalaang mabuti, ngunit dahil sa kanilang kusang pag-ayaw at pagtangging magsisi ay nangalunod sila. [Tingnan sa Moises 8:13–30.][9]

Nais ng Panginoon na maging maligaya tayo. Kaya niya ibinigay sa atin ang ebanghelyo ni Jesucristo. Kaya niya iginawad sa atin ang priesthood. Nais niyang magalak tayo. Kaya niya itinatag ang simbahang ito at inilakip dito ang iba't ibang katungkulan, at lahat ng ito ay nasa ayos. . . . Kung susundin ninyo ang pamumuno ng Panginoon, at ang mga sinasang-ayunan ng Panginoon, hindi kayo

mapupunta sa kadiliman, mawawalan ng liwanag, lalabag sa mga batas ng Diyos, at mawawalan ng mga pribilehiyong gustung-gusto niyang matamasa nating lahat.[10]

Iisa lang ang ligtas na landas para sa akin sa panahong ito at iyon ay ang sundin ang mga hinirang ng Panginoon na mamuno. Maaaring may sarili akong mga ideya o opinyon, maaaring may sarili akong opinyon tungkol sa mga bagay-bagay, ngunit alam ko na kung salungat ang aking opinyon sa mga turo ng taong ibinigay sa atin ng Panginoon na magturo ng daan, dapat akong magbago ng landas. Kung hangad ko ay kaligtasan susundin ko ang mga pinunong ibinigay sa atin ng ating Ama sa Langit, basta't sila ang kanyang sinasang-ayunan.[11] [Tingnan sa mungkahi 3 sa pahina 72.]

---

**Ang mga mapagpakumbaba at tapat ay sinasang-ayunan at ipinagtatanggol ang mga lingkod ng Panginoon.**

Libu-libo na ang nakilala kong mga miyembro ng dakilang Simbahang ito, kalalakihan at kababaihan sa maraming bansa na sa pagpapakumbaba at katapatan ay tinanggap ang ebanghelyo upang mapabilang sa Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. . . . [Kanilang] ipinagdasal at sinang-ayunan ang kanilang mga pinuno . . . , at sa karanasan ko sa Simbahan wala pa akong nakilalang tao na sumusunod sa mga utos ng Panginoon na nagsalita laban sa mga taong tinawag na mangulo sa Simbahang ito. Talagang kakaiba iyan. . . .

Para sa akin, isa sa pinakamalalakas na patotoo sa kabanalan ng gawaing ito ang napakaraming tao . . . na may pagkakataon sa Stake Conference. . . na ipahayag ang kanilang sarili sa pamamagitan ng pagsang-ayon o hindi pagsang-ayon sa mga namumuno sa kanila (bawat isa ay malayang pumili) na patuloy na suportahan ang kanilang mga pinuno. Tunay ngang ang Espiritu ng Panginoon ay humihikayat sa mga taong tapat at mapagpakumbaba na sang-ayunan ang pinili niyang mga lingkod.[12]

Nang pamunuan ni Moises ang Israel mula Egipto patawid ng ilang at papasok sa lupang pangako, nilusob ni Amalec ang Israel sa Rephidim. Inatasan ni Moises si Josue na pumili ng mga mandirigmang poprotekta sa Israel. Nagpunta sina Moises, Aaron, at Hur



*"Tayo . . . ay dapat tumulad kina Aaron at Hur noong unang panahon; alalayan natin ang . . . mga kamay [ng propeta]."*

sa tuktok ng burol kung saan tanaw ang lugar ng labanan. Habang hawak ni Moises ang tungkod ng Diyos sa ibabaw ng kanyang ulunan, nanaig ang Israel, ngunit nang ibaba niya ang kanyang mga kamay dahil sa pangangalay, nanaig si Amalec. Naglaan ng batong mauupuan sina Aaron at Hur at itinaas nila ang kanyang mga kamay upang dumaloy ang mga pagpapala ng Diyos sa Israel at manaig ang kanilang mga mandirigma at nanalo sila sa labanan. Ang kapangyarihan ng Diyos ay napasa kay Moises at nanatili sa kanya hanggang sa matapos niya ang kanyang gawain. [Tingnan sa Exodo 17:8–13.] Nang suportahan siya ng mga tao sila man ay pinagpala, at ganito rin ang nangyari sa bawat lingkod ng Panginoon na namuno sa Israel. . . .

. . . Hangga't [ang Pangulo] ang namumuno sa Simbahang ito, hindi na mahalaga kung ilang taon man iyon, bibigyan siya ng ating Ama sa Langit ng lakas, kapangyarihan, karunungan, paghatol, at inspirasyon na mangusap sa Israel kung kailangan silang kausapin.

Tayo, sa pagsunod sa kanyang pamumuno, ay dapat tumulad kina Aaron at Hur noong unang panahon; alalayan natin ang kanyang mga kamay, nang sa pamamagitan niya ay pababain ng Panginoon ang mga pagpapala ng langit sa atin at sa mga taong ito.[13]

Alam ko na ang kalalakihang ito [ang mga General Authority] ay mga lingkod ng Panginoon, at alam ko na hangad nilang pagpalain ang sangkatauhan. Sana'y walang isa man sa inyo . . . na hindi susuporta sa kanila, hindi lamang sa inyong pagsampalataya at mga panalangin kundi kung sila man ay paratangan at siraan, handa at sabik kayong ipagtanggol sila, kung kailangan, dahil darating ang panahon na kakailanganin nila ang inyong pagtatanggol. Hindi sila kinalilimutan ng Kaaway, at isa sa mga katibayan sa akin ng kabanalan ng mga katungkulan ng kalalakihang ito ay na masama ang sinasabi ng masasamang tao tungkol sa kanila, at mabuti ang sinasabi ng mabubuting tao tungkol sa kanila.[14] [Tingnan sa mungkahi 4 sa pahina 73.]

---

**Kapag pinipintasan natin ang ating mga pinuno o binabalewala ang kanilang payo, tinutulutan natin ang kaaway na iligaw tayo.**

May mga kabilang sa atin .. . . na nabulag ng mga pilosopiya at kahangalan ng mga tao. May mga hindi sumusunod sa payo at pangaral ng taong itinalaga ng Diyos na mamuno sa Simbahang ito. . . .

Ang mga taong walang sapat na impormasyon ay bigla na lang nakakaisip ng magandang ideya, at iminumungkahi nila na "dito ang daan" o "diyan ang daan," at bagaman salungat ito sa payo ng Panginoon may ilang nahihikayat na subukan ito. Ang Panginoon ay nagbigay ng ligtas na payo at hinirang ang Pangulo ng Simbahang ito para ipaliwanag ang payong ito. Kung babalewalain natin ang kanyang ipinapayo, bilang Pangulo ng Simbahan, maaari nating matuklasan na nakagawa tayo ng malaking pagkakamali.[15]

Ang Panguluhan ng Simbahan . . . ay mga kinatawan ng ating Ama sa Langit, hindi lamang sa mga taong ito, kundi sa lahat ng tao sa mundo. Makabubuti sa atin kung pahahalagahan at igagalang natin ang kalalakihang ito na itinalaga niyang mamuno sa atin. Sila ay mga

lalaking may mga kahinaan ng tao, magkakamali sila, ngunit kung magiging maunawain tayo sa kanilang mga pagkakamali tulad ng pag-unawa natin sa sarili nating mga kabiguan at pagkakamali, makikita natin ang kanilang mga kabutihan tulad ng pagkakita natin sa atin.

Narito ako upang makiusap sa inyo, mga kapatid, na huwag tulutang mamutawi o lumabas sa inyong mga labi ang pamimintas o kawalang-galang sa mga tinawag ng Panginoon na mamuno sa atin. Huwag makisama sa mga tao na hahamak sa kanila o magpapahina sa kanilang impluwensya sa mga anak ng tao. Kung gagawin ninyo ito, masasabi ko sa inyo na mapapailalim kayo sa kapangyarihan ng kaaway. Maiimpluwensyahan niya kayo na lumayo nang husto sa landas ng katotohanan, at kung hindi kayo magsisisi malalaman ninyo kapag huli na ang lahat na nawala na sa inyo ang "mahalagang perlas." Dahil sa inyong kasakiman at kabulagan kayo ay maililigaw, at ang inyong mga mahal sa buhay . . . ay malulungkot sa kabilang-buhay dahil sa inyong kahinaan at kahangalan.[16] [Tingnan sa mungkahi 5 sa pahina 73.]

Hindi natutulog ang kaaway. Nalilinlang niya ang marami at tinutukso silang magkasala. . . . May ilan na nagtuturo ng maling doktrina; at ilan na naghahangad na hikayatin ang kalalakihan at kababaihan na labagin ang mga utos ng ating Ama sa Langit. . . . Kung ang mga miyembro ng Simbahang ito na naghahanap ng mali sa mga pinuno ng Simbahan at pinipintasan ang mga taong nagbubuwis ng buhay upang mapagpala at makinabang tayo ay titigil at magtatanong sa panalangin, "Sino sa mga gurong ito ang ligtas na sundin?" hindi sila mahihirapang hanapin ang tama nilang landas at sasang-ayunan nila ang mga sinasang-ayunan ng Panginoon.[17]

---

**Kapag sinang-ayunan natin ang ating mga pinuno, nangangako tayong susundin ang kanilang payo at gagampanan ang ating tungkulin.**

Dapat itong pagkunan ng lakas ng Pangulo ng Simbahang ito para tumingin sa mukha ng libu-libong matatapat na kalalakihan at kababaihan at masdan silang magtaas ng kanilang kamay sa pakikipagtipan sa ating Ama sa Langit, at sang-ayunan siya sa katungkulan kung saan siya tinawag na maglingkod bilang pangulo ng dakilang Simbahang ito. Ang obligasyong ginagawa natin kapag nagtataas



*Sinasang-ayunan natin ang ating mga pinuno kapag ating "[pinapasan] ang bahagi natin sa gawain at [gina]gampanan ang ating tungkulin upang parangalan at luwalhatiin ang Diyos."*

tayo ng ating mga kamay sa gayong sitwasyon, ay napakasagrado. Hindi ibig sabihin nito na tatahimik na lang tayo at hahayaan ang propeta ng Panginoon na pamunuan ang gawaing ito, kundi ang ibig sabihin ay,—kung nauunawaan ko ang obligasyong aking inako nang magtaas ako ng kamay—na susuportahan natin siya; ipagdarasal natin siya; ipagtatanggol natin ang kanyang mabuting pangalan, at sisikapin nating isagawa ang kanyang mga tagubilin ayon sa utos sa kanya ng Panginoon na ihandog ang mga ito sa atin habang siya ang nasa katungkulang iyon.[18]

Kapag iniisip ko ang mga pasanin ng Pangulo ng Simbahang ito at ng kanyang mga tagapayo, at natatanto ang mga responsibilidad na iniatang sa kanilang mga balikat, taos-puso kong hinahangad na tulungan sila, nang hindi ako maging pabigat, kundi sa katungkulang ibinigay sa akin, na kasama kayo, mga kapatid, ay lumagay tayo sa ating kinalalagyan at pasanin ang bahagi natin sa gawain

at gampanan ang ating tungkulin upang parangalan at luwalhatiin ang Diyos.[19] [Tingnan sa mungkahi 4 sa pahina 73.]

Nawa'y itulot ng Diyos na maitaas nating mga pinagpala nang sagana ang mga kamay ng lingkod ng Panginoon na namumuno sa atin; na matulungan natin siya hindi lamang sa pagsampalataya at pagdarasal natin kundi sa mapagmahal na kabaitan tuwing may pagkakataon; na magkaisa tayo sa ilalim ng bandilang kanyang iwawagayway habang patuloy siyang sinasang-ayunan ng Diyos bilang Pangulo ng Simbahan, bilang propeta ng Panginoon sa mga huling araw na ito.[20]

Sang-ayunan natin ang kalalakihang ito na ibinangon ng Diyos upang mamuno sa atin. Pagpalain natin sila, hindi lamang sa mga salita, kundi tulungan natin sila sa bawat posibleng paraan upang madala ang mabigat na pasaning ito na nakaatang sa kanilang mga balikat. . . . Ipagdasal at suportahan at tulungan sila.[21]

## Mga Mungkahi para sa Pag-aaral at Pagtuturo

Pag-isipan ang mga ideyang ito habang pinag-aaralan ninyo ang kabanata o naghahanda kayong magturo. Para sa karagdagang tulong, tingnan sa mga pahina v–viii.

1. Basahin ang huling talata ng "Mula sa Buhay ni George Albert Smith" (mga pahina 63–64). Ano ang "inyong bahagi sa gawain"? Habang pinag-aaralan ninyo ang kabanatang ito, mag-isip ng mga paraan na maipapakita ninyo sa salita at gawa na sinasang-ayunan ninyo ang mga pinuno ng Simbahan.
2. Repasuhin ang unang bahagi ng mga turo (mga pahina 64–66), lalo na ang pangalawa at pang-apat na mga talata. Paano naiiba ang paraan ng Panginoon sa pagpili ng mga pinuno sa paraan ng pagpili ng mundo? Ano ang mga naranasan ninyo na nagpalakas ng inyong pananampalataya na ang ating mga pinuno ay pinili ng Panginoon?
3. Pag-aralan ang bahaging nagsisimula sa pahina 66 at basahin ang Doktrina at mga Tipan 21:4–7. Anong partikular na payo ang ibinigay ng Panginoon sa pamamagitan ng kasalukuyang Pangulo ng Simbahan? sa pamamagitan ng inyong stake o

district president? sa pamamagitan ng inyong bishop o branch president? Anong mga pagpapala ang natanggap ninyo sa pagsunod sa payong to?

4. Repasuhin ang bahaging nagsisimula sa pahina 67 at basahin ang talata sa ibaba ng pahina 70 at ang kasunod nitong talata sa pahina 71. Ano ang ibig sabihin sa inyo ng sang-ayunan ang mga pinuno ng Simbahan? Paano pinalalakas ng pagsang-ayon sa mga pinuno ng Simbahan ang ating pamilya at tahanan?

5. Basahin ang unang buong talata sa pahina 70. Bakit mapanganib na pintasan ang mga pinuno ng Simbahan? Ano ang angkop na paraan ng pagtugon kung may isang taong nagsabi ng kamalian ng isa sa inyong mga pinuno?

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan:* Amos 3:7; Mga Taga Efeso 4:11–14; Mga Hebreo 5:4; Doktrina at mga Tipan 84:109–10; 107:22; 112:20

*Tulong sa pagtuturo:* Ang isang paraan para mahikayat ang masigasig na pag-aaral ay makinig na mabuti kapag may nagtatanong o nagbibigay ng puna. "Ang pakikinig ay pagpapakita ng pagmamahal. Madalas itong mangailangan ng sakripisyo. Kapag tunay tayong nakikinig sa iba, madalas na ipinauubaya natin ang nais nating sabihin nang sa gayon ay maipahayag nila ang kanilang mga sarili" (*Pagtuturo, Walang Higit na Dakilang Tungkulin,* 82).

## *Mga Tala*

1. Sa Conference Report, Okt. 1945, 174–75.
2. Sa Conference Report, Okt. 1946, 153–54.
3. Sa Conference Report, Abr. 1927, 86–87.
4. Sa Conference Report, Abr. 1931, 31.
5. "The Church with Divine Authority," *Deseret News,* Set. 28, 1946, bahaging pang-Simbahan, 6, 9.
6. Sa Conference Report, Abr. 1934, 29.
7. Sa Conference Report, Okt. 1917, 45.
8. Sa Conference Report, Okt. 1917, 40.
9. Sa Conference Report, Abr. 1945, 136.
10. Sa Conference Report, Abr. 1949, 192.
11. Sa Conference Report, Abr. 1937, 33.
12. Sa Conference Report, Abr. 1931, 32.
13. Sa Conference Report, Abr. 1942, 14.
14. Sa Conference Report, Okt. 1933, 29.
15. Sa Conference Report, Okt. 1936, 75.
16. Sa Conference Report, Abr. 1937, 34.
17. Sa Conference Report, Abr. 1937, 33.
18. Sa Conference Report, Hunyo 1919, 40.
19. Sa Conference Report, Okt. 1929, 24.
20. Sa Conference Report, Abr. 1930, 68–69.
21. Sa Conference Report, Okt. 1930, 69.



*"Nagpapasalamat ako na inihayag sa atin at malinaw na ipinaliwanag sa mga huling araw na ito na ang buhay na ito ay hindi ang wakas, na bahagi lamang ito ng kawalang-hanggan."*

# Ang Kawalang-Kamatayan ng Kaluluwa

*Ang ating buhay ay walang-hanggan, at tinutulungan tayo ng kaalamang ito na piliin ang tama at inaaliw tayo sa panahon ng pagdadalamhati.*

## Mula sa Buhay ni George Albert Smith

Si George Albert Smith ay nabiyayaan ng matibay na pagkaunawa sa layunin ng buhay, at dahil dito napalakas niya ang loob ng iba sa kanilang paghihirap. Madalas niyang paalalahanan ang mga Banal na "walang hanggan ang ating buhay"—na ang kawalang-hanggan ay hindi nagsisimula pagkamatay natin kundi ang mortalidad ay napakahalagang bahagi ng kawalang-hanggan. "Kung minsan ay sinasabi ko sa mga kaibigan ko kapag tila nahihirapan silang magdesisyon, at hindi tiyak kung saan sila pupunta, 'Ngayon ang simula ng walang-hanggang kaligayahan o walang-hanggang kalungkutan para sa inyo.'"[1]

Pinatotohanan ni Pangulong Smith ang mga katotohanang ito sa libing ni Hyrum G. Smith, Patriarch sa Simbahan, na medyo bata pa nang pumanaw, at inulila ang kanyang asawa't walong anak:

"Nadama ko, mula nang hilingan akong magsalita sa libing na ito, na baka hindi ko ito magawa. Naantig ang aking damdamin, at nalaman ko na hindi ko ito kayang pigilin, ngunit mula nang pumasok ako sa gusaling ito ay nadama ko na ang maganda at nakasisiyang diwa ng kapayapaan sa aking kaluluwa. . . .

"Sa halip na magdalamhati pinasalamatan ko ang ating Ama sa langit para sa Ebanghelyo ng Kanyang Pinakamamahal na Anak na inihayag muli sa ating panahon. . . . Napakalaking pagpapala ang malaman na ang buhay ay walang hanggan,—ang malaman na sa kawalang-hanggan ang mga pagpapalang pinagsikapang matamo

ng butihing lalaking ito ay mapapasakanya. Nagwakas na ang kanyang mortal na buhay ngunit bahagi lang ito ng buhay na walang-hanggan. Nakapagtatag siya ng malalim at matibay na pundasyon na kanyang pinagsaligan at patuloy na pagsasaligan sa buong kawalang-hanggan. Ang galak na kanyang naranasan dito sa lupa ay madaragdagan. . . .

"Kapag naiisip ko ang mga karanasan ng mga tao sa mundo, sa ganitong mga sitwasyon, namamangha ako sa labis na pagpapalang nasa atin. Wala na akong alinlangan tungkol sa buhay na walang-hanggan at kawalang-kamatayan ng kaluluwa na tulad ng pagkaalam ko na ang araw ay sumisikat sa katanghaliang tapat. . . . Malungkot ang mawalay sa ating mga mahal sa buhay, kahit pansamantala. Ipinadadala natin sila sa misyon, o pumupunta sila sa ibang panig ng mundo upang manirahan doon at nangungulila tayo sa kanila. Kapag may nangyayaring ganito parang mas malayo sila, ngunit ang totoo ay hindi, kung nauunawaan lamang natin. . . . Sa halip na magparating ng pakikiramay na kung minsan ay para sa mga naulila, mas dama kong magalak sa araw na ito dahil alam kong hindi ito ang katapusan. . . .

". . . Kaya ngayon, habang nakatayo ako sa inyong harapan, na dapat sana ay lumuluha, ang aking kaluluwa ay puspos ng kapanatagan at kasiyahan. Dalangin ko na ang kapanatagan ay mapasabuhay ng lahat ng naulila."[2] [Tingnan ang mungkahi 1 sa pahina 85.]

## Mga Turo ni George Albert Smith

### Nabuhay tayo bilang mga espiritu bago tayo pumarito sa lupa, at patuloy na mabubuhay ang ating espiritu pagkamatay natin.

Nauunawaan natin na ang buhay na ito ay walang-hanggan—na nabubuhay tayo sa kawalang-hanggan ngayon katulad ng mabubuhay tayo sa kawalang-hanggan. Naniniwala tayo na nabuhay tayo bago tayo pumarito; ang katalinuhang iyon, ang espiritung iyon, ay hindi nagsimula sa buhay na ito. Naniniwala tayo na tumanggap tayo ng espirituwal na tabernakulo bago tayo naparito sa mundo. Ang espirituwal na katawang iyan ay ipinadala sa mundong ito,

at dito ay tumanggap ito ng pisikal na tabernakulo, ang katawang nakikita natin. Ang pisikal na bahaging nakikita natin ay sa lupa, ukol sa lupa [tingnan sa I Mga Taga Corinto 15:47], ngunit ang bahaging iyon na lumilisan sa ating katawan kapag pumanaw tayo ay espirituwal, at hindi ito namamatay kailanman. Ang pisikal na tabernakulo ay nakahimlay sa libingan—ito ay bahagi ng lupa at magbabalik sa lupa—ngunit ang katalinuhang inilagay ng Diyos dito, na may kakayahang mangatwiran at mag-isip, na may kakayahang umawit at magsalita, ay hindi namamatay; dumaraan lamang ito sa yugtong ito ng buhay na walang-hanggan, at hinihintay roon ang pagpapadalisay ng pisikal na tabernakulo, hanggang sa muli itong makasama ng tabernakulong ito, na luluwalhatiin, maging tulad ng niluwalhating katawan ng ating nagbangong Panginoon, kung namuhay tayo nang karapat-dapat dito.[3]

Sa salita ng makata, "Ang buhay ay tunay at malalim," at "di kamatayan ang nais marating." [Henry Wadsworth Longfellow, "A Psalm of Life."] Ang espiritung nasa tabernakulo ay imortal. Ito ay buhay kahit patay na ang katawan. Ang katawan ay naaagnas at bumabalik sa lupa ngunit ang espiritu ay patuloy na nabubuhay.[4]

Nagpapasalamat ako na inihayag sa atin at malinaw na ipinaliwanag sa mga huling araw na ito na ang buhay na ito ay hindi ang wakas, na bahagi lamang ito ng kawalang-hanggan, at kung sasamantalahin natin ang ating mga pribilehiyo rito, ito ay isa lamang paraan upang umunlad tungo sa mas dakila at kanais-nais na kalagayan.[5] [Tingnan ang mungkahi 2 sa pahina 86.]

---

## Ang layunin natin dito sa lupa ay ihanda ang ating sarili na makapiling ang ating Ama sa Langit.

Naniniwala ang ilan na kapag nagtapos ang yugtong ito ng ating buhay, iyon na ang katapusan. Tila hindi ito kapani-paniwala sa akin, kapag minasdan natin ang mga gawa ng kalikasan, kapag sinuri natin ang organismo ng tao, ang kasakdalan ng kanyang katawan, ang pintig ng kanyang puso, ang paglaki at paglakas mula pagkabata hanggang pagtanda, hanggang sa unti-unting manghina at tuluyang magwakas ang buhay na ito—na posible sa sinumang anak ng ating Ama na maniwala na ang mga tao ay isinilang sa

mundo upang mabuhay lamang hanggang sa mahusto ang gulang, tumanda, at mamatay, nang walang layunin sa buhay nila rito.[6]

Ang buhay na ito ay hindi ibinigay sa atin bilang libangan. May dakilang layunin sa paglikha sa atin, sa buhay na ibinigay ng Diyos sa atin. Pag-aralan natin kung ano ang layuning iyan, upang umunlad tayo at magtamo ng buhay na walang-hanggan.[7]

Walang alinlangan sa isipan ng isang Banal sa mga Huling Araw tungkol sa layunin ng ating buhay sa mundo. Narito tayo upang ihanda ang ating sarili at paunlarin at gawing marapat ang ating sarili na manirahan sa piling ng ating Ama sa Langit.[8]

Naniniwala tayo na narito tayo dahil napanatili natin ang ating unang kalagayan at natamo ang pribilehiyong pumarito sa mundong ito. Naniniwala tayo na ang ating buhay mismo ay gantimpala sa ating katapatan bago tayo pumarito, at tinatamasa natin sa lupa ang mga bunga ng ating mga pagsisikap sa daigdig ng mga espiritu. Naniniwala rin tayo na nagtatanim tayo ng binhi ngayon para anihin natin kapag nilisan natin ang buhay na ito. Ang buhay na walang-hanggan para sa atin ay kabuuan ng buhay bago tayo isinilang, buhay sa kasalukuyan, at pagpapatuloy ng buhay sa imortalidad, na ipinagkakaloob sa atin ang kapangyarihang umunlad at sumulong nang walang katapusan. Sa damdamin at katiyakang iyan, naniniwala tayo na "Kung ano ang tao ngayon, ganoon ang Diyos noon, at kung ano ang Diyos ngayon, ang tao ay maaaring maging gayon." [Tingnan sa Lorenzo Snow, "The Grand Destiny of Man," *Deseret Evening News,* Hulyo 20, 1901, 22.] Dahil nilikha tayo sa larawan ng Diyos, naniniwala tayo na tama, na matwid, na asamin natin na maaari tayong tulutang makibahagi sa mga katangian ng Diyos at, kung tayo ay tapat, maging tulad ng Diyos; sapagkat kapag tinanggap natin at sinunod ang mga batas ng kalikasan ng ating Ama na namamahala sa buhay na ito, tayo ay nagiging higit na katulad Niya; at kapag sinamantala natin ang mga pagkakataong ibinigay sa atin, naghahanda tayong tumanggap ng mas malalaking oportunidad sa buhay na ito at sa buhay na darating. . . .

Dapat tayong maging masaya sa kaalaman na ang buhay na ito ng pagsubok ay hindi upang ihanda tayong mamatay, kundi upang mabuhay; na ang hangarin ng Ama para sa atin ay maiwasan natin ang bawat kamalian at matanggap ang bawat katotohanan, at sa

pamumuhay sa katotohanan ay maging higit tayong katulad Niya, at maging karapat-dapat na makapiling Niya.[9]

Mga kapatid, napakahalagang bagay nito. Dapat natin itong pag-isipang mabuti. Dapat nating suriin ang sarili nating buhay at tuklasin kung handa tayo para sa magandang buhay na iyon sa hinaharap, kung tawagin man tayo bukas kung handa ba tayong isulit ang mga nagawa natin sa lupa; kung madarama ba natin na tatanggapin natin ang malugod na pasasalamat ng ating Ama sa Langit na "Mabuting gawa, mabuti at tapat na alipin."[10] [Tingnan ang mungkahi 3 sa pahina 86.]

---

**Sa buhay na ito dapat nating hangarin ang mga bagay na walang-hanggan ang kahalagahan.**

Maaari tayong mabigyan, sa buhay na ito, ng ilang bagay na magbibigay sa atin ng temporal na kasiyahan; ngunit ang mga bagay na walang-hanggan, mga bagay na "makabuluhan," ay ang mga walang-hanggang bagay na pinagsisikapan nating tamuhin, at pinaghahandaang matanggap, at makamtan sa pagsisikap ng bawat isa sa atin.[11]

Hindi kakaibang bagay na ang pinagsikapang makamtan ng sanlibutan mula sa simula, kayamanan, kapangyarihan, lahat ng bagay na magpapaginhawa sa tao, ay laganap na ngayon—mas magaganda at mas maraming kasuotan kaysa noon, mas maraming makakain, mas marami ng lahat ng uri ng kayamanan na wala sa mundo noon. Ang ating tahanan ay mas komportable. Ang mga kaginhawahan sa buhay ay mas dumami pa mula nang dumating ang ebanghelyo sa lupa, at ngayon lahat ng pinagsikapan natin ay napasaatin na. Naabot ng edukasyon ang pinakarurok nito. Mas marami ngayong alam ang tao tungkol sa mga bagay ng mundo kaysa noon. Lahat ng pinagsikapang makamtan ng tao mula sa simula na itinuturing na pinakakanais-nais ay nasa mundo na ngayon; at sa kabila nito, naroon pa rin ang pagdududa at pangamba sa mangyayari sa hinaharap.

Ano ang ipinag-aalala natin? Iyon ay dahil hinangad natin ang kaginhawahan, ang mga papuri ng tao, hinangad natin ang mga bagay na dahilan ng pagiging sakim ng ating kaluluwa. Hinangad nating



*"Ang bagay na . . . mas mahalaga kaysa lahat ng iba pa ay ang pagkakataong magtamo ng buhay na walang-hanggan [kasama] ang inyong mga anak na lalaki at babae, ang inyong asawa."*

mas bigyan ng pagpapahalaga at unahin ang ating sarili kaysa sa iba pang mga anak ng ating Ama.[12]

Huwag tayong maging kampante, huwag tayong padaya sa kasaganaan ng magagandang bagay sa mundong ito; sapagka't ano ang pakinabang ng tao, kung makamtan niya ang buong sanlibutan ngunit mapapahamak naman ang kanyang kaluluwa? [Tingnan sa Marcos 8:36.], Huwag kaligtaan ang layunin ng paglikha sa atin; sa halip kumilos tayo para sa kaligtasan ng ating kaluluwa.[13]

Ang isa sa nakalulungkot na mga bagay sa buhay ay ang makitang pumanaw ang isang lalaki o babae batid na tinanggihan nila ang mas dakilang mga pagpapalang handog ng ating Ama sa kanila, at patuloy na inaasam ang bagay na naglaho na. Kapag iniisip ko ang milyun-milyong anak ng Diyos sa mundo, at nalalaman kung gaano kaliit ang kanilang pagsisikap na makamtan ang mga bagay na tunay na makabuluhan, nalulungkot ako.[14]

Alalahanin na ang katalinuhang inyong natamo ang siyang walang-hanggan, ang katotohanang nalalaman ninyo rito at ipinamumuhay, ang kaalaman at karanasang inyong natamo at napakinabangan—ang mga ito ang madadala ninyo sa kabilang-buhay.[15]

Ang mga yamang matatagpuan natin kapag sumakabilang-buhay tayo ay ang ating mga natipon mula sa paglilingkod sa iba pang mga anak ng ating Ama na nakasalamuha natin dito. Ginawa Niyang posible ito para sa ating lahat, at habang narito tayo magiging mas masaya tayo sa paglilingkod sa ating kapwa kaysa iba pang paraan.[16]

Hindi mahalaga kung gaano kayo kayaman, kung gaano karami ang inyong ari-arian, at kung gaano karaming papuri ng tao ang matanggap ninyo, at lahat ng bagay na iyon na kanais-nais sa mundo. Ang bagay na ibinigay sa inyo ng Diyos na higit na mahalaga kaysa ibang bagay ay ang pagkakataong magtamo ng buhay na walang-hanggan sa kahariang selestiyal at makasama ninyo, sa buong kawalang-hanggan, ang inyong mga anak na lalaki at babae, ang inyong asawa na nakasama ninyo rito sa mundo.[17] [Tingnan ang mungkahi 4 sa pahina 86.]

---

**Dahil kay Jesucristo, tayo ay mabubuhay na mag-uli.**

Ang matwid na pamumuhay ng Tagapagligtas ay sakdal na halimbawa sa lahat, at ang Kanyang pagkabuhay na mag-uli ang unang pagtiyak sa sangkatauhan na tayo man ay babangon mula sa libingan.[18]

Nang magbangon si Jesucristo mula sa mga patay Siya ang pangunahing bunga ng pagkabuhay na mag-uli. Ang espiritung anak ng Ama (ang matalinong bahagi ng Kanyang kaluluwa) ay muling pumasok sa Kanyang katawang-lupa na napadalisay, at Siya ay naging maluwalhati at selestiyal na nilalang, at lumuklok sa Kanyang lugar, sa kanang kamay ng Ama, bilang isa sa Panguluhang Diyos. May kapangyarihan Siyang daigin ang kamatayan dahil nasunod Niya ang lahat ng batas ng Kanyang Ama na sumasakop dito; at dahil nadaig niya ang kamatayan ginamit niya ang kapangyarihan upang ang buong sangkatauhan ay mabuhay na mag-uli, at lahat ay luwalhatiin din dahil sa pagsunod sa Kanyang mga turo, na napakasimple upang lahat ay makasunod kung gugustuhin nila.[19]



*"Ang pagkabuhay na mag-uli [ng Tagapagligtas] ang unang pagtiyak sa sangkatauhan na tayo man ay babangon mula sa libingan."*

Si Jesucristo ay walang-bahid ng kasalanan. Dahil sa Kanyang kadalisayan, kabutihan at kabanalan, nabuksan Niya ang mga pintuan ng bilangguan, upang daigin ang kamatayan at libingan, at manguna sa daan . . . patungo sa langit na iyon na inaasahan nating patunguhan.[20]

Maaari nating basahin ang bahagi 88 ng Doktrina at mga Tipan at tingnan ang sinabi ng Panginoon tungkol sa ating pagkabuhay na mag-uli, hindi lamang tungkol sa pagkabuhay na mag-uli ng Tagapagligtas, kundi sinabi Niya ang maaaring mangyari sa atin. . . . Ipinaalam sa atin sa bahaging ito na ang ating katawan ay ibabangon mula sa libingan, hindi ibang mga katawan, at ang mga espiritung nag-aangkin ng mga tabernakulong ito ngayon ay papasok sa mga tabernakulo ring ito matapos itong malinis at mapadalisay at magawang imortal. [Tingnan sa D at T 88:14–17, 28–33.][21]

Ngayon napakaraming tao sa mundo na hindi alam kung ano ang pagkabuhay na mag-uli. Itinuturo ba ninyo sa inyong mga anak at mga kasama ang kahulugan nito? . . . Ang pagkabuhay na mag-uli

[ng Tagapagligtas] ay malinaw sa mga Banal sa mga Huling Araw na nakauunawa sa ebanghelyo, ngunit napakaraming taong hindi nakauunawa sa kahulugan nito. . . . Ang layunin ng Ebanghelyo ni Jesucristo ay ihanda ang bawat lalaki, babae at bata para sa panahon na kung saan ang lahat ng namatay ay ibabangon mula sa kanilang libingan, at kung kailan itatatag na ng ating Ama sa Langit ang kanyang kaharian sa lupa at mananahan doon ang mga matwid at si Jesucristo ang ating magiging Hari at Tagapagbigay ng batas.[22] [Tingnan ang mungkahi 5 sa pahina 86.]

## Ang ating kaalaman tungkol sa imortalidad ng kaluluwa ay nagbibigay ng inspirasyon, lakas ng loob, at aliw sa atin.

Mababasa natin sa Job, "Nguni't may espiritu sa tao, at ang hinga ng Makapangyarihan sa lahat ay nagbibigay sa kanila ng unawa." [Job 32:8.] Ang mga hindi nakatanggap ng inspirasyong iyon ay hindi mauunawaan ang kahulugan ng pagkabuhay na mag-uli mula sa mga patay, at kung wala ang pag-unawang iyan sa tingin ko ay kakatiting ang kaligayahan ng matatanda na naghihintay na lisanin ng espiritu ang katawan upang pumunta sa isang lugar na hindi nila alam kung saan.[23]

Ah, labis tayong malulungkot kung maisip natin na nagwakas sa kamatayan ang ating buhay. Kung mawalan tayo ng pagkakataong umunlad pa, pagkatapos ng ating gawain sa mundo, kakaunti na lamang ang magiging inspirasyon nating mamuhay nang nararapat dito. Ang kaalaman na lahat ng kabutihang ginagawa natin dito, at lahat ng pag-unlad na ginagawa natin, ay magdaragdag sa ating kaligayahan nang walang-hanggan, at hihikayat sa atin na gawin ang lahat ng ating makakaya.[24]

Lahat tayo ay mabilis na nagdaraan sa panahong iyan na tayo ay tatawagin mula rito. Kung hindi natin naunawaan na may kabilang-buhay, kung hindi natin nalaman na may hihigit pa sa impluwensyang natanggap na natin, kung wala nang ibang dahilan para mabuhay kundi para sa walang kabuluhan, marami, para sa akin, ang mapapagod sa pagsisikap na gagawin para mabuhay rito. Ngunit sa awa ng ating Ama sa Langit ipinagkaloob niya sa atin ang pinakamagagandang kaloob na dumarating sa tao.[25]

Biniyayaan tayo ng Panginoon ng kaalaman na siya ay buhay, at may katawan, at na tayo ay nilikha sa kanyang larawan. Hindi tayo naniniwala na siya ay isang uri ng diwa o hindi siya maunawaan. Kung natanggap na ninyo ang patotoong dumating sa akin at malaman tulad ko na inihayag ng Ama sa Langit ang kanyang sarili sa mga anak ng tao, na siya ay isang personal na Diyos, na tayo ay nilikha sa kanyang larawan, na ang ating espiritu ay isinilang sa kanya, na tayo ay binigyan niya ng pagkakataong manirahan sa lupa upang tumanggap ng pisikal na tabernakulo, para maging handa tayong bumalik sa kanyang piling at mabuhay na kasama niya sa walang-hanggan, sinasabi ko, kung natanggap na ninyo ang katiyakang iyan, may pundasyon na kayong mapagsasaligan ng inyong pananampalataya. Kapag inalis iyan sa inyo, ang kaalaman na talagang ang Diyos ay buhay, ang katiyakan na si Jesucristo ay Diyos na nagkatawang-tao, kapag inalis sa inyo ang katiyakan na may literal na pagkabuhay na mag-uli mula sa mga patay, at makita ninyo ang inyong sarili sa kalagayang kinasasadlakan ng mga anak ng ating Ama sa buong mundo, itatanong ko sa inyo, ano pa ang kaaliwan ninyo? Ito ang mga katotohanang napakahalaga.[26]

Mas marami ang mga mahal ko sa buhay na nasa kabilang-buhay na kaysa narito, at hindi magtatagal sa pagdaan ng mga panahon na pati ako ay babawian na rin ng buhay. Hindi ko inaasam ang oras na iyon nang may pighati at kalungkutan, kundi nang may pag-asa at katiyakan na ang pagbabago, kapag nangyari, ay para sa ibayong kaligayahan at kapakinabangan na hindi mapapasaatin sa buhay na ito.[27]

Kapag natanto natin na ang kamatayan ay isa lamang sa mga hakbang na gagawin ng mga anak ng Diyos sa buong kawalang-hanggan, at iyon ay ayon sa kanyang plano, inaalis nito ang tibo ng kamatayan at inihaharap tayo sa katotohanan ng buhay na walang-hanggan. Maraming pamilya ang pansamantala nang nagpaalam sa kanilang mga minamahal. Kapag may namamatay, nababagabag tayo, kung tutulutan natin, at sa gayon ay naghahatid ito ng kapighatian sa ating buhay. Ngunit kung mabubuksan ang ating espirituwal na mga mata at makikita natin, maaaliw tayo, natitiyak ko, sa ating makikita. Hindi tayo iniwan ng Panginoon nang walang pag-asa. Sa kabilang banda binigyan niya tayo ng buong katiyakan ng

walang-hanggang kaligayahan, kung tatanggapin natin ang kanyang payo at gabay habang narito tayo sa mundo.

Hindi ito isang pangarap na walang-kabuluhan. Totoo ang mga ito. Sa inyo na mga miyembro ng Simbahan ni Jesucristo, ang kuwentong ito ay simple, ngunit totoo. May mga sagradong banal na kasulatang ibinigay sa atin ang Ama sa Langit, na nagtuturo sa atin na tayo ay nabubuhay magpasawalang-hanggan. . . . Ibinigay sa atin ng Panginoon ang impormasyong ito nang buong linaw, at mula sa kaibuturan ng aking puso ay pinasasalamatan ko siya para sa kaalamang ibinigay niya sa atin, na ang mga nagdadalamhati ay maaaliw at mauunawaan natin mismo ang ating layunin sa pagparito. Kung makakausap natin ang mga sumakabilang-buhay na, sasabihin nila, "Magpatuloy, magpatuloy, para sa mithiing magdudulot sa atin ng walang-hanggang kaligayahan nang sama-sama." Gawin ang mga ipagagawa sa inyo ng Panginoon, at mapapasainyo ang lahat ng makabuluhan; ngunit sa kabilang banda patuloy kayong magtitipon ng mga kayamanan sa langit kung saan hindi sumisira ang tanga at kalawang o nagnanakaw ang mga magnanakaw. [Tingnan sa Mateo 6:19–20.]

Iniiwan ko sa inyo ang aking patotoo na alam ko na walang-hanggan ang ating buhay, at na ang pansamantalang paghihiwalay dahil sa kamatayan . . . ay isa lamang sa mga hakbang sa landas ng walang-hanggang pag-unlad at kalaunan ay magbubunga ng kaligayahan kung tayo ay tapat.[28] [Tingnan ang mungkahi 6 sa pahina 86.]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

Pag-isipan ang mga ideyang ito habang pinag-aaralan ninyo ang kabanata o naghahanda kayong magturo. Para sa karagdagang tulong, tingnan sa mga pahina v–viii.

1. Sa nabasa ninyo sa "Mula sa Buhay ni George Albert Smith" (mga pahina 75–76), isipin ang isang pagkakataon na sinikap ninyong aliwin ang isang tao nang mamatay ang isang mahal niya sa buhay. Ano ang nagdulot ng kaaliwan kay Pangulong Smith?

2. Itinuro ni Pangulong Smith na "ang [buhay na] ito ay bahagi lamang ng kawalang-hanggan" (pahina 77). Ano ang ibig sabihin nito sa inyo? Paano naiimpluwensyahan ng pagkaunawa natin sa tuntuning ito ang ating mga pasiya o desisyon?
3. Pag-aralan ang bahaging nagsisimula sa pahina 77. Paano naiiba ang mga turo sa bahaging ito sa itinuturo ng mundo tungkol sa layunin ng buhay? Anong mga karanasan natin sa buhay na ito ang makakatulong sa atin na "makibahagi sa mga katangian ng Diyos"?
4. Pag-aralang muli ang bahaging nagsisimula sa pahina 79, lalo na ang huling apat na talata ng bahagi. Bakit parang "[pag-asam] sa [isang] bagay na naglaho na" ang paghahangad sa mga bagay na makamundo?
5. Sa pahina 81, tinukoy ni Pangulong Smith ang impormasyon tungkol sa pagkabuhay na mag-uli sa Doktrina at mga Tipan 88. Ano ang itinuturo sa inyo ng mga talata 14–17 at 28–33 sa bahaging ito tungkol sa pagkabuhay na mag-uli? Ano ang ilang epektibong paraan para maituro sa mga bata ang tungkol sa pagkabuhay na mag-uli?
6. Basahin ang bahaging nagsisimula sa pahina 83. Ano ang ilan sa mga pagsubok sa buhay na mas gumaan dahil may patotoo kayo tungkol sa mga tuntuning itinuro sa bahaging ito?

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan:* I Mga Taga Corinto 15:12–26, 35–42, 53–58; 2 Nephi 9:6–13; Alma 12:24; 28:12; Doktrina at mga Tipan 93:19–20, 29–34; 130:18–19; Abraham 3:24–26

*Tulong sa pagtuturo:* "Papiliin ang mga kasali ng isang bahaging gusto nila at ipabasa ito sa kanila nang tahimik. Sabihing magsama sa dalawahan o tatluhang grupo ang magkakapareho ang napiling bahagi at ipatalakay ang natutuhan nila" (mula sa pahina vii ng aklat na ito).

## Mga Tala

1. Sa Conference Report, Okt. 1944, 94.
2. Sa *Deseret News,* Peb. 13, 1932, bahaging pang-Simbahan, 5, 7.
3. "Mormon View of Life's Mission," *Deseret Evening News,* Hunyo 27, 1908, bahaging pang-Simbahan, 2.
4. Sa Conference Report, Abr. 1905, 62.

5. Sa Conference Report, Okt. 1923, 70–71.
6. Sa Conference Report, Abr. 1905, 59.
7. Sa Conference Report, Okt. 1906, 48.
8. Sa Conference Report, Okt. 1926, 102.
9. "Mormon View of Life's Mission," 2.
10. Sa Conference Report, Abr. 1905, 63.
11. Sa Conference Report, Okt. 1909, 78.
12. Sa Conference Report, Abr. 1932, 44.
13. Sa Conference Report, Okt. 1906, 50.
14. Sa Conference Report, Okt. 1923, 70.
15. "Mormon View of Life's Mission," 2.
16. Sa *Deseret News,* Mayo 26, 1945, bahaging pang-Simbahan, 6.
17. Sa Conference Report, Abr. 1948, 163.
18. "President Smith Sends Greetings," *Deseret News,* Dis. 27, 1950, bahaging pang-Simbahan, 3.
19. "Mormon View of Life's Mission," 2.
20. Sa Conference Report, Abr. 1905, 60.
21. Sa Conference Report, Abr. 1939, 122–23.
22. Sa Conference Report, Abr. 1950, 187–88.
23. Sa Conference Report, Abr. 1939, 121.
24. Sa Conference Report, Okt. 1921, 41.
25. Sa Conference Report, Okt. 1923, 71.
26. Sa Conference Report, Okt. 1921, 39.
27. Sa *Deseret News,* Mayo 26, 1945, bahaging pang-Simbahan, 4.
28. "Some Thoughts on War, and Sorrow, and Peace," *Improvement Era,* Set. 1945, 501.



*Loob ng Kirtland Temple, kung saan nagpakita ang propetang si Elijah kay Joseph Smith at ipinagkaloob sa kanya ang kapangyarihang magbuklod at ang mga susi ng gawain para sa mga patay.*

# Mga Pagpapala ng Templo para sa Ating Sarili at sa Ating mga Ninuno

*Ang layunin ng mga templo ay maglaan ng lugar kung saan maisasagawa ang mga banal na ordenansa para sa mga buhay at patay.*

## Mula sa Buhay ni George Albert Smith

Noong 1905, bilang isang bagong Apostol, nilibot ni George Albert Smith ang ilang mahahalagang lugar sa kasaysayan ng Simbahan kasama si Pangulong Joseph F. Smith at ang iba pang mga miyembro ng Korum ng Labindalawa. Ang isang lugar na binisita nila ay ang Kirtland, Ohio, kung saan itinayo ng naunang mga Banal ang unang templo sa dispensasyong ito. "Nang matanaw namin ang bayan," paggunita ni Elder Smith, "ang una naming nakita ay ang magandang templo ng Kirtland. . . . Doon nakita ni Propetang Joseph Smith at [Oliver Cowdery] ang Tagapagligtas sa sandigan ng pulpito. Doon ipinagkaloob sa kanila ni Moises ang mga susi ng pagtitipon ng Israel; at dumating sina Elias at Elijah sa kapangyarihan at karingalan ng kanilang mga dakilang tungkulin, at ibinigay ang mga susing ipinagkatiwala sa kanila noong panahon ng kanilang ministeryo sa lupa."

Habang naglilibot ang grupo sa templo, naisip ni Elder Smith ang matatapat na Banal na nagtayo nito. "Nang matanto namin na ang gusali ay itinayo ng mga taong nagdarahop, kung paano nagtrabaho maghapon ang magigiting na lalaki upang mailatag ang mga pundasyon at itayo ang mga pader ng gusaling iyon, at sa gabi ay tumayo at ipinagtanggol ito gamit ang mga sandata laban sa mga sumumpa na hindi dapat matapos kailanman ang pagtatayo ng gusaling iyon, hindi namin maiwasang madama na hindi

kataka-takang tinanggap ng Panginoon ang kanilang mga handog at pinagpala silang tulad ng iilang tao sa ibabaw ng lupa."[1]

Ilang taon pagkaraan, matapos maitalaga bilang Pangulo ng Simbahan, inilaan ni Pangulong Smith ang Idaho Falls Idaho Temple. Sa panalangin ng paglalaan, nagpasalamat siya sa nakapagliligtas na gawaing isinagawa sa templo para sa mga buhay at patay:

"Salamat sa inyo, Oh Diyos, sa pagsusugo kay Elijah, ang sinaunang propeta, na kung kanino ay '. . . ipinagkatiwala ang mga susi ng kapangyarihan ng pagbabaling ng mga puso ng mga ama sa mga anak, at ang mga puso ng mga anak sa mga ama, upang ang buong sangkatauhan ay hindi bagabagin ng isang sumpa.' [D at T 27:9.] Nagpapasalamat po kami na ipinadala siya sa inyong tagapaglingkod na si Joseph Smith, upang ipagkaloob ang mga susi at awtoridad ng gawain para sa mga patay, at ihayag na sakop o saklaw ng plano ng kaligtasan ang buong sangkatauhan, na ang ebanghelyo ay pangkalahatan, at kayo ay walang kinikilingan, matapos bigyang-daan ang pangangaral ng ebanghelyo ng kaligtasan kapwa sa nabubuhay at sa mga patay. Lubos po kaming nagpapasalamat sa inyo na inilaan ang kaligtasan para sa lahat ng nais maligtas sa inyong kaharian.

"Nawa'y masiyahan ang inyong mga tao na saliksikin ang genealogy ng kanilang mga ninuno upang sila ay maging mga tagapagligtas sa Bundok ng Sion sa pamamagitan ng paggawa sa inyong mga templo para sa kanilang mga kamag-anak na yumao. Dalangin din namin na ang diwa ni Elijah ay mapasalahat ng tao sa lahat ng dako nang sila ay mahikayat na tipunin at kunin ang genealogy ng kanilang mga ninuno; at magamit ng inyong matatapat na anak ang mga banal na templo kung saan maisasagawa nila para sa mga patay ang lahat ng ordenansang may kinalaman sa kanilang walang hanggang kadakilaan."

Sa kanyang panalangin kinilala rin ni Pangulong Smith na ang templo ay talagang bahay ng Panginoon at isang lugar kung saan madarama ang presensya ng Diyos:

"Sa araw na ito kaming narito ngayon ay inilalaan ang Templo sa inyo at lahat ng nauukol dito upang maging banal ito sa inyong paningin; upang ito ay maging bahay ng panalangin, bahay ng papuri

at pagsamba, upang dumito ang inyong kaluwalhatian at manatili rito ang inyong banal na presensya; at upang maging katanggap-tanggap na tahanan ito ng inyong Pinakamamahal na Anak na si Jesucristo, na aming Tagapagligtas; nang ito ay kapwa mapabanal at mailaan ang lahat ng bahagi nito sa inyo, at dalangin namin na lahat ng papasok sa inyong Bahay ay madama ang kabanalan nito. . . .

"Ama namin sa Langit, hayaan sana ninyong madamang lagi ang inyong presensya rito, nang lahat ng magtipon dito ay matanto na sila ay mga panauhin ninyo at na ito ay inyong Bahay."[2] [Tingnan sa mungkahi 1 sa pahina 99.]

## Mga Turo ni George Albert Smith

### Sa mga templo tinatanggap natin ang mga sagradong ordenansa, kabilang na ang mga ordenansang nagbibigkis sa mga pamilya sa kawalang-hanggan.

Upang maihanda tayo para sa kahariang [selestiyal], sa awa ng Panginoon, ipinanumbalik niya sa mga huling araw na ito ang Ebanghelyo ni Jesucristo, at inilagak dito ang banal na awtoridad, at saka niya binigyan ng pang-unawa ang Kanyang mga anak upang matanggap at maisagawa ang ilang ordenansa. Dahil sa layuning ito nagtayo ng mga templo at sa loob ng mga templong iyon yaong mga naghahangad ng lugar sa Kahariang Selestiyal ay may pagkakataong magpunta roon at tanggapin ang kanilang mga pagpapala, upang pagyamanin ang kanilang buhay at ihanda sila para sa kahariang iyon.[3]

Tayo lamang ang mga tao sa mundo na nakaaalam kung para saan ang mga templo.[4]

Bawat [templo] ay itinayo sa isang dakila at walang hanggang layunin: upang magsilbing Bahay ng Panginoon, upang maglaan ng isang lugar na sagrado at angkop sa pagsasagawa ng mga banal na ordenansang nagbubuklod sa lupa gayundin sa langit—mga ordenansa para sa mga patay at buhay na tumitiyak sa mga tumatanggap nito at tapat sa kanilang mga tipan, na mapapasakanila at makakasama nila ang kanilang pamilya, mga daigdig na walang katapusan, at kadakilaan na kasama sila sa kahariang selestiyal ng ating Ama.[5]

Dapat tayong magpasalamat sa kaalaman tungkol sa kawalang-hanggan ng tipan sa kasal. Kung sa buhay lamang na ito tayo may pag-asa, talagang tayo ang magiging pinakamiserable sa lahat [tingnan sa I Mga Taga Corinto 15:19]. Ang katiyakan na ang ating kaugnayan dito bilang mga magulang at mga anak, bilang mga mag-asawa ay magpapatuloy hanggang sa langit, at na ito ay simula lamang ng isang dakila at maluwalhating kaharian na itinakda ng ating Ama na manahin natin sa kabilang-buhay, ay nagbibigay sa atin ng pag-asa at galak.[6]

Kung iisipin ko, gaya ng iniisip ng marami, na ngayong wala na ang pinakamamahal kong asawa at mga magulang, nawala na sila sa akin at hindi ko na sila makikita kailanman, pagkakaitan ako nito ng isa sa mga pinakamalaking kagalakan ko sa buhay: ang isipin ko na muli ko silang makikita, at sasalubungin nila ako at mamahalin, at pasasalamatan ko sila sa kaibuturan ng aking puso para sa lahat ng bagay na nagawa nila para sa akin.

Ngunit milyun-milyon sa mga anak ng ating Ama ang hindi nakaaalam na sa pakikibahagi sa ilang ordenansang iniutos ng ating Ama sa Langit, ang mga mag-asawa ay maaaring magkasamang muli sa buhay na ito at sa kawalang-hanggan at makapiling ang kanilang mga anak magpakailanman. Dapat nating ipagpasalamat nang husto ang kaalamang iyan.[7]

Iilang lugar lamang sa mundo ang maaaring pagkasalan sa atin para sa kawalang-hanggan, at iyon ay sa mga templo ng Diyos. . . . Marami rin sa mga kapatid natin, na pawang mga anak ng ating Ama sa Langit, ang hindi nabibigyan ng ganitong pribilehiyo dahil sa . . . di-maiiwasang mga dahilan. Ngunit kung namumuhay sila nang marapat at sinamantala nila ang pribilehiyong ito, kung nakaya nilang gawin iyon, walang mawawala sa kanila sa pansamantalang masasamang sitwasyong ito. Ngunit isipin ninyo kung gaano lalaki ang responsibilidad ng mga taong namumuhay sa lugar kung saan maaaring magsama nang walang hanggan ang mga lalaki at babae, at kung saan sila makapupunta para gawin ang gawain para sa kanilang mga yumao! Walang ganitong pagpapala ang mga tao sa mundo. Iniisip ko kung pinahahalagahan nga natin ito. . . .

Turuan natin ang ating mga kabataan tungkol sa mga bagay na ito habang bata pa sila, upang kapag mag-aasawa na sila, wala nang



*"Iilang lugar lamang sa mundo ang maaaring pagkasalan sa atin para sa kawalang-hanggan, at iyon ay sa mga templo ng Diyos."*

alinlangan sa kanilang isipan kung saan o paano o sino ang dapat magsagawa ng sagradong ordenansang iyon—at ang tanging lugar kung saan maaari itong isagawa para sa buhay na ito at sa kawalang-hanggan ay sa loob ng templo.[8]

Pinasasalamatan ko [ang Panginoon] sa lahat ng ordenansang natanggap ko sa Bahay ng Panginoon, na bawat isa ay nakalaan hindi lamang para sa akin, kundi pinayagan akong tanggapin ang bahaging para sa lahat ng kanyang anak, saanman sila naroon, kung handa silang tanggapin ang iniaalok niya sa kanila, nang walang bayad.[9]

Lahat ng . . . templong itinayo o ilalaan pa lamang, ay mapapatunayang isang napakalaking pagpapala sa lahat ng taong karapat-dapat na gumamit ng pribilehiyong ito, kapwa para sa kanilang sarili at para sa mga kamag-anak nilang yumao.[10] [Tingnan sa mungkahi 4 sa pahina 100.]

## Sa pamamagitan ng gawain sa templo naipapaabot natin ang mga walang hanggang pagpapala sa ating mga ninunong namatay na.

Ang genealogical society ay gumugol ng maraming taon sa pangongolekta ng impormasyon sa [family history], at ang iba ay gumugugol ng maraming taon sa pagpunta sa Bahay ng Panginoon upang magpabinyag para sa mga patay, pagbuklurin ang mga magasawa at mga anak sa isa't isa, pagbuklurin ang pamilya gaya ng ipinagagawa sa atin ng ating Ama sa Langit. Makabubuting itanong ng bawat isa sa kanyang sarili: Ano ang ginagawa ko tungkol dito? Ginagawa ko ba ang bahagi ko? Sinabi ng ating Ama sa Langit sa mga tao sa pamamagitan ni Joseph Smith na, kung hindi natin gagawin ang gawain para sa ating mga yumao, mawawala sa atin ang ating mga pagpapala, at iwawaksi tayo, at ang isa sa pinakahuling mga bagay na sinikap gawin ng Propeta ay tapusin ang pagtatayo ng isang templo na mapupuntahan ng mga tao para isagawa ang gawain para sa kanilang mga yumao. Ganyan ito kahalaga. Kailangan itong gawin ng isang tao.[11]

Naaalala ko rito ang kuwento tungkol sa magkapatid na nakatira sa isang bayan sa hilagang Utah: Ang mas matandang si Henry ay mataas ang katungkulan sa bangko at isang negosyante, at sagana sa buhay. Ang isa naman, si George, ay isang magsasaka, at sapat lang sa kanyang mga pangangailangan, ngunit hangad niyang gawin ang gawain sa templo para sa kanilang mga yumao. Sinaliksik niya ang kanilang genealogy at nagpunta sa templo at ginawa ang gawain para sa mga yumao.

Isang araw sabi ni George kay Henry, "Palagay ko dapat kang magpunta sa templo at tumulong."

Pero sabi ni Henry, "Wala akong panahong gumawa ng ganyan. Nauubos ang oras ko sa pag-aasikaso sa negosyo ko." . . .

Pagkaraan ng mga isang taon, tumawag si Henry sa bahay ni George at sinabing, "George, nanaginip ako, at nag-aalala ako. Masasabi mo kaya sa akin ang kahulugan niyon?"

Nagtanong si George, "Ano ang napanaginipan mo, Henry?"



*"Isipin ang debosyon at katapatan ng mga taong araw-araw na nagpupunta sa mga templong ito at nagsasagawa ng gawain para sa mga nasa kabilang-buhay na."*

Sabi ni Henry, "Nanaginip ako na namatay tayong dalawa at nasa kabilang-buhay na tayo. Habang naglalakad, may naraanan tayong isang magandang lungsod. Sama-sama ang mga tao sa mga grupo sa maraming lugar, at bawat lugar na pinuntahan natin ay kinamayan ka nila at inakbayan at binasbasan at sinabi na malaki ang pasasalamat nilang makita ka, pero," wika niya, "ni hindi nila ako pinansin; ayaw nila akong kaibiganin. Ano ang kahulugan niyon?"

Tanong ni George, "Akala mo nasa kabilang-buhay na tayo?"

"Oo."

"Kung ganoon, ito ang sinasabi ko sa iyo noon pa. Sinisikap kong hikayatin kang gawin ang gawain para sa mga taong iyon na nasa kabilang-buhay. Ginagawa ko na ang gawain para sa marami sa kanila, pero kailangan pang gawin ang gawain para sa marami pang iba. . . . Mabuti pa kumilos ka na, dahil natikman mo na ang

maaari mong asahan pagdating mo roon kung hindi mo gagawin ang iyong bahagi sa pagsasagawa ng gawain para sa kanila." [Tingnan sa mungkahi 3 sa pahina 100.]

Maraming beses ko nang napag-isapan ang kuwentong ito sa buhay ng magkapatid. Maraming tao ang hindi nauunawaan ang kahalagahan at kasagraduhan ng buhay; hindi nila nauunawaan ang kasagraduhan ng kasal na walang hanggan. May ilan sa ating mga tao na walang interes sa kanilang genealogy. Wala silang pakialam sa kanilang mga ninuno; ganoon nga ang maiisip ninyo dahil sa kanilang inaasal. Hindi sila nagpupunta sa templo para gawin ang gawain para sa kanilang mga yumao. . . .

. . . Matapos tayong makapasok sa Bahay ng Panginoon para sa sarili nating mga pagpapala, isipin naman natin ang ating responsibilidad sa ating mga ninuno. Ano ang isasalubong sa inyo kapag nasa kabilang-buhay na kayo? Kayo ba ang lalapitan nila at pagpapalain sa buong kawalang-hanggan, o makakatulad kayo ng kapatid na buong kasakimang nilulutas ang kanyang mga problema rito at hindi tinutulungan ang mga taong hindi matulungan ang kanilang sarili?[12]

Alam ninyong ibinigkis tayo ng dakilang gawaing ginagawa sa mga templo ng ating Ama, kung saan ang mga pamilyang hindi nabigkis noon ay ibinibigkis ng kapangyarihan ng Banal na Priesthood. Layon ng Panginoon na bawat isa sa kanyang mga anak na lalaki at babae ay magkaroon ng pagkakataong mabiyayaan, hindi lamang dito sa lupa, kundi magtamasa ng mga walang hanggang biyaya.

Isipin ninyo ang debosyon at katapatan ng mga taong araw-araw na nagpupunta sa mga templong ito at nagsasagawa ng gawain para sa mga nasa kabilang-buhay na, at dapat ninyong malaman na yaong mga nasa kabilang-buhay na ay nag-aalala rin sa atin. Ipinagdarasal nila tayo at ang ating tagumpay. Nagsusumamo sila, sa sarili nilang paraan, para sa kanilang mga inanak, para sa kanilang mga inapo na nabubuhay sa mundo.[13]

---

## Aalalayan tayo ng Panginoon sa pagsasaliksik sa yumao nating mga kamag-anak.

Sa Chicago ilang taon na ang nakalilipas, sa pagdaraos ng Century of Progress Exposition, nagpunta ako sa booth ng ating

Simbahan isang araw at tinanong ko ang mga misyonero kung sino ang namamahala sa malaking eksibisyong pangkultura at siyensya.

Sinabi nila sa akin na iyon ay ang lalaking nagngangalang Dawes, at itinanong ko, "Kapatid ba siya ni Charles G. Dawes, na dating vice president ng Estados Unidos at embahador sa Great Britain?"

At sumagot sila ng, "Opo."

"Kung gayon," sabi ko, "Natutuwa akong malaman iyan. Nagkataong kilala ko siya."

Sabi ko sa sarili ko, "Tatawagan ko na lang siya. Si Henry Dawes iyon." Kilala ko si Henry Dawes, kaya nagpunta ako sa telepono at tumawag sa kanyang opisina. Sinabi ng sekretarya . . . kay Mr. Dawes na naroon si George Albert Smith ng Salt Lake City at gustong makipagkita sa kanya, at sinabihan niya ang sekretarya na papasukin ako. Kaya, sa halip na papilahin ako sa likod ng sandaang tao para maghintay, dinala niya ako sa pintuan sa gilid, at naroon at nakatayo sa harapan ko ang isang matangkad na lalaki na noon ko lang nakita.

Sabi niya, "Ako si Mr. Dawes."

Napakabait niya, pero para na ninyong nakita kung gaano ako kahiya. Siya *nga* si Mr. Dawes, at kapatid siya ni Ambassador Dawes, ngunit siya pala si Rufus Dawes. Hindi ko alam na may Rufus Dawes pala sa mundo.

"Naparito ako," sabi ko, "para sabihin sa iyo na napakaganda ng eksibisyon, at pasalamatan ka sa ginawa mong pag-oorganisa at pamamahala rito. Kahanga-hanga ang nagawa mo, at napakaraming taong natuto rito. Ngayon, alam kong abala kang tao, at iyon lang ang ipinunta ko at gusto kong sabihin, at para batiin ka at pasalamatan."

"Napakabait mo naman," wika niya. "Pumasok ka."

"Hindi na, iyon lang naman ang gusto kong sabihin," sagot ko.

Sabi niya, "Tumuloy ka."

Sabi ko, "Hindi na, daan-daang tao ang naghihintay na makita ka."

"Walang isa man sa kanila ang magsasabi ng kasingganda ng sinabi mo."

Kaya pumasok ako, na wala nang maisip at halos kapos ang hininga. Pilit niya akong pinaupo, at ang sumunod kong sinabi ay: “Siyanga pala, Mr. Dawes, saan nanggaling ang lahi mo?”

“Ibig mo bang sabihin sa Amerika?” tanong niya.

“Kahit saan.”

Sabi niya, “Interesado ka ba sa genealogy?”

“Tama ka.” sagot ko. “Nasa amin ang isa sa pinakamagagandang genealogical library sa Salt Lake City.”

Sabi niya, “Sandali lang,” at lumabas siya sa kanyang opisina at nagbalik na may dalang kahon na kasinlaki ng lumang Biblia ng pamilya. Kinuha niya ang kanyang kutsilyo, binuksan ang kahon, at kinuha ang isang paketeng nakabalot sa puting tissue paper. Tinanggal niya ang tissue paper at inilagay sa mesa ang isa sa mga aklat na napakaganda ng pabalat na nakita ko. Napakaganda ng pagkalimbag at napakaraming larawan nito, at ang pabalat ay napapalamutian ng ginto.

Habang tinitingnan ko, sabi ko, “Mr. Dawes, napakaganda ng pagkagawa nito.”

“Dapat lang. Dalawampu’t limang libong dolyar ang ibinayad ko diyan.”

“Aba,” sabi ko, “sulit naman.”

Sabi niya, “May halaga ba iyan sa iyo?”

Sabi ko, “Mayroon kung akin ito.”

Sabi niya, “Sige, sa iyo na iyan!”—dalawampu’t limang libong dolyar na halaga ng genealogy ang iniabot sa akin ng lalaking limang minuto ko pa lamang nakikilala! Namangha ako. Natagalan pa nang kaunti ang una naming pag-uusap. Sinabi ko sa kanya kung gaano ako kasayang maangkin ito at na ilalagay ko ito sa genealogical library sa Salt Lake City.

Bago ako lumabas ng silid, sinabi niya, “Mr. Smith, genealogy ito ng aking ina, ang genealogy ng angkan ng mga Gates. Inihahanda rin namin ang genealogy ng aking ama—ang pamilya Dawes. Magiging katulad din iyon nito. Kapag natapos, padadalhan din kita ng kopya noon.”

Limampung libong dolyar na halaga ng genealogy!—at dahil lang sa sinikap kong magbigay-galang sa isang tao. Palagay ko hindi iyon nagkataon lang. . . .

Tinutulungan tayo ng Panginoon; kagila-gilalas kung paano nabuksan ang daan at paano nahihikayat ang mga tao kadalasan na ihanda ang kanilang mga genealogy. Ngunit kung minsan ay bigo tayong samantalahin ang ating mga pagkakataong ihanda ang ating genealogy, kahit malinaw pang sinabi ng Panginoon na kung hindi tayo gagawa ng gawain sa templo ay hindi tayo tatanggapin ng ating mga yumao [tingnan sa D at T 124:32]. Napakahalagang bagay nito. Isang bagay ito na hindi natin mababago, kung sinayang natin ang ating mga pagkakataon sa buhay na ito. . . . Hindi natin maaasahan ang iba na gawin ito para sa atin.

Kaya nga, ang Panginoon, sa kahit anong paraan, ay hinihikayat, pinapayuhan, at pinagbibilinan tayo na gawin ang ating gawain. Ang ilang pamilyang hindi makagawa ng gawain ay ipinagagawa sa ibang tao ang kanilang temple genealogy, at mga talaan.

Kung gagawin natin ang ating bahagi, ihahayag sa atin ang ating mga genealogy—kung minsa'y sa isang paraan, kung minsa'y sa ibang paraan. Kaya nais kong imungkahi sa inyo, mga kapatid: gampanan natin ang ating bahagi.[14] [Tingnan sa mungkahi 4 sa pahina 100.]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

Pag-isipan ang mga ideyang ito habang pinag-aaralan ninyo ang kabanata o naghahanda kayong magturo. Para sa karagdagang tulong, tingnan sa mga pahina v–viii .

1. Basahin ang mga hango mula sa panalangin sa paglalaan ng Idaho Falls Idaho Temple sa mga pahina 90–91, at basahin ang D at T 109:1–5, 10–13 (mula sa panalangin sa paglalaan ng Kirtland Temple). Pag-isipang mabuti ang nadarama ninyo kapag dumadalo kayo sa templo, at isipin ang mga karanasang nagpalakas ng inyong patotoo na ang templo ang bahay ng Panginoon.

2. Anong mga dahilan ang ibinigay ni Pangulong Smith sa pagtatayo ng mga templo? (tingnan sa mga pahina 91–92). Ano ang magagawa natin upang mahikayat ang mga kabataan na maghandang makasal sa templo?
3. Basahin ang kuwento sa mga pahina 94–95. Ano ang ilang simpleng paraan para makabahagi sa gawain sa family history ang isang taong maraming iba pang responsibilidad? Ano ang magagawa ng mga priesthood quorum at Relief Society upang makabahagi?
4. Repasuhin ang bahaging nagsisimula sa pahina 96. Paano kayo natulungan ng Panginoon sa pagsisikap ninyong maghanap ng impormasyon tungkol sa inyong mga ninuno? Anong iba pang mga pagpapala ang natanggap ninyo sa pakikibahagi sa gawain sa family history?

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan:* Malakias 4:5–6; Doktrina at mga Tipan 97:15–16; 110; 124:39–41; 128:9, 15–24.

*Tulong sa pagtuturo:* Kapag nagbabasa nang malakas ang isang tao mula sa mga turo ni Pangulong Smith, anyayahan ang iba pang mga miyembro ng klase na "pakinggan at hanapin ang mga tiyak na alituntunin o ideya. Kung ang isang talata ay naglalaman ng mga di-pangkaraniwan o mahihirap na salita o parirala, ipaliwanag ang mga ito bago ipabasa ang [talata]. Kung mayroon man sa grupo na maaaring nahihirapang magbasa, ipabasa sa mga boluntaryo sa halip na [pagsalit-salitin sila]" (*Pagtuturo, Walang Higit na Dakilang Tungkulin,* 69).

## *Mga Tala*

1. Sa Conference Report, Abr. 1906, 57.
2. "Dedicatory Prayer . . . Idaho Falls Temple," *Improvement Era,* Okt. 1945, 564–65.
3. Sa *Deseret News,* Peb. 13, 1932, bahaging pang-Simbahan, 7.
4. Sa Conference Report, Okt. 1950, 159.
5. "The Tenth Temple," *Improvement Era,* Okt. 1945, 561.
6. Sa Conference Report, Okt. 1905, 29.
7. "Priceless Prospects," *Improvement Era,* Hunyo 1950, 469.
8. "The Tenth Temple," 561, 602.
9. Sa Conference Report, Okt. 1929, 25.
10. "The Tenth Temple," 602.
11. "The Tenth Temple," 602.
12. "The Tenth Temple," 561, 602.
13. Sa Conference Report, Abr. 1937, 34–35.
14. "On Searching for Family Records," *Improvement Era,* Ago. 1946, 491, 540.

# Buksan ang Inyong Kaluluwa sa Panginoon sa Panalangin

*Sa pamamagitan ng personal at pampamilyang panalangin, madarama natin ang impluwensya ng Ama sa Langit sa ating buhay at sa ating tahanan.*

## Mula sa Buhay ni George Albert Smith

Ang panalangin ay mahalagang bahagi ng tahanang kinalakhan ni George Albert Smith. "Mga lihim at pampamilyang panalangin ang ginawa ng bawat miyembro ng pamilya," wika niya. "Maaga kong nalaman sa buhay na sasagutin ng Panginoon ang panalangin dahil sinagot Niya ang akin at maraming beses Niyang pinatunayan sa akin ang Kanyang maingat na pangangalaga."[1]

Kahit sa kanyang katandaan, masayang ginunita ni Pangulong Smith kung paano siya tinuruang magdasal ng kanyang inang si Sarah Farr Smith:

"Tinuruan ako ng isang madasaling inang Banal sa mga Huling Araw. Isa sa mga unang naaalala ko ay nang hawakan niya ako sa kamay at akayin ako paakyat. May dalawang kama sa silid, ang kamang tinutulugan ng mga magulang ko, at isang maliit na kamang de-gulong sa kabilang panig ng ilalim ng kama nila. Parang kahapon lamang. Pag-akyat namin sa itaas, umupo siya sa tabi ng maliit na kama ko. Pinaluhod niya ako sa harap niya. Pinagsalikop niya ang mga kamay ko at hinawakan ang mga ito, at itinuro sa akin ang una kong panalangin. Hinding-hindi ko iyon malilimutan. Ayaw ko iyong kalimutan. Isa iyon sa pinakamagagandang alaala ko sa



*"Malaking pagpapala ang tinatamasa natin . . . na matiyak ang banal na patnubay, na magkaroon ng lubos na pananalig sa isang Diyos na nagmamalasakit sa atin at nakikinig at sumasagot sa ating mga dalangin."*

buhay, isang inang parang anghel na nakaupo sa tabi ng kama ko at tinuturuan akong magdasal.

"Simpleng dasal lang iyon, pero . . . binuksan ng panalanging iyon ang mga dungawan sa langit. Iniunat sa akin ng panalanging iyon ang kamay ng aking Ama sa langit, sapagkat ipinaliwanag sa akin ni Inay ang ibig sabihin ng lahat ng ito ayon sa kayang unawain ng isang musmos. Mula noon hanggang ngayon, sa tinatayang isang milyong milyang nilakbay ko sa mundo sa piling ng ibang mga anak ng ating Ama, araw at gabi, saan man ako naroon, sa paghiga ko at pagbangon mula sa kama ko, nadarama ko na malapit ako sa aking Ama sa Langit. Nariyan lang Siya."[2]

Buong buhay niya, umasa sa panalangin si Pangulong Smith hindi lamang para mapalapit sa Diyos kundi para humingi rin ng tulong sa Kanya sa oras ng pangangailangan. Isang araw habang lumalangoy sa Pacific Ocean, sa baybayin ng California, ganito ang kanyang naranasan:

"Itinuring nila akong isang napakagaling na manlalangoy at ganap akong nasiyahan sa isport na ito. Sa araw na ito ay malaki ang tubig sa dagat at mabilis ang agos. Nang umalis ako sa pampang at lumangoy palaot, tinalon ko ang malalaking alon kapag umaangat ang mga ito at sumasalpok sa akin. Ang layon ko ay ang malalaking alon na lagpas pa roon, kung saan maaari akong tumihaya at sumakay sa indayog ng malalaking alon.

"Habang naaaliw sa nakatutuwang isport na ito, isang napakalaking alon ang umangat at sumalpok bago ko pa naipuwesto nang tama ang sarili ko matapos talunin ang naunang alon. Nahagip ako ng ikalawang alon at inilubog ako hanggang sa kailaliman ng dagat. Naramdaman ko na hinihigop ako nito pababa. Sa sandaling ito sunud-sunod ang mabilis na dating ng mga alon at hindi ko naipuwesto nang tama ang sarili ko bago talunin ang sunud-sunod na mga alon. Nadama ko na mabilis na naglalaho ang lakas ko, na kailangan kong makahanap kaagad ng anumang makakatulong sa akin. Habang nasa ibabaw ako ng isang malaking alon, nakita ko ang mga haligi ng daungan, at naisip ko na kung bigay-todong lakas ang gagamitin ko mararating ko ang mga haligi at maililigtas ko ang buhay ko.

"Tahimik kong hiniling sa aking Ama sa Langit na bigyan ako ng lakas para makarating doon. Nang tangayin ako ng tubig hanggang isang dipa mula sa piyer, inabot ko ito at ipinulupot ang mga braso ko sa isa sa mga haligi. Puno ito ang matatalim na susong-dagat, at nang ipulupot ko rito ang mga braso at binti ko para manatiling ligtas, nagkahiwa-hiwa naman ang dibdib, mga binti at hita ko. Kumapit ako hangga't kaya ko ang sakit at hapdi at naghintay ng magandang alon para matangay ako nito at makapunta sa isang haliging mas malapit sa pampang. Tuwing gagawin ko iyon habang nagdarasal sinikap kong magpalipat-lipat sa mga haligi sa tulong ng malalaking alon.

"Dahan-dahan ngunit hirap na hirap, nakarating ako sa pampang kung saan sapat na ang babaw ng tubig para makalakad ako papunta sa dalampasigan. Nang ligtas na ako sa mainit na buhangin, natumba ako, sa pagod. Hinang-hina ako, muntik nang malunod kaya hindi ako makalakad pauwi hanggang sa makapahinga ako nang kaunti. Habang nakahiga sa init at kaligtasan ng buhangin, naisip ko ang nakakatakot na karanasang nalagpasan ko at napuspos ng pasasalamat at pagpapakumbaba ang puso ko na isinalba ng Panginoon . . . ang buhay ko."[3] [Tingnan sa mungkahi 1 sa pahina 110.]

## Mga Turo ni George Albert Smith

### Dahil sa panalangin ay nakakausap natin ang ating Ama sa Langit na para bang narito Siya.

Malaking pagpapala ang tinatamasa natin sa panahong ito ng kagipitan at kawalang-katiyakan na matiyak ang banal na patnubay, na magkaroon ng lubos na pananalig sa isang Diyos na nagmamalasakit sa atin at nakikinig at sumasagot sa ating mga dalangin.[4]

Ilang taon na ang nakalilipas . . . nabalitaan ko ang tungkol sa [isang] siyam-na-taong-gulang na batang lalaki, isang ulila, na itinakbo sa ospital, kung saan nasuri na kailangan siyang maoperahan kaagad-agad. Nakikitira siya noon sa mga kaibigan na itinuring siyang kapamilya. Ang kanyang ama at ina, (noong nabubuhay pa sila) ay tinuruan siyang manalangin; kaya, pagdating niya sa ospital, ang gusto niya ay tulungan siya ng Panginoon.

Nagdesisyon ang mga doktor na mag-usap-usap sila. Nang dalhin na siya sa operating room, tiningnan niya ang paligid at nakita ang mga narses at doktor na nag-uusap-usap tungkol sa kanyang kaso. Alam niyang malubha ang kanyang lagay, at sinabi niya sa isa sa mga ito, habang naghahanda silang turukan siya ng pampatulog: "Dok, bago ninyo simulan ang operasyon, puwede po ba ninyo akong ipagdasal?"

Ang doktor, na tila napahiya, ay nagdahilan at sinabing, "Hindi kita puwedeng ipagdasal." Pagkatapos ay tinanong ng bata ang iba pang mga doktor, na gayon din ang sagot.

Sa huli, may lubhang kakaibang nangyari; sabi ng batang ito, "Kung hindi ninyo ako maipagdasal, puwede po bang maghintay kayo sandali habang ipinagdarasal ko ang sarili ko?"

Inalis nila ang kumot, at lumuhod ang bata sa operating table, yumuko at sinabing, "Ama sa Langit, ako po ay isang ulila lamang. Malubha po ang sakit ko. Puwede po bang pagalingin ninyo ako? Basbasan po ninyo ang mga taong ito na mag-oopera sa akin na magawa nila ang tama. Kung pagagalingin po ninyo ako, sisikapin ko pong maging mabuting tao paglaki ko. Salamat po, Ama sa Langit, sa pagpapagaling ninyo sa akin."

Pagkatapos niyang magdasal, humiga na siya. Napuno ng luha ang mga mata ng mga doktor at narses. Pagkatapos ay sinabi ng bata, "Handa na po ako."

Isinagawa ang operasyon. Ibinalik ang bata sa kanyang silid, at ilang araw lang ay inilabas na siya mula sa ospital, tungo sa lubusang paggaling.

Pagkaraan ng ilang araw, isang lalaking nakabalita sa nangyari ang nagpunta sa opisina ng isa sa mga surgeon at sinabing, "Ikuwento nga ninyo sa akin ang operasyong isinagawa ninyo ilang araw na ang nakalilipas—ang operasyon sa isang batang lalaki."

Sabi ng surgeon, "Ilang batang lalaki na ang naoperahan ko."

Dagdag pa ng lalaki, "Ito ang batang gustong ipagdasal siya ng iba."

Seryosong-seryosong sinabi ng doktor, "Nagkaroon nga ng gayong kaso, pero sa palagay ko napakasagrado niyon para pag-usapan."



*"Dapat tayong mamuhay nang malapit sa ating Ama sa Langit para kapag yumuko tayo sa kanyang harapan ay malaman natin na ang hinihiling natin ay ikasisiya niya."*

Sabi ng lalaki, "Dok, kung sasabihin mo sa akin, igagalang ko ito; gusto ko itong marinig."

At ikinuwento iyon ng doktor tulad ng pagkakuwento ko rito ngayon, at idinagdag na: "Daan-daang tao na ang naoperahan ko, mga lalaki at babaeng akala nila ay may pananampalataya silang gumaling; ngunit noon ko lamang nadama ang presensya ng Diyos habang nakatayo ako sa tabi ng batang iyon. Binuksan ng batang iyon ang mga dungawan sa langit at kinausap ang kanyang Ama sa Langit tulad ng pakikipag-usap ng isang tao nang harapan sa iba. Gusto kong sabihin sa inyo na mas mabuting tao ako ngayon dahil sa karanasang iyon na tumayo at makinig sa pakikipag-usap ng isang batang lalaki sa kanyang Ama sa langit na para bang naroon siya."[5] [Tingnan sa mungkahi 2 sa pahina 110.]

Nawa'y mamuhay tayo sa paraan na kapag lumuluhod tayo tuwing gabi para manalangin at yumuyuko tayo tuwing umaga para magpasalamat sa Panginoon, sasaatin ang kapangyarihang buksan ang kalangitan para marinig at sagutin ng Diyos ang ating mga dalangin at malaman natin na sang-ayon Siya sa ating ginagawa.[6]

---

**Kung mamumuhay tayo nang malapit sa ating Ama sa Langit, magkakaroon tayo ng inspirasyong malaman ang ating ipagdarasal.**

Noong binata pa ang tatay ko [muntik] na siyang malunod sa Provo River. . . . Nadama ng kanyang ama, na nasa Salt Lake City noon, na magpunta sa isang silid na inilaan para sa panalangin. Siya ay . . . lumuhod . . . at sinabing, "Ama sa Langit, may kutob po ako na may masamang nangyari sa pamilya ko sa Provo. Alam po Ninyo na hindi ako puwedeng mapunta sa dalawang lugar. Ama sa Langit, ingatan at bantayan po sana Ninyo sila. . . ."

Noong nagdarasal siya, at posibleng halos sa oras ding iyon kung titingin kayo sa orasan, nahulog ang tatay ko sa ilog. Bumabaha noon. Naaanod ang mga troso at bato mula sa bangin, at walang makatulong sa kanya. Nakita ng mga naroon ang kanyang kalagayan, ngunit hindi nila siya maabot. Napakalakas ng agos ng tubig kaya walang taong makakaligtas doon. Nakatayo lamang sila roon sa takot. Ginawa ni Itay ang lahat ng kaya niya para manatiling nakalutang ang ulo niya sa tubig, ngunit lumubog-lumitaw siya at bumangga sa mga bato at troso. Biglang may isang alon na nagangat sa kanyang katawan at tinangay siya sa pampang. Tuwirang sagot iyon sa . . . panalangin.[7]

Dapat tayong manalangin nang lihim. Dapat tayong mamuhay nang malapit sa ating Ama sa Langit para kapag yumuko tayo sa kanyang harapan ay malaman natin na ang hinihiling natin ay ikasisiya niya, at kung hindi man ito ipagkaloob sa paraang hinihiling natin ay malaman natin na darating sa atin ang pagpapalang nararapat sa atin at talagang magiging pagpapala.[8] [Tingnan sa mungkahi 3 sa pahina 111.]



*"Pangalagaan ang inyong pamilya sa lahat ng paraan. Pagkaisahin sila sa impluwensya ng panalangin."*

---

### Ang panalangin ay isang makapangyarihang impluwensya sa ating personal na buhay, sa ating mga tahanan, at sa ating komunidad.

Ipinaliwanag ng Panginoon . . . sa atin kung paano nating matatanggap ang mga pagpapala sa pamamagitan ng panalangin. Maraming tao sa mundo ang hindi nakaaalam sa mga tunay na pakinabang ng panalangin. Ang panalangin ay isang kapangyarihan. Ito ay may impluwensya na iilang tao lamang ang tila nakauunawa. . . .

. . . Ilan ba sa Simbahang ito ang hindi nakaaalam na sila ay may karapatan, ganap na karapatan, na manalangin sa kanilang Ama sa langit, at hilingin sa Kanya na alisin ang mga bumabagabag sa kanila at akayin sila sa kasiyahan at kaligayahan?[9]

Kakatwa na sinumang miyembro ng Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ay dapat pang himuking manalangin,

subalit may ilang tao na hindi nagdarasal nang lihim o hindi nagdarasal ang kanilang pamilya. Gayunpaman kung hindi tayo magdarasal mawawala sa atin ang proteksyong dulot ng panalangin.[10] [Tingnan sa mungkahi 4 sa pahina 111.]

Gusto ko itong bigyang-diin: Sana'y hindi malimutan ng mga Banal sa mga Huling Araw ang kanilang panalangin, kanilang mga lihim na panalangin at panalangin ng kanilang pamilya. Malaki ang nawawala sa mga batang lumaki sa mga tahanang walang mga panalangin ng pamilya at mga lihim na panalangin, at nangangamba ako na sa gitna ng kalituhan sa mundo, pagmamadali at ingay, maraming pagkakataon na ang mga pamilya ay hindi nakapagdarasal at walang mga pagpapala ng Panginoon; ang mga pamilyang ito ay hindi patuloy na liligaya. Nabubuhay tayo sa panahon na kailangan natin ang ating Ama sa Langit tulad ng pangangailangan nila sa Kanya sa anumang panahon.[11]

Huwag ninyong iwaksi ang kapangyarihan ng Diyos. Panatilihin sa inyong tahanan ang mga impluwensya ng panalangin at pasasalamat, at hayaang dumaloy ang malaking pasasalamat sa kanya na siyang may-akda ng ating pagkatao at tagapagbigay ng lahat ng mabuti.[12]

Hayaang maging lugar ng panalangin at pasasalamat at pagtanaw ng utang na loob ang ating tahanan. . . . Ipagdasal natin ang mga dakilang lalaki at babae sa mundo na nangangailangan sa Panginoon ngunit hindi nauunawaan ang kanyang pagmamalasakit sa kanila. Ipagdasal ang . . . ating mga gobernador, ating mga meyor sa lungsod, mga taong may impluwensya sa pulitika sa ating iba't ibang komunidad, nang magawa nila ang mga bagay na makakabuti para sa ating lahat at magpapaligaya sa atin, at ikasisiya ng ating Ama sa Langit. Pribilehiyo natin iyan. Sinasabi ko sa inyo na ang kapangyarihan ng panalangin ay isang bagay na masusukat.[13]

---

## Ang panalangin ng pamilya ay nagdudulot ng pagkakaisa sa mga pamilya.

Tayo [bilang magkakapamilya] ay hindi laging iisa ang pananaw; hindi laging nagkakaisa sa katwiran ang mag-asawa, ngunit kung magkasama kayong mananalangin, na may tunay na hangaring

magkaisa, masasabi ko sa inyo, magkakasundo kayo sa lahat ng bagay na mahalaga.

Napansin ko . . . sa isang billboard: "Ang pamilyang nagdarasal nang sama-sama ay nananatiling magkakasama." Hindi ko alam kung sino ang naglagay niyon doon, ngunit nais kong sabihin na kung iisipin ninyo ito sandali ay malalaman ninyong totoo ito. Hinihikayat ko kayo na sama-samang manalangin sa Panginoon, at hindi ko ibig sabihing manalangin lamang, hindi ko ibig sabihing . . . paulit-ulit na panalangin, kundi buksan ang inyong kaluluwa sa Panginoon bilang mga asawa at ama sa inyong tahanan, at anyayahan ang inyong kabiyak at mga anak na samahan kayo. Hayaan silang makibahagi. At darating sa tahanan ang impluwensyang madarama ninyo kapag naroon kayo.[14]

Bilang isa sa mga nahilingan ng Panginoon na magturo, isinasamo ko sa inyo na isaayos ang inyong bahay. Huwag balewalain ang napakaraming bagay. Huwag patangay sa mga kahangalan at kamalian ng mundo. Pangalagaan ang inyong pamilya sa lahat ng paraan. Pagkaisahin sila sa impluwensya ng panalangin. . . . Malaki ang impluwensya ng panalangin para mapanatili tayo sa landas tungo sa buhay na walang hanggan at akayin tayo papasok sa kahariang selestiyal![15] [Tingnan sa mungkahi 5 sa pahina 111.]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

Pag-isipan ang mga ideyang ito habang pinag-aaralan ninyo ang kabanata o naghahanda kayong magturo. Para sa karagdagang tulong, tingnan sa mga pahina v–viii.

1. Sa "Mula sa Buhay ni George Albert Smith" (mga pahina 101–104), pansinin kung paano naimpluwensyahan ng maagang karanasan sa panalangin ang kanyang buhay. Ano ang ilang epektibong paraan para maituro sa mga bata ang kapangyarihan ng panalangin?
2. Repasuhin ang kuwento tungkol sa siyam-na-taong-gulang na batang lalaki (mga pahina 104–106). Bakit kung minsan ay tila hindi pakikipag-usap nang harapan sa ating Ama sa Langit ang ating mga dalangin? Isipin kung ano ang magagawa ninyo sa

inyong mga personal na panalangin para madama nang mas madalas ang Kanyang presensya.

3. Habang pinag-iisipan ninyong mabuti ang mga turo ni Pangulong Smith sa pahina 107, mag-isip ng isang pagkakataon na nahikayat kayong humiling ng isang bagay sa panalangin. Ano ang sasabihin ninyo sa isang taong nadarama na hindi nasagot ang kanyang mga dalangin?
4. Pag-isipan ang sinabi ni Pangulong Smith, "Kung hindi tayo magdarasal mawawala sa atin ang proteksyong dulot ng panalangin" (pahina 109). Sa anong mga paraan ninyo nadama ang kapangyarihan at proteksyon ng panalangin? Pag-isipang ibahagi ang inyong patotoo tungkol sa kapangyarihan ng panalangin sa mga binibisita ninyo bilang home teacher o visiting teacher.
5. Itinuro ni Pangulong Smith na ang panalangin ay "mapa[pa]natili tayo sa landas tungo sa buhay na walang hanggan" (pahina 110). Sa palagay ninyo, bakit ganoon? Ano ang magagawa ng mga pamilya para matiyak na lagi silang sama-samang nagdarasal? Isipin kung ano ang magagawa ninyo para maging mas makabuluhang bahagi ng inyong buhay ang personal na panalangin.

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan:* Mateo 6:7–13; 7:7–11; 2 Nephi 4:35; Alma 34:18–27; 37:37; 3 Nephi 18:20–21; Doktrina at mga Tipan 88:63–64

*Tulong sa pagtuturo:* "Ang pag-aaral ay dapat na isinasagawa ng mag-aaral. Kapag nakatuon na sa isang guro ang spotlight, nagiging bida sa palabas, ang siyang nagsasalita sa lahat ng oras, at kung hindi naman siya ang namumuno sa lahat ng gawain, halos matitiyak natin na nahahadlangan niya ang pagkatuto ng mga miyembro ng klase" (Asahel D. Woodruff, sa *Pagtuturo, Walang Higit na Dakilang Tungkulin,* 76).

## *Mga Tala*

1. "Testimony of Elder George Albert Smith," *Liahona: The Elders' Journal,* Peb. 2, 1915, 501.
2. Sa Conference Report, Okt. 1946, 150–51.

3. "How My Life Was Preserved," George Albert Smith Family Papers, University of Utah, box 121, scrapbook 1, mga pahina 45–46.
4. Sa Conference Report, Abr. 1931, 31.
5. "A Story of Two Boys," *Improvement Era,* Hunyo 1949, 365.
6. Sa Conference Report, Abr. 1942, 17.
7. "Pres. Smith's Leadership Address," *Deseret News*, Peb. 16, 1946, bahaging pang-Simbahan, 1.
8. Sa Conference Report, Okt. 1934, 51.
9. "Saints Blessed," *Deseret News,* Nob. 12, 1932, bahaging pang-Simbahan, 5.
10. Sa Conference Report, Abr. 1941, 25.
11. Pagpupulong ng priesthood, Okt. 4, 1947, Church History Library, Salt Lake City.
12. "Pres. Smith's Leadership Address," 6.
13. Sa Conference Report, Abr. 1948, 163–64.
14. Sa Conference Report, Abr. 1949, 190.
15. Sa Conference Report, Abr. 1933, 72.


# Mga Banal na Kasulatan, ang Pinakamahalagang Aklat sa Mundo

*Binigyan tayo ng Diyos ng mga banal na kasulatan upang tulungan tayo at ang ating pamilya na maghanda para sa buhay na walang-hanggan.*

## Mula sa Buhay ni George Albert Smith

Sa huling bahagi ng kanyang buhay, ginunita ni Pangulong George Albert Smith ang isang karanasan sa kanyang kabataan noong magkaroon ng epekto sa kanya habambuhay ang isang talata sa banal na kasulatan: "Noong ako ay labing-apat na taong gulang, binasa ko ang ika-apatnapung kabanata ng Alma sa Aklat ni Mormon sa klase namin sa Sunday School. Nakintal ito sa aking isipan at nakakatulong kapag may namamatay na mga mahal sa buhay. . . . Isang bahagi iyon sa mga banal na kasulatan na nagsasabi sa atin kung saan nagpupunta ang ating espiritu kapag nilisan na ang katawang ito [tingnan sa mga talata 11–14], at mula noon ay gusto kong makapunta sa lugar na iyon na tinatawag na paraiso."[1] [Tingnan ang mungkahi 1 sa pahina 121.]

Umasa si Pangulong Smith na magkaroon ng sariling makabuluhang mga karanasan ang iba sa pagbabasa ng mga banal na kasulatan. Sa mga pagtatalumpati niya sa publiko at sa personal niyang pakikipag-usap sa iba, hinikayat niya ang lahat na pag-aralan ang mga banal na kasulatan para magkaroon sila ng sariling patotoo tungkol sa ebanghelyo. Minsan, habang sakay ng tren, kinausap niya ang isang lalaking lumaki sa isang pamilyang Banal sa mga Huling Araw ngunit hindi na aktibo sa Simbahan. "Habang nag-uusap kami," sabi niya kalaunan, "binanggit ko sa kanya ang ebanghelyo




*"[Ang mga banal na kasulatan ay] naglalaman ng naisip ng ating Ama na napakahalagang ingatan at ibigay sa mga anak ng tao at mababasa sa maraming wika ng Mundo."*

ni Jesucristo. . . . At sinabi niya habang pinag-uusapan namin ang mga alituntunin ng ebanghelyo, 'Nakakatuwang malaman ang mga bagay na ito.' Medyo matagal kaming nag-usap, at nang matapos kami, ang mabuting lalaking iyon, na pinaniniwalaan kong mabuting tao, ay nagsabi sa akin, 'Ibibigay ko ang lahat ng pag-aari ko para matamo ang katiyakang taglay mo. . . .'

"Sabi ko, 'Kapatid, hindi mo kailangang ibigay ang lahat ng pag-aari mo para matamo ang katiyakang iyan. Ang kailangan mo lamang gawin ay mapanalanging saliksikin ang mga banal na kasulatan. Magpunta ka kung saan ito maipaliliwanag sa iyo. Hanapin mo ang katotohanan, at ang kagandahan ng katotohanan ay magiging kaakit-akit sa iyo, at . . . malalaman mong tulad ko na ang Diyos ay buhay, na si Jesus ang Cristo, at na si Joseph Smith ay propeta ng Diyos na Buhay.' "[2]

## Mga Turo ni George Albert Smith

### Ang mga katotohanang nasa mga banal na kasulatan ay lalong higit na mahalaga kaysa mga pilosopiya ng tao.

Ang Biblia, Aklat ni Mormon, Doktrina at mga Tipan, at Mahalagang Perlas, ay hindi lamang naglalaman ng karunungan ng tao, kundi maging ng Diyos. Bagama't ang mga ito ay hindi matatagpuan sa tahanan ng maraming tao, naglalaman ang mga ito ng salita ng Panginoon. Kahit nauunawaan natin sina Homer at Shakespeare at Milton, at mababanggit ko ang lahat ng mahuhusay na manunulat sa mundo; kung hindi naman natin nabasa ang mga banal na kasulatan, pinalampas natin ang mas magandang bahagi ng literatura ng mundong ito.

Mga kapatid, ang lahat ng katotohanang . . . kailangan para sa ating kaligtasan, ay nakapaloob sa mga aklat na nabanggit ko na. Maaaring wala tayong silid-aklatang may dalawa o tatlong libong aklat, ngunit maaari nating bilhin sa murang halaga ang pinakamahalagang aklat na pinagbuwisan ng pinakamainam na dugo sa mundong ito.[3]

Wala akong pakialam kung nasa inyo o wala sa inyong tahanan ang mga aklat na nasa malalaking aklatan sa mundo, basta't mayroon kayo ng mga aklat na ito. Isipin ang milyun-milyong aklat na

nasa Congressional Library sa Washington, sa British Library, at sa mga aklatan ng iba pang mga bansa, milyun-milyong aklat—gayunman ang lahat ng naihayag at nailathala ng Diyos sa mga anak ng tao na kailangan upang maihanda sila sa isang lugar sa kahariang selestiyal ay nakapaloob sa mga sagradong aklat na ito. Ilan sa atin ang nakaaalam sa nilalaman ng mga ito? Madalas akong magpunta sa mga tahanan kung saan nakikita ko ang lahat ng pinakabagong magasin. Nakikita ko ang mga aklat na naanunsyong pinakapopular sa mga istante ng libro. Kung itatapon ninyo ang lahat ng ito at iiwanan lamang ang sagradong mga banal na kasulatang ito, hindi mawawala sa inyo ang ipinasulat at ibinigay ng Panginoon para sa kapakinabangan nating lahat. Kaya nga, mga kapatid, bukod sa iba pa nating mga pagpapala huwag nating kalimutan na ginawang posible ng Panginoon na ating makamtan, mabasa, at maunawaan ang mga banal na kasulatan at mapasaatin ang kanyang salitang ibinigay sa lahat ng panahon para sa kaligtasan ng kanyang mga anak.[4]

Habang binabasa ko ang mga banal na kasulatan, . . . namamangha ako sa kabutihan ng Panginoon na pagpalain ang mga tumatanggap sa kanyang mga turo, sapagkat nakatatagpo tayo ng higit na kapanatagan sa sagradong mga talaang ito kaysa sa lahat ng pilosopiya sa lahat ng kasaysayan, na ibinigay sa atin sa pamamagitan ng karunungan ng tao.[5]

Pinag-uusapan natin ang mga pilosopiya ng tao at kung minsan ay humahanga tayo sa mga ito, ngunit kapag salungat ito sa mga turo ng ating Ama sa Langit na nasa Banal na Kasulatan, walang halaga ang mga ito. Hinding-hindi aakayin ng mga ito ang sinuman sa walang-hanggang kaligayahan, ni tutulungan siyang magkaroon ng lugar sa kaharian ng ating Ama sa Langit.[6]

Kung minsan pakiramdam ko ay hindi natin pinahahalagahan ang Banal na Biblia, at ang nilalaman nito, at ang iba pang mga banal na kasulatang ito, ang Aklat ni Mormon, Doktrina at mga Tipan, at Mahalagang Perlas na sinasabing . . . mga liham o sulat mula sa ating Ama sa Langit. Maaaring ituring na liham ang mga ito, kahit paano ay tagubilin at payo niya ang mga ito sa lahat ng anak ng tao upang malaman nila kung paano samantalahin ang mga pagkakataong nasa kanila, upang hindi masayang sa walang-kabuluhan ang kanilang buhay.[7] [Tingnan ang mungkahi 2 sa pahina 121.]

**Ibinigay sa atin ng Panginoon ang mga banal na kasulatan upang tulungan tayong madaig ang ating mga pagsubok at maghanda para sa kadakilaan.**

Ito ang panahon para patunayan ang ating sarili, isang panahon ng pagsubok. Ito ang panahon na ang puso ng mga tao ay manghihina dahil sa takot. Ito ang panahon na ang mga tao sa mundo ay magtatanong sa kanilang sarili kung ano ang magiging wakas nito. Alam ng ilang tao na nabigyang-inspirasyon ang magiging wakas ng mundo. Sinabi sa atin ng Panginoon kung ano ang mangyayari sa pamamagitan ng [mga banal na kasulatan], ang napakagandang aklat na ito na hawak ko. Ibinigay niya ang impormasyong kailangan natin para maiakma ang ating buhay at maihanda ang ating sarili para anuman ang mangyari ay nasa panig tayo ng Panginoon.[8]

Hayaang basahin ko ang sinasabi ng Panginoon tungkol sa mga huling araw na ito sa unang bahagi ng Doktrina at mga Tipan: . . .

"Dahil dito, ako, ang Panginoon, nalalaman ang kapahamakang sasapit sa mga naninirahan sa mundo, ay tinawag ang aking tagapaglingkod na si Joseph Smith, Jun., at nangusap sa kanya mula sa langit, at nagbigay sa kanya ng mga kautusan. . . .

"Saliksikin ang mga kautusang ito, sapagkat ang mga ito ay tunay at tapat, at ang mga propesiya at pangako na nasa mga ito ay matutupad na lahat.

"Kung ano ang sinabi ko, ang Panginooon, ay sinabi ko, at hindi ko binibigyang-katwiran ang aking sarili; at bagaman ang kalangitan at ang lupa ay lilipas, ang aking salita ay hindi lilipas, kundi matutupad na lahat, maging sa pamamagitan ng sarili kong tinig o sa tinig man ng aking mga tagapaglingkod, ito ay iisa.

"Sapagkat masdan, at narito, ang Panginoon ay Diyos, at ang Espiritu ang nagpapatotoo, at ang patotoo ay tunay, at ang katotohanan ay mananatili nang magpakailanman at walang katapusan. Amen." [D at T 1:17, 37–39.]

Ang pambungad na ito ay nararapat ninyong pag-isipang mabuti. Ito ay babala ng Ama nating lahat. Ito ay magandang payo ng isang mapagmahal na magulang na nakaaalam ng ating pangangailangan,

tulad ng sabi niya sa kabanatang kababasa ko lamang na batid niya ang mangyayari sa mga tao sa mundo kaya ibinigay niya ang mga utos na ito.[9]

Kung minsan nalilimutan natin na nangusap ang Panginoon at hindi natin naipapaalala sa ating sarili ang Kanyang mga utos. . . .

Napakaraming talata sa mga banal na kasulatan na mababanggit bilang katibayan na ang ating Ama sa Langit dahil sa awa at kabaitan ay noon pa nangungusap sa mga anak ng tao sa lahat ng panahon, na hindi lamang sinasabi sa kanila ang mangyayari, kundi sumasamo sa kanila na talikuran ang kanilang mga pagkakamali upang hindi sila mapahamak. . . .

Sinabi sa atin ng ating Ama sa Langit, sa pamamagitan ng Kanyang matatapat na kinatawan, ang mahahalagang bagay na dapat mangyari at mababasa natin ang tungkol dito sa Kanyang mga banal na kasulatan. Kung talagang hangad nating maligtas at dakilain sa Kanyang kahariang selestiyal sinabi Niya sa atin kung paano ito gagawin.[10]

[Ang mga banal na kasulatan] ang pinakamagandang aklat na matatagpuan sa buong mundo. Ano ang nilalaman nito? Naglalaman ito ng naisip ng ating Ama na mahalagang ingatan at ibigay sa mga anak ng tao at mabasa sa maraming wika ng Mundo. Ang mga banal na kasulatang ito ay napakahalaga at dapat maunawaan ng mga Banal sa mga Huling Araw. Hindi ko kayo pagtataasin ng kamay para alamin kung ilan sa nakatipon dito ang nakabasa na ng mga aklat na ito, ngunit gusto kong pansinin ninyo ang katotohanan na ang mga ito ay mahahalagang katotohanan, at naglalaman ito ng inihayag na salita ng Panginoon na nakalimbag at inilathala sa mundo para ihanda ang kanyang mga anak sa isang lugar sa kahariang selestiyal. Kaya ko sinabi na napakahalaga ng mga ito. . . . Dapat nating pasalamatan nang lubos na nabubuhay tayo sa panahon na mababasa natin ang kanyang tagubilin at payo at maipaliliwanag sa atin ang mga bagay na malabo at hindi natin tiyak.[11] [Tingnan ang mungkahi 3 sa pahina 121.]



*"Tipunin sa inyong tabi ang inyong pamilya at hikayatin silang sumampalataya sa Diyos na buhay, sa pamamagitan ng pagbabasa ng mga bagay na naihayag."*

---

## Nanghihikayat tayo ng pananampalataya sa ating pamilya sa pamamagitan ng pagbabasa ng mga banal na kasulatan na kasama sila.

Gusto kong tanungin ninyo ang inyong sarili, ilan sa inyo ang nagbabasa sa inyong pamilya mula sa mga aklat na ito sa tuwina, na tinatawag at tinitipon sila upang ituro ang mga bagay na dapat nilang malaman. Nag-aalala ako na baka sabihin ng marami sa atin na masyado tayong naging abala.[12]

Narinig na natin ang marami sa mga pagpapalang naibigay sa atin ng Panginoon sa mga sagradong talaang iningatan hanggang sa ating panahon, at naglalaman iyan ng tagubilin at payo ng napakatalinong Ama. Tila kakatwa na napakarami sa ating mga tao, na binigyan ng mga oportunidad, ang hindi pamilyar sa mga nilalaman ng mga sagradong talaang ito.[13]

Pawawalang-sala kaya tayo ng ating Ama pagbalik natin sa Kanya, kung hindi natin naituro sa ating mga anak ang kahalagahan ng mga sagradong talaang ito? Palagay ko ay hindi. . . . Palagay ba ninyo matapos ilagay ng Panginoon . . . sa abot-kamay natin ang magagandang turo sa mga banal na talaang ito, ay iisipin niyang may pagpapahalaga tayo kung hindi natin itinuro ang mga ito sa ating pamilya, at ipaliwanag ito sa mga nakakasalamuha natin?

Mga kapatid, hangad ko na muling bigyang-diin ang turo ng Panginoon: "saliksikin ang mga banal na kasulatan;" basahin ang mga ito nang may panalangin at buong katapatan, ituro ang mga ito sa inyong tahanan; tipunin sa inyong tabi ang inyong pamilya at hikayatin silang sumampalataya sa Diyos na buhay, sa pagbabasa ng mga bagay na naihayag. Ang mga ito ang pinakamahalaga sa lahat ng aklatan sa buong mundo.[14]

Itago ang aklat na ito kung saan ninyo ito makikita, at kung saan ito makikita ng inyong mga anak, at pagkatapos ay magkaroon ng malaking interes sa walang-hanggang kaligtasan ng mga batang lalaki at babae sa inyong tahanan upang maghanap kayo ng mga paraan na mawili sila sa nilalaman ng mga aklat na ito, upang malaman nila kung gaano kahalaga ang mga ito sa paningin ng kanilang Ama sa Langit.[15]

Napakaganda para sa akin na noong bata pa ako ay mayroon akong ama at inang nakaupo sa tabi ng fireplace at nagbabasa ng Biblia habang kaming mga bata ay nakaupo sa sahig. . . .

Ngayon, nais kong sabihin, mga kapatid, na ang payo ni Jesucristo ay may bisa pa rin sa atin kung saan sinabi niya, "Saliksikin ninyo ang mga kasulatan, sapagka't iniisip ninyo na sa mga yaon ay mayroon kayong buhay na walang hanggan; at ang mga ito'y siyang nangagpapatotoo tungkol sa akin." [Juan 5:39.] Huwag kaligtaan ang lumang Biblia ng pamilya; huwag itong itago sa istante at kalimutan na lamang. Alamin, kung hindi pa ninyo alam, ang sinasabi nito, at kung nabasa na ninyo ito noon, basahin itong muli nang madalas sa inyong mga anak at sa mga anak ng inyong mga anak. Basahin sa kanila hindi lamang ang Biblia, kundi ang iba pang mga aklat ng banal na kasulatan na ibinigay sa atin ng Panginoon para sa ating kadakilaan, para sa ating kapanatagan at para pagpalain tayo.[16]

Pinapayuhan kita, O Israel, saliksikin ang mga banal na kasulatan; basahin ang mga ito sa inyong mga tahanan; ituro sa inyong pamilya ang sinabi ng Panginoon, at bawasan natin ang panahong ginugugol natin sa pagbabasa ng hindi mahalaga at madalas ay nakapipinsalang literatura ng panahon, at lumapit sa bukal ng katotohanan at basahin ang salita ng Panginoon.[17] [Tingnan ang mungkahi 4 sa ibaba.]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

Pag-isipan ang mga ideyang ito sa pag-aaral ninyo ng kabanata o paghahandang magturo. Para sa karagdagang tulong, tingnan sa mga pahina v–viii.

1. Habang binabasa ninyo ang unang talata sa pahina 113, umisip ng isang pagkakataong nabigyang-inspirasyon kayo ng isang talata sa gayon ding paraan. Paano ninyo nalaman na totoo ang mga banal na kasulatan? Ano ang mga karanasan ninyo sa mga ito kamakailan na nagpalakas sa patotoong iyan?
2. Basahin ang bahaging nagsisimula sa pahina 115 at isipin kung nasaan ang mga banal na kasulatan sa inyong sariling aklatan (bukod sa iba pang mga bagay na inyong binabasa, pinanonood, o pinakikinggan). Ano ang magagawa ninyo para mabigyan ng mas mahalagang lugar ang mga banal na kasulatan sa inyong tahanan at sa inyong buhay?
3. Pag-aralang muli ang bahaging nagsisimula sa pahina 117. Paano kayo natulungan ng mga banal na kasulatan na harapin ang mga kalamidad sa mga huling araw? Pag-isipan kung paano ninyo magagamit ang mga banal na kasulatan upang tulungan ang isang taong kilala ninyo na nahaharap sa isang mabigat na pagsubok.
4. Pag-isipang mabuti ang payo ni Pangulong Smith sa mga pamilya sa mga pahina 119–121. Anong mga pagpapala ang dumarating sa mga pamilyang sama-samang nag-aaral ng mga banal na kasulatan? Ano ang ilang epektibong paraan para mapukaw ang interes ng ating mga anak (o mga apo) sa mga banal na kasulatan? Mapanalanging isipin kung ano ang

magagawa ninyo para maging mas masigasig kayo sa pag-aaral ng mga banal na kasulatan kasama ang inyong pamilya.

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan:* Deuteronomio 6:6–7; Josue 1:8; Mga Taga Roma 15:4; II Kay Timoteo 3:15–17; 2 Nephi 4:15; Helaman 3:29–30; Doktrina at mga Tipan 33:16

*Tulong sa pagtuturo:* "Matutulungan ninyo ang inyong mga tinuturuan na magkaroon ng higit pang tiwala sa sarili hinggil sa kanilang kakayahan na makilahok sa talakayan kung positibo kayong tutugon sa bawat matapat na puna. Halimbawa, masasabi ninyong, 'Salamat sa iyong sagot. Iyan ay tunay na pinag-isipan' . . . o 'Iyan ay isang magandang halimbawa' o 'Nagpapasalamat ako sa lahat ng inyong sinabi ngayon'" (*Pagtuturo, Walang Higit na Dakilang Tungkulin,* 80).

## Mga Tala

1. Sa Conference Report, Abr. 1949, 83–84.
2. Sa Conference Report, Okt. 1948, 165–66.
3. Sa Conference Report, Okt. 1917, 43.
4. Sa Conference Report, Okt. 1948, 164–65.
5. Sa Conference Report, Okt. 1931, 120.
6. Sa Conference Report, Abr. 1946, 125.
7. Sa Conference Report, Okt. 1923, 70.
8. Sa Conference Report, Abr. 1942, 14.
9. Sa Conference Report, Okt. 1917, 42–43.
10. Sa Conference Report, Okt. 1940, 107–9.
11. Sa Conference Report, Okt. 1948, 164.
12. Sa Conference Report, Okt. 1950, 179.
13. Sa Conference Report, Abr. 1929, 30.
14. Sa Conference Report, Okt. 1917, 43–44.
15. Sa Conference Report, Okt. 1948, 165.
16. "Pres. Smith's Leadership Address," *Deseret News,* Peb. 16, 1946, bahagi tungkol sa Simbahan, 6.
17. Sa Conference Report, Okt. 1917, 41.

K A B A N A T A 1 1

# Paghahayag mula sa Diyos para sa Kanyang mga Anak

*Ginagabayan tayo ng ating Ama sa Langit bilang indibiduwal at bilang Simbahan sa pamamagitan ng Espiritu Santo.*

## Mula sa Buhay ni George Albert Smith

Upang ituro ang kahalagahan ng paghahayag sa paggabay sa Simbahan, ikinuwento ni George Albert Smith ang karanasan niya nang sumakay siya sa eroplano mula Los Angeles, California, papuntang Salt Lake City, Utah:

"Malapit sa Milford, Utah, bigla kaming lumipad o dumaan sa isa sa mga pinakamakapal na hamog na nakita ko. Pilit akong sumilip sa labas ng bintana ng eroplano pero wala akong makita sa kapal ng hamog. Walang makita kahit saang direksyon sa labas ng eroplano.

"Alam kong papalapit kami sa kabundukan sa bilis na mga tatlong milya kada minuto, kaya napilitan kaming lumipad sa ibabaw nito para makarating sa Salt Lake Valley. Nag-alala ako at tinanong ko sa sarili ko, 'Paano malalaman ng piloto ang daan kapag wala siyang makitang anuman?' May kompas siya pero baka malihis ng landas ang eroplano. May mga instrumento siyang nagsasabi kung gaano kami kataas mula sa lebel ng dagat pero walang paraan para malaman niya kung gaano kami kataas mula sa lupa. Akala ko magpapalipad siya nang sapat ang taas para malampasan namin ang kabundukan sa pagitan namin at ng Salt Lake Valley at sisikaping makita ang lente ng mga parola kung sapat na ang lapit namin, pero nangilabot ako nang maisip ko ang panganib na maligaw kami at hindi namin makita ang mga parola at paliparan.



*Si George Albert Smith at ang asawa niyang si Lucy. Ginamit ni Pangulong Smith ang karanasan niya sa eroplano para ituro ang kahalagahan ng paghahayag.*

"Sa labis kong pag-aalala nagpunta ako sa kinaroroonan ng piloto at co-pilot para alamin kung paano nila nalalaman kung saan kami papunta. Hindi ko masabi kung sandaan, sanlibo o sampung libong talampakan kami mula sa lupa at hindi ko alam kung paano nila nalalaman, maliban sa pagtantiya. Napansin ko na may maliit na gadget ang piloto sa kanyang tainga tulad ng gamit ng mga operator sa telepono para makatanggap ng tawag. Tinanong ko ang co-pilot kung paano nila nalalaman kung tama ang direksyong nililipad namin o kung lumilihis na kami. Ang sagot niya, 'Kapag wala kaming makita ginagabayan kami ng radio beam.'

" 'Ano iyon?' tanong ko. Ipinaliwanag niya na ang beam ay maaaring itulad sa isang electric highway sa pagitan ng dalawang dulo, at sa kaso namin ang magkabilang dulo ay Milford at Salt Lake City. Sabi niya gumana ang gadget sa tainga ng piloto para kapag sakop ng beam ang eroplano, patuloy na maririnig ang mahina at matinis na tunog, pero kung mapunta ang eroplano sa kanan o kaliwa nagbabago ang tunog at nababalaan ang piloto sa tunog na parang lagitik ng telegrapo. Kung . . . makabalik siya sa sakop ng beam o highway, hanggang sa ligtas na daan, tumitigil ang paglagitik at bumabalik ang matinis na tunog. Kung magpapatuloy tayo sa beam makararating tayo nang ligtas sa ating paroroonan.

"Nagbalik ako sa aking upuan na labis na napanatag na nalaman na kahit nabalot kami ng hamog at kadiliman at hindi namin makita ni madama kung nasaan kami, tumatanggap ng impormasyon ang piloto sa tuwina na tama ang aming daan at alam niya na hindi maglalaon ay makakarating kami sa aming paroroonan. Pagkaraan ng ilang minuto naramdaman kong bumababa na ang eroplano. Nalagpasan namin ang mga tuktok ng bundok at malapit na kami sa paliparan. Nang halos palapag na kami sa lupa nakita namin ang maliwanag na mga ilaw sa daanan na nagpapahiwatig kung saan lalapag at ang eroplano pati na mga sakay nito ay maingat na lumapag sa lupa na parang seagull na bumababa sa tubig, dahan-dahang huminto at bumaba na kami ng eroplano, masaya dahil nakauwi rin kami. . . .

"Maraming beses kong napag-isipan ang aral na natutuhan ko sa eroplano at nagamit ko ito nang husto sa Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. . . .

"Hindi lamang tayo pinayuhan ng Panginoon sa mga banal na kasulatan na gumagabay sa atin kundi naglagay din siya ng lider sa Simbahang ito, isa sa kanyang mga anak na napili at naorden at naitalaga bilang Pangulo. Siya ang ating piloto at gagabayan siya ng isang tinig na magbibigay-kakayahan sa kanya na akayin tayo sa dapat nating patunguhan. Kung matalino tayo hindi natin siya huhusgahan kundi matutuwa tayong igalang siya sa kanyang katungkulan hangga't siya ay sinasang-ayunan ng Panginoon."

Ginamit din ni Pangulong Smith ang karanasan niya sa eroplano para ituro na bawat isa sa atin ay makatatanggap ng paghahayag para gabayan ang sarili nating buhay kung tayo ay karapat-dapat:

"Kung namumuhay tayo nang nararapat maririnig natin ang bulong ng isang marahan at banayad na tinig na nagbababala sa atin sa panganib, sinasabing ito ang ligtas na daan, tahakin mo ito. . . . Kung nagkamali tayo ng kilos bubulungan tayo ng tinig na 'bumalik ka, nagkamali ka; binalewala mo ang payo ng iyong Ama sa Langit.' Talikuran ang iyong pagkakamali habang may panahon pa, dahil kung lubusan kang malihis mula sa tamang landas hindi mo na maririnig ang tinig at tuluyan kang maliligaw. . . .

"Ang payo ko sa inyo ay kamtin ang Espiritu ng Diyos at panatilihin ito at ang tanging paraan para mapanatili ito ay sa pamumuhay nang malapit sa kanya, sa pagsunod sa kanyang mga utos. . . . Makinig sa marahan at banayad na tinig na laging papatnubay sa inyo kung kayo ay karapat-dapat dito sa landas na hahantong sa walang-hanggang kaligayahan."[1] [Tingnan ang mungkahi 1 sa pahina 132.]

## Mga Turo ni George Albert Smith

---

### Ipinahahayag ng Diyos ang Kanyang sarili sa Kanyang mga anak sa ating panahon tulad ng ginawa Niya noong araw.

Isang pribilehiyo ang mabuhay sa panahon na alam natin na ang Diyos ay buhay, na si Jesucristo ang Tagapagligtas ng sanlibutan at ating Manunubos, at na patuloy na ipinahahayag ng Panginoon ang kanyang sarili sa kanyang mga anak na naghanda ng kanilang sarili

upang tumanggap ng kanyang mga pagpapala! Tinitingnan ko ang mukha ng malaking grupong narito ngayong umaga [sa sesyon ng pangkalahatang kumperensya], na karamihan ay nagtatamasa ng inspirasyon ng Makapangyarihan sa lahat, at kapag nagdarasal sila, nagdarasal sila sa kanilang Ama sa langit batid na sasagutin ang kanilang mga dalangin nang may mga pagpapala sa kanilang ulo. . . . Alam natin na may isang Diyos sa langit, na siya ang ating Ama, na siya ay tunay na nagmamalasakit sa ating buhay, at nagawa na niya iyan simula nang likhain ang mundo, nang ilagay sa mundo ang kanyang panganay o unang mga anak.[2]

Ang pagkakaiba ng dakilang Simbahang ito sa lahat ng iba pang simbahan sa simula pa lamang ay na tayo ay naniniwala sa banal na paghahayag; naniniwala tayo na nangungusap ang ating Ama sa tao ngayon tulad noong panahon ni Adan. Naniniwala tayo at alam natin—na higit pa sa paniniwala—na inilagay ng ating Ama ang kanyang kamay sa mundong ito para sa kaligtasan ng mga anak ng tao.[3]

Hindi lamang dahil naniniwala tayo sa mga aklat na ito [ang Aklat ni Mormon, Doktrina at mga Tipan, at ang Mahalagang Perlas] kaya tayo itinuturing na kakaibang mga tao kundi dahil din sa lubos tayong naniniwala na ang ating Ama ay nangusap sa panahong ito. Sa katunayan, alam natin na may pakikipag-ugnayan sa kalangitan. Naniniwala tayo na ang damdamin ni Jehova para sa atin, ang impluwensya niya sa atin ay katulad ng sa kanyang mga anak na nabuhay sa mundong ito noong unang panahon.

Sa mga hindi naniniwala, ang mga miyembro ng Simbahan ni Jesucristo sa lahat ng panahon ng mundo ay itinuring na kakaibang mga tao. Nang mangusap ang Panginoon sa pamamagitan ng kanyang mga lingkod, maraming tao sa daigdig sa iba't ibang panahon ang nagsabing, "Hindi kami naniniwala sa paghahayag." Hindi naiiba riyan ang panahong ito. Libu-libo, oo, milyun-milyon, sa mga anak ng ating Ama na nabuhay sa mundo ang nag-uulit lamang ng kasaysayan ng nakaraan kapag pinasisinungalingan nila na muling inihayag ng Diyos ang kanyang kalooban sa mga anak ng tao, at sinasabi na hindi na nila kailangan ang anumang karagdagang paghahayag.[4]

Hindi tayo naniniwala na nakasara ang kalangitan sa itaas, kundi ang Ama na nagmahal at nagtangi sa mga anak ni Israel ang siya ring nagmamahal at nagtatangi sa atin. Naniniwala tayo na kailangan din natin ang tulong ng ating Ama sa Langit para patnubayan ang ating buhay na katulad nila noon. Alam natin na sa panahong ito na kinamulatan natin muling nabuksan ang kalangitan, at muling nangusap ang Diyos mula sa kalangitan.[5] [Tingnan ang mungkahi 2 sa pahina 133.]

## Ginagabayan ng Panginoon ang Kanyang mga tao sa pamamagitan ng paghahayag sa Pangulo ng Simbahan.

Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ay inorganisa sa utos ng ating Ama sa Langit. Sa ibabaw ng bato ng paghahayag itinatag ang Simbahang ito at sa pamamagitan ng paghahayag ito ay nagabayan.[6]

Kakaiba sa panahong ito ang mapabilang sa isang simbahan, na ang mga miyembro ay naniniwala na nangungusap ang Panginoon sa pamamagitan ng kanilang mga lider. Kapag tinagubilinan tayo ng Pangulo ng Simbahang ito, naniniwala tayo na sinasabi niya sa atin ang ipinagagawa sa atin ng Panginoon. Para sa atin hindi lamang ito payo ng isang tao. Naniniwala tayo diyan, at nanunuot ito sa ating kaluluwa, at nahihikayat tayong pag-ibayuhin ang ating determinasyong maging katulad ng nais ng Diyos na kahinatnan natin.[7]

Nagkaroon na tayo ng mga miyembro sa Simbahan na nalihis ng landas, dahil sa kanilang kamangmangan, at kinalaban ang payo ng [Pangulo ng Simbahan], nang hindi naunawaan ang katotohanan na kinakalaban nila ang Panginoon at nasadlak sila sa kadiliman at kalungkutan, at kung hindi sila magsisisi ay wala silang puwang sa kahariang selestiyal.

Tandaan natin na ang Pangulo ng Simbahang ito ang opisyal na itinalaga bilang lider ng Simbahan sa buhay na ito upang maging kinatawan ng Panginoon ng langit at lupa.[8]

Kapag ang mga tao, tulad ng ginagawa nila kung minsan para magtagumpay sa ilang hangarin, ay lumapit sa isang tao o mga tao at nagsabing, “may napanaginipan ako at ito ang nais ipagawa sa atin ng Panginoon,” malalaman ninyo na wala sila sa panig ng




*"Bawat isa sa atin ay may karapatan sa inspirasyon ng Panginoon ayon sa paraan ng ating pamumuhay na makadiyos."*

Panginoon. Ang mga panaginip at pangitain at paghahayag ng Diyos sa mga anak ng tao ay laging dumarating sa pamamagitan ng kanyang lingkod na hinirang sa wastong paraan. Maaari kayong managinip at tumanggap ng paghahayag para sa inyong sariling kapanatagan o kasiyahan, ngunit hindi ito para sa Simbahan. . . . Hindi tayo dapat palinlang.[9]

Puspos ng pasasalamat ang aking kaluluwa sa araw na ito na malaman na sa pananatili nating miyembro ng Simbahan may namumuno sa atin na nakaaalam ng daan, at kung susundin natin ang kanyang tagubilin . . . hindi masisira ang ating espirituwalidad na siyang nangyayari sa mundo ngunit tayo ay maglilibot na gumagawa ng mabuti, pinagpapala ang mga tao, at nagagalak na makapiling ang mga mahal natin sa buhay.[10] [Tingnan ang mungkahi 3 sa pahina 133.]

### Bawat isa sa atin ay may karapatan sa personal na inspirasyon mula sa Espiritu Santo kung susundin natin ang mga utos.

Naniniwala ako sa inyo, mga kapatid. . . . May karapatan kayo sa kaalaman ding iyon na siya ang nangungulo sa Simbahan. May karapatan kayo sa inspirasyon ding iyon na ibinubuhos sa mga inorden ng Diyos bilang Kanyang mga lider. May karapatan kayo sa inspirasyon ng Espiritu, at sa kaalaman na Siya ang inyong Ama, at kapag sinabi kong "kayo" tinutukoy ko ang lahat ng sumunod sa mga utos ng ating Ama, at nakibahagi sa magiliw na impluwensya ng Espiritu ng Panginoon sa Simbahan ni Cristo. . . . Bawat isa sa atin ay may karapatan sa inspirasyon ng Panginoon ayon sa paraan ng ating pamumuhay na makadiyos.[11]

Saan man kayo magtungo, wala na kayong makikitang ibang grupong nakatipon, na bawat isa ay sumasampalataya sa Diyos; at kung tatanungin namin kayong lahat kung ilan ang may patotoo, hindi paniniwala lamang sa sinabi ng iba, kundi ilan sa inyo ang nakatitiyak na ito ang gawain ng Diyos, na si Jesus ang Cristo, na walang-hanggan ang ating buhay, na si Joseph Smith ay propeta ng Buhay na Diyos, sasagot kayo na mayroon kayong ganitong patotoo na nagpapasigla at nagpapalakas at nagpapasaya sa buhay ninyo sa mundong ito. . . .

. . . Nalaman ko noong bata pa ako na ito ang gawain ng Panginoon. Nalaman ko na may mga propetang nabubuhay sa ibabaw ng lupa. Nalaman ko na ang inspirasyon ng Makapangyarihan sa lahat ay makaiimpluwensya sa mga taong namuhay upang matamasa ito, kaya hindi tayo umaasa sa isa o dalawa o anim na tao. Alam ng libu-libong miyembro ng Simbahang ito na—hindi ito imahinasyon—alam nila na ang Diyos ay buhay at si Jesus ang Cristo at tayo ay mga anak ng Diyos.[12]

Hindi kayo umaasa sa kasaysayan lamang, ni sa mga turo ng sinumang tao, upang malaman na ito ang gawain ng Panginoon, dahil nag-aalab ito sa inyong kaluluwa sa pamamagitan ng kaloob na Espiritu Santo. Walang alinlangan sa inyong isipan tungkol sa inyong pinagmulan, ni sa lugar na paroroonan ninyo pagkamatay ninyo, kung kayo ay tapat sa pagtitiwalang ibinigay sa inyo.[13]

Ang patotoo ay hindi maibibigay sa atin ng ibang tao. Ang pananalig ay nagmumula sa ating Ama sa Langit.[14]

Nakatayo ako ngayon dito na labis na nagpapasalamat sa kaalamang napasaakin. Nagpapasalamat ako na hindi ako umaasa sa sinumang tao para sa patotoong taglay ko. Mangyari pa, nagpapasalamat ako sa pagpapalakas ng loob na tinanggap ko mula sa ibang taong nagtataglay ng liwanag at katotohanan, at nanghihikayat sa pamamagitan ng matwid na pamumuhay, ngunit hindi ako umaasa sa sinuman sa kanila para sa kaalaman na ang Diyos ay buhay, na si Jesucristo ang Manunubos ng sangkatauhan at si Joseph Smith ay propeta ng Panginoon. Alam ko mismo ang mga bagay na ito.

. . . Nagagalak akong magpatotoo na alam kong totoo ang ebanghelyo, at buong kaluluwa kong pinasasalamatan ang aking Ama sa Langit na inihayag niya ito sa akin.[15]

Sa lahat ng pagpapalang dumating sa buhay ko ang pinakamahalaga ay ang kaalaman na ang Diyos ay buhay at ito ang kanyang gawain, dahil kabilang diyan ang lahat ng iba pang pagpapalang inaasam kong matamasa sa buhay na ito o sa buhay na darating.[16] [Tingnan ang mungkahi 4 sa pahina 133.]

---

## Ang Espiritu Santo ay isang ligtas na patnubay sa landas ng buhay na ito.

Ang pagsama ng Espiritu [ng Diyos] . . . ay isang ligtas na patnubay sa landas ng buhay na ito at isang tiyak na paghahanda para sa isang tahanan sa kanyang kahariang selestiyal.[17]

Mababasa natin sa Job na may espiritu sa tao, at ang inspirasyon ng Makapangyarihan sa lahat ay nagbibigay sa kanya ng pangunawa [tingnan sa Job 32:8]. Kung susundin natin ang mga utos ng Diyos may karapatan tayo sa inspirasyong iyan, at kung namumuhay tayo nang nararapat bilang mga anak ng Diyos, makakamtan natin ang inspirasyong iyan, at walang sinumang makahahadlang dito, at ang bunga nito ay pag-unlad ng sarili nating katawan at isipan at moralidad sa buhay na ito, at patuloy na pag-unlad sa buong kawalang-hanggan.[18]

Ang pagsama ng espiritu ng Panginoon ay panlaban sa kapaguran, . . . sa takot at sa lahat ng bagay na kung minsan ay dumaraig sa atin sa buhay.[19]

Noong kasama ng mga disipulo ang Tagapagligtas humanga sila sa kanya nang hindi nababatid kung gaano siya kadakila, ngunit nang mapasakanila ang kapangyarihan ng Espiritu Santo, nang mabinyagan sila ng apoy ay noon lamang nila nakayang harapin ang mga problema at matiis ang mga pang-uusig na halos hindi nila makayanan. Nang mabigyan sila ng pang-unawa ng inspirasyon ng Makapangyarihan sa lahat nalaman nila na walang-hanggan ang kanilang buhay, at kung mapatunayan nila ang kanilang katapatan alam nila na kapag inihimlay ng kamatayan ang kanilang katawan ay ibabangon sila mula sa libingan tungo sa kaluwalhatian at imortalidad.

Iyan ang bunga ng inspirasyon ng Espiritu ng Diyos na napasakanila, ang inspirasyon ng Makapangyarihan sa lahat na nagbigay sa kanila ng pang-unawa. . . .

Dalangin ko na ang Espiritung nagpapanatili sa atin sa landas ng katotohanan at kabutihan ay manatili sa atin, at dalangin ko na ang hangaring iyan na nagmumula sa inspirasyon ng ating Ama sa Langit ang pumatnubay sa atin sa landas ng buhay na iyan.[20]

Pagkatapos ng gawain sa mundo nawa'y mabatid natin na nakinig tayo sa bulong ng marahan at banayad na tinig na iyon na laging gumagabay sa atin sa landas ng kabutihan, at malaman na nabuksan nito ang pintuan ng kahariang Selestiyal, para sa atin at sa mga mahal natin sa buhay, upang sumulong sa kawalang-hanggan, . . . na maligaya magpakailanman.[21] [Tingnan ang mungkahi 5 sa pahina 133.]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

Pag-isipan ang mga ideyang ito habang pinag-aaralan ninyo ang kabanata o naghahanda kayong magturo. Para sa karagdagang tulong, tingnan sa mga pahina v–viii.

1. Habang binabasa ninyo ang "Mula sa Buhay ni George Albert Smith" (mga pahina 123–126), pag-isipan kung paano

naaangkop ang analohiya ni Pangulong Smith sa ating paglalakbay sa buhay na ito. Ano kaya ang isinasagisag ng hamog, radio beam, at lagitik na tunog? Paano kayo nabalaan ng Panginoon sa panganib at natulungan kayong manatili sa landas tungo sa buhay na walang-hanggan?

2. Sa mga pahina 126–128, sinabi ni Pangulong Smith na ang paghahayag ay kailangan din ngayon tulad noong panahon ng Biblia. Paano kayo tutugon sa isang taong nagsasabi na sapat na ang mga paghahayag sa mga banal na kasulatan para sa ating panahon? Anong mga karanasan ang nakapagturo sa inyo na ang Ama sa Langit "ay tunay na nagmamalasakit sa ating buhay"?
3. Pag-aralang muli ang bahaging nagsisimula sa pahina 128. Paano ninyo nalaman na ang payo ng propeta ay nagmumula sa Panginoon at "hindi lamang ito payo ng isang tao"? (pahina 128). Paano kayo matutulungan ng pansariling paghahayag na tanggapin at isabuhay ang paghahayag na ibinigay sa pamamagitan ng propeta?
4. Habang pinag-aaralan ninyo ang bahaging nagsisimula sa pahina 130, pag-isipan kung paano kayo nagtamo ng patotoo tungkol sa ebanghelyo. Paano nakatulong sa inyo ang patotoo ng ibang tao? Ano ang ginawa ninyo para malaman ninyo mismo ang katotohanan?
5. Sa huling bahagi ng mga turo (mga pahina 131–132), maghanap ng mga salita at pariralang naglalarawan sa mga paraan na makakatulong sa atin ang Espiritu Santo. Pag-isipan kung ano ang magagawa ninyo para maging marapat sa mas madalas na pagsama ng Espiritu Santo sa inyong buhay.

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan:* Juan 15:26; 1 Nephi 10:17–19; 2 Nephi 32:5; Moroni 10:3–5; Doktrina at mga Tipan 1:38; 42:61; 76:5–10; Mga Saligan ng Pananampalataya 1:9

*Tulong sa pagtuturo:* "Huwag mabahala kung ang mga mag-aaral ay tahimik nang ilang sandali matapos kayong magtanong. Huwag sagutin ang sarili ninyong katanungan; bigyan ng oras ang mga mag-aaral na makapag-isip ng isasagot. Gayunpaman, ang mahabang

katahimikan ay maaaring pahiwatig na hindi nila naunawaan ang tanong at kailangan ninyo itong ulitin nang maliwanag" (*Pagtuturo, Walang Higit na Dakilang Tungkulin,* 85).

## *Mga Tala*

1. Sa Conference Report, Okt. 1937, 50–53.
2. Sa Conference Report, Abr. 1946, 4.
3. Sa Conference Report, Abr. 1917, 37.
4. "Some Points of 'Peculiarity,'" *Improvement Era,* Mar. 1949, 137.
5. Sa *Proceedings at the Dedication of the Joseph Smith Memorial Monument,* 55.
6. "Message to Sunday School Teachers," *Instructor,* Nob. 1946, 501.
7. Sa Conference Report, Okt. 1930, 66.
8. Sa Conference Report, Okt. 1937, 52–53.
9. Sa Conference Report, Okt. 1945, 118–19.
10. Sa Conference Report, Okt. 1937, 53.
11. Sa Conference Report, Okt. 1911, 44.
12. Sa Conference Report, Abr. 1946, 124–25.
13. Sa Conference Report, Abr. 1905, 62.
14. "Opportunities for Leadership," *Improvement Era,* Set. 1949, 557.
15. Sa Conference Report, Okt. 1921, 42.
16. Sa Conference Report, Abr. 1927, 82.
17. "To the Latter-day Saints Everywhere," *Improvement Era,* Dis. 1947, 797.
18. Sa Conference Report, Abr. 1944, 31.
19. Sa Conference Report, Okt. 1945, 115–16.
20. Sa Conference Report, Abr. 1939, 124–25.
21. Sa Conference Report, Abr. 1941, 28.


# Masigasig na Hangaring Ibahagi ang Ebanghelyo

*Kailangan ng ating mga kapatid sa buong mundo ang mensahe ng ipinanumbalik na ebanghelyo, at pribilehiyo nating ibahagi ito sa kanila.*

## Mula sa Buhay ni George Albert Smith

Isinulat ng isang malapit na kaibigan ni George Albert Smith: "Si Pangulong George Albert Smith ay likas na misyonero. Binatilyo pa lang siya ay matindi na ang hangarin niyang ibahagi ang mga turo ng ebanghelyo sa kanyang kapwa, upang ipaalam sa 'mga anak ng Diyos,' na itinuturing niyang lahat na mga kapatid, ang mga katotohanang inihayag kay Propetang Joseph Smith.

"Sa ilang pagkakataon nagkaroon ako ng pribilehiyong makasama sa paglalakbay sakay ng tren si Pangulong Smith. Sa bawat pagkakataon naobserbahan ko na kapag umandar na ang tren, kumukuha siya ng ilang gospel tract mula sa kanyang bag, inilalagay ito sa kanyang bulsa, at lumilibot siya sa mga pasahero. Sa kanyang magiliw at nakalulugod na paraan maya-maya ay makikipagkilala na siya sa kapwa pasahero, at hindi magtatagal ay maririnig ko na siyang nagkukuwento tungkol sa pagtatatag ni Propetang Joseph Smith sa Simbahan o paglalakbay ng mga Banal mula sa Nauvoo at ang mga pagsubok at hirap na dinanas nila sa pagtawid sa kapatagan papuntang Utah o kaya'y nagpapaliwanag tungkol sa ilang mga alituntunin ng ebanghelyo sa kanyang bagong kaibigan. Isa-isa niyang kinakausap ang bawat pasahero hanggang sa matapos ang biyahe. Sa buong panahon na magkasama kami ni Pangulong Smith, na umabot nang mahigit apatnapung taon, nalaman ko na saanman siya naroon, siya, una sa lahat ay isang misyonero para sa Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw."[1]



*"Ang Ebanghelyo ni Jesucristo ang hatid natin. Ang hangaring iligtas ang mga kaluluwa ng mga anak ng tao ang nag-aalab sa ating puso."*

Ganito rin ang isinulat tungkol kay Pangulong Smith: "Kinakausap niya tungkol sa relihiyon ang tagalinis ng tsimenea na nagtatrabaho sa bahay niya. Madalang siyang magpalagpas ng pagkakataon upang ipaliwanag ang 'mga walang-hanggang katotohanan ng ipinanumbalik na ebanghelyo' sa kaibigan o estranghero. Sa kanyang pananaw, ito ang pinakamagandang gawin, dahil ang mensahe ni Cristo ang pinakamahalagang regalong maibibigay niya."[2] [Tingnan ang mungkahi 1 sa pahina 146.]

Dahil pagbabahagi ng ebanghelyo ang paksang madalas talakayin ni Pangulong Smith sa kanyang mga turo, ito ang una sa tatlong kabanata tungkol sa paksa sa aklat na ito. Ang kabanatang ito ay nakatuon sa mga dahilan kung bakit natin ibinabahagi ang ebanghelyo; ang kabanata 13 ay naglalahad ng ilang paraan na makababahagi tayo sa mahalagang gawaing ito; at ang kabanata 14 ay naglalarawan kung paano tayo magiging napaka-epektibo sa ating mga pagsisikap.

## Mga Turo ni George Albert Smith

### Kailangan ng mundo ang nasa atin—ang ebanghelyo ni Jesucristo, na naipanumbalik sa kabuuan nito.

Ang mundo ay naguguluhan, nahihirapan, sa kabi-kabilang panig. Ang kalalakihan at kababaihan ay paroo't parito, sa paghahanap kung saan sila tutungo upang gawin ang mga bagay na maghahatid sa kanila ng kapayapaan. . . . Ang ebanghelyo ni Jesucristo ay naipanumbalik na. Ang katotohanang inihayag mula sa langit ay narito at ang katotohanang iyan, ang ebanghelyong iyan, kung alam lang ng mundo, ang gagamot sa lahat ng kanilang pagdurusa. Ito ang kaisa-isang bagay na maghahatid sa kanila ng kapayapaan habang narito sila sa mundo.[3]

Kailangang bakasin ng mga tao sa mundong ito ang kanilang pinagdaanan at balikan ang saligang inilatag ng Panginoon ng langit at lupa, ang saligan ng pananampalataya, pagsisisi at binyag sa pamamagitan ng paglulubog sa tubig para sa kapatawaran ng mga kasalanan, at pagtanggap ng Espiritu Santo sa ilalim ng mga kamay ng mga maytaglay ng banal na awtoridad. Iyan ang kailangan ng mundo. Talagang nagpapasalamat ako na maraming nakatingin sa

direksyong iyan. Matagal na silang nabubulagan sa pagtahak sa landas na humantong sa kalungkutan at pagdurusa, ngunit abot-kamay nila ang sagot sa lahat ng pagdurusa—ang ebanghelyo ni Jesucristo. Nakaplano na para sa lahat ang landas na tatahakin, bagama't ito ay makitid, at mahirap sundan, ito ay pabalik sa Ama nating lahat; at wala nang ibang landas papunta roon.[4]

Sinusubukan ng mga simbahan sa mundo, sa sarili nilang paraan, na maghatid ng kapayapaan sa puso ng mga tao. Taglay nila ang maraming kabanalan at katotohanan, at marami silang nagawang kabutihan, ngunit wala silang banal na awtoridad. Maging ang kanilang mga saserdote ay walang banal na awtoridad.[5]

Ang mga Banal sa mga Huling Araw lamang ang tanging maytaglay ng awtoridad ng ating Ama sa Langit na mangasiwa sa mga ordenansa ng Ebanghelyo. Kailangan tayo ng mundo.[6]

Totoong may taggutom sa mundo sa mga salita ng Panginoon, at maraming tapat na kaluluwa ang masigasig na inaalam kung ano ang hangad ng ating Ama sa Langit sa kanila. Nakausap ko na ang ilan sa mga lider ng mga simbahan sa mundo, at nakita ko sa kanila ang marangal na pagkataong tapat sa paggawa ng mabuti, ngunit bihira kong makita sa mga natawag sa ministeryo sa iba't ibang organisasyon ng simbahan, ang kalalakihang nakauunawa sa mga layunin ng kanilang buhay, o nakaaalam kung bakit tayo narito sa mundo. Hindi maituturo ng tao ang hindi nila alam mismo. Ang mabubuting taong ito, na hindi nauunawaan ang ebanghelyo at ang pangangailangan sa mga ordenansa nito, ay halos kagandahang-asal lamang ang itinuturo at ang pagbabasa ng mga awit ng papuri sa kanilang mga kongregasyon. Naghihiwalay sila ng mga talata sa banal na kasulatan bilang mga teksto para sa mga mensahe tungkol sa kabanalan, katapatan, atbp., na pawang nakakatulong at nakasisigla, ngunit ilang sermon lang ang ipinangangaral na nagpapaliwanag sa mga kinakailangang gawin ng bawat kaluluwa bago tayo makapasok sa kaharian ng langit. Ang impormasyong ito ang kailangang-kailangan ng mundo. Iilang ministro lamang ang may mensahe para sa kanilang kongregasyon na naghihikayat sa kanila na maniwala sa kabanalan ni Jesucristo at sa kahalagahan ng pakikibahagi sa mga ordenansa ng ebanghelyo na iniutos niya.[7] [Tingnan ang mungkahi 2 sa pahina 146.]

**Maraming taong tatanggap sa katotohanan kung mabibigyan sila ng pagkakataon.**

Ang mga anak ng ating Ama sa lahat ng dako ay sabik na malaman kung ano ang dapat nilang gawin, ngunit, dahil sa masasamang impluwensyang laganap sa mundo, sila ay nalilinlang; ang mararangal na tao sa mundo ay nabubulagan sa katotohanan. . . . Kumikilos ang kaaway, at ang tanging kapangyarihang makadaraig sa kanyang impluwensya ay ang ebanghelyo ni Jesucristo.[8]

Noon pa man ay mapaghinala na ang mga tao sa isa't isa. Hindi sila naniniwala sa kanilang narinig, at ayaw na nilang gawin ang ipinagawa ni Felipe, isa sa mga disipulo ng Tagapagligtas, kay Natanael na nakausap niya. Sabi ni Felipe, "Narito ang Panginoon."

At inilarawan niya ito at nagtanong si Natanael, "Tagasaan siya?"

At sumagot si Felipe, "Aba, siya ay taga-Nazaret." Pagkatapos ay sinabi ng butihing lalaki, "Mangyayari bagang lumitaw ang anomang magaling na bagay sa Nazaret?" Sabi ni Felipe, "Pumarito ka at tingnan mo." (Tingnan sa Juan 1:43–46.)

Pinaniwala si Natanael na walang magaling na bagay na magmumula sa Nazaret, subalit siya ang taong kalaunan ay tinukoy ng Tagapagligtas na isang Israelitang hindi mandaraya—isang mabuting tao, ngunit nalinlang dahil sa mga kuwentong kanyang narinig.

Ngunit nang malaman niya, nang tanggapin niya ang paanyaya ng mga disipulo na, "Pumarito ka at tingnan mo," nagpunta siya para makita niya.

Malaking kagalakan ang nadama natin sa impluwensya ng Kanyang Espiritu. Nais nating matamasa ng lahat ang pagpapalang iyan, kaya nang magtanong sila kung, "Anong uri ng mga tao sila?" ang lagi nating isinasagot ay, "Pumarito ka at tingnan mo."[9]

Pinapunta ako ng aking Ama sa Langit . . . sa maraming bahagi ng mundo, at mahigit isang milyong milya na ang nalakbay ko mula nang tawagin ako sa ministeryo. Maraming lupain at klima na ang nalakbay ko, at saanman ako magpunta may nakikita akong mabubuting tao, mga anak ng Diyos na naghihintay sa ebanghelyo ni Jesucristo, at libu-libo, daan-daang libo, milyun-milyon sa kanila, ang tatanggap sa katotohanan kung alam lang nila ang alam natin.[10]



*"Ang mga naniniwala ay susundin ang huwarang ibinigay ng Tagapagligtas nang sabihin Niya sa Kanyang mga disipulo, 'Ang sumasampalataya at mabautismuhan ay maliligtas.'"*

Napakaraming simbahan sa mundo, maraming tapat na kalalakihan at kababaihang namumuhay alinsunod sa kalooban ng ating Ama sa Langit ayon sa pagkaunawa nila rito. . . .

Lahat ng taong mamumuhay ayon sa liwanag na inihandog sa kanila ng Panginoon at magdarasal sa kanya nang taimtim ay maaantig ang puso, maiimpluwensyahan ang isipan, at mabibigyan ng pagkakataong malaman na muling nangusap ang Diyos.[11] [Tingnan ang mungkahi 3 sa pahina 146.]

## Masigasig tayo sa pagbabahagi ng ebanghelyo dahil mahal natin ang ating kapwa.

Marahil sa paningin ng hindi miyembro ay kakaiba ang kasigasigan ng mga Banal sa mga Huling Araw. Sabi nga ng isang lalaki kamakailan: "Kakaiba sa akin ang galak ng inyong mga tao sa pagsusulong ng inyong gawain. Hindi mahalaga kung kabataan man

o nasa hustong gulang, hardinero man o pulis ang kausapin ko sa inyong mga tao, lahat sila ay masaya at kuntento at tiwala na taglay nila ang ebanghelyo ni Jesucristo." . . .

. . . Nakapagtataka ba na masigasig tayo sa ating pagsamba, na matibay ang hangarin nating ibahagi ang maluluwalhating katotohanang ito sa ating kapwa? Dapat bang pagtakahan na, pagdating ng panahon na matawag sa misyon ang ating mga anak, o hilingan tayong isantabi ang ating mga tungkulin at humayo bilang mga lingkod ng buhay na Diyos, at mapagkalooban ng kapangyarihang galing sa itaas, taglay ang awtoridad na iginawad sa mga huling araw na ito, para maibahagi natin sa lahat ng tao ang napakagandang katotohanang ito na nagpayaman sa ating buhay, . . . tayo ay kusa at masayang sumusunod?[12]

Ang Ebanghelyo ni Jesucristo ang hatid natin. Ang hangaring iligtas ang mga kaluluwa ng mga anak ng tao ang nag-aalab sa ating puso. Hindi iyon para itaas ang ating sarili at yumaman; hindi para papurihan ang ating pangalan sa mundong ibabaw dahil sa mga nagawa natin; kundi para marinig ng mga anak ng Diyos, saanman sila naroon, ang ebanghelyong ito, na siyang kapangyarihan ng Diyos sa ikaliligtas ng mga naniniwala at sumusunod sa mga tuntunin nito. At ang mga naniniwala ay susundin ang huwarang ibinigay ng Tagapagligtas nang sabihin Niya sa Kanyang mga disipulo, "Ang sumasampalataya at mabautismuhan ay maliligtas; datapuwa't ang hindi sumasampalataya ay parurusahan." [Marcos 16:16.][13]

Isipin ang responsibilidad natin, kung dahil sa kapabayaan o pagwawalang-bahala ay mamuhay tayo, nang hindi naghahangad na ibahagi ang katotohanan sa mga mahal ng Panginoon tulad ng pagmamahal niya sa atin, at mahalaga sa kanyang paningin. Palagay ko dapat mamulat ang ilan sa mga miyembro ng Simbahang ito. Palagay ko dapat pang mas sikaping ibahagi sa mga anak ng ating Ama ang lahat ng katotohanang nasa Simbahang ito.[14]

Kapag maysakit ang isang tao, kung kapitbahay natin siya, masaya natin siyang pinaglilingkuran; kung may yumao sa kanyang pamilya, sinisikap natin siyang aliwin. Ngunit sa paglipas ng mga taon tinutulutan natin siyang tumahak sa mga landas na sisira sa kanyang oportunidad sa buhay na walang-hanggan, nilalagpasan natin siya, na para bang wala siyang saysay.[15]

Nauunawaan ba natin na bawat tao ay nilikha sa larawan ng Diyos at anak na lalaki at anak na babae ng Diyos? Saanman sila naroon, sila ay kanyang mga anak, at mahal niya sila at hangad niyang maligtas sila. Tunay nga na bilang mga miyembro ng Simbahang ito hindi maaaring hindi tayo kumilos. Hindi natin matatanggap ang biyayang mapagmahal na ipinagkakaloob sa atin ng Ama sa Langit, ang kaalaman tungkol sa buhay na walang-hanggan, at sarilinin ito, iniisip na pagpapalain tayo nito. Hindi ang ating natatanggap ang nagpapayaman sa ating buhay, kundi ang ating ibinibigay.[16]

Pagmalasakitan natin nang sapat ang kaligtasan ng mga tao sa pagiging masigasig na sila ay mapabalik-loob: nang sa gayon ay matamasa natin ang kanilang walang-hanggang pasasalamat at pagmamahal, at ang pagpapahalaga ng ating Ama sa Langit, dahil sa ating tapat na pagmamalasakit sa Kanyang mga anak.[17]

Ang ating misyon sa mga anak ng ating Ama . . . ay misyon ng kapayapaan, ng mabuting hangarin sa lahat ng tao. Marubdob at masigasig na hangaring ibahagi sa lahat ng anak ng ating Ama ang mabubuting bagay na bukas-palad niyang ipinagkaloob sa atin; at sa pag-asang makaunawa sila, lumuluhod tayo, sa araw-araw, at nagdarasal na maantig ang kanilang puso, na mapasakanilang kaluluwa ang espiritu ng Diyos, upang maunawaan nila ang katotohanan na ibinigay sa kanila.[18]

Sana ay mas mabilis na maipalaganap ng dakilang Simbahang ito ang katotohanan, sa pamamagitan ng kapangyarihang ipinagkaloob dito ng Diyos, at mailigtas ang mga bansa mula sa pagkawasak. Mabilis ang pagdami natin, bilang isang organisasyon, ngunit natutuwa ako hindi dahil sa pagtaas ng bilang kundi sa paniniwala na maganda ang resulta ng ating impluwensya at naririnig ng mga anak ng ating Ama, mula hilaga hanggang timog, at mula silangan hanggang kanluran, ang mensahe ng buhay at kaligtasan, dahil kung wala ang mga ito hindi nila makakapiling ang Manunubos ng sangkatauhan.[19] [Tingnan ang mungkahi 4 sa pahina 146.]

---

### Pananagutin tayo ng Panginoon sa mga pagsisikap nating ibahagi ang kaloob na ebanghelyo.

Nakatanggap tayo ng napakagandang kaloob, ngunit kalakip ng kaloob na iyan ang malaking responsibilidad. Nabiyayaan tayo ng

Panginoon ng higit na kaalaman kaysa ating kapwa, at kaakibat ng kaalamang iyan ang pangangailangang ibahagi ito sa Kanyang mga anak saanman sila naroon.[20]

Ngayon, hindi ko maunawaan na pinaglilingkuran natin ang Diyos nang buong lakas natin kung tinatalikuran natin ang kanyang mga anak, o gumugugol tayo ng napakaraming oras upang mapaunlad ang ating sarili, nagtitipon ng mga bagay-bagay sa buhay na ito, at hinahayaan naman natin ang kanyang mga anak sa kadiliman, gayong maaari natin silang akayin sa liwanag. Nauunawaan ko na pinakamahalagang misyon ko sa buhay na ito ay: una, sundin ang mga utos ng Diyos, ayon sa naituro sa akin; at pagkatapos, ituro ito sa mga anak ng aking Ama na hindi nakauunawa rito.[21]

Wala nang iba pang Ebanghelyo ng kaligtasan, at tayo, mga kapatid kong maytaglay ng banal na priesthood, ay may responsibilidad na dalhin ang mensaheng iyan, hindi lamang sa mga bansa ng mundo, kundi ipamuhay at ituro ito sa ating kapwa, na hindi natin kapanalig. Binabalaan ko kayo ngayong araw na ito na pananagutin tayo ng Panginoon kapag hindi tayo nanawagan sa Kanyang mga anak na magsisi at hindi natin pinalaganap ang Kanyang katotohanan. Kung sasayangin natin ang ating mga pagkakataong ituro sa mga anak ng Diyos, na hindi natin kapanalig, na nasa ating paligid, ang Ebanghelyong ito ng ating Panginoon, pananagutin Niya tayo sa kabilang-buhay sa mga hindi natin nagawa.[22]

Pagkatapos ay haharapin natin ang ating talaan ng buhay, at kung naging tapat tayo, tiyak ko na ang Ama nating lahat sa mundo ay pasasalamatan at pagpapalain tayo dahil ipinaunawa natin sa napakarami niyang anak ang layunin ng buhay at kung paano ito matatamasa sa ilalim ng impluwensya ng kanyang espiritu.[23]

Kapag nasa atin ang diwa ng ebanghelyo hangad nating maturuan ang maraming anak ng ating Ama hanggang sa abot ng ating makakaya, ng maluluwalhating katotohanang mahalaga para sa kanilang kadakilaan; at pagdating ng panahon na tatayo tayo sa harapan ng Manunubos ng sangkatauhan, masasabi natin sa kanya: "Dahil sa kapangyarihang ipinagkaloob ninyo sa akin, sa karunungan at kaalamang ibinigay ninyo sa akin, hinangad ko nang may pagmamalasakit at pagmamahal na hindi pakunwari, at may determinasyon at kabaitan na iparating ang kaalaman ng ebanghelyo



*"Kapag nasa atin ang diwa ng ebanghelyo hangad nating maturuan ang maraming anak ng ating Ama sa abot ng ating makakaya."*

sa marami sa inyong mga anak hanggang sa abot ng aking makakaya."[24] [Tingnan ang mungkahi 5 sa pahina 146.]

**Kung ibabahagi natin ang ebanghelyo sa mga anak ng Diyos, ang ating gantimpala ay malaking kagalakan na kasama nila sa kahariang selestiyal.**

Marami sa atin ang nag-uukol ng karamihan sa ating panahon sa paghahangad ng mga bagay sa buhay na ito na mapipilitan tayong iwanan kapag tayo ay yumao, subalit may mga imortal na kaluluwa sa ating paligid na matuturuan natin, kung gusto natin, at mahihikayat na saliksikin ang katotohanan, at maitatanim natin sa kanilang puso ang kaalaman na ang Diyos ay buhay. Ano pang kayamanan sa buong mundo ang magiging napakahalaga sa atin, dahil pasasalamatan nila tayo sa buhay na ito at pahahalagahan magpakailanman at magpasawalang-hanggan sa daigdig na darating. Napakahalagang misyon nito.[25]

Isipin ang mangyayari kung, sa halip na maging sakim at sikaping iligtas lamang ang sarili nating maliit na pamilya, dose-dosena at daan-daang kalalakihan at kababaihan ang maimpluwensyahan natin upang tanggapin ang Ebanghelyo ng ating Panginoon. Sa gayon ay tunay ngang mapalad tayo at matatamasa natin ang kanilang pagmamahal at pasasalamat magpakailanman.[26]

Kaylaking kagalakan sa kabilang-buhay, na makita ang mabubuting kalalakihan at kababaihang ito na namumuhay ayon sa liwanag na nasa kanila, sinisikap na magawa ang kanilang tungkulin sa Diyos, at dahil sa ating pagtuturo, dahil sa ating kasabikan at kahandaang ibahagi ang mga ito, tatanggap sila ng iba pang impormasyon tungkol sa ebanghelyo ng ating Panginoon at ng mga ordenansa sa Kanyang Banal na Bahay at magiging handa para maging miyembro sa Kahariang Selestiyal. Lubha kayong sasaya, kung dumating ang oras na iyan, na tumayo kayo sa harapan ng dakilang Hukom upang isulit ang maikling buhay na ginugol sa mortalidad, kung sabihin ng mga anak na ito ng ating Ama na mahal Niyang tulad ng pagmamahal Niya sa atin, habang nakatayo sa ating tabi, "Ama sa Langit, ang lalaki pong ito, ang babae pong ito ang unang naghatid sa akin sa kaalaman ng Inyong maluwalhating katotohanan na naghikayat sa akin na hangaring makilala Kayo nang mas taimtim ngayon kaysa noon. Ang lalaki o babae pong ito ang gumawa ng magandang bagay na ito sa akin." At hindi lamang iyan.

Pagdating ng panahong iyan, kapag kayo ay nasa kawalang-hanggan na, napakahahabang panahon niyan, mamahalin at pasasalamatan kayo ng bawat lalaki, babae at bata na kayo ang naging kasangkapan upang magkaroon sila ng walang-hanggang kaligayahan. Hindi ba makabuluhan iyan? Maaari nating gugulin ang ating buhay dito at magtamo ng daan-daan o libu-libong dolyar, magkaroon ng mga kawan, bakahan, bahay at lupa, ngunit hindi natin madadala ang mga ito sa kabilang-buhay. Hindi mahalaga ang mga ito sa buhay na walang-hanggan, mahalaga lamang ito sa buhay na ito, ngunit kung natamo natin ang pasasalamat at pagmamahal ng iba pang mga anak ng Diyos, patuloy nating matatamo iyan magpakailanman. Isipin ang magiging kabuluhan niyan! Pagdating ng panahon na ang mundong ito ay nalinis at napadalisay sa pamamagitan ng apoy at naging kahariang selestiyal, na lahat ng karumihan,

at lahat ng hindi kanais-nais ay napawi, lubhang nakasisiyang malaman na kasama natin ang mga taong ating napaglingkuran sa buhay na ito, na kasama nating tagapagmana si Jesucristo na ating Panginoon, at pamumunuan niya tayo magpakailanman—hindi ba makabuluhan iyan? Hindi ba ito masayang pagkakataon?[27] [Tingnan ang mungkahi 6 sa pahina 147.]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

Pag-isipan ang mga ideyang ito habang pinag-aaralan ninyo ang kabanata o naghahanda kayong magturo. Para sa karagdagang tulong, tingnan sa mga pahina v–viii.

1. Basahing muli ang "Mula sa Buhay ni George Albert Smith" (mga pahina 135–137). Sa palagay ninyo, bakit lubhang masigasig si Pangulong Smith sa gawaing misyonero? Ano ang ibig sabihin sa inyo ng "una sa lahat ay maging isang misyonero para sa Simbahan"?
2. Ano pa ang handog ng ipinanumbalik na ebanghelyo sa mundo bukod sa "mga turo sa kagandahang-asal" na iniaalok sa halos lahat ng relihiyon? (Para sa ilang halimbawa, tingnan ang mga pahina 137–138.)
3. Basahin ang bahaging nagsisimula sa pahina 139 (tingnan din sa D at T 123:12). Anong mga halimbawa ang nakita na ninyo tungkol sa mga taong naliwanagan sa maling akala tungkol sa Simbahan sa pamamagitan ng pagtanggap sa paanyayang "pumarito ka at tingnan mo"? Ano ang ilang epektibong paraan para magparating ng gayong paanyaya?
4. Basahin ang huling talata sa pahina 141. Sa palagay ninyo, bakit atubili tayo kung minsan na ibahagi ang ebanghelyo sa ating kapwa? Habang pinag-aaralan ninyo ang mga pahina 140–142, pag-isipan ang magagawa natin para madaig ang pag-aatubiling iyon.
5. Habang binabasa ninyo ang bahaging nagsisimula sa pahina 142, pag-isipang mabuti kung ginagawa ninyo ang inaasahan sa inyo ng Panginoon para maibahagi ang ebanghelyo.

Pag-isipan nang may panalangin kung paano ninyo mas lubos na masusunod ang utos na ito.

6. Basahing muli ang huling bahagi ng mga turo (mga pahina 144–146) at isipin ang tao na unang nagpaalam o naghatid sa inyo o sa inyong pamilya ng ipinanumbalik na ebanghelyo ni Jesucristo. Ano ang magagawa ninyo para ipakita o ipahayag ang pasasalamat ninyo sa taong iyon?

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan:* Amos 8:11–12; Mosias 28:1–3; Alma 26:28–30; Doktrina at mga Tipan 4:4; 18:10–16

*Tulong sa pagtuturo:* "Mas makabubuting kumuha ng ilang magagandang ideya at magkaroon ng magandang talakayan—at matutong mabuti—kaysa magmadali, at sikaping ituro ang lahat ng nasa manwal. . . . Talagang mahalaga na hindi magmadali kung gusto ninyong mapasa inyong klase ang Espiritu ng Panginoon" (Jeffrey R. Holland, "Pagtuturo at Pag-aaral sa Simbahan," *Liahona,* Hunyo 2007, 59).

## *Mga Tala*


1. Preston Nibley, "Sharing the Gospel with Others," *Improvement Era,* Abr. 1950, 270.
2. Merlo J. Pusey, *Builders of the Kingdom* (1981), 240.
3. Sa Conference Report, Hunyo 1919, 43.
4. Sa Conference Report, Abr. 1922, 54–55.
5. Sa Conference Report, Abr. 1922, 53.
6. Sa Conference Report, Abr. 1916, 47.
7. Sa Conference Report, Okt. 1921, 38.
8. Sa Conference Report, Abr. 1922, 53.
9. Sa Conference Report, Okt. 1949, 5.
10. Sa Conference Report, Okt. 1945, 120.
11. Sa Conference Report, Abr. 1935, 43–44.
12. Sa Conference Report, Okt. 1927, 46–47.
13. Sa *Proceedings at the Dedication of the Joseph Smith Memorial Monument,* 55.
14. Sa Conference Report, Abr. 1934, 28.
15. Sa Conference Report, Okt. 1916, 50.
16. Sa Conference Report, Abr. 1935, 46.
17. "Greeting," *Millennial Star,* Hulyo 10, 1919, 441.
18. Sa Conference Report, Okt. 1927, 49.
19. Sa Conference Report, Okt. 1922, 98.
20. Sa Conference Report, Abr. 1922, 53.
21. Sa Conference Report, Okt. 1916, 50.
22. Sa Conference Report, Abr. 1916, 48.
23. Sa Conference Report, Okt. 1948, 7–8.
24. Sa *Deseret News,* Ago. 20, 1921, bahaging pang-Simbahan, 7.
25. Sa Conference Report, Okt. 1916, 50.
26. Sa Conference Report, Okt. 1941, 102.
27. *Sharing the Gospel with Others,* pinili ni Preston Nibley (1948), 214–16; mensaheng ibinigay noong Nob. 4, 1945, sa Washington, D.C.



*Si George Albert Smith ay naglingkod bilang pangulo ng European Mission mula 1919 hanggang 1921.*

# Gawin ang Ating Tungkulin na Ibahagi ang Ebanghelyo

*Maraming paraan para makabahagi tayo sa dakilang gawain ng pagbabahagi ng ipinanumbalik na ebanghelyo ni Jesucristo.*

## Mula sa Buhay ni George Albert Smith

Dagdag pa sa paglilingkod nang halos 48 taon bilang General Authority, naglingkod si George Albert Smith sa tatlong full-time mission para sa Simbahan, kasama na ang dalawang taon bilang pangulo ng European Mission. Hinikayat niya ang mga miyembro ng Simbahan na espirituwal na maghanda para sa paglilingkod bilang full-time missionary at tanggapin ang gayong mga tawag kapag dumating. Ngunit tinuruan din niya sila na kailangan silang makatanggap ng pormal na tawag sa misyon upang maipangaral ang ebanghelyo. Si George Albert Smith ay isang misyonero sa buong buhay niya, at madalas niyang ipaalala sa mga miyembro ng Simbahan na marami silang pagkakataong ibahagi ang ebanghelyo sa kanilang mga kapitbahay at kaibigan at hinikayat silang maging mabuting halimbawa ng disipulo ni Cristo.

Ang paglilingkod ni Pangulong Smith sa European Mission ay nagsimula kaagad pagkaraan ng Unang Digmaang Pandaigdig. Dahil sa giyera, nabawasan nang husto ang mga misyonero sa misyon, at ang mga pagsisikap na dagdagan ang bilang nila ay nahadlangan dahil ayaw bigyan ng visa ang mga misyonero. Bukod pa rito, ang mga kalaban ng Simbahan ay nagpapalaganap ng mga maling kuwento tungkol sa mga Banal sa mga Huling Araw, na lumikha ng mga maling palagay na mahirap pawiin. Sa kabila ng mga limitasyong ito, tiwala si Pangulong Smith na susulong ang gawain

dahil sa mga halimbawang ipinakita ng mga Banal sa mga Huling Araw. Napansin niya na habang lalong nakikilala ang Simbahan, "tinitingala ang mga miyembro nito dahil sa kanilang mabubuting katangian," at "agad naglalaho ang mga walang-basehang maling palagay nila, sa tuwirang pakikipag-ugnayan nila sa mga Banal sa mga Huling Araw sa pang-araw-araw nilang buhay. . . . Pagkatapos ay hinahatulan nila tayo dahil sa ating mga bunga, mula sa personal na obserbasyon, at ang impormasyong ito, kapag ibinahagi nila sa iba, ay iisa ang epekto, at napakaganda ng epektong iyon sa atin."[1]

Hindi nagtagal matapos simulang maglingkod bilang pangulo ng misyon, sumulat siya sa mga miyembro ng Simbahan sa Europa, at ipinaalala sa kanila ang kanilang mga responsibilidad na ibahagi ang ebanghelyo at tumulong sa pagsulong ng gawain:

"Buong tiwalang ibabaling ng Panginoon sa ebanghelyo ang puso ng lahat ng taong karapat-dapat kapag naunawaan nila ito, sama-sama nating samantalahin ang pagkakataong gumawa habang may panahon pa. Palaganapin natin ang mga turo ng Panginoon para sa kaligtasan, kapwa temporal at espirituwal, ng mabubuting mamamayan ng Great Britain at ng iba pang mga bansa ng European mission."[2]

Makalipas ang ilang buwan isinulat niya: "Bawat miyembro ng Simbahan ay dapat magalak sa pagtuturo ng katotohanan. Dapat ay may gawin ang bawat isa sa atin araw-araw upang maghatid ng liwanag sa ating kapwa. Lahat ay mahalaga sa paningin ng ating Ama sa Langit, at gagantimpalaan niya tayo nang sapat para sa pagbibigay-liwanag natin sa kanila. Hindi natin maaaring ipabalikat sa iba ang ating responsibilidad."[3]

Nang makabalik mula sa Europa noong 1921, iniulat ni George Albert Smith sa pangkalahatang kumperensya, "Ang maling palagay laban sa atin noong araw ay halos napawi na at daan-daan at libu-libong kalalakihan at kababaihan ang nakaaalam na sa ating gawain." Pagkatapos ay hinikayat niya ang mga Banal na palaging humanap ng mga paraang maibahagi ang ebanghelyo sa iba: "Ang ating problema ay humanap ng paraan para mailahad sa lahat ng tao ang ebanghelyo ng ating Panginoon. Problema natin iyan, at sa tulong ng langit ay makakahanap tayo ng paraan para malutas ito. Pananagutan nating tiyakin kung walang paraan para makagawa

tayo ng higit pa sa nagawa na natin, kung tutugunan natin ang mga kahilingan ng ating Ama sa Langit."[4] [Tingnan sa mungkahi 1 sa pahina 160.]

## Mga Turo ni George Albert Smith

### Bawat miyembro ng Simbahan ay may responsibilidad na ibahagi ang ebanghelyo.

Labis ang pasasalamat ko sa aking mga pribilehiyo sa Simbahan ni Jesucristo, sa mga kasamahan kong kalalakihan at kababaihan ng Simbahang ito at ng iba pang mga simbahan. Nagpapasalamat ako na marami akong kaibigan sa iba't ibang simbahan sa mundo, na nagkalat sa iba't ibang dako. Nagpapasalamat ako sa mga pagkakaibigang iyon, ngunit hindi ako masisiyahan hangga't hindi ko naibabahagi sa kanila ang ilan sa mga bagay na hindi pa nila natatanggap.[5]

Nagpapadala tayo ng mga misyonero sa mga bansa sa daigdig upang ipahayag ang Ebanghelyo ayon sa inihayag sa huling araw na ito. Ngunit hindi lamang ito ang ating tungkulin. Sa ating mga pintuan, daan-daan at libu-libo ang mga piling anak ng ating Ama sa Langit. Kapiling natin sila, nagiging magkakaibigan tayo, ngunit hindi natin sila natuturuan na tulad ng dapat nating gawin, hinggil sa Ebanghelyo na alam nating siyang kapangyarihan ng Diyos tungo sa kaligtasan. Ginagawa ng Panguluhan ng Simbahan ang lahat ng abot-kaya nila; inilalaan nila ang kanilang oras sa maghapon, at madalas ay hanggang hatinggabi, para sa kapakanan ng Simbahan. Ang mga kapatid na kasama nila ay malayang nag-uukol ng kanilang oras, naglalakbay at nagtuturo sa mga Banal sa mga Huling Araw at naghahatid ng Ebanghelyo sa mga anak ng ating Ama. Ang mga pangulo ng stake, high councilor, bishop ng ward, at kanilang mga assistant, ay patuloy na gumagawa upang mabasbasan ang mga tao, at tiyak ang kanilang gantimpala. Ngunit ginagawa ba natin ang lahat ng dapat nating gawin, upang pagharap natin sa hukuman ng ating Ama sa Langit ay sabihin Niya na nagampanan natin ang lahat ng ating tungkulin sa ating kapwa, na Kanyang mga anak?[6]

Ganito ang nakasaad sa isa sa pinakaunang mga paghahayag . . . sa Doktrina at mga Tipan:

"Ngayon masdan, isang kagila-gilalas na gawain ang malapit nang maganap sa mga anak ng tao; . . .

"Samakatwid, kung ikaw ay may mga naising maglingkod sa Diyos, ikaw ay tinatawag sa gawain." [D at T 4:1, 3.]

Hindi na kayo kailangan pang tawaging magpunta sa misyon upang ipahayag ang katotohanan. Magsimula sa kapitbahay sa pamamagitan ng pagganyak sa kanya na magkaroon ng tiwala sa inyo, na mahalin kayo dahil sa inyong kabutihan, at nagsimula na ang inyong gawaing misyonero,

"Sapagkat masdan ang bukid ay puti na upang anihin." D at T 4:4.][7]

Ang pagkakalat ng katotohanan ay hindi responsibilidad ng ibang tao, kundi responsibilidad nating tiyakin na ang ebanghelyo ni Jesucristo sa kadalisayan nito ay naituro sa mga anak ng tao. Hindi ba ninyo ito pasasalamatan?[8]

Malaki ang pagkakataon ng bawat isa sa atin. Gusto kong bigyang-diin ang gawaing misyonero ng bawat isa sa ating mga kapitbahay. Magugulat tayo, kapag ginawa natin ang lahat ng abot-kaya natin, kung gaano karami ang magiging interesado, at hindi lamang nila tayo pasasalamatan dahil inihatid natin sa kanila ang katotohanan, at binuksan ang kanilang mga mata sa mga kaluwalhatian at pagpapalang inihanda ng ating Ama sa Langit, kundi mamahalin nila tayo at pasasalamatan nang walang hanggan.

Napakaraming ipinagkaloob ang Panginoon sa atin na hindi pa natatanggap ng ibang tao. Tiyak na hindi naman tayo magdadamot. Dapat ay may hangarin tayo sa ating puso na ibahagi sa bawat kaluluwa hangga't maaari ang nakagagalak na mga katotohanan ng ebanghelyo ni Jesucristo.[9]

Kaya, sa pagsulong natin, na bawat isa ay may impluwensya sa ating mga kapitbahay at kaibigan, huwag tayong mangimi. Hindi natin kailangang inisin ang mga tao, kundi ipadama at ipaunawa natin sa kanila na interesado tayo, hindi para gawin silang mga miyembro ng Simbahan, kundi para dalhin sila sa Simbahan upang matamasa rin nila ang mga pagpapalang tinatamasa natin.[10] [Tingnan sa mungkahi 2 sa pahina 160.]



*"Sa bawat sambayanan may pagkakataon ang bawat isa sa atin na ipadama ang diwa ng kapayapaan at pagmamahal at kaligayahan."*

**Kung uliran ang ating pamumuhay, ang ating impluwensya ay maaaring maghikayat sa iba na alamin ang tungkol sa ebanghelyo.**

Tandaan, lahat tayo ay may mga responsibilidad. Maaaring hindi tayo tawagin sa isang katungkulan, ngunit sa bawat sambayanan ay may pagkakataon ang bawat isa sa atin na ipadama ang diwa ng kapayapaan at pagmamahal at kaligayahan upang maunawaan ng mga tao ang ebanghelyo at matipon sila sa kawan.[11]

Ilang araw pa lang ang nakalilipas, isa sa ating kababaihan, na bumisita sa silangan, ang sinabihan ng isang edukadong tao sa pag-uusap nila, "Hindi ako makapaniwalang gaya ninyo pero sana magawa ko. Maganda iyan." At totoo rin ito sa marami sa mga anak ng ating Ama, na, sa pagmamasid sa katangian ng gawaing ito, at sa mga kilos ng kalalakihan at kababaihang tumanggap sa katotohanan, sila ay puno ng paghanga sa nagawa, at ng kapayapaan

at kaligayahang nadarama ng tapat na nananalig, at nagnanais na sana ay maging bahagi sila nito; at maaari naman kung may pananampalataya sila.[12]

Madalas kong mapuna, at palagay ko ay alam ito ng karamihan sa inyo na naging misyonero, na walang mabuting lalaki o babae ang maiimpluwensyahan ng matatapat na miyembro ng Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, na hindi pupurihin ang nakita nila habang kasama tayo. Paglisan nila, kung minsan ay iba na, ngunit habang naiimpluwensyahan sila ng Panginoon, na taglay ng Kanyang mga lingkod, na naglilingkod sa kanya, karaniwan ay nalulugod silang purihin ang nakita at nadama nila.[13]

Nagamit na ng kalaban ang pinakamatindi niyang pagsisikap na hadlangan ang paglaganap ng mga katotohanan ng ebanghelyo. At tungkulin natin, sa magaling na pakikitungo at pagmamahal at pananampalataya ng isang kapatid, na pawiin ang maling palagay na itinanim ng kaaway sa puso ng mga anak ng ating Ama, na alisin ang mga maling ideyang nasa isipan kung minsan ng mabubuting lalaki at babae, at ituro sa kanila ang ebanghelyo ng ating Panginoon, na ito ang kapangyarihan ng Diyos tungo sa kaligtasan ng lahat ng naniniwala at sumusunod dito.[14]

Palagay ko ang dakilang organisasyong ito na kinabibilangan natin ay nararapat magpakita ng magandang halimbawa upang ang mga tao sa ating sambayanan, na hindi miyembro ng Simbahan, pagkakita sa ating mabubuting gawa, ay mapilitang luwalhatiin ang pangalan ng ating Ama sa Langit. Ganyan ang pakiramdam ko hinggil sa bagay na iyan. Ang kailangan lang nating gawin ay magpakita ng halimbawa, maging mabubuting lalaki at babae, at mapupuna nila ito. At marahil bibigyan nila tayo ng pagkakataong ituro sa kanila ang mga bagay na hindi nila alam.[15]

Kung tayo, bilang mga miyembro ng Simbahan, ay sumusunod sa mga utos ng Diyos, kung bibigyan natin ng karampatang pagpapahalaga ang katotohanan, kung nakaayon ang ating buhay sa magagandang turo nito, upang ang ating mga kapitbahay, kapag namasdan ang ating pag-uugali, ay mapilitang hanapin ang katotohanan, napakaganda ng ating gawaing misyonero.[16] [Tingnan sa mungkahi 3 sa pahina 160.]

### Nakikibahagi tayo sa gawaing misyonero sa pamamagitan ng pagtulong na ihanda ang mga magiging misyonero at pagsuporta sa kanila sa misyon.

Hindi lamang natin misyon na ituro ang Ebanghelyo ni Jesucristo at ipamuhay ito, kundi misyon din nating isugo sa daigdig ang ating mga anak na lalaki at babae kapag tinawag sila sa bawat panahon na maglingkod sa Simbahan. Sa paghayo nila dapat ay nasanay na sila na maging matatag laban sa mga tukso ng kaaway; dapat ay maging dalisay at malinis at matwid ang kanilang buhay hangga't maaari, sa gayon ay madarama ng mga taong nakakasalamuha nila ang impluwensya ng kanilang presensya. Ang Espiritu ng Diyos ay hindi mananahan sa maruruming tabernakulo, kundi ang kanyang Espiritu ay mananahan sa mga yaong nananatiling malinis at dalisay.

Dahil dito, [palakihin] natin ang ating mga anak sa ilalim ng impluwensya ng Espiritu ng Diyos.[17]

Huwag hayaang lumaki ang inyong mga anak nang hindi itinuturo sa kanila ang mga alituntunin ng ebanghelyo ni Jesucristo. Huwag nang hintaying ipadala pa sila sa misyon para matutuhan ang kahulugan ng ebanghelyo. Naaalala ko noong nasa Timog ako [bilang misyonero] limampu't lima o animnapung taon na ang nakalilipas, sinabi ng isang lalaking nagmula sa isang malaking pamilya, "Hindi ko alam ang sasabihin ko. Hindi ko alam ang sasabihin ko sa mga taong ito."

"Aba," sabi ng isa sa mga kapatid, "ituro mo sa kanila ang Biblia. Kunin mo ang iyong Biblia at basahin mo ang Genesis." Sabi niya, "Hindi ko alam kung nasaan ang Genesis sa Biblia," subalit lumisan siya mula sa isang . . . tahanan ng mga Banal sa mga Huling Araw upang ihatid ang mensahe ng buhay at kaligtasan sa mga tao sa Timog. Gayunman, hindi pa gaanong katagalan matapos iyon ay nagbago ang isip niya. Tumanggap siya ng patotoo sa katotohanan sa pamamagitan ng pag-aaral at panalangin, at nalaman niyang narito ang ebanghelyo, at nakatayo siya sa kanyang mga paa at malayang nagpatotoo na ang ebanghelyo ni Jesucristo ang katotohanan.[18]

Hanga ako sa kahalagahan ng paghahanda para sa gawain. Hindi sapat na magpakita lang ng hangarin ang isang bata, dahil sa tiwala niya sa kanyang mga magulang, na gawin ang ipinagagawa nila sa

kanya, ang humayo sa mundo at ipangaral ang ebanghelyo; hindi sapat na tugunan niya ang mga pagtawag sa misyon ng ating Ama sa Langit sa bawat panahon sa pamamagitan ng kanyang mga lingkod; kundi kailangan din niyang maging karapat-dapat sa gawain, magsaliksik sa mga banal na kasulatan, at alamin ang gustong ipaalam sa kanya ng Panginoon. Mahalagang maging matatag ang pananampalataya ng ating mga anak at malaman na katulad ng kanilang mga magulang, na ito ang gawain ng ating Ama. . . .

Ang isang dosenang kalalakihan na karapat-dapat sa gawain ay higit ang halaga sa misyon kaysa sa isandaang kalalakihang walang alam sa katotohanan at sila mismo ay kailangang maturuan bago nila ito maipaliwanag sa iba.

Ito ang gawain ng ating Ama at hindi ito dapat ipagwalang-bahala. Napakahalaga nito sa atin. Sikapin nating . . . patatagin ang pananampalataya ng ating mga anak, nang maging handa silang tumugon sa bawat tawag, at madama nila sa kaibuturan ng kanilang kaluluwa na sabihing, "Handa akong magpunta saan man ako papuntahin ng aking Ama sa Langit."[19] [Tingnan sa mungkahi 4 sa pahina 160.]

Nagsumamo na . . . na ipadala natin ang ating mga anak sa misyon. . . . Natutuwa akong makita ang kalalakihan at kababaihan na nagtitipid at nagpaplano upang makahayo ang kanilang mga anak sa mundo. Nitong mga huling linggo isang binata ang . . . umalis papuntang misyon, at ang dalawang kapatid niyang babae . . . ay nagpapadala sa kanya ng kaunting bahagi ng kanilang kita upang matamasa nila ang pagpapala ng misyon. Siya ang una sa isang malaking pamilya na maraming anak na nagmisyon upang ipalaganap ang katotohanan. . . . Alam ko ang galak na sasapuso ng dalawang mabubuting babaeng iyon na may pananampalatayang nagbigay ng pera sa kanilang kapatid upang mapaglingkuran nito ang Panginoon sa misyon. Matatanggap nila ang pagpapalang nagmumula sa pagtuturo ng Ebanghelyo, hangga't maaari itong matanggap nang hindi sila mismo ang naglilingkod.[20]

Iniisip ko . . . ang ating mga kinatawan sa misyon, na nakakalat sa iba't ibang bahagi ng bansa at sa ilang bansang dayuhan. Ipagdasal ninyo sila, mga kapatid. Kailangan nila ang tulong ng Panginoon at ang ating pananampalataya at mga dalangin. Sulatan



*"Sa Simbahang ito ay may libu-libong kalalakihan at kababaihang may kakayahang magturo ng ebanghelyo at magkakaroon pa ng higit na kakayahang gampanan ang kanilang tungkulin sa misyon."*

sila at hikayatin sila, nang kapag nakatanggap sila ng sulat mula sa bahay ay malaman nila na lagi silang naaalala.[21]

---

## Nakikilahok tayo sa gawaing misyonero sa pamamagitan ng paghahanda natin mismo na magmisyon.

Hindi magtatagal at kakailanganin ang may kakayahang kalalakihan at kababaihan sa Simbahang ito na ituro ang katotohanan sa iba't ibang bahagi ng mundo na hanggang ngayon ay ayaw pa tayong papasukin: at kung gusto nating magkaroon ng walang hanggang kagalakan sa kaharian ng ating Ama sa piling ng mga taong ibinigay niya sa atin dito, huwag tayong magdamot sa buhay: maghanda tayo para sa gawain, at humayo sa mundo at ipahayag ang katotohanan, kapag may pagkakataon, at maging kasangkapan sa mga kamay ng ating Ama na maibalik ang kanyang mga anak sa kanya sa pamamagitan ng pagtuturo sa kanila ng kagandahan ng kanyang ebanghelyo.[22]

Ilang taon pa lamang ang nakalilipas marami sa mga kaibigan ko ang mayayaman, nasa kanila ang mga pangangailangan sa buhay, at ang maraming karangyaan, at nang ipahiwatig na baka ipadala sila sa misyon sinabi ng ilan sa kanila: "Hindi ko maiiwan ang negosyo ko, hindi ako mabubuhay kung aalis ako at iiwanan ang kayamanan ko." Ngunit nalugi ang kanilang negosyo at iniwan sila nito. Ang mga bagay na inakala nilang hindi sila mabubuhay kung wala ay naglaho sa kanilang kamay, at marami sana sa mga lalaking ito ngayon ang maligaya kung mababalikan lang nila ang nagdaang sampung taon, at kung tinawag man sila noon na maglingkod sa Panginoon, ay masasabi nilang: "Iaayos ko ang mga gawain ko, masaya ako sa pagkakataong ibinigay sa akin na maging ministro ng buhay at kaligtasan."

. . . Isipin ang mga pagkakataon at pribilehiyo natin, na makaupo sa tahanan ng mga kagalang-galang na kalalakihan ng mundo at ituro sa kanila ang Ebanghelyo ni Jesucristo; isipin kung ano ang kabuluhan ng makipag-usap sa kalalakihang walang banal na awtoridad, at ituro sa kanila ang plano ng kaligtasan at ipaliwanag sa kanila ang paraan upang matamasa rin nila ang mga pagpapala ng banal na awtoridad na tinatamasa ninyo.

Nadarama kong sakim ang ilan sa atin. Tuwang-tuwa tayong tamasahin ang ating mga pagpapala, masayang-masaya tayong mapaligiran ng ginhawa sa buhay at makasama ang pinakamagagaling na lalaki at babae sa buong mundo, na nalilimutan na natin ang ating tungkulin sa iba. Mas liligaya tayo kung sisikapin nating maging mas mabisa para sa kabutihan sa mundo sa pagmiministeryo sa mga yaong hindi pa nauunawaan ang Ebanghelyo ng ating Panginoon.

Marami sa atin ang may edad na, marami sa atin ang patapos na sa ating gawain. Kailangang magpadala ang Simbahan ng mga misyonero. Kalalakihang nauunawaan ang Ebanghelyo at handang magbuwis ng buhay para dito kung kailangan, at kapag sinasabi kong kailangan natin ng mga misyonero ang ibig kong sabihin ay kailangan sila ng mundo.[23]

Ang larangan ng misyon ay nasa ating harapan. Kailangan tayo ng mga anak ng ating Ama. . . . Sa Simbahang ito ay may libu-libong kalalakihan at kababaihang may kakayahang magturo ng ebanghelyo at magkakaroon pa ng higit na kakayahang gampanan ang

kanilang tungkulin sa misyon. Bibiyayaan sila ng panustos, sapat upang maisagawa ang gawaing ipinagagawa sa atin ng Panginoon.[24]

Ngayong malapit nang ibaba ang mga hadlang at alisin ang mga balakid na pumipigil sa paglaganap ng ebanghelyo, na ang tinig ng Panginoon ay maririnig ninyo, sa pamamagitan ng kanyang mga lingkod, "Maghandang humayo sa mundo at ipangaral ang ebanghelyo," huwag ninyong gawin ang ginawa ni Jonas, huwag tangkaing taguan o takasan ang iyong tungkulin; huwag magdahilan na wala kayong sapat na panustos para humayo; huwag gawing hadlang sa inyong paningin ang mga kalokohan na pipigil sa pagtatamasa ninyo ng buhay na walang hanggan sa piling ng ating Ama sa Langit, na makakamtan lamang sa pamamagitan ng pananampalataya at katapatan sa kanyang layon. Isaayos ng bawat tao ang kanyang sambahayan; isaayos ng bawat maytaglay ng priesthood ang kanyang sarili, at pagdating ng tawag mula sa mga lingkod ng Panginoon, na pinahahayo siya sa mundo upang ituro ang katotohanan, balaan ang mga anak ng tao, tulad ng utos ng ating Ama na sila ay balaan, huwag hayaang magtago ang sinuman sa likod ng anumang kalokohan, na malunok, kung hindi man ng isang malaking isda, ng mga kalokohan sa mundo. [Tingnan sa Jonas 1:1–17.][25]

Hindi madali ang gawain; hindi siguro kaiga-igayang matawag na humayo sa mundo, na iwan ang mga mahal sa buhay, ngunit sinasabi ko sa inyo na magdudulot ito sa matatapat, sa mga tumutupad sa obligasyong ipinagagawa sa kanila, ng kapayapaan at kaligayahang mahirap unawain, at ihahanda sila, sa takdang panahon, kapag tapos na ang gawain sa buhay na ito, na tumayo sa harap ng kanilang Lumikha, at tanggapin Niya sila dahil sa kanilang nagawa.[26]

Dalangin ko na nawa'y madama ang kanyang Espiritu sa buong [Simbahan], na maisapuso natin ang pagmamahal sa mga anak ng ating Ama, na madama natin ang kahalagahan ng ating misyon sa mundo, habang hawak natin ang mga bagay na hindi atin, na ipinahiram lamang sa atin bilang mga katiwala, nang hindi natin malimutan ang walang-katumbas na kaloob, ang walang-kapantay na pribilehiyo, na abot-kamay natin, na ituro ang ebanghelyo at iligtas ang kaluluwa ng mga anak ng tao.[27] [Tingnan sa mungkahi 5 sa kasunod na pahina.]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

Pag-isipan ang mga ideyang ito habang pinag-aaralan ninyo ang kabanata o naghahanda kayong magturo. Para sa karagdagang tulong, tingnan sa mga pahina v–viii.

1. Pag-isipang mabuti ang mga salita ni Pangulong Smith sa "Mula sa Buhay ni George Albert Smith" (mga pahina 149–151). Sa palagay ninyo, bakit napakaganda ng pananaw niya tungkol sa gawaing misyonero sa Europa sa kabila ng oposisyong nakaharap niya? Paano makakatulong sa inyo ang kanyang halimbawa kung tanggihan ng inyong mga kapamilya o kaibigan ang imbitasyon ninyong pag-aralan ang ebanghelyo?
2. Repasuhin ang unang bahagi ng mga turo (mga pahina 151–152). Anong mga pamamaraan ang nakita ninyong napakabisa sa mga pagsisikap ninyong ibahagi ang ebanghelyo sa mga kapitbahay at kaibigan?
3. Habang binabasa ninyo ang bahaging nagsisimula sa pahina 153, umisip ng isang pagkakataon na naakay ng halimbawa ng isang miyembro ng Simbahan ang isang tao na higit pang pag-aralan ang Simbahan. Ano ang iba pang mga dahilan kung bakit napakahalaga sa gawaing misyonero ang ipamuhay ang mga pamantayan ng Simbahan?
4. Sa mga pahina 155–156, hanapin ang mga bagay na kailangang gawin ng mga magiging misyonero upang espirituwal na makapaghanda para sa kanilang misyon (tingnan din sa D at T 4). Ano ang magagawa ng mga magulang para matulungang maghanda ang kanilang mga anak? Paano makakatulong ang mga korum ng priesthood at kababaihan ng Relief Society?
5. Repasuhin ang huling bahagi ng mga turo (mga pahina 157–159). Ano ang ilan sa "mga kalokohan" na maaaring humadlang sa ating pagmimisyon? Ano ang ilan sa mga pagpapalang dumarating sa pamamagitan ng paglilingkod ng mga senior missionary? Pag-isipang mabuti kung ano ang kailangan ninyong gawin upang maihanda ang inyong sarili na maglingkod sa misyon.

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan:* Mateo 5:14–16; Marcos 16:15–16; I Kay Timoteo 4:12; Alma 17:2–3; Doktrina at mga Tipan 31:1–8; 38:40–41

*Tulong sa pagtuturo:* "Kapag gumagamit kayo ng iba't ibang gawain sa pagkatuto, mas mauunawaan ng mga mag-aaral at higit na matatandaan ang mga alituntunin ng ebanghelyo. Ang maingat na piniling pamamaraan ay higit na nakapagpapalinaw, higit na nakapagpapawili, at higit na nakapagpapaalala ng isang alituntunin" (*Pagtuturo, Walang Higit na Dakilang Tungkulin,* 113).

## *Mga Tala*


1. "New Year's Greeting," *Millennial Star,* Ene. 6, 1921, 2.
2. "Greeting," *Millennial Star,* Hulyo 10, 1919, 441.
3. "New Year's Greeting," *Millennial Star,* Ene. 1, 1920, 2.
4. Sa Conference Report, Okt. 1921, 37–38.
5. Sa Conference Report, Okt. 1950, 159.
6. Sa Conference Report, Abr. 1916, 46.
7. Sa Conference Report, Okt. 1916, 50–51.
8. Sa Conference Report, Okt. 1929, 23.
9. Sa *Deseret News,* Hunyo 25, 1950, bahaging pang-Simbahan, 2.
10. Sa Conference Report, Abr. 1948, 162.
11. Sa Conference Report, Abr. 1950, 170.
12. Sa Conference Report, Okt. 1913, 103.
13. Sa Conference Report, Abr. 1922, 49.
14. "The Importance of Preparing," *Improvement Era,* Mar. 1948, 139.
15. Sa Conference Report, Abr. 1941, 26.
16. Sa Conference Report, Okt. 1916, 49.
17. Sa Conference Report, Okt. 1932, 25.
18. Sa Conference Report, Okt. 1948, 166.
19. "The Importance of Preparing," 139.
20. Sa Conference Report, Abr. 1935, 45.
21. Sa Conference Report, Okt. 1941, 98.
22. Sa Conference Report, Okt. 1916, 51.
23. Sa Conference Report, Okt. 1933, 27–28.
24. Sa Conference Report, Abr. 1946, 125.
25. Sa Conference Report, Hunyo 1919, 44.
26. Sa Conference Report, Abr. 1922, 53.
27. Sa Conference Report, Okt. 1916, 51.




*"Nais nating gumawa ng mabuti sa lahat, at tulungan ang lahat na maunawaan ang plano ng buhay at kaligtasan na inihayag ng Panginoon sa mga huling araw."*

# Paano Epektibong Maibabahagi ang Ebanghelyo

*Ang mga pagsisikap nating ibahagi ang ebanghelyo ay napakabisa kung mamahalin natin ang ating mga kapatid at kasama natin ang Espiritu Santo.*

## Mula sa Buhay ni George Albert Smith

Sa walang-sawa niyang pagbabahagi ng ebanghelyo sa iba, sinunod ni George Albert Smith ang pahayag na ito mula sa kanyang personal na paniniwala: "Hindi ko hahangaring pilitin ang mga tao na mamuhay ayon sa aking mga pamantayan bagkus ay mamahalin ko sila para gawin nila ang tama."[1] Nadama niya na ang pinakamabisang paraan sa pagbabahagi ng ebanghelyo ay hanapin ang mabubuting katangian sa mga taong iba ang pananampalataya at pagkatapos, tahasan ngunit buong kabaitang ibahagi ang mga karagdagang katotohanan ng ipinanumbalik na ebanghelyo ni Jesucristo. Ikinuwento niya ang sumusunod na karanasan niya noong siya ang mangulo sa European Mission:

"Nakasakay ako sa tren isang araw. Ang kasama ko sa kompartment ay isang pastor na Presbyterian, isang masaya at mabait na ginoo, at nang bigyan niya ako ng pagkakataon, sinabi ko sa kanya na ako ay miyembro ng Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Nagulat siya at namamanghang tiningnan ako. Sabi niya, 'Hindi ka ba nahihiya na kabilang ka sa grupong iyon?'

"Nginitian ko siya at sinabing, 'Kapatid, mahihiya ako kung hindi ako kabilang sa grupong iyon, batay sa nalalaman ko.' Pagkatapos

ay nagkaroon ako ng pagkakataong makausap siya at ipaliwanag sa kanya ang ilan sa mga bagay na pinaniniwalaan natin. . . .

"Hayan ang isang mabuting tao na walang ideya sa sinisikap nating gawin. Hindi kami naroon para siya ay palungkutin ni bagabagin; sinisikap namin siyang tulungan. At habang pinag-uusapan namin ang sitwasyon sinabi ko sa kanya: 'Mali ang pagkaunawa mo sa layunin ng Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw sa lupaing ito. Narito ako bilang isa sa mga kinatawan nito, at kung hahayaan mo akong sabihin ko sa iyo ang ilang bagay, sa palagay ko gaganda ang pakiramdam mo sa amin.' Sabi ko, 'Una sa lahat, hinihiling namin sa inyong lahat na mabubuting tao dito na ingatan ang lahat ng maluwalhating katotohanang napasainyo sa inyong mga simbahan, na natutuhan ninyo mula sa inyong mga banal na kasulatan, ingatan ninyong lahat iyan, ingatan ninyo ang lahat ng magandang pagsasanay na natanggap ninyo sa inyong mga paaralan, lahat ng kaalaman at katotohanang nakamtan ninyo, ingatan . . . ang lahat ng mabuti sa inyong pagkatao na napasainyo dahil sa inyong mabubuting tahanan; ingatan ninyo ang lahat ng pagmamahal at kagandahang napasapuso ninyo dahil sa pagtira ninyo sa isang maganda at kahanga-hangang lupain. . . . Lahat ng iyan ay bahagi ng ebanghelyo ni Jesucristo. Pagkatapos ay maupo tayo at ibabahagi namin sa inyo ang ilan sa mga bagay na wala pa sa inyong buhay na nagpayaman sa aming buhay at nagpaligaya sa amin. Iniaalok namin ito sa inyo nang libre at walang bayad. Ang tanging hiling namin sa inyo ay pakinggan ang aming sasabihin, at kung magustuhan ninyo ito, maluwag itong tanggapin. . . .'

"Ganyan ang ugali ng Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw."[2] [Tingnan sa mungkahi 1 sa pahina 171.]

## Mga Turo ni George Albert Smith

---

### Ang gawaing misyonero ay napakabisa kapag ginagawa natin ito sa pagmamahal at kabaitan, hindi sa pamimilit o pamimintas.

Ang ating Ama sa Langit . . . ay isinugo tayo, na kanyang mga kinatawan, sa mundo, hindi upang puwersahin o pilitin ang mga tao, kundi upang sila ay anyayahan. "Pumarito ka, sumunod ka sa akin,"

ang sabi ng Tagapagligtas, "At kayo'y aking papagpapahingahin." Iyan ang itinuturo ng Ebanghelyo, at iyan ang ating ministeryo.[3]

Hindi layon ng Simbahang ito na magpahayag ng mga bagay na makakasakit sa damdamin ng mga taong hindi nauunawaan ang mga bagay-bagay. Ang Simbahang ito ay hindi namimintas at naninira sa iba, kundi sa diwa ng pagmamahal at kabaitan at sa hangaring makatulong, inihahatid ng mga kinatawan nito ang mensahe ng Ebanghelyo sa mga bansa sa daigdig.[4]

Sa lahat ng . . . simbahan may mabubuting lalaki at mabubuting babae. Ang kabutihang nasa iba't ibang denominasyong ito ang nagbibigkis sa kanila. Nagkaroon ako ng pribilehiyong makasama ang mga tao sa maraming bahagi ng mundo at mapunta sa tahanan ng maraming taong kasapi ng iba't ibang denominasyon sa mundo, kapwa Kristiyano at Judio. Nakasama ko na ang [mga Muslim]; nakasama ko na ang mga taong naniniwala kay Confucius; at marami pa akong maaaring banggitin. Nakita ko na ang kahanga-hangang mga tao sa lahat ng organisasyong ito, at malaki ang pananagutan ko saan ko man sila makasama, na huwag silang magalit sa akin, huwag saktan ang kanilang damdamin, huwag silang pintasan, dahil hindi nila nauunawaan ang katotohanan.

Bilang mga kinatawan ng Simbahan responsibilidad nating makisalamuha sa kanila nang may pagmamahal, bilang mga lingkod ng Panginoon, bilang mga kinatawan ng Panginoon ng langit at lupa. Maaaring hindi nila lubusang pasalamatan iyan; maaari nilang isipin na pagyayabang iyan at hindi makatarungan, ngunit hindi niyan mababago ang aking ugali. Hindi ko sila palulungkutin kung makakaya ko. Gusto ko silang paligayahin, lalo na kapag iniisip ko ang kagila-gilalas na mga oportunidad na napasaakin dahil sa pagiging miyembro sa banal na Simbahang ito.[5]

Ang ating ministeryo ay tungkol sa pagmamahal at pagtitiis, at nais nating gumawa ng mabuti sa lahat, at tulungan ang lahat na maunawaan ang plano ng buhay at kaligtasan na inihayag ng Panginoon sa mga huling araw.[6]

Hindi natin mapupuwersa ang mga kabataang ito, at ang ating mga kapitbahay at kaibigan na pumasok sa kaharian ng langit sa pagsesermon sa kanila at paghahanap ng mga kamalian nila, ngunit

nais kong sabihin sa inyo na maaari natin silang mahalin papunta sa ating Ama sa langit, at kalaunan, marahil, ay maaakay din natin sila roon.

Pribilehiyo natin iyan. Pagmamahal ang dakilang kapangyarihan para maimpluwensyahan ang mundong ito.[7]

Tayong nakaaalam, tayong may patotoo, ay humayo sa araw-araw at buong pagmamahal at walang-maliw na kabaitang makihalubilo sa kalalakihan at kababaihang ito, miyembro man sila ng Simbahan o hindi, at humanap ng paraan para maantig ang kanilang puso at maakay sila sa landas na tiyak na magpapaalam sa kanila ng katotohanan.[8]

Lubos kong idinadalangin na tayo bilang mga lingkod ng Panginoon ay magkaroon ng wagas na pag-ibig sa sangkatauhan, ng pasensya sa mga nagkakamali, at buong kabaitan at pagmamahal na humayo at ituro ang mga simpleng alituntunin ng ebanghelyo ng ating Panginoon upang pagpalain ang bawat kaluluwa na ating nakakasalamuha.[9] [Tingnan sa mungkahi 2 sa pahina 171.]

## Hindi tayo kailangang mahiya sa pagbabahagi ng alam nating totoo.

Kung minsan pakiramdam ko ay hindi sapat ang pag-unawa natin sa kahalagahan [ng ebanghelyo], kaya hindi natin ito itinuturo nang may karampatang kasigasigan.[10]

Ang ebanghelyong ito ni Jesucristo ang kapangyarihan ng Diyos tungo sa kaligtasan, tulad ng sabi ni Apostol Pablo [tingnan sa Mga Taga Roma 1:16]. Ito ang gawain ng Manunubos. Ito lamang ang paraan para makamtan natin ang pinakamataas na kadakilaang nilayon ng Tagapagligtas ng sangkatauhan na matamasa ng mga sumunod sa kanya. Hindi ko iyan sinasabi para magyabang, sinasabi ko iyan nang may wagas na pag-ibig para sa mga anak ng ating Ama na kasapi ng ibang mga simbahan. Sinasabi ko ito nang may pagmamahal sa kanyang mga anak na hindi nakauunawa, ngunit iniutos niya na dapat nating sabihin ang bagay na ito. Kalooban niyang malaman ito ng mga tao.[11]

Alam ko na ang Diyos ay buhay. Alam ko na si Jesus ang Cristo. Alam ko na si Joseph Smith ay propeta ng Panginoon. Wala pa

akong napuntahan na ikinahiya kong sumaksi sa mga katotohanang ito. Hindi ko alam kung bakit dapat ikahiya ng isang tao na malaman ang katotohanan dahil lang sa hindi ito alam ng iba, lalo na kapag tungkol ito sa ebanghelyo na siyang kapangyarihan ng Diyos tungo sa kaligtasan.[12]

Hindi dapat ituring na pagyayabang kung alam natin ang katotohanan para ipahayag natin mismo ito. Hindi ito dapat ituring na nagyayabang tayo kung masasabi natin sa iba pang mga anak ng ating Ama: "Alam ko ito, at maaari mo rin itong malaman kung gusto mo."

Iyan ang kagandahan ng ebanghelyo ni Jesucristo. Hindi ito para sa iilang tao, kundi para malaman ng lahat ng kaluluwang isinilang sa mundong ito. . . . Ngayon may mga taong naniniwala na ang Diyos ay buhay, at may libu-libong iba pa na makakaalam nito kung gugustuhin nila. . . . Ang mga taong ito ay hindi umaasa sa atin na malaman ito, ngunit umaasa sila na tuturuan natin sila kung paano ito malalaman.[13]

Alam ko na nagsalita ang ating Ama sa Langit sa panahong ito ng mundo, na ang kanyang Ebanghelyo ay narito sa lupa, at kahit hindi ko pipilitin ang sinumang kaluluwa na tanggapin ito, nawa'y magkaroon tayo ng kapangyarihan at karunungan at lakas na tulungan ang mga kapwa nating ito na hindi nakauunawa sa katotohanan. Gampanan natin ang ating tungkulin, at ilapit sila sa kawan ng Panginoon, nang malaman nila, kasama natin, na siya ay buhay.[14] [Tingnan sa mungkahi 3 sa pahina 172.]

---

## Hangad nating dagdagan ang kaligayahan at kabutihang taglay na ng mga anak ng Diyos.

Kapag tinatanong ako ng [mga tao] na, "Ano ba ang mayroon sa organisasyong ito na kinabibilangan mo? Ano ba ang labis ninyong ipinag-aalala, at nagpapadala kayo ng mga misyonero sa buong mundo?" Kung minsan ay isinasagot kong, "Nais naming lumigaya kayong lahat. Nais naming magalak kayong lahat tulad namin."[15]

Libu-libong misyonero . . . na ang humayo sa mundo, at may pagmamahal at kabaitang nagbahay-bahay na sinasabi sa iba pang mga anak ng ating Ama:

"Magpaliwanagan tayo; ipapaliwanag namin sa inyo ang isang bagay na natitiyak naming magpapaligaya sa inyo dahil napaligaya kami nito!"

Iyan ang kasaysayan ng gawaing misyonero ng Simbahan na ating kinaaaniban.[16]

Naaalala ko na minsan ay may isang lalaking nagsabi sa akin, matapos kaming mag-usap sandali, "Batay sa nalalaman ko, ang simbahan ninyo ay kasimbuti lang ng ibang simbahan." Palagay ko inakala niya na malaking papuri iyon sa atin; pero sabi ko sa kanya: "Kung hindi mas mahalaga sa mga anak ng tao ang Simbahang ito na kinakatawan ko kaysa iba pang simbahan, nagkamali ako sa tungkulin ko rito. Hindi kami naparito upang kunin sa inyo ang katotohanan at kabutihang taglay na ninyo. Hindi kami naparito upang hanapan kayo ng mali o pintasan kayo. . . . Ingatan ninyo ang lahat ng kabutihang nasa inyo, at hayaang maghatid kami sa inyo ng dagdag na kabutihan, nang higit kayong lumigaya at maging handa kayong pumasok sa presensya ng ating Ama sa Langit." [Tingnan sa mungkahi 4 sa pahina 172.]

. . . Noong narito pa sa lupa ang Tagapagligtas, sa kalagitnaan ng panahon, mayroon nang ibang mga simbahan; napakaraming denominasyon at sekta, at naniwala sila na pinaglilingkuran nila ang Panginoon. Ang malalaking sinagoga ng Judea ay puno ng kalalakihang naniniwala na sila ay may awtoridad ng priesthood. Noon pa nila sinusunod, tulad ng akala nila, ang mga turo nina Abraham at Moises. Patuloy nilang ipinahayag ang pagparito ng Tagapagligtas ng mundo. Hinikayat nila ang mga lalaki at babae na gumawa ng kabutihan. Nagtayo sila ng templo, ng mga bahay-sambahan. Nagtayo sila ng mga bantayog sa mga propeta na nagpatotoo na mayroong Diyos, at ilan sa kanila ay pinatay at tinatakan ng sarili nilang dugo ang kanilang patotoo. Ito ang mga taong pinuntahan ng Tagapagligtas. . . . Marami silang kabutihang nagawa. Marami sa kanila ang mabubuting lalaki at babae. Maraming kabutihang nagawa ang mga taong iyon. Hindi pumarito ang Tagapagligtas para kunin ang mabubuting bagay na iyon sa kanila. Nagpakita siya sa kanila hindi para isumpa sila, kundi para sila pagsisihin, para patalikuran sa kanila ang kanilang kamalian at hikayatin silang ingatan ang lahat ng katotohanang napasakanila.

. . . Kapag ipinapahayag natin sa sangkatauhan, tulad ng ginagawa natin, na ang tao ay tumalikod sa ebanghelyo, hindi tayo nagpapahayag ng isang bagay na hindi pa nangyari noon sa mundo. Kapag sinasabi natin na naakay ang mabubuting lalaki at babae na gawin at paniwalaan ang mga bagay na mali, hindi natin sinasabi iyan bilang sumpa, hindi tayo nagsasalita para saktan sila, kundi nagsasalita tayo na may hangaring tumigil sandali ang mga tao nang sapat para masuri nila ang kanilang sarili, upang makita kung saan sila papunta at kung ano ang kanilang kahahantungan.[17]

Ah! sana nga ay maipaunawa natin sa sangkatauhan ang ating damdamin, upang matanto nila na wala tayong hangaring bawasan ang kanilang mga oportunidad, kundi madama nila na gusto natin silang tulungan nang may pagmamahal at kabaitan, nang walang anumang hangaring saktan sila. Ang misyon natin sa mundo ay magligtas ng mga kaluluwa, pagpalain sila, at ilagay sila sa isang katayuan na makababalik sila sa piling ng ating Ama, maputungan ng korona ng kaluwalhatian, imortalidad, at buhay na walang hanggan.[18]

---

### Kung magtuturo tayo nang may Espiritu Santo, patototohanan Niya ang katotohanan sa mga taong ating tinuturuan.

Nagpadala ng mga misyonero sa apat na sulok ng mundo ang Simbahang ito at naipahayag nila ang Ebanghelyo ni Jesucristo. Marami sa kanila ang hindi nakapag-aral sa malalaking unibersidad ng mundo. Ang kanilang pinag-aralan ay halos limitado sa mga praktikal na karanasan sa buhay, ngunit nasa kanila ang mas mabisa sa pagbibigay-inspirasyon sa sangkatauhan, ang patnubay ng Espiritu Santo.[19]

Sa pagparoo't parito ko sa mga misyon nakita ko ang pag-unlad ng mahuhusay na kabataang ito na naglilingkod nang hindi iniisip ang kanilang sarili, at natanto ko na hindi lamang sila natututo ng wika ng mga bansa kung saan sila naglilingkod, kundi alam nila na sila ay may kaloob mula sa Panginoon na ipalaganap ang katotohanan na hindi matatanggap ng mga tao sa ibang paraan.[20]

Marami na sa inyo o sa inyong mga ninuno ang nakarinig sa ebanghelyo nang ituro ito ng Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal



*"Magsikap tayo sa bawat araw nang pagpapalain tayo ng ating Ama. Kung taglay natin ang Kanyang Banal na Espiritu, madarama ito ng mga taong nakakasalamuha natin."*

sa mga Huling Araw. . . . May mga pagkakataon na narinig ninyo ito sa kalye kung saan may isang mapagpakumbabang misyonero, na itinuturo ang ipinatuturo ng Panginoon sa kanya.

May isang bagay na umantig sa puso ng mga nakarinig. Naranasan ko na ito sa misyon. Nakakita na ako ng mga grupo ng mga tao na tumayo at nakinig sa paliwanag ng isang mapagpakumbabang misyonero tungkol sa layunin ng buhay at kinausap niya ang mga tao at hinikayat silang magsisi sa kanilang mga kasalanan, at minsan ay may narinig akong mga tao na nagsabing, "Noon ko lamang nadama ang impluwensyang nadarama ko habang nakikinig sa pagsasalita ng taong iyan."[21]

Gaano man tayo kahusay, o gaano tayo kagaling magsalita, ang Espiritu ng ating Ama ang umaantig sa puso at kumukumbinsi sa kabanalan ng gawaing ito.[22]

Ito ang gawain ng Panginoon. Hindi sana ito matagumpay na naisulong ng kalalakihan dahil simple ang mga paraang ginamit namin dito. Hindi sana naihatid ng karaniwang tao sa inyong kaluluwa ang kaalamang napasainyo ngayon. Ni hindi natin kayang mga tao na bigyang-inspirasyon ang mga nasa daigdig sa katiyakan na ang Diyos ay buhay at ito ang kanyang Simbahan, ngunit kung gagampanan natin ang ating bahagi, pagpapalain ng ating Ama sa Langit ang ating pagsisikap.[23]

Magsikap tayo sa bawat araw nang pagpalain tayo ng ating Ama. Kung taglay natin ang Kanyang Banal na Espiritu, madarama ito ng mga taong nakakasalamuha natin, dahil lalaganap ito sa kapaligiran na ating tinitirhan, at makikibahagi sila rito.[24]

Kung tutuusin ay iilan pa lang ang tumanggap sa ebanghelyong inihayag sa mga huling araw; ngunit milyun-milyon sa mga anak ng ating Ama ang nais malaman ang Kanyang kalooban; at kapag inihatid sa kanila ang katotohanan, at sumaksi ang nakakukumbinsing impluwensya ng Espiritu sa katotohanan nito, magagalak silang tanggapin ito.[25] [Tingnan sa mungkahi 5 sa kasunod na pahina.]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

Pag-isipan ang mga ideyang ito habang pinag-aaralan ninyo ang kabanata o naghahanda kayong magturo. Para sa karagdagang tulong, tingnan sa mga pahina v–viii.

1. Pag-aralan ang huling dalawang talata ng "Mula sa Buhay ni George Albert Smith" (mga pahina 163–164). Umisip ng isang taong kilala ninyo na hindi miyembro ng Simbahan. Ano ang mga katangiang hinahangaan ninyo sa taong ito? Anong mga katotohanan ng ebanghelyo ang pinaniniwalaan na niya? Anong karagdagang mga katotohanan ng ebanghelyo ang lalong makakatulong sa kanya? Paano naaapektuhan ng ganitong paraan ng pag-iisip sa mga tao ang paraan ng pagbabahagi natin ng ebanghelyo sa kanila?

2. Habang binabasa ninyo ang unang bahagi ng mga turo (mga pahina 164–166), umisip ng isang pagkakataon na naimpluwensyahan kayo sa kabutihan ng pagmamahal na ipinakita

sa inyo ng isang tao. Bakit napakahalaga na iwasang pintasan ang mga taong iba ang paniniwala kaysa sa atin?

3. Basahin ang bahaging nagsisimula sa pahina 166. Ano ang ibig sabihin ng ibahagi ang ebanghelyo nang may "kasigasigan"? Paano natin maibabahagi ang ating patotoo tungkol sa ipinanumbalik na ebanghelyo nang hindi parang nagyayabang o makasarili?
4. Ano sa palagay ninyo ang ibig sabihin ni Pangulong Smith nang sabihin niyang, "Kung hindi mas mahalaga sa mga anak ng tao ang Simbahang ito na kinakatawan ko kaysa ibang simbahan, nagkamali ako sa tungkulin ko rito"? (pahina 168). Ano ang iniaalok ng Simbahan ni Jesucristo na higit na magpapaligaya sa buhay ng isang tao?
5. Habang binabasa ninyo ang huling bahagi ng mga turo (mga pahina 169–171), umisip ng isang karanasan ninyo kung saan ibinahagi ninyo ang ebanghelyo sa isang tao. Ano ang naging dahilan ng tagumpay ng karanasan? Ano ang magagawa ninyo para mapahusay ang mga pagsisikap ninyong ibahagi ang ebanghelyo?

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan:* Juan 13:34–35; II Kay Timoteo 1:7–8; 2 Nephi 33:1; Alma 20:26–27; Doktrina at mga Tipan 50:13–22

*Tulong sa pagtuturo:* Isiping hatiin ang klase sa maliliit na grupo na may tatlo hanggang limang miyembro. Magtalaga ng isang lider sa bawat grupo. Atasan ang bawat grupo ng ibang bahagi. Ipabasa sa bawat grupo ang kanilang bahagi at talakayin nila sa grupo ang kaukulang mga tanong sa dulo ng kabanata. Pagkatapos ay ipabahagi sa mga miyembro ng grupo sa buong klase ang kanilang natutuhan. (Tingnan sa *Pagtuturo, Walang Higit na Dakilang Tungkulin,* 213.)

## *Mga Tala*

1. "President George Albert Smith's Creed," *Improvement Era,* Abr. 1950, 262.
2. *Sharing the Gospel with Others,* pinili ni Preston Nibley (1948), 199–201; mensaheng ibinigay noong Nob. 4, 1945, sa Washington, D.C.
3. Sa Conference Report, Okt. 1930, 67–68.
4. Sa Conference Report, Okt. 1931, 120.
5. Sa Conference Report, Okt. 1945, 168.
6. Sa Conference Report, Okt. 1927, 47.
7. Sa Conference Report, Abr. 1950, 187.

8. Sa Conference Report, Abr. 1934, 30.
9. Sa Conference Report, Okt. 1928, 94.
10. Sa Conference Report, Abr. 1916, 47.
11. Sa Conference Report, Okt. 1927, 48.
12. "At This Season," *Improvement Era,* Dis. 1949, 801, 831.
13. "Opportunities for Leadership," *Improvement Era,* Set. 1949, 557, 603–4.
14. Sa Conference Report, Okt. 1930, 69.
15. Sa Conference Report, Okt. 1948, 7.
16. Sa Conference Report, Okt. 1946, 5.
17. Sa *Deseret News,* Ago. 20, 1921, bahaging pang-Simbahan, 7.
18. Sa Conference Report, Okt. 1904, 66.
19. Sa Conference Report, Abr. 1940, 85.
20. Sa Conference Report, Abr. 1935, 45.
21. Sa Conference Report, Okt. 1949, 7.
22. Sa Conference Report, Okt. 1904, 66.
23. Sa Conference Report, Okt. 1929, 25.
24. Sa Conference Report, Okt. 1906, 50–51.
25. Sa *Deseret News,* Ene. 12, 1907, 31.




*Naniniwala si Pangulong Smith na ang mga makabagong teknolohiya ay "tunay na maaaring maging biyaya . . . kung gagamitin natin ang mga ito sa kabutihan para ipalaganap ang katotohanan at isulong ang gawain ng Panginoon sa mga tao."*

# Pagsusulong sa Gawain ng Panginoon

*Pinamamahalaan ng Diyos ang Kanyang gawain, at nananawagan Siya sa bawat miyembro ng Simbahan na makibahagi sa pagsusulong nito.*

## Mula sa Buhay ni George Albert Smith

Nang tawagin si George Albert Smith sa Korum ng Labindalawang Apostol noong 1903, mahigit 300,000 pa lang ang mga miyembro ng Simbahan. Nang matapos ang kanyang paglilingkod bilang Pangulo ng simbahan, lampas na ito sa 1 milyon. Nagalak si Pangulong Smith sa gayong paglago dahil ang ibig sabihin nito ay parami nang parami ang mga taong nakaririnig sa mensahe ng kaligtasan. "Dapat ay masayang-masaya tayo," sabi niya sa mga nagsidalo sa pangkalahatang kumperensya noong 1950, "hindi dahil naragdagan tayo sa organisasyong kinabibilangan natin, kundi dahil mas marami nang anak ng ating Ama sa Langit, na mga lalaki at babae, ang nakauunawa sa katotohanan, at sumasapi sa kanyang organisasyon na inihanda niya upang ituro sa atin ang landas na dapat tahakin sa buhay at akayin tayo tungo sa walang-hanggang kaligayahan."[1]

Sa pagitan ng 1903 at ng pagkamatay ni Pangulong Smith noong 1951, naharap sa maraming hamon sa pag-unlad ang Simbahan sa buong daigdig. Ang mga kaganapang tulad ng Unang Digmaang Pandaigdig, Ikalawang Digmaang Pandaigdig, at ang Matinding Kahirapan (laganap na krisis sa ekonomiya) ay lubhang naglimita sa bilang ng mga misyonerong maipapadala sa ibang bansa. Sa kabila ng mga paghihirap na ito, nagtiwala pa rin si George Albert Smith na patuloy na lalago ang Simbahan at magkakatotoo ang kapalaran nitong "[punuin] ang buong lupa" (Daniel 2:35). Noong 1917, sa

kasagsagan ng Unang Digmaang Pandaigdig, sinabi niya sa mga Banal: "Hindi ako pinanghihinaan ng loob nang dahil sa hindi mapabilis ang paglaganap ng katotohanang ito. Sa halip ay nakikita ko sa mga nangyayari ngayon ang pamamagitan ng napakatalinong Ama upang ihanda ang daan para lumaganap ang ebanghelyong ipinanumbalik niya sa mundo sa ating panahon."[2]

Kahit mabibigat ang hamon sa unang kalahati ng ika-20 siglo, naghatid din ito ng mga bagong teknolohiya na pinaniwalaan ni Pangulong Smith na magpapabilis sa gawain ng Panginoon. Isa siyang masugid na tagatangkilik ng aviation industry o industriya ng mga sasakyang panghimpapawid at nakita niya na isang paraan ito para mas maayos siyang makapagbiyahe bilang General Authority. Sinuportahan din niya ang paggamit ng Simbahan sa radyo at telebisyon para mas maraming makarinig sa salita ng Panginoon. "Dapat nating ituring na biyaya ng Panginoon ang mga [naimbentong] ito," sabi niya." "Lubhang pinalalawak nito ang ating mga kakayahan. Tunay na maaaring maging biyaya ang mga ito kung gagamitin natin ito sa kabutihan para ipalaganap ang katotohanan at isulong ang gawain ng Panginoon sa mga tao. Ang malaking hamong kinakaharap natin sa mundo ngayon ay nasa paggamit natin ng marami sa mga naimbentong ito. Magagamit natin ang mga ito upang mangwasak, tulad ng nagagawa natin kung minsan noong araw, o magagamit natin ang mga ito upang turuan at pagpalain ang sangkatauhan, tulad ng gustong ipagawa sa atin ng ating Ama sa Langit."[3]

Sa isang mensahe sa pangkalahatang kumperensya noong 1946, nagpropesiya si Pangulong Smith tungkol sa paggamit ng mga teknolohiyang ito: "Hindi magtatagal, mula sa pulpitong ito at sa iba pang mga lugar na ilalaan, ang mga lingkod ng Panginoon ay makapaghahatid ng mga mensahe sa iba't ibang grupo na napakalalayo na hindi kayang marating. Sa paraang iyan at sa iba pang mga paraan, ang ebanghelyo ng ating Panginoong Jesucristo, na siyang tanging kapangyarihan ng Diyos tungo sa kaligtasan bilang paghahanda para sa kahariang selestiyal, ay maririnig sa lahat ng dako ng mundo, at marami sa inyo na narito ang aabutan pa ang araw na iyon."[4] [Tingnan sa mga mungkahi 1 at 4 sa mga pahina 184–185.]

Naunawaan ni Pangulong Smith na ang gawain ng Simbahan ay matagumpay dahil ito ang gawain ng Panginoon, at itinuro niya sa

mga Banal na ang pagkakataong makibahagi sa gawaing iyan ay isang pagpapalang handog ng Panginoon sa bawat miyembro ng Kanyang Simbahan. Sa unang pangkalahatang kumperensya matapos siyang italaga bilang Pangulo ng Simbahan, sabi niya: "Natatanto ko ang mabigat na responsibilidad na nakaatang sa aking mga balikat. Alam ko na kung wala ang tulong ng ating Ama sa Langit, ang organisasyong kinabibilangan natin ay hindi magtatagumpay. Walang tao o grupo ng mga tao na makapagpapatagumpay dito, ngunit kung patuloy na susundin ng mga miyembro ng Simbahang ito ang mga utos ng Diyos, ipamumuhay nila ang kanilang relihiyon, magpapakita sila ng magandang halimbawa sa mundo, [at] mamahalin ang kanilang kapwa tulad ng kanilang sarili, susulong tayo, at mag-iibayo ang ating kaligayahan."[5]

## Mga Turo ni George Albert Smith

### May sapat na pagkakataon ang bawat miyembro upang makibahagi sa gawain ng Panginoon.

Ang responsibilidad na pangasiwaaan ang gawaing ito ay hindi lamang responsibilidad [ng Pangulo ng Simbahan], ni ng kanyang mga tagapayo, ni ng korum ng mga Apostol; kundi responsibilidad din ito ng bawat lalaki at babaeng nabinyagan ng mga lingkod ng Diyos at naging miyembro ng Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. . . . Hindi natin maaaring ipasa sa iba ang responsibilidad gustuhin man natin; iniatang ito ng ating Ama sa ating mga balikat, at dapat natin itong pasanin at tulungang magtagumpay.[6]

Naniniwala ako sa inyo, mga kapatid. May tiwala ako sa inyong pananampalataya at sa inyong integridad. . . . Bawat isa sa inyo [ay] may pananagutan sa [Panginoon] na isulong ang gawaing ito, tulad ng mga namumuno sa inyo. Hindi ko masasabing, "Ako ba'y tagapagbantay sa aking kapatid?" Hindi ko maaaring ipasa ang responsibilidad . . . , ngunit bilang isa sa mga anak ng ating Ama dapat kong gawin ang aking bahagi, kailangan kong pasanin ang bigat na iniatang ng Panginoon sa akin, at kung hindi ko ito gagawin, matatanto ko na nawala ang pagpapalang dapat sana ay sa akin kung sumunod ako sa mga utos ng ating Ama.[7]

Dapat tayong maging sabik sa paggawa ng mabuti. Tamad na lingkod ang taong naghihintay pang utusan siya sa lahat ng bagay. [Tingnan sa D at T 58:26–27.] Inaasahan ng ating Ama sa Langit na gagampanan natin ang ating tungkulin, saanman iyon, gaano man kahamak ang ating katayuan sa buhay.[8]

Hindi kailangang maging miyembro ng Korum ng Labindalawa, o ng Panguluhan ng Simbahan, ang isang tao para matamo ang pinakamalalaking pagpapala sa kaharian ng ating Ama sa Langit. Ito ay mga katungkulan lamang na kailangan sa Simbahan, at maraming tapat at debotong kalalakihang nararapat umupo sa mga katungkulang ito na ang panahon at mga talento ay kailangan sa buong Simbahan. . . . Alalahanin na sa mga miyembro at sa buong Simbahan ay may napakaraming pagkakataon ang bawat lalaki at babae na gumawa ng isang bagay para mapagpala ang kanilang kapwa at maisulong ang gawain ng Panginoon.[9]

May disposisyon ang ilang maytaglay ng priesthood at ang ilang may katungkulan sa Simbahan, na kaligtaan ang mga sakrament miting at iba pang mahahalagang tungkulin, at magtuon lamang sa ilang espesyal na tungkulin. Maaaring sila ay mga pinuno at guro sa Sunday School, at kapag ginagampanan nila ang kanilang tungkulin sa pagtuturo sa araw ng Sabbath, iniisip nila na sapat na iyon; o, maaaring sila ay naglilingkod sa [Young Men o Young Women], o Primary, o gumagawa ng genealogy, o welfare, o may iba pang tungkulin, at kung ginagampanan nila ang kanilang mga obligasyon na nauukol doon ay itinuturing nilang tapos na ang buong tungkulin nila.

Bagama't minamahal at pinagpapala natin ang lahat sa kanilang dakilang paglilingkod, obligasyon nating paalalahanan ang ating sarili na tayong lahat ay kailangang mamuhay ayon sa bawat salitang nagmumula sa bibig ng ating Ama sa Langit [tingnan sa D at T 84:44]. Sa pangkalahatan, hindi inaalis ng mga espesyal na tungkulin ang iba pa nating mga obligasyon; at ang mga espesyal na miting o pulong ay hindi kapalit o kahalili ng mga pangkalahatang miting ng Simbahan. At bukod sa ating espesyal na mga obligasyon at atas, inaasahang kikilos tayo sa bawat araw bilang mga Banal sa mga Huling Araw sa pinakamalawak na kahulugan ng kataga, upang kung nakadarama tayo ng pangamba o kakulangan, o kailangan



*"Sa buong Simbahan ay may napakaraming pagkakataon ang bawat lalaki at babae na gumawa ng isang bagay para mapagpala ang kanilang kapwa at maisulong ang gawain ng Panginoon."*

natin ng payo at pangaral sa anumang pagkakataon, dapat ay agad tayong kumilos bilang mga lingkod ng Panginoon sa bawat gawa.

At mayroon din sa Simbahan na mga miyembro lamang sa pangalan na nag-aakalang hindi nila kailangang maglingkod sa anumang paraan. Ngunit kalaunan ay hindi sila mismo mapapalagay, at mag-aalinlangan sa kanilang isipan, tulad nating lahat kapag hindi natin nagawa ang alam nating buong obligasyon natin. Ang isang taong namumuhay nang alinsunod sa ebanghelyo ni Jesucristo ay hindi kailanman magdududa na magtatagumpay ito; ngunit ang taong nakakaligtaan ang kanyang tungkulin, at bigong sundin ang kanyang mga tipan, ay nawawalan ng Espiritu ng Panginoon, at nagsisimulang mag-isip kung ano ang kahihinatnan ng Sion. . . .

Tuwing ginagawa ninyo ang inyong buong tungkulin, malalaman ninyo, tulad ng alam ninyo na kayo ay buhay, na ito ang gawain ng ating Ama, at isasakatuparan niya ito nang matagumpay.[10]

Hindi ba ninyo nakikita kung gaano ang pagsulong ng kagila-gilalas at kamangha-manghang gawain? Hindi ba ninyo nakikita kung gaano kaunti ang naiambag ng bawat isa sa atin, ngunit gayon man ay nagkaisa ang buong Simbahan, at ang salita ng Panginoon ay naipalaganap sa mga anak ng tao; hindi sa sapilitang paraan, kundi sa kabaitan at pagmamahal, na may hangaring pagpalain ang buong sangkatauhan?[11] [Tingnan sa mungkahi 2 sa pahina 184.]

---

## Hindi mapipigil ng kalaban ang pag-unlad ng Simbahan, dahil ito ang gawain ng Diyos, hindi ng tao.

Nagsimula ang Simbahan sa anim na miyembro lamang. Lumalago ito araw-araw sa kabila ng pagkalaban ng kaaway. Kung hindi dahil sa makapangyarihang sandata ng kabutihan, at sa maingat na pangangalaga ng ating Ama sa Langit, matagal na sanang nadurog ang Simbahang ito na parang balat ng itlog. Gayunman, sinabi ng Panginoon na pangangalagaan niya tayo, at nangakong poprotektahan tayo kung pararangalan natin siya at susundin ang kanyang mga utos.[12]

Ang paglago ng Simbahang ito ay hindi nangyari dahil sa kabantugan nito. Lumalago ito sa kabila ng pagkalaban ng matatalinong tao sa mundo; lumalago ito sa kabila ng pagkalaban ng mga guro ng relihiyon, at patuloy nitong tinitipon sa lahat ng dako ang mga piling espiritung namuhay sa paraan na mauunawaan nila ang katotohanan.[13]

Noon ko pa binabasa ang journal ng aking lolong si George A. Smith. . . . Nabasa ko na ang kanyang mga personal na karanasan, ang ilan ay napakasakit at ang ilan ay mahimala. Noong binatilyo siya inatasan siyang ipangaral ang Ebanghelyo ng ating Panginoon. Naranasan niya ang naranasan ng iba pang kalalakihang tinawag sa ministeryo. Sila ng kanyang mga kasamahan ay pinaratangan ng mali ng mga taong masasama ang iniisip ngunit patuloy siyang naging tapat at sila ay ipinagtanggol ng Panginoon at ginawa silang marangal sa paningin ng mga tao at binigyan sila ng patotoo ukol sa kabanalan ng gawaing ito na napakapositibo kaya't walang tungkuling napakahirap nilang gawin para maipalaganap ang katotohanan.

Kabilang si Lolo sa grupong ipinadala sa England upang ipangaral ang Ebanghelyo noong 1839. Doon ay tinangka ng kaaway na pahinain ang kanilang loob sa lahat ng pagkakataon. Sa kanilang mga journal na isinulat sa panahong iyon nakalahad ang katotohanan na sila ay siniraan ng masasamang tao at niligalig ng masasamang espiritu, ngunit iningatan sila ng Panginoon at mahusay nilang nagampanan ang kanilang tungkulin. Naroon ang walo sa Korum ng Labindalawa noong panahong iyon. Kabilang sa mga ipinadala sa England ang kalalakihang walang kakayahang tustusan ang kanilang paglalakbay ngunit nagsimula silang maglakad mula sa kanilang tahanan. Dahil sa matagal nang karamdaman napakahina na ng isa sa kalalakihang ito para maglakad nang dalawang milya upang makasakay sa karuwahe ngunit tinulungan siya ng isang kaibigan na lakarin ang layong iyon. Sumampalataya sila sa Diyos; alam nila na ito ang kanyang Simbahan kaya't humayo sila at nagkaroon ng inspirasyon ang mga kaibigan nilang hindi miyembro ng Simbahan na bigyan sila ng pera at tustusan ang kanilang paglalayag sa karagatan, kung saan inihatid nila ang kanilang mensahe at maraming matatapat na tao ang tumanggap sa katotohanan dahil sa kanilang ministeryo.[14]

Ito ang gawain ng Diyos. Hindi ito gawain ng sinumang tao. Walang tao o grupo ng mga tao na makapagsusulong at magagawa itong matagumpay sa harap ng pagkalaban ng mundo. Sa maraming pagkakataon inisip nila [na kumakalaban sa gawain] na katapusan na ng Simbahan, at sa tuwina sa karingalan ng kanyang kapangyarihan, pinalalakas ito ng Panginoon, at sumusulong ito sa iba't ibang lungsod, sa iba't ibang bayan, sa iba't ibang bansa.[15]

Alam ko na maraming problema at mas marami pang problemang darating sa paglipas ng mga araw, ngunit ang Ama sa langit ding iyon na namuno sa mga Anak ni Israel, na nagligtas kay Daniel at sa tatlong kabataang Hebreo mula sa kamatayan, ang Ama sa Langit ding iyon na nangalaga sa ating mga ninunong nagpunta sa [Salt Lake Valley] at nagpatira sa kanila dito, at nagpala sa kanila at sa kabila ng kahirapan ng mga tao ay ginawang posible na magkaroon ng napakagandang [Salt Lake] temple at iba pang magagandang templo, . . . ang Ama ring iyon, ang inyo at aking Ama, ay handang ibuhos sa atin ngayon ang kanyang mga pagpapala.[16]

Walang dahilan para mawalan ng pag-asa. Ang ebanghelyo ni Jesucristo ay patuloy na lumalaganap. Nasa atin ang pangako ng ating Ama sa Langit na ito ay patuloy na lalaganap. Wala nang iba pang dispensasyon na nagkaroon ng katiyakang tulad ng napasaatin. Sa mga nakaraang dispensasyon inalis ang Ebanghelyo sa mundo. Nang ipanumbalik ito sa ating panahon may kasama itong pangako na hindi na ito muling aalisin sa mundo o ibibigay sa ibang tao kailanman. Kaya't sumasamo ako sa inyo na nakahawak na sa araro, na huwag nang lumingon. Paglingkuran ang Diyos at sundin ang kanyang mga utos.[17]

Hindi tayo kailangang mabalisa tungkol sa pag-unlad ng Sion, sapagkat ang mahusay na barko ay magiting na maglalayag, at ang mga nananalig at tapat ay ligtas na daraong kasama niya sa daungan ng Diyos, na may putong ng kaluwalhatian, imortalidad at buhay na walang-hanggan. Hindi ako nag-aalala sa matatandang lalaki at babaeng ito na nanatiling tapat sa pananampalataya. Hindi ako nag-aalala sa mga lalaki at babaeng sumusunod sa mga utos ng Panginoon. . . . Ngunit ang mga Banal sa mga Huling Araw na nakaaalam sa kalooban ng ating Ama at hindi ginawa ito, ang mga nakakarinig sa mga turo ng Panginoon paminsan-minsan at tumalikod dito, nangangamba ako na hindi nila makamit ang mithiin maliban kung sila ay magsisisi nang kanilang buong puso.[18]

Ang kanyang gawain ay umuunlad, dapat tayong kumilos kung gusto nating makaagapay rito. Bawat taon na lumilipas, mula nang itatag ang Simbahan, ay nakita ito na mas tumatatag kaysa nakaraang taon. Ang pag-asang patuloy itong magtatagumpay ay higit ngayon kaysa noon. Mas marami nang tao ang nakakaalam sa katotohanan tungkol sa atin, at sa ating pakikitungo sa kanila. Ang maling palagay dahil sa kawalan ng kaalaman ay nawawala na, habang ang liwanag ay ipinalalaganap sa mga tao. . . .

Dapat maging malinaw sa lahat, at mangyayari ito balang-araw, na ang mga kumakalaban sa gawaing ito ay matagal na sana itong napabagsak kung ito ay hindi mula sa langit. Ipaalam natin sa buong mundo na hindi ito maibabagsak sapagkat "[ito ang] kapangyarihan ng Dios sa ikaliligtas ng bawat sumasampalataya." [Tingnan sa Mga Taga Roma 1:16.[19] [Tingnan sa mungkahi 3 sa pahina 184.]

### Iniaakma ng Diyos ang mga sitwasyon sa mundo para lumaganap ang Kanyang gawain sa lupa.

Ipinasiya [ng Diyos] na ang mensaheng ipinahayag ng kanyang mga lingkod noong nakaraang mga panahon, na sinariwa at ipinangaral ng kanyang mga lingkod sa mga huling araw, ay maririnig, at sa lakas ng kanyang kapangyarihan ay iaakma niya ang mga sitwasyon sa mundong ito at gagawing mapagpakumbaba ang mga anak ng tao hanggang sa magsisi sila at handa nang makinig. Ang mga katotohanang itinuturo natin, ibig kong sabihin, ang mga katotohanang inaasahan ng Diyos na ituro natin sa mundo, ay lumalaganap na.[20]

Inihayag ng Panginoon sa isa sa kanyang mga propeta na paglabas ng Aklat ni Mormon sisimulan niya ang kanyang gawain sa mga bansa para manumbalik ang kanyang mga tao. [Tingnan sa 2 Nephi 30:3–8; 3 Nephi 21:1–14; 29:1–2.] Kapag natanto natin kung gaano kabilis ipalaganap ang ebanghelyo ni Jesucristo ngayon kumpara noong taong 1830, makikita natin na iniunat ng Panginoon ang kanyang kamay at inalok ang mga tao ng pagkakataong malaman ang tungkol dito. Hindi magtatagal, maririnig na sa lahat ng panig ng mundong ito ang ebanghelyo sa pamamagitan ng mga lingkod ng Panginoon na magpapahayag nito nang may kapangyarihan. Iaakma ng ating Ama sa Langit ang mga sitwasyon sa mundo upang maipangaral ang ebanghelyo.[21]

Sinabi ng Tagapagligtas na ang ebanghelyong ito ng kaharian ay ipangangaral sa buong daigdig bilang patotoo sa lahat ng bansa, at pagkatapos ay sasapit ang katapusan! [Tingnan sa Joseph Smith—Mateo 1:31.] Hindi hihingin ng Panginoon ang isang bagay na imposibleng mangyari. Inaalis niya ang mga hadlang, at ang ebanghelyo "ay ipapangaral."[22]

Ang Sion ay matutubos, at malalaman ng daigdig, na ngayon ay mali ang pag-unawa sa gawain ng "Mormonismo," na ito ang kapangyarihan ng Diyos sa ikaliligtas ng mga taong sumusunod sa mga utos ng ating Ama. Pinatototohanan ko na bumibilis ang paglago ng gawain, at tinatanggap ng mga anak ng tao ang "Mormonismo" sa kanilang kalooban; na ito ang gawain ng ating Ama. Maaaring marupok at mahina tayo, ngunit kung tayo ay banal at

dalisay ang ating pamumuhay, kung gagawin natin ang alam nating tama, magbabangon ng kalalakihan at kababaihan para ituloy ang gawain ng Panginoon, hanggang sa matapos ang gawain ng ating Ama sa paraang nais Niya. Mas makikilala na tayo ng mga taong mali ang pagkaunawa sa atin ngayon. Ang mga naniniwala na makasarili ang ating mga motibo ay hindi na malilinlang, at ang ating mga kapatid sa mundo, na naghahangad ng katotohanan at nais malaman kung ano ang nais sa kanila ng Panginoon, ay maaantig ang puso at tatanggapin ang Ebanghelyo. Ang Sion ay babangon at magliliwanag, at luluwalhatiin ang buong mundo, sabi ng Panginoong Diyos ng Israel.[23] [Tingnan sa mungkahi 4 sa ibaba.]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

Pag-isipan ang mga ideyang ito habang pinag-aaralan ninyo ang kabanata o naghahanda kayong magturo. Para sa karagdagang tulong, tingnan sa mga pahina v–viii.

1. Ipinropesiya ni Pangulong Smith na "ang ebanghelyo ng ating Panginoong Jesucristo . . . ay maririnig sa lahat ng dako ng mundo" (pahina 176). Anong mga teknolohiya ang tumutulong para maging posible ito? Sa anong iba pang mga paraan nakakatulong ang mga bagong teknolohiya o makabagong siyensya sa gawain ng Panginoon.
2. Habang binabasa ninyo ang unang bahagi ng mga turo (mga pahina 177–180), pag-isipan ang tungkulin o gawain ninyo ngayon sa Simbahan. Paano kayo tinutulutan ng pagganap sa inyong tungkulin na makibahagi sa "pagsusulong ng gawain ng Panginoon"? Paano nakakatulong ang inyong mga pagsisikap bilang home teacher o visiting teacher sa gawaing ito? Sa anong mga paraan tayo makababahaging lahat nang higit sa pormal nating tungkulin o gawain?
3. Sa mga pahina 180–182, pinatotohanan ni Pangulong Smith na pinamumunuan ng Panginoon ang gawain ng Kanyang Simbahan. Ano ang mga karanasan ninyo na nagpapakita sa inyo na ito ay totoo? Paano nagpapamalas ng ating pananampalataya sa gawain ng Panginoon ang pagtuturo at pamumuhay ng ebanghelyo sa ating tahanan?

4. Sa mga pahina 176 at 183–184, hanapin ang mga bagay na ayon kay Pangulong Smith ay gagawin ng Panginoon upang ihanda ang daan para maipangaral ang Kanyang ebanghelyo. Anong katibayan ang nakikita ninyo na nangyari o nangyayari na ang mga bagay na ito sa mundo natin ngayon?

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan:* Daniel 2:44–45; Joel 2:27–28; Mosias 27:13; Doktrina at mga Tipan 64:33–34; 65:1–6; 107:99–100; Moises 1:39

*Tulong sa pagtuturo:* "Maaari[ng] . . . may mga pagkakataon na hindi ninyo alam ang sagot sa isang tanong. Kung mangyayari ito, sabihin lamang na hindi ninyo alam. Maaari ninyong sabihin na susubukan ninyong hanapin ang sagot. O maaari ninyong anyayahan ang mga nag-aaral na hanapin ang kasagutan, na bibigyan sila ng oras sa ibang aralin upang mag-ulat ng natuklasan nila" (*Pagtuturo, Walang Higit na Dakilang Tungkulin,* 79).

## *Mga Tala*

1. Sa Conference Report, Abr. 1950, 6.
2. Sa Conference Report, Abr. 1917, 37.
3. Sa *Deseret News,* Mayo 10, 1947, bahaging pang-Simbahan, 10.
4. Sa Conference Report, Okt. 1946, 6.
5. Sa Conference Report, Okt. 1945, 173.
6. Sa Conference Report, Abr. 1904, 64.
7. Sa Conference Report, Okt. 1911, 44.
8. Sa Conference Report, Abr. 1934, 30.
9. Sa Conference Report, Hunyo 1919, 42–43.
10. "Our Full Duty," *Improvement Era,* Mar. 1946, 141.
11. Sa Conference Report, Abr. 1930, 68.
12. Sa Conference Report, Okt. 1945, 170–71.
13. Sa Conference Report, Okt. 1916, 47.
14. Sa Conference Report, Abr. 1931, 32–33.
15. Sa Conference Report, Okt. 1931, 122–23.
16. Sa Conference Report, Okt. 1945, 174.
17. Sa *Deseret News,* Ago 20, 1921, bahaging pang-Simbahan, 7.
18. Sa Conference Report, Okt. 1906, 49.
19. "New Year's Greeting," *Millennial Star,* Ene. 1, 1920, 3.
20. Sa Conference Report, Abr. 1917, 37.
21. Sa Conference Report, Abr. 1927, 82–83.
22. "New Year's Greeting," 2.
23. Sa Conference Report, Abr. 1906, 58.



*"Igalang ang araw ng Sabbath at panatilihin itong banal, mga Banal sa mga Huling Araw, at lubos kayong magagalak."*

# "Ihandog ang Inyong Sakramento sa Aking Banal na Araw"

*Ang pagpapanatiling banal ng araw ng Sabbath at pakikibahagi ng sakrament nang karapat-dapat ay nagdaragdag sa ating espirituwal na lakas.*

## Mula sa Buhay ni George Albert Smith

Noong bata pa siya, natutuhan ni George Albert Smith ang kahalagahan ng paggalang sa araw ng Sabbath. Madalas tuwing Linggo nagpupunta sa bahay nila ang isang grupo ng mga batang lalaki sa kanilang lugar pagkatapos ng Sunday School para yayain siyang maglaro ng bola. "Kagaya ako ng mga batang iyon," sabi niya. "Inisip ko na napakasayang maglaro ng bola o ng iba pang laro. Ngunit napakabait ng aking ina. Hindi niya sinabing, 'Hindi mo puwedeng gawin iyan,' kundi sinabi niyang: 'Anak, mas sasaya ka kapag hindi mo ginawa iyan. . . .' Gusto kong sabihin sa inyo na nagpapasalamat akong maturuan nang ganoon sa tahanan."[1] Ang epekto ng mga turo ng kanyang ina ay makikita sa madalas na pagpapaalala ni Pangulong Smith sa mga Banal na nagdudulot ng malalaking pagpapala ang pagpapanatiling banal sa araw ng Sabbath.

Bilang General Authority, nagkaroon ng pagkakataon si George Albert Smith na dumalo sa mga pulong ng Simbahan tuwing Linggo sa iba't ibang lugar. Habang inoobserbahan ang mga Banal na magkakasamang sumasamba sa araw ng Sabbath, natuwa siya sa kanilang pagpipitagan sa sakrament: "Naniniwala ako na ang pagunawa sa kasagraduhan ng sakrament ng Hapunan ng Panginoon ay mahalaga sa mga miyembro ng Simbahan. . . . Nagagalak ako kapag nakikita ko ang ating mga kapatid na nagpupunta sa kapilya

at nakikibahagi sa mga simbolong ito . . . nang karapat-dapat."[2] [Tingnan sa mungkahi 1 sa pahina 196.]

## Mga Turo ni George Albert Smith

### Ang utos ng Diyos na panatilihin nating banal ang araw ng Sabbath ay hindi isang pasanin kundi isang pagpapala.

Itinuro sa atin [ng Panginooon] na dapat nating panatilihing banal ang Araw ng Sabbath. Itinalaga niya ang isa sa pitong araw bilang kanyang araw, at alang-alang sa lahat ng pagpapalang ipinagkaloob niya sa atin sa iba pang mga araw sa tingin ko ay dapat tayong magalak sa paggawa ng mga bagay na ipinagagawa niya sa atin sa kanyang banal na araw, at naniniwala ako na kung hindi natin ito gagawin ay hindi tayo magiging maligaya. . . . Gusto niyang lumigaya tayo at sinabi sa atin kung paano makakamtan ang kaligayahang iyon.[3]

Dapat nating isipin ang layunin ng araw [ng Panginoon] at makibahagi sa bisa ng pagsamba. Ano ang magagawa nito sa mundo kung lahat ng anak ng ating Ama sa Langit—at lahat tayo ay kanyang mga anak—ay igagalang ang kanyang hangarin na maging araw ng pagsamba ang Sabbath. Walang paraan para matantiya kung anong kapaki-pakinabang na pagbabago ang magiging bunga, hindi lamang sa sarili nating bansa, kundi sa lahat ng bansa sa daigdig kung igagalang natin ang Araw ng Sabbath at pananatilihin itong banal.[4]

Ang Sabbath ay naging araw ng paglilibang . . . —ang araw na itinakda ng libu-libong tao upang labagin ang utos na napakatagal nang ibinigay ng Diyos, at kumbinsido ako na karamihan sa kalungkutan at pagdurusang nagpapahirap at patuloy na magpapahirap sa mga tao ay dahil sa pagbalewala nila sa utos na panatilihing banal ang araw ng Sabbath.[5] [Tingnan sa mungkahi 2 sa pahina 196.]

Isa sa mga unang sermon na ipinangaral dito [sa Salt lake Valley] ay mula kay Pangulong Brigham Young na nagbabala sa mga tao na igalang ang araw ng Sabbath at panatilihin itong banal, at gaano man kahirap ang kanilang sitwasyon hindi sila dapat lumabas at magtrabaho sa araw ng Sabbath. . . . Hinikayat ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ang mga miyembro

nito na alalahanin na panatilihing banal ang araw ng Sabbath dahil ikinalulugod ng ating Ama sa Langit na ginagawa natin ito.[6]

Turuan natin ang mga batang lalaki at babae [ng Simbahan] habang sila ay lumalaki na gawin ang mga bagay na nais ipagawa sa kanila ng Panginoon sa araw ng Sabbath, at nakakagulat ang magiging impluwensya nila sa mga komunidad na kanilang tinitirhan. Maliban kung pagsisihan ng mundo ang kapabayaan at pagwawalang-bahala nito, maliban kung tayong mga Banal sa mga Huling Araw, sa maraming pagkakataon, ay magsisi sa pagwawalang-bahala sa banal na araw ng ating Ama sa Langit, hindi natin madarama ang lahat ng kagalakan at kaligayahang nais nating matamasa rito, at hindi ito mapapasaatin sa kawalang-hanggan.[7]

Mukhang iniisip ng ilan na kung nakadalo na sila sa mga pulong ng simbahan o nakagawa ng kaunting paglilingkod na inaasahan sa kanila sa araw ng Linggo, ay malaya na silang maglibang at gawin ang mga aktibidad na hindi akma sa diwa ng Sabbath at patuloy pa ring kasihan o kalugdan ng ating Ama. Sinasabi ko sa inyo na kung ang mga miyembro ng Simbahan, na higit na nakaaalam, ay magpumilit na labagin ang araw ng Sabbath dahil sa makamundong paglilibang, mawawala ang kanilang pananampalataya, at iiwan sila ng Espiritu ng ating Ama sa Langit.[8]

Hindi maliit na bagay ang labagin ang araw ng Sabbath. Gusto kong sabihin na nawawalan kayo tuwing lalabagin ninyo ang araw ng Sabbath, mas nawawalan kayo kaysa nagkakaroon, anuman ang iniisip ninyong matatamo ninyo.[9]

Ang kalimutan na ito [ang araw ng Sabbath] ay araw ng Panginoon, tulad ng ginagawa ng ilan sa atin, ay kawalan ng utang-na-loob. Itinakda Niya ang isa sa pitong araw, hindi para gawin itong pasanin, kundi para maghatid ng galak sa ating buhay at upang ang ating tahanan ay maging lugar na pagtitipunan ng pamilya, kung saan magtitipon ang mga magulang at mga anak na may ibayong pagmamahal sa isa't isa. . . .

Igalang ang araw ng Sabbath at panatilihin itong banal, mga Banal sa mga Huling Araw, at lubos kayong magagalak at pagkakalooban kayo ng ating Ama sa Langit ng mga pagpapalang nagmumula sa pagsunod ninyo sa kanyang payo at pangaral.[10]

## Ang pagsisimba ay mahalagang bahagi ng pagpapanatiling banal ng araw ng Sabbath.

Kung gagawin natin ang gustong ipagawa sa atin ng Ama sa Langit pupunta tayo sa kanyang banal na bahay sa araw ng Sabbath at makikibahagi roon sa sakrament bilang pag-alaala sa sakripisyong ginawa ng Manunubos ng sangkatauhan para sa atin.[11]

Ito [ang araw ng Sabbath] ay banal na araw ng Panginoon; ito ang araw na kanyang itinalaga para sambahin natin siya, at sa mga huling araw na ito binigyan niya tayo ng karagdagang utos na magpunta sa bahay ng dalanginan at pag-aayuno sa kanyang banal na araw, at aminin doon ang ating mga pagkakamali at magpatotoo sa isa't isa [tingnan sa D at 59:9–12]. . . .

Sa kagila-gilalas na panahon ngayon na komportableng nakakaupo ang mga tao sa bahay at nakikinig sa musika ng mundo at sa mga talumpating pampubliko, at mga sermon, mananatili sila sa sarili nilang tahanan at marahil ay aakalain nila na matatanggap nila ang lahat ng maaari nilang matanggap kung pupunta sila sa lugar na itinakda para sa mga serbisyo ng simbahan.

Hindi dapat magpalinlang ang mga Banal sa mga Huling Araw sa bagay na ito. Hindi lamang ang naririnig natin ang mahalaga, kundi pati na ang impluwensyang nananaig sa mga bahay-sambahan na nagmumula sa ating Ama sa Langit. Maaaring may radyo tayo sa ating tahanan, ngunit hindi tayo espirituwal na makikinabang dito, na katulad ng kung pupunta tayo sa bahay ng Panginoon sa kanyang banal na araw, kung saan tayo tinutulutang makibahagi sa Sakrament at makapagdarasal at makahihiling ng mga pagpapala ng ating Ama sa Langit at tatanggap ng patotoo sa katotohanang itinuturing na magliligtas sa sangkatauhan.[12] [Tingnan sa mungkahi 3 sa pahina 196.]

## Isang sagradong pribihileyo ang makibahagi sa sakrament sa araw ng Sabbath.

Palagay ko marami siguro sa atin ang nakatatanto na napakagandang kaloob ang napasaatin sa mga pagkakataong iyon na tayo ay natulutang magtipon nang payapa at tahimik, at magkita-kita at makibahagi sa mga simbolo ng katawan at dugo ng Panginoon. Ito dapat, at sa palagay ko ay [ito] nga, ang nasa isipan ng bawat isa



*"Ang sakrament, na . . . pinasimulan [ng Panginoon] bago siya pumanaw, ay dapat maging pampasigla at inspirasyon at pagpapala sa atin sa buong kawalang-hanggan."*

sa atin na isa itong napakasagrado at banal na pagkakataong maunawaan na tayo ay nagpapanibago ng ating mga tipan sa kanya na nag-alay ng kanyang buhay upang tayo ay mabuhay na mag-uli at madakila. Kapag nakikibahagi tayo sa mga simbolong ito, tiyak ko na nauunawaan nating lahat na ang sakrament, na kanyang pinasimulan bago siya pumanaw, ay dapat maging pampasigla at inspirasyon at pagpapala sa atin sa buong kawalang-hanggan.[13]

Ang sakrament ay napakahalaga. Inorden ng Panginoon Mismo na makibahagi tayo sa mga simbolong ito. Maraming taong naniniwala na kailangan ang mabinyagan, at maisagawa ang iba pang mga ordenansa ng Ebanghelyo para sa kanila, subalit nagwawalang-bahala sila o nagpapabaya sa mga simbolo ng sakrament ng Hapunan ng Panginoon. Itinuring ito ng ating Ama sa Langit na napakahalaga kaya, sa pamamagitan ng Kanyang pinakamamahal na Anak, at ng mga apostol at propeta, tulad ng nakatala sa mga banal na kasulatan, pinayuhan ang mga Banal na regular na

makibahagi sa sakrament. Tatlo sa mga ebanghelista [mga manunulat ng Evangelio] ang tumukoy rito [tingnan sa Mateo 26:26–28; Marcos 14:22–24; Lucas 22:19–20], at nalaman natin na itinuturo sa banal na kasulatan, sa maraming bahagi, ang kahalagahan nito, tulad ng pagkaturo ng Panginoon Mismo nang mabuhay Siya sa mundo. Ang ating Ama sa Langit ay hindi nagbibigay sa atin ng mga utos o payo na hindi mahalaga. Tinuturuan Niya tayo para tayo sumigla, lumago at umunlad, at kung susundin natin ang Kanyang payo ihahanda tayo nito na makabalik sa Kanyang piling. . . . Tuwing araw ng Sabbath inaasahan na magkikita-kita tayo at makikibahagi sa mga simbolo ng katawan at dugo ng ating nagbangong Manunubos. . . .

Makikita rin natin ito sa ika-18 kabanata ng 3 Nephi, kung saan pinagbilinan ng Tagapagligtas ang mga tao sa kontinenteng ito [ng Amerika], tulad ng pagtuturo Niya sa Kanyang mga disipulo noong araw na makibahagi sa sakrament. Ganito ang sabi:

"At nang ang maraming tao ay nakakain at nabusog, kanyang sinabi sa mga disipulo: Masdan magkakaroon ng isang oordenan sa inyo, at sa kanya ibibigay ko ang kapangyarihang pagputul-putulin ang tinapay at basbasan ito at ibigay ito sa mga tao ng aking simbahan, sa lahat ng yaong maniniwala at magpapabinyag sa aking pangalan.

"At ito ay lagi ninyong gagawin, maging katulad ng aking ginawa, maging katulad ng pagputul-putol ko ng tinapay at binasbasan ito at ibinigay ito sa inyo."

. . . Mababasa sa kasunod na talata:

"At ito ay gagawin ninyo sa pag-alaala sa aking katawan, na ipinakita ko sa inyo. At ito ay magiging patotoo sa Ama, na lagi ninyo akong naaalaala. At kung lagi ninyo akong aalalahanin, ang aking Espiritu ay mapapasainyo." [3 Nephi 18:5–7.]

. . . Bukod pa riyan, nalalaman natin na sa ating panahon ay binigyan tayo ng Panginoon ng paghahayag tungkol sa paksang iyan. Sa bahagi 20 ng Doktrina at mga Tipan, pinagbilinan tayo ng Panginoon tungkol sa bagay na iyan. Sa paghahayag na iyan, simula sa talata 75, sinabi Niya:

"Kinakailangan na ang simbahan ay magtipon nang madalas upang makakain ng tinapay at makainom ng alak sa pag-alaala sa Panginoong Jesus;

"At ang elder o saserdote ang mangangasiwa nito; at alinsunod sa pamamaraang ito kanya itong pangangasiwaan—siya ay luluhod, kasama ang simbahan at mananalangin nang taimtim sa Ama, sinasabing—"

Pansinin ang magandang panalanging sumunod . . . :

"O Diyos, ang Amang Walang Hanggan, kami ay humihiling sa inyo sa pangalan ng inyong Anak, na si Jesucristo, na basbasan at gawing banal ang tinapay na ito sa mga kaluluwa ng lahat nila na kakain nito, nang sila ay makakain bilang pag-alaala sa katawan ng inyong Anak, at patunayan sa inyo, O Diyos, ang Amang Walang Hanggan, na sila ay pumapayag na taglayin sa kanilang sarili ang pangalan ng inyong Anak, at lagi siyang alalahanin at susundin ang kanyang mga kautusan na ibinigay niya sa kanila; nang sa tuwina ay mapasakanila ang kanyang Espiritu upang makasama nila. Amen." [D at T 20:75–77.]

Ang panalangin at pagbabasbas sa tubig ay halos gayon din [tingnan sa D at T 20:78–79].

Napakasagrado, totoong napakasagrado, ng mga ipinahayag sa panalangin ng sakrament. Pinapayuhan ko kayo, mga kapatid, na kapag nangangasiwa tayo sa pamamahagi ng sakrament, inuulit natin . . . ang eksaktong mga salitang ibinigay sa paghahayag, at ginagawa ito na kasama ang Espiritu ng Panginoon. Kapag inulit natin ang mga panalanging ito, dapat nating madama ang kahulugan ng mga salitang sinasambit natin.[14]

Kung minsan ay nag-aalala ako na habang pinangangasiwaan ang sakrament sa ilan sa ating mga miting o pulong ay walang pagpipitagan sa paligid na siyang nararapat. Ito ay napakasagradong pribilehiyo. . . . Dapat isaisip ng mga [nakikibahagi] sa sakrament ang obligasyong sinasabi sa panalangin.[15] [Tingnan sa mungkahi 4 sa pahina 196.]

**Ang marapat na pakikibahagi sa sakrament ay nagpapanibago sa ating espirituwal na lakas.**

Nakikibahagi tayo sa pisikal na pagkain—ibig sabihin, kumakain tayo ng tinapay at umiinom ng tubig atbp., upang pangalagaan ang pisikal na katawan. Kailangan din tayong makibahagi sa mga simbolo ng katawan at dugo ng ating nagbangong Panginoon para madagdagan ang ating espirituwal na lakas. Naobserbahan na ang mga lalaki at babae na ilang taon nang hindi nakikibahagi sa Hapunan ng Panginoon, ay unti-unting nawawalan ng Espiritu ng ating Ama sa Langit; hindi nila ito nakakasama nang magkaroon sila ng pagkakataong makibahagi sa pagpapalang iyon, at nabigong samantalahin ito. . . .

Nabaling ako sa isang talata sa banal na kasulatan sa ika-11 kabanata ng Unang Mga Taga Corinto, simula sa ika-23 talata, kung saan nakasaad:

"Sapagka't tinanggap ko sa Panginoon ang ibinibigay ko naman sa inyo, Na ang Panginoong Jesus nang gabing siya'y ipagkanulo ay dumampot ng tinapay:

"At nang siya'y makapagpasalamat, ay kaniyang pinagputolputol, at sinabi, ito'y aking katawan na pinagputolputol dahil sa inyo: gawin ninyo ito sa pagaalaala sa akin.

"At gayon din naman hinawakan ang saro pagkatapos na makahapon, na sinasabi, Ang sarong ito'y siyang bagong tipan sa aking dugo: gawin ninyo ito sa tuwing kayo'y magsisiinom, sa pagaalaala sa akin.

"Sapagka't sa tuwing kanin ninyo ang tinapay na ito, at inuman ninyo ang saro, ay inihahayag ninyo ang pagkamatay ng Panginoon hanggang sa dumating siya.

"Kaya't ang sinomang kumain ng tinapay, o uminom sa saro ng Panginoon, na di nararapat, ay magkakasala sa katawan at dugo ng Panginoon.

"Datapuwa't siyasatin ng tao ang kaniyang sarili, at saka kumain ng tinapay, at uminom sa saro.

“Sapagka’t ang kumakain at umiinom, ay kumakain at umiinom ng hatol sa kaniyang sarili, kung hindi niya kinikilala ang katawan ng Panginoon.

“Dahil dito’y marami sa inyo ang mahihina at mga masasaktin, at hindi kakaunti ang nangatutulog.” [I Mga Taga Corinto 11:23–30.]

. . . Gusto kong ituon ang inyong pansin sa katotohanan na may panganib kung gagawin natin ito [makibahagi sa sakrament] nang hindi karapat-dapat. Bago makibahagi sa sakrament na ito, dapat ay dalisay ang ating puso; malinis ang ating mga kamay; wala tayong pagkamuhi sa ating mga kasamahan; dapat ay kasundo natin ang ating kapwa; at dapat ay may hangarin sa ating puso na gawin ang kalooban ng ating Ama at sundin ang lahat ng Kanyang mga utos. Kapag ginawa natin ito, ang pakikibahagi sa sakrament ay magiging pagpapala sa atin at magpapanibago sa ating espirituwal na lakas. . . .

. . . Dapat nating seryosohin ang mga tipang ginagawa natin sa ating Ama. Mahigpit tayong magtuon sa mga tipang iyon, at tiyakin nating kumain at uminom nang karapat-dapat, para mapagpala ang ating mga kaluluwa at madagdagan ang ating espirituwal na lakas. Ang mga pagpapalang ito ay inyo, mga kapatid, na magkakasambahay sa pananampalataya. Pahalagahan natin ang mga ito, at mamuhay nang marapat para dito, nang maihalimbawa sa ating buhay ang ating paniniwala. Huwag hayaang mapailalim sa sumpa ang sinuman sa atin dahil sa pakikibahagi sa sakrament nang hindi karapat-dapat, at dahil dito ay mapagkaitan ng pagsama ng Espiritu ng ating Ama.[16]

Dapat tayong makibahagi rito [sa sakrament] nang may pagpapakumbaba, na may handang malilinis na kamay at dalisay na puso, at may hangaring maging katanggap-tanggap sa ating Ama; sa gayon ay matatanggap natin ito nang karapat-dapat, at magagalak tayo sa pagpapalang dumarating sa atin.[17]

Nawa’y pagpalain tayo ng Panginoon; nawa’y patuloy na ibuhos sa atin ang Kanyang Espiritu. Nawa’y mahalin natin ang isa’t isa, tulad ng utos ng ating Ama na gawin natin. Kung maaari tayong makibahagi sa sakrament nang karapat-dapat, maaari nating mahalin ang isa’t isa, tulad ng utos ng ating Ama; na inaalala ang sinabi Niya

sa atin: “Kung hindi kayo isa kayo ay hindi sa akin.” [D at T 38:27.][18] [Tingnan sa mungkahi 5 sa ibaba.]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

Pag-isipan ang mga ideyang ito habang pinag-aaralan ninyo ang kabanata o naghahanda kayong magturo. Para sa karagdagang tulong, tingnan sa mga pahina v–viii.

1. Basahin ang huling talata sa pahina 187. Kung dadalo ang Pangulo ng Simbahan sa sakrament miting ninyo, ano sa palagay ninyo ang kanyang madarama? Ano ang magagawa ninyo mismo upang magpakita ng higit na pagpipitagan sa Panginoon at sa sakrament?
2. Pag-isipang mabuti ang mga salita ni Pangulong Smith sa pangalawa at pangatlong talata sa pahina 188. Paano makikinabang ang buong lipunan kung mas maraming tao ang gagalang sa araw ng Sabbath? Ano ang ilang angkop na paraan para matulungan ang ating pamilya at iba pa na ituring na pagpapala ang paggalang sa araw ng Sabbath sa halip na isang pasanin?
3. Ano ang ilan sa mga pakinabang ng pagsamba nang magkakasama sa araw ng Linggo na hindi natin natatanggap sa simpleng pag-aaral ng mga banal na kasulatan sa ating tahanan? (Tingnan ang pahina 190 para sa ilang halimbawa; tingnan din sa D at T 59:9–12.)
4. Habang binabasa ninyo ang bahaging nagsisimula sa pahina 190, pag-isipang mabuti kung ano ang magagawa ninyo para gawing mas makahulugang bahagi ng inyong buhay ang ordenansa ng sakrament. Ano ang ilang epektibong paraan upang maihanda ang mga bata para sa sakrament at magpitagan sila rito?
5. Habang binabasa ninyo ang huling apat na talata ng mga turo (pahina 195), hanapin ang sinabi ni Pangulong Smith na magpapagindapat sa atin na makibahagi sa sakrament. Sa palagay ninyo, bakit nadaragdagan ang ating espirituwal na lakas ng marapat na pakikibahagi sa sakrament?

*Kaugnay na mga banal na kasulatan:* Exodo 20:8–11; Isaias 58:13–14; Mateo 18:20; 3 Nephi 18:1–12; 20:8–9; Moroni 6:5–6

*Tulong sa pagtuturo:* "Ang isang mahusay na guro ay hindi nag-iisip ng, 'Ano ang gagawin ko ngayon sa klase?' kundi nagtatanong ng, 'Ano ang gagawin ngayon ng aking mga mag-aaral sa klase?'; hindi, 'Ano ang ituturo ko ngayon?' kundi, 'Paano ko matutulungan ang aking mga mag-aaral na matuklasan ang kailangan nilang malaman?' " (Virginia H. Pearce, sa *Pagtuturo, Walang Higit na Dakilang Tungkulin,* 76).

## *Mga Tala*

1. Sa Conference Report, Okt. 1948, 188.
2. Sa Conference Report, Abr. 1908, 34–35.
3. Sa Conference Report, Okt. 1937, 50.
4. "A Faith Founded upon Truth," *Deseret News,* Hunyo 17, 1944, bahaging pang-Simbahan, 4.
5. Sa Conference Report, Okt. 1935, 120.
6. Sa Conference Report, Abr. 1948, 13–14.
7. "Tribute to Richard Ballantyne," *Instructor,* Nob. 1946, 505.
8. "Faith—and Life," *Improvement Era,* Apr. 1949, 252.
9. Sa Conference Report, Okt. 1948, 188.
10. Sa Conference Report, Okt. 1932, 23.
11. Sa Conference Report, Okt. 1932, 23.
12. Sa *Deseret News,* Ene. 31, 1925, bahagi 3, pahina 4.
13. "The Sacredness of the Sacrament," *Improvement Era,* Abr. 1946, 206.
14. Sa Conference Report, Abr. 1908, 35–37.
15. "The Sacredness of the Sacrament," 206.
16. Sa Conference Report, Abr. 1908, 34–35, 37.
17. Sa Conference Report, Abr. 1908, 36.
18. Sa Conference Report, Abr. 1908, 37.



*"Ang Banal na Kasulatan ay puno ng mga katibayan ng kapangyarihan ng pananampalataya. . . . Sa pagsampalataya, nagpababa ng apoy si Propetang Elijah mula sa langit para sunugin ang kanyang alay."*

# Ang Nagpapalakas na Kapangyarihan ng Pananampalataya

*Ang pananampalataya ay isang kaloob mula sa Panginoon na nagbibigay-kapangyarihan sa mabubuting tao na gumawa ng mga kakaibang bagay.*

## Mula sa Buhay ni George Albert Smith

Noong 1919 si George Albert Smith, na noon ay miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol, ay tinawag bilang pangulo ng European Mission. Sa isang mensahe sa mga Banal sa lugar pagdating niya, napuna ni Pangulong Smith ang mahirap na sitwasyon sa Europe, na umaahon pa lamang noon mula sa mga pinsalang dulot ng Unang Digmaang Pandaigdig: "Natanto ko na nabubuhay tayo sa isang mahalagang panahon sa kasaysayan ng daigdig. Dahil sa bago at maigting na sitwasyong kinakaharap ng mga bansa, at sa kaguluhang dama sa lahat halos ng dako, sa mga anak ng tao, dama ko ang malaking responsibilidad na tugunan ang mga ito, at marubdob kong hangad ang banal na patnubay sa pagtupad sa aking mga tungkulin." Nanalig si Pangulong Smith na sa kabila ng kaharap nilang mga pagsubok, gagantimpalaan ng tagumpay ang mga pagsisikap ng mga miyembro at misyonero: "Sa tulong ng mabubuti at may kakayahang mga kasamahan sa [mission] headquarters, at dahil sa matatapat na lalaki at babae sa misyon, inaasam kong makaani ng maraming tapat na kaluluwa."[1]

Isa sa mabibigat na tungkulin noon ni Pangulong Smith bilang mission president ang dagdagan ang mga misyonero sa Europa. Kakaunti ang ipinadalang mga misyonero ng Simbahan sa Europa noong panahon ng giyera, at dahil sa kakulangan sa pagkain at iba

pang mga problema sa ekonomiya ay ayaw nang magbigay ng mga opisyal ng pamahalaan sa Europa ng visa sa mga dayuhan. Ang mahirap na gawain ni Pangulong Smith ay hikayatin ang mga opisyal na ito na payagang makapasok ang mga misyonero sa kanilang mga bansa. Sa isang liham sa kanyang anak na si Emily, ikinuwento ni Pangulong Smith ang isang biyahe niya papuntang London para sa layuning ito.

"Napakabait ng ating Embahador ng Amerika at nagtagumpay siyang maitakda ang interbyu namin kay Sir Robert Horne, ang Minister of Labour ng Great Britain. Pagpasok namin sa kanyang opisina, iniabot namin ang liham mula sa Embahador sa sekretaryo ni Sir Robert, na nagtanong kung maaari naming ipagpaliban ang aming pakay dahil paalis ang hepe niya sa loob ng ilang minuto para magpunta sa Scotland at mawawala nang tatlong linggo. Tiniyak namin sa kanya na labis naming pasasalamatan kung mabibigyan niya kami ng limang minuto dahil hindi kami nakatira sa London at napakahalaga ng aming pakay. Pumasok ang sekretaryo kay Sir Robert at hindi nagtagal ay nagbalik dala ang impormasyon na ipagpapaliban nito ang pag-alis at makikipagkita sa amin nang alas-kuwatro sa araw na iyon. Taimtim kong ipinagdasal sa umagang iyon na mabuksan ang aming daan at nang pabalikin kami ay labis-labis ang pasasalamat ko sa ating Ama sa Langit."

Sa takdang oras, pinapasok si Pangulong Smith at ang kanyang mga kasama sa pribadong opisina ni Sir Robert Horne. "Sinikap naming sabihin sa kanya ang kailangan namin at tiniyak sa kanya na kailangan ng Great Britain ang aming hinihiling. Sa loob ng halos isa't kalahating oras ay pinakinggan niyang mabuti ang bahagi ng kasaysayan ng Simbahan at ang ating paniniwala, atbp.

"Nang matapos ako muli niyang itinanong kung ano ang kailangan namin sa kanya at nang sabihin namin na gusto naming mabigyan kami ng pribilehiyong dagdagan ang puwersa ng aming mga misyonero ng hanggang dalawandaan at limampu, tulad noong bago magkagiyera, sinabi niya na ikalulugod niyang pagbilinan ang kanyang departmento na payagang makapasok ang gayon karaming misyonero pagdaong na pagdaong nila. Siyempre pa tuwang-tuwa kami at tiniyak namin sa kanya na lubhang nabawasan ang aming pag-aalala.

"Natitiyak ko na naging kaibigan namin ang isa sa mga pinakamakapangyarihang tao sa England at hindi ako mag-aatubiling lumapit sa kanya anumang oras kung kailangan."[2]

Sinabi kalaunan ni James Gunn McKay, isa sa mga misyonero ni Pangulong Smith na kasama noong kausapin nila si Sir Robert Horne: "Tingnan ninyo ang napakagandang nagawa niya. Iilan lang ang mga elder doon [sa mission]. Parang puno ng balakid ang aming landas, subalit dumating siyang puno ng inspirasyon ng Panginoon, at nagawa niyang kumatok sa mga pintuan ng mga opisyal, upang makuha ang kanilang tiwala; at sa huli ay nakamtan namin ang pribilehiyong hangad namin, na makapunta ang mga elder para simulan ang kanilang gawain at gampanan ang kanilang misyon sa pagsusulong ng layon ng Diyos at pagsasakatuparan ng kanyang gawain, at sa gayong paraan ay binigyan niya kami ng patotoo na ang Diyos ang namamahala sa gawaing iyon."[3] Iniugnay ni Elder McKay ang tagumpay ni Pangulong Smith sa kanyang "pananampalataya at katapatan at pagmamahal sa lahat ng nakasalamuha niya." "Nakasama ko siya sa gawain," wika niya. "Humingi ako ng payo sa kanya; magkasama kami sa pagdarasal, at alam ko na ang kanyang pananampalataya at katapatan ay kasinglalim ng buhay mismo."[4] [Tingnan sa mungkahi 1 sa pahina 208.]

## Mga Turo ni George Albert Smith

### Ang kapangyarihan ng pananampalataya ay malinaw na makikita sa mga banal na kasulatan.

Ipinaalam sa atin na kung walang pananampalataya ay hindi malulugod ang Diyos sa atin [tingnan sa Mga Hebreo 11:6]. Ito ang naggaganyak sa lahat ng pagkilos, at ang Banal na Kasulatan ay puno ng mga katiyaban ng kapangyarihan ng pananampalataya. Dahil sa pananampalataya ni Noe nabuo niya ang arka, at dahil sa pagsunod sa mga utos ng Diyos siya at ang kanyang sambahayan ay naligtas, samantalang yaong mga kulang sa pananampalataya ay nangalibing sa malaking baha [tingnan sa Genesis 6:13–22; 7:1–24].

Sa pamamagitan ng pananampalataya nakaligtas si Lot at ang kanyang mga kapamilya nang lamunin ng apoy mula sa langit ang mga lungsod ng Sodoma at Gomorra, at nalipol ang mga



*"Sa pagsampalataya pinamunuan ni Moises ang mga anak ni Israel mula sa pagkaalipin, at tinawid ang dagat na Mapula sa tuyong lupa."*

naninirahan doon na walang pananampalataya [tingnan sa Genesis 19:12–25].[5]

Sa pagsampalataya pinamunuan ni Moises ang mga anak ni Israel mula sa pagkaalipin, at tinawid ang dagat na Mapula sa tuyong lupa, at ang humabol na mga hukbong Egipcio ay nangalunod. Maraming tao ang pinakain ng tinapay na nagmula sa langit. Nang hampasin ni Moises ang bato sa Horeb, pumuslit ang tubig upang pawiin ang kanilang uhaw; at, sa pagtawid sa ilang, sila ay inakay patungo sa lupang pangako. [Tingnan sa Exodo 14:21–31; 16:14–15; 17:5–6.][6]

Nang patuloy na nanalangin nang hayagan si Daniel sa Diyos ng Israel, na labag sa isang utos na inihanda ng kanyang mga kaaway para sirain siya, itinapon siya sa yungib ng mga leon at iniwan siya roon magdamag. Alam niyang maililigtas siya ng kanyang Ama sa Langit at hindi natinag ang kanyang tiwala. Maaga pa kinabukasan nagpunta ang hari sa yungib at nakitang buhay si Daniel. Dahil sa

kanyang pananampalataya hindi siya sinaktan ng mababangis na hayop at naging tapat sa kanya ang hari. [Tingnan sa Daniel 6:4–28.]

Ang tatlong Hebreo, sina Sadrach, Mesach, at Abed-nego, na tumangging sumamba sa ginintuang imaheng ipinagawa ni Nabucodonosor, ay itinapon sa nagniningas na hurno na pitong beses ang init kaysa karaniwang init nito. Nagtiwala sila sa Diyos na buhay at ginantimpalaan ang kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng pagliligtas sa kanilang buhay. [Tingnan sa Daniel 3:8–28.]

Sa pagsampalataya, nagpababa ng apoy si Propetang Elijah mula sa langit para sunugin ang kanyang alay, at nakumbinsi ang hari at mga tao na ang Diyos ng Israel ang Diyos at hindi si Baal [tingnan sa I Mga Hari 18:36–40].

Sa pagsampalataya ay napanatili ng kapatid ni Jared at ng kanyang mga alagad ang wika ng kanilang mga ninuno nang lituhin ang mga wika sa Tore ng Babel, at dinala sila sa Western Hemisphere na ito [tingnan sa Eter 1:33–43]. . . . Iyon din ang pananampalatayang tumulong kay Lehi para maitawid ang kanyang pamilya sa karagatan at madala sila sa lupaing ito, na pinakapili sa lahat ng lupain.

Sa pagsampalataya natiis ng mga disipulo ni Jesus ang panguusig sa kanila, at sa kabila ng pagkalaban ng mga Judio, nailunsad nila ang ebanghelyong ibinigay sa kanila ng Tagapagligtas.[7]

Sa pagsampalataya lahat ng himala ay naisagawa ng Manunubos ng daigdig, at ng mga kasamahan Niya. Mula pa sa simula ng panahon hanggang ngayon ang tapat na tao ang may kapangyarihan ng Diyos.[8] [Tingnan sa mungkahi 2 sa pahina 209.]

---

## Ang kapangyarihan ng pananampalataya ay malinaw na makikita sa buhay ng mabubuting Banal sa dispensasyong ito.

Sa huling dispensasyong ito, dahil sa lubos na pananampalataya sa Diyos kaya nagpunta ang batang propeta [si Joseph Smith] sa kakahuyan at lumuhod at nagdasal, at tumanggap ng unang dakilang pagpapamalas ng langit sa kanya, kung saan ang pagkatao ng Panguluhang Diyos ay muling ipinaalam sa sangkatauhan. Sa pagsampalataya nakapunta siya sa burol ng Cumorah at tinanggap niya mula sa mga kamay ng anghel ang mga sagradong talaang iyon na



*"Sa pagsampalataya pinamunuan ni Brigham Young ang mga tao papunta sa lupain sa kanlurang lupaing ito [ang Salt Lake Valley]."*

kalaunan ay isinalin niya sa pamamagitan ng kaloob at kapangyarihan ng Diyos. Sa pagsampalataya pinamunuan niya ang kanyang mga tao mula Kirtland hanggang Missouri at pabalik sa Illinois, at bagaman paulit-ulit na ninakawan at itinaboy mula sa kanilang mga tahanan, nanatili sa kanila ang pananampalatayang naitanim sa kanilang puso, at nalaman nila na inaalagaan sila ng Diyos. Sa pagsampalataya naitatag ang malaking lungsod ng Nauvoo, sa pamamahala ni Propetang Joseph Smith; at sa pagsampalataya natanggap niya ang maluluwalhating katotohanang nasa Doktrina at mga Tipan.

Sa pagsampalataya pinamunuan ni Brigham Young ang mga tao papunta sa lupain sa kanlurang lupaing ito [ang Salt Lake Valley]; at, pagdating niya sa tuktok ng bundok at nang tanawin niya ang lambak, pinatotohanan sa kanya ng Diyos na ito ang lugar na dapat tirhan ng Israel. . . . Sa pagsampalataya inilatag ng mga tao ang batong panulok ng dakilang Templong ito [ang Salt Lake Temple], sa gitna

ng kanilang kahinaan at kahirapan, sa paniniwalang maghahanda ang Diyos ng daan at magbibigay ng paraan para matapos ang gusali. Sa pagsampalataya kinaawaan ng ating Ama sa Langit ang mga tao, kung kailan, sa kanilang kaligaligan, nakita nilang nilamon ng mga cricket ang kanilang mga pananim, at wala silang nagawa para hadlangan ito, at, sa awa ng Diyos, sinagot ang kanilang mga dasal, at natanggap nila ang patotoo nito nang dumating ang mga seagull upang isalba ang kanilang ani at hindi sila mamatay sa gutom. . . .

. . . Sa pagsampalataya ang kalalakihang namuno sa gawaing ito ay paulit-ulit na nabigyang-inspirasyon, na magbigay ng mga tagubiling kailangan natin. Sa pagsampalataya tayo ay napapalakas . . . ng mga taong naglilingkod sa ngalan ng Panginoon, at pinalilinaw ng Mang-aaliw ang kanilang pang-unawa, ipinapaalala sa kanila ang nakaraan at ipinapakita sa kanila ang hinaharap; kaya nagpapakita ito ng diwa ng paghahayag.[9]

Sa pagsampalataya ang mga elder ng Israel ay humayo, iniwan ang tahanan at mga mahal sa buhay, at tiniis ang pagbatikos ng mundo, upang magpatotoo na ang Diyos ay buhay at na si Jesus ang Cristo, at si Joseph Smith ay propeta ng Panginoon. Sa pagsampalataya gumaling ang inyong mga maysakit, muling nabuhay ang inyong mga patay. Kung may talaan lang ng mga himalang ginawa sa mga taong ito . . . , ito ay magiging saksi sa kapangyarihan ng Diyos, sa pamamagitan ng pananampalataya, na hindi nahigitan sa alinmang panahon sa mundo.

Ang alituntuning ito, mga kapatid, ang nagtuturo sa atin sa langit, na nagbibigay sa atin ng pag-asa sa pakikibaka sa buhay. Kapag tayo ay nalilito, at nahaharap sa mga balakid na tila hindi natin kayang malampasan, sa pagsampalataya sa Manunubos ng daigdig, makakalapit tayo sa Kanya at malalaman natin na sinasagot ang ating mga dalangin para sa ating ikabubuti.[10] [Tingnan sa mungkahi 3 sa pahina 209.]

Madalas itanong ang bagay na ito: Posible kayang handa ang mga bata, ang mga kabataang lumaki sa henerasyong ito ng Simbahan na dumanas ng mga paghihirap, kawalan at pagsubok na tiniis ng kanilang mga ama at ina alang-alang sa ebanghelyo? Iiwan ba nila ang ginhawa ng kanilang tahanan para manirahan sa isang bagong bansa alang-alang sa kanilang pananampalataya?

Sinasabi ko sa inyo na kung naitanim sa kanilang puso ang kaalaman sa kabanalan ng gawaing ito ayon sa pagkaalam natin, kung nagkaroon sila ng pananampalataya dahil sa pagsunod natin sa mga utos ng Panginoon, kung naturuan sila para malaman na si Jesus ang Cristo at na si Joseph Smith ay propeta ng Panginoon, kung gayon ay sinasabi ko sa inyo, Oo! gagawin nila ang ginawa ng kanilang mga ama at ina, gagampanan nila ang kanilang tungkulin sa mga banal ng Israel sa mga huling araw.

Mangahulugan man ito ng kawalan, mangahulugan man ito ng sakit at kaligaligan, o kahit palayasin sila mula sa kanilang tahanan, daan-daan at libu-libo sa ating mga anak, na nakakaalam na ito ang ebanghelyo ni Cristo, ang magbubuwis ng buhay, kung kailangan, alang-alang sa kanilang patotoo.[11] [Tingnan sa mungkahi 2 sa pahina 209.]

---

**Bubuksan ng Panginoon ang daan upang magawa natin ang Kanyang ipinagagawa kung tayo ay sasampalataya.**

Naaalala ko na isang araw ay nadama kong sabihin sa isang misyonero na papunta sa isang bayan kung saan bawal tayong magkaroon ng mga pagpupulong sa lansangan:

"Tandaan mo, bigyan mo ng pagkakataon ang Panginoon. Hihingi ka ng tulong. Bigyan mo ng pagkakataon ang Panginoon. Hilingin mong buksan niya ang daan."

Nagpunta ang binata sa lungsod na iyon, pumasok sa opisina ng meyor, at nagtanong kung maaari niya itong makausap. Itatanong niya kung maaari nilang baguhin ang patakaran.

Pagdating niya roon, natuklasan niya na wala sa bayan ang meyor. Lumabas ang binata sa opisina, tumanaw sa bulwagan at nakita sa isang pinto sa dulo ng bulwagan, "Tanggapan ng Hepe ng Pulisya." Nag-atubili siya sandali, at may nagsabi sa kanya: "Bigyan mo ng pagkakataon ang Panginoon." Pumasok siya sa opisina ng hepe ng pulisya at sinabi ang pakay niya sa pagpunta. Nang matapos siya sinabi ng lalaki:

"Sandali, aling kanto ba ang gusto mo?"

Sabi niya: "Hindi ko po alam ang pasikut-sikot sa lungsod na ito na katulad ninyo. Hindi po ako hihiling ng isang kantong hindi kanais-nais, o kung saan ay makahaharang kami sa daloy ng trapiko. Maaari po bang samahan ninyo akong pumili ng kanto?"

Isipin ninyo ang isang misyonerong humihiling sa hepe ng pulisya na pumili ng kanto kung saan niya ipapangaral ang ebanghelyo!

Sabi ng pulis:

"Sige, sasamahan kita."

Sa loob ng labinlimang minuto nakuha nila ang isa sa pinakamagagandang kanto sa bayan, na may pahintulot na ipangaral ang ebanghelyo ni Jesucristo kung saan hindi pa ito naipangaral sa lansangan simula noong bago pa magkagiyera [Unang Digmaang Pandaigdig]. . . .

May paraan ang Panginoon sa pagsasagawa ng mga bagay na hindi natin kayang gawin, at hindi niya tayo hihilingan kailanman na gawin ang anumang bagay nang hindi siya gumagawa ng paraan para dito. Iyan ang sinabi niya sa atin sa pamamagitan ni Nephi. Hindi niya ipagagawa ang anumang bagay nang hindi siya naghahanda ng paraan.

"At ito ay nangyari na, na ako, si Nephi, ay nangusap sa aking ama: Hahayo ako at gagawin ang mga bagay na ipinag-uutos ng Panginoon, sapagkat nalalaman ko na ang Panginoon ay hindi magbibigay ng mga kautusan sa mga anak ng tao, maliban sa siya ay maghahanda ng paraan para sa kanila upang kanilang maisagawa ang bagay na kanyang ipinag-uutos sa kanila." [1 Nephi 3:7.]

Kung may hinihiling o inaasahan sa inyo ang Panginoon at hindi ninyo alam kung paano ito gagawin, gawin lamang ninyo ang abot-kaya ninyo. Sumulong sa direksyong dapat ninyong patunguhan; magtiwala sa Panginoon, bigyan siya ng pagkakataon, at hindi niya kayo bibiguin.[12]

Napakagandang malaman na magagawa natin, kung gusto natin, na hawakan ang kamay ng ating Ama sa Langit at gagabayan niya tayo. Walang ibang mga tao sa mundo na may katiyakang tulad sa grupong ito.[13] [Tingnan sa mungkahi 4 sa pahina 209.]

**Ang Diyos ay nagkakaloob ng pananampalataya sa mabubuti.**

Ang ating pananampalataya ay nakasalalay sa mabuti nating pamumuhay. Hindi tayo maaaring mamuhay sa maling paraan at magtaglay ng pananampalatayang dapat nating taglayin, ngunit kung susundin natin ang mga utos ng Panginoon, maaari tayong sumampalataya, at lalago ito at madaragdagan habang nadaragdagan ang ating kabutihan.[14]

Kung mayroon man sa atin na kulang ang pananampalataya sa gawaing ito, iyon ay dahil hindi natin nasunod ang mga utos ng Diyos. Kung mayroon mang hindi nakaaalam na ito ang gawain ng ating Ama, iyon ay dahil hindi nila nagampanan ang kanilang tungkulin. Alam ko tulad ng pagkaalam ko na ako ay buhay na ito ang gawain ng Panginoon, at ang kaalamang iyan ay bunga ng pagsunod sa Kanyang mga utos.[15]

Alam natin na ang pananampalataya ay isang kaloob ng Diyos; ito ang bunga ng mabuting pamumuhay. Hindi natin ito nauutusang sumaatin, kundi bunga ito ng pagsunod sa kalooban ng ating Ama sa Langit. Kung kulang tayo sa pananampalataya suriin natin ang ating sarili upang makita kung nasusunod natin ang Kanyang mga utos, at agad tayong magsisi kung hindi pa natin ito nagawa. . . . Nawa'y palaguin ng Panginoon ang ating pananampalataya, at nawa'y mamuhay tayo nang marapat para dito.[16]

Nawa'y namumuhay ang mga nakatanggap ng napakagandang kaloob na ito ng pananampalataya sa paraan na mananatili ito sa kanila.[17] [Tingnan sa mungkahi 5 sa kasunod na pahina.]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

Pag-isipan ang mga ideyang ito habang pinag-aaralan ninyo ang kabanata o naghahanda kayong magturo. Para sa karagdagang tulong, tingnan sa mga pahina v–viii.

1. Hanapin ang mga katibayan ng pananampalataya ni George Albert Smith sa kuwento sa mga pahina 199–201. Sinabi ng isa sa mga misyonero ni Pangulong Smith na ang kanyang mga nagawa ay "binigyan . . . kami ng patotoo na ang Diyos

ang namamahala sa gawaing iyon" (pahina 201). Paano kayo naimpluwensyahan ng pananampalataya ng iba, tulad ng isang kapamilya o malapit na kaibigan?

2. Repasuhin ang mga halimbawa ng pananampalataya sa mga pahina 201–206. Anong iba pang mga halimbawa ng pananampalataya ang lalong makahulugan sa inyo? Paano ninyo magagamit ang mga halimbawang ito para tulungan ang isang taong sumasampalataya ngunit hindi pa natatanggap ang hangad niyang mga pagpapala?
3. Paano kayo nabigyan ng inyong pananampalataya ng "pag-asa sa pakikibaka sa buhay"? Paano tayo matutulungan ng pananampalataya na madaig ang takot o iba pang "mga balakid na tila hindi natin kayang malampasan"? (pahina 206).
4. Basahin ang kuwentong nagsisimula sa pahina 206, at ihambing ito sa kuwento sa "Mula sa Buhay ni George Albert Smith." Ano ang mga karanasan ninyo na katulad ng mga ito? Ano sa palagay ninyo ang ibig sabihin ng "bigyan ng pagkakataon ang Panginoon"?
5. Itinuro ni Pangulong Smith na "ang pananampalataya ay isang kaloob ng Diyos" na "hindi natin . . . nauutusang sumaatin" (pahina 208). Paano naiimpluwensyahan ng alituntuning ito ang paraan ng pagsisikap ninyong lumago ang inyong pananampalataya at sumampalataya ang iba? Ano ang ilang partikular na bagay na magagawa natin upang "manatili" ang kaloob na pananampalataya? (tingnan sa Alma 32:35–43).

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan:* Mga Hebreo 11:1–11, 17–34; Santiago 2:17–24; Alma 32:26–43; Eter 12:6–22; Moroni 7:27–39; Doktrina at mga Tipan 136:42

*Tulong sa pagtuturo:* "Upang matulungan ang mga mag-aaral na maghandang sumagot sa mga tanong, maaari ninyong sabihin sa kanila bago mabasa o mailahad ang isang bagay na hihingin ninyo ang kanilang mga sagot. . . . Halimbawa, masasabi ninyong, 'Makinig habang binabasa ko ang talatang ito nang sa gayon ay makapagbahagi kayo ng mga bagay na nakapagbigay-interes sa inyo hinggil dito' o 'Habang binabasa ang banal na kasulatang ito, tingnan kung

mauunawaan ninyo kung ano ang sinasabi ng Panginoon sa atin hinggil sa pananampalataya'" (*Pagtuturo, Walang Higit na Dakilang Tungkulin,* 86).

## *Mga Tala*

1. "Greeting," *Millennial Star,* Hulyo 10, 1919, 440–41.
2. Sa Glenn R. Stubbs, "A Biography of George Albert Smith, 1870 to 1951" (PhD diss., Brigham Young University, 1974), 142–43.
3. James Gunn McKay, sa Conference Report, Okt. 1921, 156.
4. James Gunn McKay, sa "A Biography of George Albert Smith," 160.
5. Sa Conference Report, Abr. 1923, 75–76.
6. Sa Conference Report, Okt. 1913, 102.
7. Sa Conference Report, Abr. 1923, 75–76.
8. Sa Conference Report, Okt. 1913, 102.
9. Sa Conference Report, Oct. 1913, 102–3.
10. Sa Conference Report, Oct. 1913, 102–3.
11. "As to This Generation," *Improvement Era*, Peb. 1949, 73.
12. "Give the Lord a Chance," *Improvement Era*, Hulyo 1946, 427.
13. Sa Conference Report, Abr. 1947, 164.
14. Sa Conference Report, Okt. 1950, 6.
15. Sa Conference Report, Okt. 1915, 27–28.
16. Sa Conference Report, Okt. 1913, 103.
17. Sa Conference Report, Abr. 1923, 77.

K A B A N A T A 1 8

# Manatili sa Panig ng Panginoon

*Binigyan tayo ng Panginoon ng mga kautusan upang mapaglabanan natin ang kasamaan at tayo ay maging maligaya.*

## Mula sa Buhay ni George Albert Smith

Ang lolo ni George Albert Smith na si George A. Smith ay naglingkod nang maraming taon sa Korum ng Labindalawang Apostol at sa Unang Panguluhan bilang tagapayo kay Brigham Young. Madalas ulitin ni George Albert Smith ang payong madalas ibigay ng kanyang lolo sa kanyang pamilya: "May malinaw na hangganan sa pagitan ng teritoryo ng Panginoon at ng teritoryo ng diyablo. Kung mananatili kayo sa panig ng Panginoon kayo ay sasailalim sa kanyang impluwensya at hindi ninyo hahangaring gumawa ng mali; ngunit kung tatawid kayo sa panig ng diyablo nang kahit isang pulgada kayo ay nasa kapangyarihan ng manunukso at kung siya ay magtagumpay, hindi kayo makapag-iisip ni makapagdadahilan nang wasto dahil nawala na sa inyo ang Espiritu ng Panginoon."

Sinabi ni George Albert Smith na buong buhay niyang ginamit ang payong ito upang magabayan ang kanyang mga pagpapasiya o pagpili: "Kung minsan kapag natutukso akong gawin ang isang bagay, tinatanong ko sa aking sarili, 'Kanino ba ako nakapanig?' Kung determinado akong mapunta sa ligtas na panig, sa panig ng Panginoon, ginagawa ko ang tama sa tuwina. Kaya nga pagdating ng tukso mapanalanging pag-isipan ang inyong problema at tutulungan kayo ng kapangyarihan ng Panginoon na makagawa ng matalinong desisyon. Sa panig lamang ng Panginoon tayo magiging ligtas."[1] [Tingnan ang mungkahi 1 sa pahina 221.]



*"Kung susundin natin ang tagubilin at payong ibinigay ng Panginoon, ang ating landas ay magiging maligaya."*

## Mga Turo ni George Albert Smith

### Ang pananatili sa panig ng Panginoon ay nangangailangan ng mahigpit na pagsunod sa mga kautusan.

Lahat ng kaligtasan, lahat ng kabutihan, lahat ng kaligayahan ay nasa panig ng Panginoon. Kung sinusunod ninyo ang mga utos ng Diyos sa pagpapanatiling banal sa araw ng Sabbath, kayo ay nasa panig ng Panginoon. Kung personal kayong nagdarasal at nagdarasal kayo sa pamilya, kayo ay nasa panig ng Panginoon. Kung nagpapasalamat kayo para sa pagkain at pinasasalamatan ang Diyos, kayo ay nasa panig ng Panginoon. Kung mahal ninyo ang inyong kapwa tulad sa inyong sarili, kayo ay nasa panig ng Panginoon. Kung tapat kayo sa pakikitungo sa inyong kapwa-tao, kayo ay nasa panig ng Panginoon. Kung sinusunod ninyo ang Word of Wisdom, kayo ay nasa panig ng Panginoon. At maaari ko ring banggitin ang Sampung Utos at ang iba pang mga utos na ibinigay ng Diyos para sa ating patnubay at muling sabihing, lahat ng nagpapasigla sa ating buhay at nagpapasaya sa atin at naghahanda sa atin para sa walang-hanggang kagalakan ay nasa panig ng Panginoon. Ang paghahanap ng maipipintas sa mga bagay na ibinigay sa atin ng Diyos para sa ating patnubay ay hindi sa panig ng Panginoon.[2] [Tingnan ang mungkahi 2 sa pahina 221.]

[Sabi ng Panginoon]: "Ako . . . ay hindi makatitingin sa kasalanan nang may pinakamaliit na antas ng pagsasaalang-alang;" wala ni katiting na pagsasaalang-alang (D at T 1:31). Bakit? Dahil alam Niya na kung nagkakasala tayo ay nawawala sa atin ang pagpapalang matatamasa sana natin kung hindi tayo lumihis sa landas na patungo sa pagpapalang iyon.[3]

Paminsan-minsan naririnig nating sinasabi ng isang tao, "Ah, hindi ako masyadong magiging partikular. Hindi tayo gaanong parurusahan ng Panginoon kung iilang kautusan lamang ang nasunod natin." Ang nagsasalita nang gayon ay nasa panig na ng diyablo, hindi ninyo nanaising makinig sa kanya dahil kung makikinig kayo, kayo ay maliligaw. Walang sinumang nagsasalita nang gayon na may Espiritu ng Panginoon. Sinabi mismo ng Panginoon na dapat nating sundin ang kanyang mga kautusan: "May isang batas, hindi mababagong utos sa langit bago pa ang pagkakatatag ng daigdig



*"Ang mga paghahayag ng Panginoon sa atin sa panahong ito ng mundo, ay magiliw na musika lamang ng tinig ng ating Ama sa Langit sa awa Niya sa atin."*

na ito, kung saan ang lahat ng pagpapala ay nakasalalay." (D at T 130:20.) Ang ebanghelyo ni Jesucristo ang magtuturo sa atin kung paano matatamo ang pagpapalang iyan.[4]

## Binibigyan tayo ng ating mapagmahal na Ama sa Langit ng mga kautusan para tulungan tayong maging maligaya.

Ang Panginoon, sa Kanyang kabaitan, na nakikita ang pag-uugali ng Kanyang mga anak, at batid na kakailanganin nila ng patnubay, ay binigyan tayo ng Sampung Utos, at iba pang mga kautusang naibigay sa pana-panahon, para tulungan tayong maging maligaya. Nakikita ninyo ang mga tao na paroo't parito sa mundo, naghahanap ng kaligayahan ngunit hindi ito matagpuan. Kung titigil lang sila sandali para tanggapin ang payo ng Panginoon susundan ito ng kaligayahan, ngunit hindi nila ito matatagpuan sa ibang paraan.[5]

Noong bata pa ako naunawaan ko, o akala ko'y naunawaan ko, na ang mga utos ng Panginoon ay Kanyang mga batas at tuntunin para patnubayan ako. Akala ko naunawaan ko na sa pagsuway sa mga batas na iyon ay susunod ang kaparusahan, at noong bata pa ako parang nadama ko na isinaayos at itinalaga ng Panginoon ang mga bagay sa buhay na ito kaya't kailangan kong sundin ang mga partikular na batas dahil kung hindi ay mabilis na kaparusahan ang kasunod. Ngunit nang magkaedad ako natutuhan ko ang aral sa ibang aspeto nito, at ngayon para sa akin ang tinatawag na mga batas ng Panginoon, ang mga payo na nasa mga Banal na Kasulatan, ang mga paghahayag ng Panginoon sa atin sa panahong ito ng mundo, ay magiliw na musika lamang ng tinig ng ating Ama sa Langit sa awa Niya sa atin. Ang mga ito ay tagubilin at payo lamang ng isang mapagmahal na magulang, na mas nag-aalala sa ating kapakanan kaysa mga magulang sa lupa, at dahil dito, ang dati-rating tila marahas na batas sa akin ay mapagmahal at magiliw na tagubilin na ngayon ng isang napakatalinong Ama sa Langit. Kaya nga sinasabi ko na hindi mahirap para sa akin ang maniwala na pinakamainam para sa akin na sundin ang mga utos ng Diyos.[6]

Lahat ng kaligayahang dumating sa akin at sa pamilya ko ay resulta ng pagsisikap na sundin ang mga utos ng Diyos at ng pamumuhay nang marapat para sa mga pagpapalang ipinangako niya sa mga gumagalang sa kanya at sumusunod sa kanyang mga utos.[7]

Kung susundin natin ang tagubilin at payong ibinigay ng Panginoon, ang ating landas ay magiging maligaya. Ito ay magiging landas na marahil ay hindi palaging madali at matiwasay, ngunit sa huli ay hahantong ito sa piling ng ating Ama sa Langit, at kaluwalhatian, imortalidad at buhay na walang-hanggan ang ating makakamtan.[8] [Tingnan ang mungkahi 3 sa pahina 221.]

---

### Sinisikap ng kaaway na iligaw tayo sa pamamagitan ng kanyang mga panlilinlang at panloloko.

May dalawang impluwensya sa mundo ngayon at noong una pa man. Ang isa ay impluwensyang mabuti, na nagdudulot ng kaligayahan at nagpapabuti sa pagkatao. Ang isa pa ay ang impluwensyang mapangwasak, na nagpapasama sa mga tao, naninira at nagpapahina ng loob. Tayong lahat ay madaling maimpluwensyahan ng

dalawang ito. Ang isa ay nagmumula sa ating Ama sa Langit at ang isa naman ay nagmumula sa pinanggagalingan ng kasamaan na noong una pa man ay nasa mundo na at hangad wasakin ang sangkatauhan.[9]

Lahat tayo ay matutukso; walang taong hindi tinutukso. Gagamitin ng kaaway ang lahat ng paraan para linlangin tayo; sinubukan niyang gawin ito sa Tagapagligtas ng mundo ngunit hindi siya nagtagumpay. Sinubukan niya ito sa marami pang ibang taong nagtaglay ng banal na awtoridad, at kung minsan ay nakakakita siya ng kahinaan at nawala sa indibiduwal ang isa sanang malaking pagpapala kung naging tapat lamang siya.[10]

Minsan ay sinabi sa akin ng isang tao—o sinabi niya sa isang lugar kung saan nagkataong naroon ako—"Aba, mukhang akala ng mga tao rito ay napakasama ko, pero hindi naman." At sinabi ko sa kanya, "Kapatid, may kilala ka bang sinuman na napakasama at alam niya iyon?" Isa iyan sa mga panlilinlang ng diyablo: Ang mabihag kayo nang hindi ninyo alam. At isa iyan sa ating mga problema.[11]

Nakita ni Propetang Nephi, daan-daang taon na ang nakararaan, kung ano ang mangyayari, na mag-aaway-away ang mga tao at itatatwa ang kapangyarihan ng Espiritu Santo at ng Banal ng Israel, at ituturo bilang doktrina ang mga kautusan ng tao. May impluwensya sa mundo ngayon na nagsisikap paniwalain ang mga tao na sa pamamagitan ng sarili nilang talino at sariling kakayahan ay matatamo nila ang buhay na walang-hanggan. Hayaan ninyong . . . basahin ko mula sa Nephi:

"At marami rin ang magsasabi: Magsikain, magsiinom, at magsipagsaya; gayon pa man, matakot sa Diyos—kanyang bibigyan ng katwiran ang paggawa ng kaunting kasalanan."

Nais kong pansinin ninyo ang: "Kanyang bibigyan ng katwiran ang paggawa ng kaunting kasalanan." Ang tusong kaaway na iyon batid na kung mapapagawa lang niya ang isang lalaki o babae ng kaunting kamalian, sila ay nakapasok na sa kanyang teritoryo, sila ay nasa ilalim na ng kanyang kapangyarihan.

"Gayon pa man, matakot sa Diyos—kanyang bibigyan ng katwiran ang paggawa ng kaunting kasalanan; oo, magsinungaling

nang kaunti, pagsamantalahan ang isa dahil sa kanyang mga salita, humukay ng hukay para sa iyong kapwa; walang masama rito. At gawin ang lahat ng bagay na ito, sapagkat bukas tayo ay mamamatay; at kung tayo man ay may kasalanan, hahagupitin tayo ng Diyos ng ilang palo, at sa wakas tayo ay maliligtas sa kaharian ng Diyos." [2 Nephi 28:8.]

Hindi nga ba iyan mismo ang sinasabi ng diyablo sa mga anak ng tao ngayon na kasinglinaw ng nakasulat dito? Ah, magkasala nang kaunti, walang masama riyan, magsinungaling nang kaunti, hindi iyan makasisira, patatawarin iyan ng Panginoon at hahagupitin ka lang ng ilang palo at sa huli ay maliligtas ka sa kaharian ng Diyos. Iyan ang sinasabi niya sa lalaki o babaeng naturuan ng Word of Wisdom kapag sinasabi niyang, ah, uminom ng kaunting tsaa, hindi iyan makasasama sa iyo; manigarilyo nang kaunti, walang kaibhang magagawa iyan; hindi ka mapapahamak sa pag-inom ng kaunting alak. Maliliit na bagay ito; lagi niya itong ginagawa nang paunti-unti, hindi biglaan. Iyan ang gusto kong tandaan natin. . . . Ang walang-kabuluhan at mapanlinlang na mga bulong na ito ang nagkakanulo sa sangkatauhan at naglalagay sa atin sa kapangyarihan ng diyablo. . . .

At sinabi pa ni Nephi:

"At gagawin niyang payapa ang iba, at dahan-dahan silang aakayin tungo sa mahalay na katiwasayan, na kanilang sasabihin: Mainam ang lahat sa Sion; oo, umuunlad ang Sion, mainam ang lahat—at sa gayon lilinlangin ng diyablo ang kanilang mga kaluluwa."

Ngayon ay nais kong pansinin ninyo ang: "At sa gayon lilinlangin ng diyablo ang kanilang mga kaluluwa, at maingat silang aakayin pababa sa impiyerno." [2 Nephi 28:21.] At ganyan ang paraan niya, ganyan mismo ang paraan niya. Hindi siya lalapit at susunggaban ang inyong katawan at dadalhin kayo sa kanyang teritoryo, kundi bubulong siya, "Gawin mo ang kaunting kasamaang ito," at kapag nagtagumpay siya riyan, isa pang kaunting kasamaan at isa pa, at, sabi nga sa binanggit ko, "lilinlangin [niya] ang kanilang mga kaluluwa." Iyan ang ginagawa niya. Pinaniniwala niya kayo na nagtatamo kayo ng isang bagay samantalang nawawalan kayo. Gayon ang nangyayari tuwing hindi natin sinusunod ang isang batas ng Diyos o isang utos, nalilinlang tayo, dahil walang matatamo sa

mundong ito o sa kabilang-buhay kundi sa pamamagitan ng pagsunod sa batas ng ating Ama sa Langit.

. . . Ang naiibang mungkahing iyan, "At *maingat* silang aakayin pababa sa impiyerno" ay makahulugan, iyan ang kanyang paraan. Ang mga lalaki't babae sa mundo ngayon ay nasasailalim ng impluwensyang iyan, at sila ay hinihila doon at dito, at patuloy ang bulong na iyan at hindi nila nauunawaan ang gustong ipagawa sa kanila ng Panginoon, kundi patuloy sila sa teritoryo ng diyablo, na napapailalim sa kanyang kapangyarihan kung saan hindi tutungo ang Espiritu ng Panginoon.

Sabi pa niya: . . .

"At masdan, pupurihin niya nang labis-labis ang iba, at sasabihin sa kanila na walang impiyerno; at sasabihin niya sa kanila: Hindi ako diyablo, sapagkat walang diyablo—at ganito ang ibinubulong niya sa kanilang mga tainga, hanggang sa kanyang mahawakan sila ng kanyang mga kakila-kilabot na tanikala, na kung saan ay walang kawala." [2 Nephi 28:22.]

Ngayon, mga kapatid, iyan ang kalagayan ng mundo ngayon. Ito na ang pinakamalinaw na masasabi ni Nephi kung narito siya mismo sa mundo ngayon. At hindi tumitigil ang kaaway, at dahil hangad ng ating Ama sa Langit na ingatan ang kanyang mga anak mula sa kasamaan ng turong iyon at ng paniniwalang iyon isinugo niya ang batang propeta, si Joseph Smith, sa mundo, pinagkalooban siya ng banal na awtoridad, inorganisa ang Kanyang Simbahan, at muling sinimulang ituro ang katotohanan sa mga anak ng tao, upang sila ay mailayo sa kamalian ng kanilang mga gawain.[12]

Dapat nating matutuhang pigilin ang ating mga pagnanasa, ang ating masasamang ugali. Dapat nating matutuhang labanan ang mga tukso. Kaya nga tayo narito, at para higit natin itong magawa, ipinanumbalik ang ebanghelyo sa lupa, at tayo ay ginawang kabahagi nito, at may lakas tayo na dumarating sa atin dahil sa kapangyarihan ng Espiritu Santo. Hindi lamang natin taglay ang lakas ng isang pangkaraniwang tao na daigin ang tukso, isang taong may mga limitasyon dahil walang alam sa katotohanan—may lakas tayong daigin ang tukso, at may karagdagang lakas pa dahil alam natin



*"Tayo, bilang mga Banal sa mga Huling Araw, ay dapat maging maingat sa pamumuhay sa araw-araw nang sa gayon ay maimpluwensyahan tayo ng kapangyarihan ng Panginoon."*

ang katotohanan at ang layunin ng ating buhay.[13] [Tingnan ang mungkahi 4 sa mga pahina 221.]

---

**Malalabanan natin ang kasamaan kung pipiliin nating magpasakop sa kapangyarihan ng Panginoon.**

Naaalala ko ang isang mabuting lalaki ilang taon na ang nakararaan na noon ay chairman ng board of control ng Universalist Church of America. Nagpunta siya rito para bumisita [sa Salt Lake City] at dumalo siya sa dalawa sa ating mga Sunday School. Lubha siyang naging interesado sa isa sa mga klase [ng mga bata]. Kalaunan, nang patapos na [ang klase], sinabi ng Sunday School president, "Gusto mo bang magsalita nang kaunti sa [klase]?" . . . Sabi niya, "May kaunti lang akong sasabihin." Sabi niya, "Kung mamumuhay lang ako sa kapaligirang natagpuan ko sa maliit na . . . klase sa

Sabbath school na ito ngayong umaga, talagang magiging mabuting tao ako." [Tingnan ang mungkahi 5 sa pahina 222.]

Maraming beses ko nang naisip iyan. Maingat nating pinipili ang kapaligirang titirhan natin, upang mapangalagaan ang ating kalusugan. Ngunit kung minsan, sa ating kapabayaan, nagpapasakop tayo sa mahahalay na impluwensya na sumisira sa kakayahan nating labanan ang kasamaan, at naaakay tayong gawin ang mga bagay na hindi natin dapat gawin at hindi natin gagawin kung nagpasakop tayo sa kapangyarihan ng Panginoon. Kung magpapakumbaba lamang tayo, kung magiging madasalin lamang tayo, kung mamumuhay lang tayo sa paraang bawat oras ng ating buhay ay tapat nating masasabing, "Ama sa Langit, handa at sabik po akong gawin ang ipagagawa ninyo sa akin," uunlad ang ating buhay araw-araw habang nabubuhay tayo sa mundong ito.[14]

Pinipili natin kung saan tayo pupunta. Binigyan tayo ng Diyos ng kalayaan. Hindi Niya ito babawiin sa atin, at kung gagawin ko ang mali at papasok sa teritoryo ng diyablo, ginagawa ko ito dahil gusto ko at may kakayahan akong gawin ito. Hindi ko masisisi ang iba, at kung ipapasiya kong sundin ang mga utos ng Diyos at mamumuhay nang nararapat at mananatili sa panig ng Panginoon ginagawa ko ito dahil kailangan ko itong gawin, at tatanggapin ko ang pagpapalang ukol dito. Hindi ito bunga ng magagawa ng ibang tao.[15]

Tayo, bilang mga Banal sa mga Huling Araw, ay dapat maging maingat sa pamumuhay sa araw-araw nang sa gayon ay maimpluwensyahan tayo ng kapangyarihan ng Panginoon, at malayo sa mga bagay na maaaring sumira sa kakayahan nating makamtan ang kahariang selestiyal.[16]

Tiyakin na ang inyong mga paa ay matatag na nakatayo sa bato. Tiyakin na malalaman ninyo ang mga hangarin ng Panginoon para sa inyo, at, batid ang mga hangaring iyon, tiyakin na susundin ninyo ang Kanyang mga batas at utos. Tiyakin na ang kadalisayan ng inyong buhay ay magbibigay sa inyo ng karapatan na makasama ang Banal na Espiritu, dahil kung kayo ay dalisay at banal at matwid, mawawalan ng kapangyarihan ang diyablo na wasakin kayo.[17]

Dalangin ko na suriin natin ang ating sarili at tuklasin kung saang panig tayo naroon; at kung tayo ay nasa panig ng Panginoon,

manatili roon, dahil ang ibig sabihin niyan ay kaligayahan sa piling ng pinakamababait na lalaki at babae na nabuhay sa daigdig.

Kung nagkamali tayo sa anumang paraan, kung naging pabaya tayo; kung nakinig tayo sa manunukso at tumawid tayo ng teritoryo upang makibahagi sa mga bagay na iyon na iniisip ng mundo na kaakit-akit at sinabi ng Panginoon na hindi mabuti para sa atin, kaagad tayong bumalik sa kabilang panig, ihingi ng tawad sa Panginoon ang ating kahangalan, at sa tulong niya ay patuloy tayong mamuhay sa paraang magbubunga ng walang-hanggang kaligayahan.[18]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

Pag-isipan ang mga ideyang ito sa pag-aaral ninyo ng kabanata o paghahandang magturo. Para sa karagdagang tulong, tingnan sa mga pahina v–viii.

1. Basahin ang "Mula sa Buhay ni George Albert Smith" (pahina 211) at Moroni 7:10–19. Paano ninyo malalaman na kayo ay "nasa panig ng Panginoon"? Ano ang magagawa natin para matulungan ang isa't isa na manatili sa panig ng Panginoon?

2. Sa unang talata sa pahina 213, binanggit ni Pangulong Smith ang ilang kautusang dapat nating sundin para manatili tayo sa panig ng Panginoon. Anong iba pang mga pamantayan ang ibinigay sa atin ng Panginoon para tulungan tayong manatili sa Kanyang panig?

3. Habang binabasa ninyo ang bahaging nagsisimula sa pahina 214, isipin kung paano ninyo magagamit ang mga turo ni Pangulong Smith para tulungan ang isang tao na nakadaramang napakahigpit ng mga utos.

4. Habang pinag-aaralan ninyong muli ang mga pahina 215–219, hanapin ang mga pakana ni Satanas na inilarawan ni Pangulong Smith, at pag-isipan ang mga panahon na nakakita kayo ng katibayan ng mga taktikang ito. Paano natin matutulungan ang mga kabataan na makilala at madaig ang mga ito? Paano tayo natutulungan ng "[kaalaman] sa layunin ng ating buhay" (pahina 219) na labanan ang tukso?

5. Pag-isipan kung paano aakma sa inyo ang kuwento sa pahina 219. Ano ang ilan sa mga lugar o sitwasyon kung saan wala kayong hangad na gumawa ng masama? Ano ang magagawa natin upang makalikha ng gayong kapaligiran sa ating mga tahanan? sa ating pinapasukan? sa ating komunidad? sa ating personal na buhay?

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan:* Mateo 4:1–11 (kabilang na ang mga hango sa Pagsasalin ni Joseph Smith sa mga talababa); Santiago 4:7; I Ni Juan 5:3–4; Alma 13:27–28; Helaman 5:12; Doktrina at mga Tipan 82:8–10

*Tulong sa pagtuturo:* "Ang mga katanungang nakasulat sa pisara bago magklase ay makatutulong sa mga mag-aaral na magsimulang mag-isip tungkol sa mga paksa maging bago pa man magsimula ang aralin" (*Pagtuturo, Walang Higit na Dakilang Tungkulin,* 120).

## Mga Tala

1. "A Faith Founded upon Truth," *Deseret News,* Hunyo 17, 1944, bahagi tungkol sa Simbahan, 9.
2. Sa Conference Report, Okt. 1945, 118.
3. *Sharing the Gospel with Others,* pinili ni Preston Nibley (1948), 198; mensaheng ibinigay noong Nob. 4, 1945, sa Washington, D.C.
4. "Seek Ye First the Kingdom of God," *Improvement Era,* Okt. 1947, 690.
5. Sa Conference Report, Abr. 1941, 25.
6. Sa Conference Report, Okt. 1911, 43–44.
7. Sa Conference Report, Abr. 1949, 87.
8. Sa Conference Report, Abr. 1937, 36.
9. "A Faith Founded upon Truth," 9.
10. Sa Conference Report, Okt. 1945, 117.
11. Sa Conference Report, Abr. 1948, 179.
12. Sa Conference Report, Abr. 1918, 39–41.
13. Sa Conference Report, Okt. 1926, 102.
14. Sa Conference Report, Okt. 1929, 23.
15. Sa Conference Report, Okt. 1932, 27.
16. Sa Conference Report, Okt. 1926, 103.
17. Sa Conference Report, Okt. 1906, 48.
18. "Seek Ye First the Kingdom of God," 691.

# Temporal at Espirituwal na mga Pagpapala mula sa Word of Wisdom

*Ibinigay sa atin ng ating Ama sa Langit ang Word of Wisdom upang mabiyayaan tayo ng kalusugan at maihanda para sa buhay na walang-hanggan.*

## Mula sa Buhay ni George Albert Smith

Noong bata pa si George Albert Smith, nagkasakit siya ng tipus. Ang doktor na sumuri sa kanya ay sinabi sa kanyang ina na dapat siyang manatili sa higaan nang tatlong linggo, huwag kumain ng mga pagkaing mahirap tunawin, at uminom ng kaunting kape. Naalala ni Pangulong Smith kalaunan:

"Pag-alis niya, sinabi ko kay Inay na ayaw ko ng kape. Itinuro sa akin na ipinayo sa atin ng Word of Wisdom, na ibinigay ng Panginoon kay Joseph Smith, na huwag tayong uminom ng kape.

"Tatlong anak ang nailuwal ni Inay sa mundo at dalawa ang namatay. Labis ang pag-aalala niya sa akin."

Sa halip ay humiling ng basbas ng priesthood ang batang si George Albert Smith, na tinanggap niya mula sa kanyang home teacher.

"Pagdating ng doktor kinabukasan naglalaro ako sa labas kasama ang ibang mga bata. Nagulat siya. Sinuri niya ako at natuklasang wala na akong lagnat at mukhang magaling na ako.

"Nagpasalamat ako sa Panginoon sa aking paggaling. Tiyak ko na pinagaling niya ako."[1]

Gustong ipaunawa ni Pangulong Smith sa mga Banal na ang pagsunod sa Word of Wisdom ay hindi lamang nagdudulot ng pisikal



*Itinuro ni Pangulong Smith na dahil sinunod ni Daniel ang batas ng kalusugan ng Panginoon sa kanyang panahon, siya ay naging marapat sa "inspirasyon ng Makapangyarihan sa lahat."*

na kalusugan kundi maging ng mga pagpapalang espirituwal. Sa sesyon ng priesthood ng pangkalahatang kumperensya, ikinuwento niya ang propetang si Daniel ng Lumang Tipan, na dinalang bihag sa Babilonia at inasahang kumain ng pagkain at uminom ng alak ng hari:

"Si Daniel ay isang propeta ng Diyos, at siya ay propeta dahil sinunod niya ang mga utos ng Diyos. Gusto kong . . . alalahanin ninyo ang mensaheng ito. Sinunod ni Daniel at ng kanyang mga kasama ang mga turo ng Diyos, hinggil sa dapat nilang kainin at inumin, at tinanggihan ang pagkaing inihanda sa hapag-kainan ng hari. [Tingnan sa Daniel 1:3–16.]"

Ipinaliwanag pa ni Pangulong Smith na dahil sa pagsunod ni Daniel sa batas ng kalusugan ng Panginoon sa kanyang panahon, hindi lamang buhay niya ang napangalagaan, kundi tumanggap din siya ng malaking espirituwal na pagpapala: "ang inspirasyon ng Makapangyarihan sa lahat."[2] [Tingnan ang mungkahi 1 sa pahina 232.]

## Mga Turo ni George Albert Smith

### Ang Word of Wisdom ay mapagmahal na payo ng ating Ama, na nakaaalam ng lahat ng bagay.

Babasahin ko sa inyo ang isang bahagi ng sinabi ng Panginoon sa Simbahan noong Pebrero 27, 1833.

"Isang Salita ng Karunungan [Word of Wisdom]," para sa kapakinabangan ng kapulungan ng matataas na saserdote, tinipon sa Kirtland, at ng Simbahan, at gayon din ng mga Banal sa Sion—

"Na magpadala ng pagbati; hindi sa pamamagitan ng kautusan o pamimilit, kundi sa pamamagitan ng paghahayag at ng salita ng karunungan, ipinakikita ang utos at kalooban ng Diyos sa temporal na kaligtasan ng lahat ng banal sa mga huling araw."

Ngayon pag-isipan iyan sandali—"sa temporal na kaligtasan ng lahat ng banal sa mga huling araw."

"Ibinigay bilang isang alituntunin na may lakip na pangako, iniangkop sa kakayahan ng mahihina at ng pinakamahihina sa lahat

ng banal, na tinawag o maaaring tawaging mga banal." [Tingnan sa D at T 89:1–3.]

Pagkatapos patuloy tayong sinasabihan ng Panginoon ng mga bagay na mabuti para sa atin, ipinaliliwanag ang uri ng pagkaing makabubuti sa atin, at binabalaan tayo laban sa ilang bagay na lubos na nakasasama at nakapipinsala [tingnan sa D at T 89:5–17].

Sa tingin ko ay napakapalad nating mga tao. . . . Maawain sa atin ang Panginoon, para balaan at payuhan tayo tungkol sa maraming bagay.[3]

Ang Word of Wisdom ay itinuturing kong mabuting payo ng ating Ama sa Langit, na nais makita ang Kanyang mga anak na maging katulad Niya. . . . Para sa akin ito ay payo ng isang ama, na batid kung ano ang kailangan ko, na nagsabi sa akin: "Anak ko, ang mga bagay na ito ay hindi makabubuti para sa iyo, at kung iiwasan mo ang mga ito ibibigay ko sa iyo ang aking Banal na Espiritu at kagalakan habang narito ka sa mundo at sa huli ang buhay na walang-hanggan." Napakahangal ko para kainin at inumin ang ipinagbabawal na mga bagay na ito, gayong nakatitiyak ako na payo ng Panginoon na iwasan ko ang mga ito. Parurusahan ako kung kakainin ko ang mga ito, gayong sinabi na Niya na nakaaalam nang higit kaninuman na nakapipinsala ang mga ito, at binalaan na ako laban sa mga ito. . . .

. . . Naisip Niya na mahalagang ibigay ito sa atin, at balaan tayo, at kung inisip Niya na nakaaalam ng lahat ng bagay na kailangang magpayo tungkol sa temporal na mga bagay na ito, dapat lang tayo, na hindi nakaaalam ng ating kinabukasan, ay sumunod na mabuti sa payong iyan. Nadarama ko na may batas sa Word of Wisdom ang mga Banal sa mga Huling Araw na magpapadakila at mag-aangat sa kanila kumpara sa mga taong hindi sumusunod dito.[4]

Ang ebanghelyo ni Jesucristo ay para ingatan ang mga kaluluwa, na katawan ang tabernakulo, para sa walang-hanggang kaligayahan. Napakahangal natin kung susunod tayo sa mga kagawian at kaugalian ng mundo! . . . Ang ating Ama sa Langit sa kanyang kabaitan at pagmamahal [ay nagbabala]: "Dahil sa masasama at mga pakana na umiiral at iiral sa mga puso ng mga nagsasabwatang tao sa mga huling araw, binigyang-babala ko kayo, at binabalaan kayo,

sa pamamagitan ng pagbibigay sa inyo nitong salita ng karunungan sa pamamagitan ng paghahayag." D at T 89:4.) . . . Ang layunin ng ebanghelyo ni Jesucristo ay para ihanda tayong maunawaan ang ganda ng buhay tulad ng sinabi ng Panginoon na dapat nating ipamuhay, sa pagsasabi sa atin kung paano iwasan ang mga bagay na sumisira sa daigdig.[5]

Naniniwala ba kayo na ibinigay sa atin ng Panginoon ang Word of Wisdom? Talaga bang iniisip ninyo na alam Niya ang makabubuti sa atin? Palagay ba ninyo malulugod siya kung susundin natin ang batas na iyan? Sinabi niya na ikalulugod niya ito. Palagay ba ninyo totoo ang sinabi niya?[6]

Mga kapatid, hindi natin maaaring balewalain ang Word of Wisdom nang hindi naparurusahan. Ito ay ibinigay bilang payo at turo, hindi sa pamamagitan ng kautusan o pamimilit, kundi bilang salita ng karunungan, mula sa ating Ama, para sa temporal na kaligtasan ng ating katawan at paghahanda ng ating kaluluwa para sa buhay na walang-hanggan.[7] [Tingnan ang mungkahi 2 sa pahina 232.]

---

**Ang Panginoon ay nangangako ng kalusugan ng isipan at katawan sa mga sumusunod sa Word of Wisdom.**

Nagpapasalamat ako sa Word of Wisdom na iyon, sa kasimplihan nito, at tulad ng sabi ng Panginoon, "iniangkop sa kakayahan ng mahihina at ng pinakamahihina sa lahat ng Banal, na tinawag o maaaring tawaging Banal." Ang tanong ko . . . , karapat-dapat ba tayong tawaging mga Banal? Lahat ng umaasang matawag na mga Banal ay tiyak na nararapat sundin ang Word of Wisdom. At ano ang kahulugan nito sa atin? Pinasasaya nito ang buhay, inaalis nito sa atin ang nakalalasong sangkap na nilalanghap ng maraming tao dahil sa paninigarilyo. Nakakaiwas tayo sa nakasusukang kundisyong dulot ng pagnganga o pagngalot ng tabako. Iniingatan tayo nito, kung mapapansin natin, mula sa mga sakit na dulot ng pagpapasok ng [mga droga] sa ating katawan na nasa tsaa at kape, at sa mga nakapipinsalang epekto ng alak. . . .

Hindi lamang sinasabi sa atin ng ating Ama sa Langit kung ano ang dapat nating iwasan, kundi pati ang magagamit natin na may pakinabang. Sinabi na Niya sa atin na lahat ng butil, lahat ng



*"Hindi lamang sinasabi sa atin ng ating Ama sa Langit kung ano ang dapat nating iwasan, kundi pati ang magagamit natin na may pakinabang."*

mabuting halaman, ang bunga ng mga puno atbp., ay mabuti sa tao. Ang karne ng hayop at mga ibon sa himpapawid; at ang mga bagay na ito na tinukoy Niya ay magagamit natin nang may mabuting pagpapasiya at pasasalamat; at nais kong bigyang-diin nang may pasasalamat.[8]

Nakikita natin na ang pagsunod sa mga batas ng kalusugan ay nagdudulot ng lakas ng isipan at katawan, at natutuklasan natin na sa pagsuway dito, pinsala sa isipan at katawan ang bunga. Ang ating Lumikha, ang Ama ng ating espiritu, na nagbigay sa atin ng pagkakataong mabuhay sa mundong ito, ang nagsabi na may ilang bagay na tinukoy sa paghahayag na iyan na hindi makabubuti sa atin. May mahahalaga siyang pangako sa atin, kung susundin natin ang batas na ito,—mga pangako ng karunungan, ng kalusugan at lakas, at na lalampasan tayo ng mapangwasak na anghel at hindi tayo sasaktan, tulad ng ginawa niya sa mga anak ni Israel [tingnan sa D at T 89:18–21].[9] [Tingnan ang mungkahi 3 sa mga pahina 232–233.]

**Ang pagsunod sa Word of Wisdom ay nagpapalakas sa ating pananampalataya at espirituwalidad.**

Lubos akong naniniwala na ang Panginoon sa Kanyang Awa, nang ibigay Niya sa atin ang Word of Wisdom, ay ibinigay ito sa atin, hindi lamang para maging malusog tayo habang nabubuhay sa mundo, kundi para tumibay ang ating pananampalataya, para lumakas ang ating patotoo sa kabanalan ng misyon ng ating Panginoon at Guro, nang sa gayon ay maging mas handa tayong bumalik sa kanyang kinaroroonan pagkatapos ng gawain natin dito. Nangangamba ako na bilang mga anak ng Sion ay hindi natin nauunawaan kung minsan ang kahalagahan ng magandang mensaheng ito sa mundo.[10]

Gusto kong sabihin sa inyo na, sa palagay ko, ang paggamit ng tabako, na tila maliit na bagay sa ilang kalalakihan, ay isang paraan ng pagwasak sa kanilang espirituwal na buhay, ang paraan para lumayo sa kanila ang Espiritu ng Ama, ang naghiwalay sa kanila sa mabubuting lalaki at babae, at naging dahilan para balewalain at ikahiya sila ng kanilang mga anak, subalit sasabihin pa rin ng diyablo sa tao, Ah, maliit na bagay lang iyan![11]

Nabubuhay tayo sa panahon na nangusap na muli ang Panginoon sa Kanyang mga tao. Tayo, na mga miyembro ng Simbahan, na nakasunod sa mga utos ng ating Ama sa Langit, ay ganap na nauunawaan na ang Diyos ay buhay at Kanyang gagantimpalaan ang masigasig maglingkod sa Kanya. Nauunawaan natin na nagbigay Siya ng ilang tuntunin at kautusan upang pamahalaan tayo sa buhay na ito, at ang pagsunod sa Kanyang mga utos ay tumitiyak sa Kanyang kaluguran, at sa mga pagpapalang ipinangako dahil sa ating pagsunod; ngunit, kung hindi natin sinunod ang Kanyang mga turo, kung binalewala natin ang Kanyang matatalinong payo, hindi Niya tayo pinangakuan, at sinasayang natin ang mga pagkakataon na hindi na muling darating sa atin. Alam ko na mahalagang sundin ng mga Banal sa mga Huling Araw ang batas na ito [ang Word of Wisdom]. Naniniwala ako na sa pagsunod dito, lalong higit na pananampalataya ang tatamasahin ng mga Banal sa mga Huling Araw. Nabasa natin sa mga turo ni Mormon na kung walang mga himalang ginawa sa kalipunan ng mga tao ito ay dahil sa wala

silang pananampalataya; at sinabi pa niya sa kanila na kung walang pananampalataya, “kakila-kilabot ang kalagayan ng tao.” [Tingnan sa Moroni 7:37–38.] Kung susuwayin natin ang hayag na kalooban ng Panginoon, natural lamang na manghina ang ating pananampalataya, sapagkat hindi laging mananahan sa atin ang Espiritu. . . .

. . . Matibay ang paniniwala ko na dahil sa pagpapabaya sa simpleng bagay na ito, ang pananampalataya ay naglaho sa puso ng ilan sa ating mga tao—na, dahil sa pagsunod ng lahat sa Word of Wisdom, lalakas ang pananampalataya ng mga Banal sa mga Huling Araw, at dadaloy sa atin ang mas malaking kaalaman; dahil sa pagsunod dito, magkakaroon tayo ng matibay ng pasiyang sumunod sa iba pang mga batas ng ating Ama, at ang pagsunod sa bawat isa ay tumitiyak ng pagpapala.[12] [Tingnan sa mungkahi 3 at 4 sa pahina 233.]

---

### Sa pagsunod sa Word of Wisdom, naghahanda tayo para sa buhay na walang-hanggan.

Kung minsan iniisip ko kung nauunawaan ba ng mga Banal sa mga Huling Araw na [ang Word of Wisdom] ay ibinigay sa atin para sa ating kadakilaan; hindi lamang para sa ating temporal na pagpapala, kundi para ihanda tayo sa espirituwal na buhay. . . .

Sinabi sa atin na ang kaluwalhatian ng Diyos ay katalinuhan [tingnan sa D at T 93:36], at hinahangaan nating lahat ang matatalinong lalaki at babae, samakatwid dapat nating hangaring maglatag ng pundasyon para madagdagan ang ating kaalaman at hindi tayo makagawa ng anumang bagay na magpapahina rito. Nakikita sa buhay ng ilan na pinagkakaitan nila ang kanilang sarili ng kaalaman na maaari sana nilang matamasa, dahil sa patuloy na paggamit ng mga bagay na sinabi ng ating Ama sa Langit na hindi mabuti; bunga nito hindi sila nagiging matalino, at bigo silang makapaghanda para sa Buhay na Walang-Hanggan na siyang dapat nilang mithiin.[13]

Kung naniniwala tayo sa ating ipinahayag, na si Jesus ang Cristo, at tayo ay mga anak ng ating Ama sa Langit, dapat tayong maging maingat sa ating mga kilos upang maging karapat-dapat tayo sa mga templong tinatahanan natin, na nilikha sa larawan ng Diyos. Gaano karami ang nakauunawa sa atin na sa pagpapasok sa ating

katawan ng mga bagay na ipinagbabawal ng Ama ay dinudungisan natin ang templo ng espiritu? Gaano karami sa atin ang nag-isip-isip na kapag nagpatangay tayo sa kahinaan ng laman, ipinagkakait natin sa ating sarili ang mga pagkakataong naghihintay sa atin sa hinaharap, at inihihiwalay ang ating sarili sa mga pagpapala ng Panginoon na nakalaan sa matatapat?[14]

Kung ang batas na ito, na iniakma sa kakayahan ng pinakamahihina sa atin, ay susundin, ito ang magiging pundasyon kung saan maidaragdag pa ang maraming malalaking pagpapalang malugod na ipagkakaloob ng ating Ama, na hindi natin matatamasa at matatanggap kapag sumuway tayo. Paano mapapangatwiranan ng sinuman sa atin ang pagbabalewala sa isang simpleng batas ng Diyos na sinabi Niya, sa Kanyang sariling tinig, na masusunod ng sinuman sa atin? Maaasahan ba nating masunod ang isang mas mataas na batas, at matamo ang kadakilaan, kung hindi natin masunod ang simpleng utos na ito.[15] [Tingnan ang mungkahi 3 sa pahina 232.]

---

**Ang pinakamainam na paraan para maituro sa ating mga pamilya na sundin ang Word of Wisdom ay sundin natin ito mismo.**

Ang mga ama't ina, kung susundin nila ang Word of Wisdom, ay maipapasa sa kanilang mga anak ang mabubuting ugali at lakas na hindi nila maibibigay sa ibang paraan. Naniniwala ako na ang pagsama ng Espiritu ng ating Ama ay mapapasa puso at tahanan ng mga sumusunod sa batas na ito, at ang hangarin nilang maging masunurin ay maipapasa sa kanilang mga anak. . . . Alam na alam natin na ang epekto ng tabako ay lubhang makapipinsala sa utak ng isang bata, kaya hihina ang memorya at mawawalan ito ng pakiramdam; gayundin, ang epekto ng alak sa utak ng mga kabataan ay labis na nakasasama: pinipigilan nito ang hangaring maging marangal at matwid, at humahantong sa bisyo at krimen. . . . Ibinigay sa atin ng Panginoon ang batas na ito nang may malasakit at pagmamahal, na nangangako ng ilang pagpapala kung susundin natin ang Kanyang payo. Hinihikayat ko kayo, mga kapatid, na ituro ito sa inyong tahanan. Ituon dito ang pansin ng inyong lumalaking mga anak, at sa gantimpala ng pagsunod dito.

Hayaan ninyong sabihin ko sa inyo na ang pinakamainam na katibayan ng ating pananampalataya sa batas na iyan, na naniniwala tayo na nagmula ito sa Diyos, ay ang pagsunod dito sa ating buhay tuwina. Maaari natin itong ipangaral sa buong maghapon, ngunit kapag sinuway natin ito, maaaring mas makapinsala ang ating halimbawa sa mga taong mas mahal natin kaysa buhay, sapagkat iisipin nila na ligtas sila sa pagsunod sa ating paroroonan.[16]

Nakikiusap ako sa inyo, saliksikin nang may panalangin ang Word of Wisdom. Huwag lamang itong basahin; saliksikin ito nang may panalangin. Tuklasin kung bakit ito ibinigay ng ating Ama sa Langit. Ibinigay Niya ito lakip ang pangako ng mahabang buhay at kaligayahan, hindi kung susuwayin natin ito, kundi kung susundin natin ito. Basahin ang Word of Wisdom sa harap ng inyong pamilya at magpakita ng magandang halimbawa. Kung gagawin natin iyan patuloy na uunlad ang Sion. Kung gagawin natin iyan ang Simbahan ng Kordero ng Diyos ay patuloy na magiging mabuting impluwensya sa mundo.[17] [Tingnan ang mungkahi 5 sa pahina 233.]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

Pag-isipan ang mga ideyang ito habang pinag-aaralan ninyo ang kabanata o naghahanda kayong magturo. Para sa karagdagang tulong, tingnan sa mga pahina v–viii.

1. Sa pahina 225, binanggit ni Pangulong Smith ang kuwento tungkol sa pagtanggi ni Daniel na kainin ang pagkain at inumin ang alak ng hari. Basahin ang Daniel kabanata 1, at isipin ang isang karanasan ninyo kung saan inasahan kayong gawin ang isang bagay na ipinagbabawal sa Word of Wisdom. Ano ang ilang angkop na paraan upang masunod ang Word of Wisdom sa gayong mga sitwasyon at maging magalang pa rin sa iba?
2. Basahing muli ang unang bahagi ng mga turo (mga pahina 225–227). Paano ninyo magagamit ang mga turong ito para tulungan ang isang tao na nahihirapang sumunod sa Word of Wisdom?
3. Basahin sandali ang mga pahina 227–231, kung saan tinalakay ni Pangulong Smith ang ilan sa mga pagpapalang ipinangako

sa mga sumusunod sa Word of Wisdom (tingnan din sa D at T 89:18–21). Paano natupad ang mga pangakong ito sa buhay ninyo? Ano ang iba pang mga pagpapalang natanggap ninyo sa pagsunod sa batas na ito?

4. Sa pahina 230, ipinangako ni Pangulong Smith na ang pagsunod sa Word of Wisdom ay nagdudulot ng "matibay na pasiyang sumunod." Ano ang kahulugan sa inyo ng katagang ito?

5. Sa inyong opinyon, paano nakakatulong ang pagsunod natin sa Word of Wisdom sa Simbahan na "maging isang mabuting impluwensya sa mundo"? (pahina 232). Pag-aralan nang may panalangin ang bahagi 89 ng Doktrina at mga Tipan, tulad ng mungkahi ni Pangulong Smith, at pag-isipang mabuti kung ano ang magagawa ninyo para mas ganap na masunod ang Word of Wisdom.

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan:* I Mga Taga Corinto 6:19–20; Alma 34:36; Doktrina at mga Tipan 29:34; 130:20–21

*Tulong sa pagtuturo:* "Maipapahayag ninyo ang pagmamahal sa inyong mga tinuturuan sa pamamagitan ng masusing pakikinig sa kanila at pagiging tunay na interesado sa kanilang buhay. Ang pag-ibig na tulad ng kay Cristo ay may kapangyarihang magpalambot ng mga puso at matulungan ang tao na maging handang tumanggap ng mga [pagbulong] ng Espiritu" (*Pagtuturo, Walang Higit na Dakilang Tungkulin,* 56).

## *Mga Tala*

1. "Boyhood Experiences," *Instructor,* Peb. 1943, 73.
2. Sa Conference Report, Okt. 1943, 44.
3. "Saints Blessed," *Deseret News,* Nob. 12, 1932, bahaging pang-Simbahan, 5.
4. Sa Conference Report, Abr. 1907, 19–21.
5. "Seek Ye First the Kingdom of God," *Improvement Era,* Okt. 1947, 688.
6. Sa Conference Report, Okt. 1935, 121.
7. Sa Conference Report, Abr. 1907, 21.
8. Sa Conference Report, Okt. 1923, 72–73.
9. Sa Conference Report, Abr. 1907, 19.
10. Sa Conference Report, Abr. 1907, 19.
11. Sa Conference Report, Abr. 1918, 40.
12. Sa Conference Report, Okt. 1908, 83–84.
13. Sa Conference Report, Abr. 1907, 19.
14. Sa Conference Report, Abr. 1905, 62.
15. Sa Conference Report, Okt. 1908, 84.
16. Sa Conference Report, Abr. 1907, 21.
17. Sa Conference Report, Abr. 1949, 191.



*Binisita ni George Albert Smith ang bishops' storehouse kasama ang iba pang mga lider ng Simbahan. Dahil noon pa nag-iimbak ng pagkain ang Simbahan, nakahanda na itong tulungan ang mga nangangailangan pagkatapos ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig.*

# Temporal na Kaligtasan para sa Ating Sarili at sa Iba

*Kung susundin natin ang payo ng Panginoon, mas matutugunan natin ang ating sariling temporal na mga pangangailangan at matutulungan ang mga nangangailangan sa ating paligid.*

## Mula sa Buhay ni George Albert Smith

Si George Albert Smith ay naging Pangulo ng Simbahan sa pagtatapos ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Maraming winasak na bansa ang digmaan, at libu-libong tao ang walang pagkain at iba pang mga pangangailangan. Sa isang mensahe sa pangkalahatang kumperensya, inilarawan ni Pangulong Smith ang kanilang mahirap na kalagayan at hinikayat ang mga Banal na tumulong na maibsan ang kanilang paghihirap: "Lahat sila ay anak [ng Diyos]. Kailangan nila tayo; hindi lamang suportang moral at mga turo ng relihiyon natin ang kailangan nila, kundi pati pagkain at damit at kumot at lahat ng klaseng tulong dahil, sa maraming sitwasyon, walang natira sa kanila. Kung mababasa lang ninyo ang ilan sa mga liham na dumating sa aming opisina mula sa ilang mahihirap na tao roon, malulungkot kayo. Ang mga taong inilayo sa kanilang tahanan sa pag-aakalang papayagan silang manirahan sa ibang lugar, at bigla na lang pinabayaan, at pagbalik nila sa sariling tahanan, nalaman nilang nilooban ito at ninakawan ng pag-aari nila—lahat—at iniwan silang walang magawa, walang mapuntahan."[1]

Dahil gawi na ng Simbahan ang mag-imbak ng pagkain sa loob ng maraming taon, nakahanda ito sa pagtulong sa ganitong mga sitwasyon. Ang pagsisikap na makatulong sa gayong paraan ay

nagsimula bago natapos ang 1945, nang magpunta si Pangulong Smith sa Washington, D.C., upang makipag-usap sa pangulo ng Estados Unidos na si Harry S Truman tungkol sa pagpapadala ng pagkain at damit sa Europa. Sa kanilang pag-uusap sinabi ni Pangulong Truman, "Ikalulugod naming tulungan kayo sa abot ng aming makakaya. . . . Gaano katagal ninyo itong maihahanda?"

Ginulat siya ni Pangulong Smith sa pagsasabing: "Handa na ang lahat. . . . [Matagal na] kaming nagtatayo ng mga imbakan at pinupuno namin ito ng mga butil, at pinararami ang aming mga alagang hayop, at ngayon ang kailangan namin ay mga sasakyan at barko para makapagpadala ng maraming pagkain, damit at kumot sa mga naghihirap na mamamayan ng Europa. May organisasyon kami sa Simbahan [ang Relief Society] na may nakahandang mahigit dalawang libong kubrekamang gawa nila."

Ibinalita ni Pangulong Smith sa mga Banal na dahil sa pagpapadalang ito "maraming tao ang nakatanggap kaagad ng makapal na kasuotan at kumot at pagkain. Kapag nakakuha kami kaagad ng mga sasakyan at barko, nakahanda na ang mga kailangang ipadala sa Europa."[2]

Halos 15 taon bago ito, nagsalita si Elder Smith, na noon ay miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol, sa Relief Society sa isa pang panahon ng kahirapan—ang Great Depression. Itinuro niya na ang pagtulong sa mga nangangailangan ay higit pa sa pagbibigay ng temporal na tulong; kailangan din dito ang tunay na kabaitan at pagmamahal sa kapwa:

"Hindi kailanman nagkaroon ng pagkakataon, sa palagay ko, na nangailangan ng kabaitan kundi ngayon. Ito ang mga panahon na ang kaluluwa ng mga tao ay sinusubukan, at ang kanilang puso ay pinipiga. Ito ang mga panahon na dumaranas ng gutom at hirap ang marami kahit ang mga Banal sa mga Huling Araw. . . .

". . . Naniniwala ako na binibigyan tayo ng ating Ama sa Langit ng pagkakataong umunlad. . . . Matutuklasan natin ngayon kung mayroon tayo ng pag-ibig na sinabi ng Tagapagligtas na dapat nating isapuso."[3] [Tingnan ang mungkahi 1 sa pahina 245.]

## Mga Turo ni George Albert Smith

### Kung matalino tayo sa paggamit ng ating kabuhayan, magiging handa tayo sa panahon ng kahirapan.

Ito ang payo ng mga pioneer noong araw sa pamumuno ni Pangulong [Brigham] Young na mag-imbak ng pagkain para sa loob ng isang taon, para kung masalanta man ang pananim ng sinuman, makakaraos pa siya hanggang sa susunod na taon. . . .

Maaari tayong dumanas ng kahirapan, mga kapatid, ngunit mapaghahandaan natin ito, kung iisipin natin ang pitong taon ng kasaganaan at pitong taon ng taggutom noong panahon ni Faraon at magpaplano tayong tulad nila [tingnan sa Genesis 41]. Ang gayong mga sitwasyon ay maaaring maulit. Hindi natin alam, ngunit alam natin na noong mga unang taon ng Simbahan ay pinayuhan ng Panguluhan at pamunuan ng Simbahan ang mga tao na mag-imbak ng sapat na pagkain upang makatugon sa oras ng kagipitan. Ang bunga nito ay mula nang manirahan nang lubusan dito ang mga tao at umani sa mga bukirin, at dumami ang mga kawan at alagang hayop, hindi na kinailangan pang maghirap ang sinuman sa pagkain.[4]

Nabubuhay tayo sa mga panahong mapanganib. Natutupad na ang nakasaad sa mga banal na kasulatan, at sa tingin ko ito ang panahon na posibleng malinlang ang mga hinirang. Kapansin-pansin na napakadaling makakita ng dahilan ang mga taong naghahangad paunlarin ang kanilang kabuhayan sa mundo na isantabi ang mga simpleng turo ng Panginoon hinggil sa ating buhay. At kakatwa sa akin na maraming tao ang nakagawian na ang makinig sa mga taong nagsasalita ng mga bagay na salungat sa inihayag na kalooban ng ating Ama sa Langit. . . .

. . . Ang mga taong ito ay pinayuhan nang tipirin ang kanilang lakas at kabuhayan. Naturuan tayo ng mga hinirang ng Panginoon na magtagubilin sa atin na hindi tayo dapat gumastos nang higit sa ating kinikita, na hindi tayo dapat sumunod sa kalakaran ng mundo at gumastos nang mabilis at mas mabilis pa kaysa pagkita natin ng pera, upang mapangalagaan ang ating sarili at ating pamilya.

Nangangamba ako na ang mga Banal sa mga Huling Araw, sa maraming sitwasyon, ay nabubulag ng sarili nilang karangyaan, ng



*"Maaari tayong makaranas ng hirap, mga kapatid, ngunit mapaghahandaan natin ang mga ito."*

hangarin nilang maging tulad ng nasa mundo; at malinaw tayong sinabihan ng ating Ama sa Langit na hindi tayo maaaring mamuhay ayon sa pamumuhay ng mundo at kasabay nito'y matamasa rin ang kanyang Espiritu.[5]

May ilang tao . . . na inuubos ang kanilang mga ari-arian at ginagastos ang kanilang pera sa mga bagay na hindi naman kailangan, at pagsapit ng kagipitan, hindi nila matugunan ang kanilang mga obligasyon.

Maaari tayong matuto ng aral mula sa langgam. Iniipon niya ang kanyang mga pagkain kapag mayroon at iniimbak ang mga ito para sa panahon na hindi posibleng makakuha ng pagkain. Dahil dito laging puno ang kanyang imbakan. Hindi ganyan ang ginagawa ng tipaklong, na mas malaking insekto. Hindi siya nag-iimbak ng anuman para sa panahon ng taghirap, kundi umaasa sa kalikasan na bigyan siya ng kanyang mga pangangailangan, at dahil dito ay maraming tipaklong na namamatay sa gutom.

Nangangamba ako na may ilang tao na gaya ng tipaklong at hindi sinasamantala ang mga pagkakataon nila sa magandang paraan. Kung susundin nila ang aral mula sa langgam, mag-iimbak sila ng pagkaing kailangan nila at hindi sila mauubusan.[6] [Tingnan ang mungkahi 2 sa pahina 245.]

---

**Inutusan tayo ng Panginoon na magtrabaho upang magkaroon ng sariling pagkakakitaan.**

Ang katotohanan na madaling magkaroon ng napakaraming pera ang maraming tao ay nagpapadama kung minsan sa mga kabataan na dahil madaling magkapera, hindi na kailangan o dapat pang hangarin na magkaroon ng marangal na trabaho. Subalit naniniwala ako na walang taong nabuhay sa mundo na hindi napasama dahil sa hindi naghanapbuhay nang may integridad at kasipagan.

Kung lumaki sa katamaran ang ating mga anak, alam natin na hindi ito kalugud-lugod sa Panginoon.[7]

Higit tayong uunlad kapag naging abala tayo sa isang marangal na trabaho.[8]

Sinabi ng ating Ama sa Langit . . . na noon pa ay may mga tamad na sa Sion, . . . at sabi niya, "Siya na tamad ay hindi makakakain ng tinapay ni makapagsusuot ng kasuotan ng manggagawa." D at T 42:42.] Palagay ko hindi niya tinutukoy ang mga hindi makakita ng trabaho, at talagang nagsisikap na pangalagaan ang kanilang sarili. Palagay ko tinukoy niya ang ugali ng ilang tao na umaasa sa kanilang kapwa. . . . Palagay ko walang katwiran ang sinumang tao sa mundong ito na mag-akalang makakaasa siya sa iba na tustusan ang kanyang ikabubuhay. Noong bata pa ako, hindi ko inisip na may tao na mapipilitang magbigay sa akin ng aking ikabubuhay. Binigyan ako ng Panginoon ng katalinuhan. Iniutos Niya na dapat akong magtrabaho, at nagsimula akong magtrabaho sa edad na labindalawa, at natuwa ako roon, at naghanapbuhay ako at tumulong sa iba sa loob ng mahigit limampung taon.

Nagpapasalamat ako sa Diyos sa trabaho, sa kagalakan na nagmumula sa paggawa ng mga bagay sa mundo. Wala akong tinutukoy na anumang partikular na trabaho maliban sa ito ay dapat maging marangal. Ngunit sinabi ng Panginoon na dapat tayong

maging masipag. Noong unang panahon sinabi niya na mula sa pawis ng ating mukha ay kakain tayo [tingnan sa Genesis 3:19].[9] [Tingnan ang mungkahi 3 sa pahina 245.]

---

**Mayaman man o maralita ay hindi dapat ilagak ang kanilang puso sa mga kayamanan.**

"Sa aba ninyong mayayaman, na hindi nagbibigay ng inyong yaman sa mga maralita, sapagkat ang inyong kayamanan ang lulupig sa inyong mga kaluluwa; at ito ang inyong magiging panaghoy sa araw ng pagdalaw, at ng paghuhukom, at ng pagkagalit: Ang pag-aani ay tapos na, ang tag-araw ay tapos na, at ang aking kaluluwa ay hindi naligtas!" (D at T 56:16.)

Iyan ang sabi ng Panginoon sa mayayaman na tumatangging ibahagi ang kanilang yaman sa mga maralita. Ngunit may sinabi siyang mahalaga sa taong maralita na hindi ginagawa ang lahat ng kanyang makakaya. Sabi niya:

"Sa aba ninyong mga maralita, na ang puso ay hindi bagbag, na ang mga espiritu ay hindi nagsisisi, na ang mga tiyan ay hindi nasisiyahan, na ang mga kamay ay hindi mapigilan sa pagkuha ng ari-arian ng iba, na ang mga mata ay puno ng kasakiman, at hindi nagpapagal sa sarili ninyong mga kamay! (D at T 56:17.) . . .

. . . At sabi pa niya, "Subalit pinagpala ang mga maralita na dalisay sa puso." Malaki ang pagkakaiba rito, ". . . pinagpala ang mga maralita na dalisay sa puso, na may mga pusong bagbag, na may mga espiritung nagsisisi, sapagkat makikita nila ang kaharian ng Diyos na dumarating sa kapangyarihan at dakilang kaluwalhatian sa kanilang pagkaligtas; sapagkat ang kasaganaan ng lupa ay mapapasakanila." (D at T 56:18.)

Sila ang mga walang kayamanan sa mundo ngunit may buhay pa rin at pag-iral at katalinuhan, at sabik gawin ang mga bagay na ipinagagawa sa kanila ng Panginoon. . . .

Ngayon, mga kapatid, may mga mayaman at maralita sa ating mga organisasyon. Kung tayo ay maralita, maaari tayong maging karapat-dapat tulad ng sinabi ng Panginoon dito. Maaari tayong maging dalisay sa puso at magsikap nang lubos, at hindi niya tutulutan ang mga nagsisikap nang lubos na magdusa para sa mga

pangangailangan sa buhay ng mga taong kabilang sa Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. . . .

Sana ay huwag tayong magalit dahil sa mayaman ang ilang kalalakihan at kababaihan. Kung tayo ay mayaman, sana ay hindi lamang sarili natin ang ating isipin at alamin natin ang mga pangangailangan ng iba pang mga anak ng ating Ama. Kung mas angat ang ating buhay kaysa sa kanila, dapat tayong maging tunay na magkakapatid, at hindi pakunwari lamang. Ang dapat nating hangarin ay makalikha sa mundong ito ng organisasyon na kung saan ang ibang nakakakita sa ating mabubuting gawa ay mahikayat na luwalhatiin ang pangalan ng ating Ama sa Langit. . . .

Hindi natin dapat tularan ang masasamang gawi ng ibang tao. Hindi natin dapat isiping kunin ang pag-aari ng ibang tao. Balikan ang sampung utos, at makikita ninyo ang isang maikling talata, "Huwag mong iimbutin." [Exodo 20:17.] . . .

Hindi dapat ganito ang nasa isip natin. Maaaring gawin iyan ng iba, ngunit kung may diwa tayo ng ebanghelyo ni Jesucristo sa ating puso, hindi tayo malilinlang sa gayong bagay.

Sinabi sa atin na hindi natin sabay na mapaglilingkuran ang Diyos at ang iba pang panginoon [tingnan sa Mateo 6:24]. Kailangan nating pumili, at kung gusto nating maging mga lingkod ng Diyos at mga anak ng ating Ama sa Langit at matamo ang kanyang mga pagpapala, kailangan nating gawin ito sa pamamagitan ng paggalang sa kanya at pagsunod sa kanyang mga utos. Ang ating damdamin, at ating pagmamahal, kung dapat ko ngang sabihin iyan, ay dapat lumaganap sa buong mundo sa mga tatanggap nito.[10] [Tingnan ang mungkahi 4 sa pahina 245.]

---

### Sa pamamagitan ng ikapu at iba pang mga handog, tumutulong tayo sa gawain ng Simbahan at nagpapala sa mga nangangailangan.

Binigyan na tayo ng Panginoon ng pribilehiyong magbigay ng ikasampung bahagi ng ating kita, para sa Kanyang Simbahan, para sa ikauunlad ng Kanyang gawain sa mundo. Ang mga nagbabayad ng kanilang ikapu ay binibiyayaan. . . . Hindi natin maaasahang mabiyayaan tayo nang hindi nagsisikap. Pagagawin tayo ng mga bagay na



*"Binigyan tayo ng Panginoon ng pribilehiyong ibigay ang ikasampung bahagi ng ating kinikita, para sa Kanyang Simbahan, para sa ikauunlad ng Kanyang gawain."*

sa ilang tao ay mukhang sakripisyo. Palagay ko iniisip ng mga tao na kapag nagbayad sila ng ikapu ay nagsasakripisyo sila, pero hindi; namumuhunan lamang sila na ang ganti ay walang-hanggang pagpapala. Lahat ng nasa atin ay bigay ng ating Ama sa Langit. Ipinabahala Niya ang lahat sa ating mga kamay, binigyan tayo ng karapatang angkinin ang siyamnapung porsiyento nito, at inutusan Niya tayong ilagay ang Kanyang sampung porsiyento ayon sa tagubilin Niya, na alam Niyang makagagawa ng pinakamabuting pagpaunlad sa Kanyang Simbahan.

Nang marinig natin ang mga ulat ng malaking Simbahang ito ngayong umaga [sa isang sesyon ng pangkalahatang kumperensya], labis akong humanga sa ulat sa pananalapi—na malaman na ang malaking organisasyong tulad nito, na napakaraming miyembro, na gumaganap ng tungkulin sa napakaraming paraan, sa gitna ng

kaguluhan at kapighatian ay nasa kalagayang makatatayo at tapat na masasabi ng isa sa Panguluhan ng Simbahan na walang utang ang Simbahan. Kahit may utang ang mga bansa at karamihan sa mga tao, napamahalaan nang mabuti ang Simbahan kung kaya't wala itong utang. Pag-isipan natin ito. Suportahan natin ang Simbahan. Sundin natin ang kasalukuyang pamunuan ng Simbahan. Mamuhay tayo sa paraang mapagpapala tayo ng Panginoon tulad ng pagpapala Niya sa Simbahan.[11]

Kung nagbayad kayo ng tapat na ikapu, masasabi ko nang walang pag-aatubili na naging mas malaking pagpapala ang natirang siyamnapung porsiyento sa mga nagbayad ng ikapu kaysa sa isandaang porsiyento ng mga hindi nagbayad. Ito ang gawain ng Panginoon. . . . Hindi ito magagawa ng tao. Sa lahat ng inyong kabutihang-loob at pagbibigay, sa lahat ng inyong gawaing misyonero, sa pangangalaga ninyo sa mga maralita, . . . sa lahat ng ibinibigay ninyo bilang mga karaniwang tao, pinatototohanan ko na ang natira sa inyo ay maghahatid sa inyo ng higit na kaligayahan, higit na kapayapaan, higit na kapanatagan at katiyakan sa buhay na walang-hanggan kaysa sa tinatamasa ng ibang tao sa mundo ngayon.[12]

Tiyak ko na mahal ng Panginoon ang mga mapagpakumbaba at tapat na kaluluwang handang tumulong at umantig sa mga nangangailangan sa pagkain man o damit o kumot o kabaitan dahil bahagi iyan ng ebanghelyo ni Jesucristo.[13] [Tingnan ang mungkahi 5 sa pahina 246.]

---

### Kung tayo ay bukas-palad sa pagbibigay, walang taong maghihirap.

Hindi na kailangang maghirap ang sinumang lalaki, babae, o bata sa Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, dahil inorganisa ang Simbahan para tulungan ang mga hikahos sa buhay. Maraming nakalaan para sa lahat, at may sobra pa. . . . Tinulutan ng Diyos ang tao na magpayaman, at kung nakamit nila ito sa tamang paraan, kanila ito, at pagpapalain niya sila sa paggamit nito kung gagamitin nila ito nang tama.[14]

Labis tayong nakatuon sa mundo kaya nalilimutan natin ang mga taong nagdurusa na maaari nating tulungan, sa maraming pagkakataon.[15]

Isipin ang kalalakihang nawalan ng trabaho at maging ang kababaihan. . . . Isipin ang dami ng nagdurusang mga anak ng ating Ama na minamahal niya tulad ng pagmamahal niya sa atin. Isipin ang magiging pagdurusa kung tayo na mas mapalad ay hindi magbibigay ng yamang ipinabahala ng Diyos sa ating mga kamay—hindi lang yaman, kundi kung ipagkait natin sa kanyang mga anak ang salita ng paghikayat at pagtulong at hindi tayo makabisita sa mga tahanan kung saan napakaraming nangangailangan at magbigay ng maaaring ibigay ng bawat isa sa atin. Mga kapatid, lahat ng pagkakataong ito ay ibinigay sa atin upang mapaunlad ang ating sarili at mapabuti ang ating pagkatao at makatipon tayo para sa ating sarili ng mga kayamanan sa langit kung saan hindi ito masisira ng tanga o kalawang, at mananakaw ng magnanakaw [tingnan sa Mateo 6:20]. Ang mga pagkakataong ito ay ibinibigay sa atin ng isang matalinong Ama na dahil alam ang lahat ng bagay mula sa simula hanggang wakas ay nagsabing: "Ito ang daan, lakaran ninyo."

Tumingin . . . tayo sa paligid ng ating sambayanan—huwag itong ipaubaya sa Bishop at Relief Society, kundi maglingkod ang bawat isa sa atin nang may mapagmahal na kabaitan sa mga taong lubhang mangangailangan sa atin. At anuman ang ating gawin huwag nating ipadama sa mga nangangailangan ng tulong na para silang mga pulubi. Ibigay natin ang ibinibigay natin na para bang sa kanila ito. Ipinahiram ito sa atin ng Diyos. Kung minsan tayo na nagkaroon ng kabuhayan ay [kumikilos] na para bang iniisip natin na atin ito. Lahat ng nasa atin, ang ating pagkain, kasuotan, tirahan, mga tahanan at pagkakataon ay ibinigay lahat sa atin bilang mga katiwala sa Simbahan at kaharian ng ating Ama sa Langit, at kung . . . ibabahagi natin ang ating yaman kahit ito ay singliit ng lepta ng balo, makakamtan natin mula sa kanya na naninirahan sa kalangitan ang mga pagpapalang kailangan natin sa ating panahon dito sa mundo, at pagdating ng oras na paroroon na tayo malalaman natin na naghihintay ang pagpapala ng isang mapagmahal na Ama na nagpapahalaga sa ating mga pagsisikap.[16]

Kung hangad nating mapabilang sa kaharian ng ating Panginoon, ang kahariang selestiyal, ito ang pagkakataon natin upang maghanda,—nang may pagmamahal na hindi nagmamaliw, kasipagan, katipiran, tiyaga, at hangaring gawin ang lahat ng ating makakaya

upang pagpalain ang kapwa, upang magbigay—nang hindi laging iniisip na dapat tayong tumanggap, kundi naghahangad na magbigay, sapagkat sinasabi ko sa inyo: "Lalo pang mapalad ang magbigay kay sa tumanggap." [Mga Gawa 20:35.] Ang Ebanghelyo ni Jesucristo ay ebanghelyo ng pagbibigay, hindi lamang ng ating yaman kundi ng ating sarili, at nagpapasalamat ako sa aking Ama sa Langit na kabilang ako sa isang organisasyon na tinuruang gawin ito.[17] [Tingnan ang mungkahi 6 sa pahina 246.]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

Pag-isipan ang mga ideyang ito habang pinag-aaralan ninyo ang kabanata o naghahanda kayong magturo. Para sa karagdagang tulong, tingnan sa mga pahina v–viii.

1. Sinabi ni George Albert Smith sa mga Banal noong Great Depression, "Naniniwala ako na binibigyan tayo ng ating Ama sa langit ng pagkakataong umunlad" (pahina 236). Ano ang ibig sabihin nito sa inyo? Sa paanong mga paraan tayo "umuunlad" habang naglilingkod tayo sa mga nangangailangan?
2. Habang binabasa ninyo ang unang bahagi ng mga turo (mga pahina 237–239), pag-isipan ang mga bagay na magagawa ninyo para simulan o dagdagan ang inyong imbak ng pagkain at kabuhayan. Ano ang ilang halimbawa ng mga kagipitan o kalagayang dapat ninyong paghandaan? Ano ang magagawa ng mga korum ng priesthood at Relief Society para tulungan ang mga miyembro na mapaghandaan ang mga kagipitang ito?
3. Repasuhin ang bahaging nagsisimula sa pahina 239 at basahin ang Doktrina at mga Tipan 68:31. Sa palagay ninyo, bakit tayo pinagtatrabaho ng Panginoon para sa ating ikabubuhay? Ano ang ilang epektibong paraan para maituro sa mga bata ang kahalagahan ng pagtatrabaho?
4. Basahin ang mga babala ni Pangulong Smith sa mayayaman at maralita sa mga pahina 240–241. Ano ang mga ibubunga ng paglalagak ng ating puso sa mga kayamanan? Ano ang magagawa natin para maiwasan ito?

5. Basahin ang bahaging nagsisimula sa pahina 241, kung saan tinalakay ni Pangulong Smith ang mga pagpapala ng pagbabayad ng ikapu at iba pang mga handog. Ano ang ilang epektibong paraan para maituro sa mga kabataan o bagong miyembro ang tungkol sa mga pagpapalang ito?
6. Habang pinag-aaralan ninyo ang huling bahagi ng mga turo (mga pahina 243–245), mag-isip ng isang partikular na bagay na magagawa ninyo upang matulungan ang bishop at iba pang mga lider sa ward na tugunan ang mga pangangailangan ng mga tao sa inyong ward o komunidad. Ano ang ibig sabihin sa inyo ng magbigay "hindi lamang ng ating yaman kundi ng ating sarili"?

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan:* Mga Taga Efeso 4:28; Santiago 1:27; 2 Nephi 5:17; Jacob 2:17–19; Mosias 4:22–25; Doktrina at mga Tipan 104:13–18

*Tulong sa pagtuturo:* "Kahit na nagtuturo kayo ng maraming tao [nang sabay-sabay], [matutulungan] ninyo ang bawat isa. Halimbawa, [tinutulungan] ninyo ang bawat isa kapag binabati ninyo nang masigla ang bawat isa sa simula ng klase. . . . Inyo ring [tinutulungan] ang bawat isa kapag ginagawa ninyong kaaya-aya at ligtas ang pakikibahagi" (*Pagtuturo, Walang Higit na Dakilang Tungkulin,* 43).

## *Mga Tala*

1. Sa Conference Report, Abr. 1948, 181.
2. Sa Conference Report, Okt. 1947, 6.
3. "To the Relief Society," *Relief Society Magazine,* Dis. 1932, 706.
4. Sa Conference Report, Abr. 1947, 162, 165.
5. Sa Conference Report, Abr. 1929, 30.
6. Sa *Improvement Era,* Ago. 1946, 521.
7. "Some Warning Signs," *Improvement Era,* Hulyo 1948, 425.
8. Sa Conference Report, Okt. 1949, 171.
9. Sa Conference Report, Okt. 1934, 49–50.
10. Sa Conference Report, Okt. 1949, 170–72.
11. Sa Conference Report, Abr. 1941, 25, 28.
12. Sa Conference Report, Abr. 1948, 16–17.
13. Sa Conference Report, Abr. 1947, 162.
14. Sa Conference Report, Okt. 1949, 169, 171.
15. Sa Conference Report, Abr. 1948, 181.
16. "Saints Blessed," *Deseret News,* Nob. 12, 1932, bahaging pang-Simbahan, 8.
17. Sa Conference Report, Okt. 1934, 52.

# Ang Bisa ng Kabaitan

*Sa pagiging mabait at matiyaga, mapapalambot natin ang mga puso at mahihikayat ang iba na mamuhay nang matwid.*

## Mula sa Buhay ni George Albert Smith

Matibay ang paniniwala ni George Albert Smith sa bisa ng kabaitan na palambutin ang mga puso. Itinuro niya na dapat nating "harapin ang ating mga problema nang may pagmamahal at kabaitan sa lahat."[1] Sinabi ng kanyang apo kung paano naghatid ng kapayapaan ang kanyang kabaitan at malasakit sa iba sa isang maligalig na sitwasyon:

"Isang araw ng tag-init may kaunting problemang nangyayari sa kalye malapit sa bahay ng lolo niya sa Salt Lake City, at dumating ang ilang trabahador mula sa lungsod para ayusin iyon. Mainit sa labas, matindi ang sikat ng araw, at ang trabahong gagawin ay magkalaykay at magpala na nagpatulo ng pawis sa mukha at likod ng mga lalaki nang maghukay sila sa daan. Walang-ingat sa pagsasalita ang mga trabahador, o marahil ay hindi sila gaanong naturuan ng kanilang ina, ngunit nagmumura sila at mahirap sikmurain ang sinasabi nila. Hindi nagtagal nayamot sa kanilang pananalita ang marami sa mga kapitbahay na bukas ang mga bintana ng bahay para mahanginan at malamigan sila.

"Isang tao ang lumabas at nakiusap sa mga lalaki na huminto sa pagsasalita ng masama, at ipinaalam na doon mismo nakatira si Brother Smith—hindi ba sila maaaring gumalang at tumahimik kahit sandali? Lalo pang nagpawala ng sunud-sunod na pagmumura ang mga lalaki. Tahimik na naghanda si Lolo ng lemonada at inilagay ang mga baso at pitsel sa trey at dinala ito sa pawisang mga lalaki at sinabing, 'Mga kaibigan, mukhang naiinitan at pagod na kayo. Bakit hindi muna kayo maupo sa ilalim ng mga puno ko at uminom ng



*"Tahimik na naghanda si Lolo ng lemonada at inilagay ang mga baso at pitsel sa trey at dinala ito sa pawisang mga lalaki."*

malamig na inumin?' Nawala ang galit, ginantihan ng mga lalaki ang kabaitang iyon ng kaamuan at pasasalamat. Matapos ang masayang pahinga bumalik na sila sa trabaho at tinapos ito nang maayos at tahimik."[2] [Tingnan sa mungkahi 1 sa pahina 255.]

Ang isang dahilan kaya nagpakita ng gayong kabaitan si Pangulong Smith sa mga tao ay naniniwala siya na may likas na kabutihan ang bawat tao. Ilang linggo lang bago pumanaw si Pangulong Smith, binisita siya sa ospital ni Elder Matthew Cowley, miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol. "Lumapit ako sa tabi ng kama niya," sabi ni Elder Cowley, "at hinawakan niya ako sa kamay, at habang mahigpit na hawak ang kamay ko sinabi niya, 'Iho, tandaan mo habambuhay na makakakita ka ng kabutihan sa iba kung hahanapin mo lang ito.' "

Pagkatapos ay ganito ang sinabi ni Elder Cowley tungkol kay Pangulong Smith:

"Minahal niya ang lahat dahil nakita niya ang likas na kabutihan sa kanilang kalooban. Hindi siya tumingin sa kasalanan nang may munti mang antas ng pagpapahintulot, ngunit minahal niya ang makasalanan dahil alam niya na ang Diyos ay pag-ibig [tingnan sa I Juan 4:16], at na pagmamahal ng Diyos ang muling nagpapasigla sa kaluluwa ng tao at ang makasalanan, sa prosesong iyan, ay maaaring maging banal.

"Maaaring may mga makasalanang nag-akala na ang kanyang pagmamahal ay paggalang. Hindi niya iginalang ang makasalanan, kundi minahal niya ito. Tiyak ko na ang pagmamahal na iyon ay nagkaroon ng puwang sa puso at buhay ng mga taong minahal niya."[3]

## Mga Turo ni George Albert Smith

### Ang Espiritu ng Panginoon ay diwa ng kabaitan, hindi ng pananakit at pamimintas.

Nalulungkot ako kung minsan kapag nakakarinig ako ng masasakit na salita, hindi lamang sa mga tao sa ating simbahan, kundi sa ibang tao sa mundo. Ang masasakit na salita ay hindi karaniwang sinasabi nang may inspirasyon ng Panginoon. Ang Espiritu

ng Panginoon ay diwa ng kabutihan; ito ay diwa ng pagtitiyaga; ito ay diwa ng pag-ibig sa kapwa at pagmamahal at pagpaparaya at mahabang pagtitiis; at walang sinuman sa atin na hindi nangangailangan ng magagandang katangiang ito na bunga ng pagtataglay ng Espiritu ng ating Ama sa Langit.[4]

Bawat impluwensya para sa kapayapaan ay kailangang gamitin. Ginagawa ni Lucifer ang lahat ng paraan para wasakin ang mga kaluluwa ng sangkatauhan. Mas aktibo siya ngayon kaysa dati at kumikilos sa napakamapanganib na paraan. Madaling isa-isahin ang maraming paraang ginagamit niya ngunit may isang bagay siyang ginagawa, at ginagawa na niya sa simula pa lamang, at iyan ay ang tuksuhin ang isang tao na sirain ang reputasyon ng iba sa pagsasalita ng masasama tungkol sa kanila.[5]

Napakadaling pintasan ang iba, napakadaling maghanap ng mali, at kung minsan ay nagsasalita tayo ng masama tungkol sa ating mga kapitbahay at kaibigan. Ngayon ito ang sabi sa atin ng ating Ama sa Langit . . . :

"Huwag kayong magsihatol, upang huwag kayong hatulan.

"Sapagka't sa hatol na inyong ihahatol, ay hahatulan kayo: at sa panukat na inyong isusukat, ay susukatin kayo.

"At bakit mo tinitingnan ang puwing na nasa mata ng inyong kapatid, ngunit hindi mo pinapansin ang tahilan na nasa iyong sariling mata?

"O paanong sasabihin mo sa iyong kapatid, Pabayaan mong alisin ko ang puwing sa mata mo; at narito, ang tahilan sa iyong sariling mata?" [Mateo 7:1–4.]

Bilang isang grupo pinapayuhan tayo na huwag maging mapamintas, walang-galang, at magsalita ng masakit sa ating mga kasalamuha. Dapat tayong maging mga dakilang huwaran sa buong mundo sa bagay na iyan. Isipin ninyo ang pamimintas ngayon. Damputin ang inyong mga diyaryo at tingnan ang masasamang salitang sinasabi ng mga tao sa iba, subalit maraming beses ay ang taong namimintas ang may puwing sa mata at hindi malinaw na nakakakita, ngunit iniisip niya talaga na ang kanyang kapwa ang may puwing sa mata.[6] [Tingnan sa mungkahi 2 sa pahina 256.]

Hindi ba mahilig tayong tumingin sa mga limitasyon at kahinaan ng ating kapwa? Subalit salungat iyan sa mga turo ng Ebanghelyo ni Jesucristo. May uri ng mga tao na naghahanap ng mali at laging namimintas sa mapanirang paraan. May kaibhan sa pamimintas. Kung maaari tayong mamintas para magwasto sa ilalim ng impluwensya ng Espiritu ng Panginoon, maaaring mabago at maging kapaki-pakinabang at angkop ang ilang bagay na ginagawa. Ngunit kung mahilig tayong maghanap ng mali, magdiin ng mga kahinaan at pagkukulang ng iba sa mapanirang paraan, hindi iyan kailanman bunga ng patnubay ng Espiritu ng ating Ama sa Langit, at lagi itong nakakasira.[7]

---

## Dapat nating hanapin ang magagandang katangian sa iba at taos-puso silang purihin.

Ngayong gabi narito ako para ikuwento ang tungkol sa isang lalaki na ilang taon nang namayapa. . . . Ang tinutukoy ko ay si Francis M. Lyman [ng Korum ng Labindalawang Apostol] at nais kong sabihin sa inyo na ang dakilang taong iyan ay magiliw na tulad ng sanggol, tulad ng bata, at maganda ang hangarin niyang tumulong at manghikayat. Maraming beses ko nang narinig na pinuri niya ang kalalakihan ng Simbahan kapag may nagawa silang kapuri-puri—ang isa ay nagbigay ng magandang mensahe, ang isa pa ay nagbahagi ng nakakukumbinsing patotoo, at ang isa naman ay nakagawa ng isang bagay na kapuri-puri. Nakita kong inakbayan niya sila at sinabing, "Ipinagmamalaki kita at ang magandang bagay na nagawa mo." Hindi ba kapuri-puring pamumuhay iyan? Iyan ang paraan para mapaligaya natin ang ating sarili. Sa halip na mainggit, kung titingnan at pahahalagahan at pupurihin natin ang magagandang katangian at kakayahan ng ating kapwa, kung makikita natin ang kapangyarihan ng kabutihan sa [iba], mas gaganda ang buhay.

Marami sa atin ang nabubuhay sa isang kapaligiran na halos hindi na tayo umiimik pagdating sa pagpuri sa ibang tao. Tila hindi natin masabi ang mga bagay na maaaari nating sabihin . . . para mapagpala ang iba. Hanapin natin ang magagandang katangian ng ating mga kasamahan at ang pagmamasid sa kanila ay nagpapasaya sa kanila kapag pinuri natin sila.[8]

Nakikiusap ako sa inyo, mga kapatid, maging mapagbigay tayo sa isa't isa. Maging mapagtiyaga tayo sa isa't isa tulad ng gusto nating gawin sa atin ng iba. Tingnan natin ang magagandang katangian ng ating kapwa at mga kaibigan at banggitin ang mga katangiang iyon, huwag maghanap ng mali at mamintas. Kung gagawin natin iyan mapapasaya natin ang iba, at mamahalin tayo ng mga taong nakakakilala sa atin.[9] [Tingnan sa mungkahi 3 sa pahina 256.]

---

**Ang kabaitan ay may kapangyarihang ilayo ang mga tao sa kanilang mga kamalian.**

May mga taong magkakamali. Mayroon sa atin na naliligaw ng landas, ngunit sila ay mga anak ng ating Panginoon at mahal niya sila. Binigyan niya tayo ng karapatang pakitunguhan sila nang may kabaitan at pagmamahal at tiyaga at hangaring pagpalain sila, ilayo sila sa mga kamaliang ginagawa nila. Wala akong pribilehiyong husgahan ang ilan sa kanila na nagkamali at patuloy na nagkakamali, maliban kung magkaroon ako ng awtoridad na maaaring ipagkaloob sa akin. Ngunit pribilehiyo ko, kung makita ko silang gumagawa ng mali, na ibalik sila sa anumang paraan, kung maaari, sa landas tungo sa buhay na walang-hanggan sa kahariang Selestiyal.[10]

Huwag tayong magreklamo sa ating mga kaibigan at kapitbahay, dahil lang sa hindi nila ginagawa ang nais nating gawin nila. Bagkus ay mahalin natin sila hanggang sa gawin nila ang mga bagay na ipinagagagawa sa kanila ng ating Ama sa Langit. Magagawa natin iyan, at hindi natin makukuha ang kanilang tiwala o pagmamahal sa iba pang paraan.[11]

Napakalaking kagalakan, kapanatagan, at kasiyahan ang madaragdag sa buhay ng ating mga kapitbahay at kaibigan sa pamamagitan ng kabaitan. Gustung-gusto kong isulat ang salitang iyan sa malalaking titik at ipaglantaran. Kabaitan ang kapangyarihang bigay sa atin ng Diyos upang palambutin ang mga puso at pasunurin ang matitigas ang ulo at ipaunawa sa kanila ang Kanyang mga layunin.[12] [Tingnan sa mungkahi 4 sa pahina 256.]



*"Mamuhay nang may pagmamahal at kabaitan, upang ang kapayapaan at panalangin at pasasalamat ay mapasainyong tahanan."*

**Ang pagmamahal at kabaitan sa ating tahanan ay makahihikayat sa ating mga anak na makinig sa ating payo.**

Tungkulin natin—pribilehiyo pala natin at tungkulin na maglaan ng sapat na oras para pangalagaan ang ating mga anak at mahalin sila at kamtin ang kanilang pagmamahal para magalak silang makinig sa ating payo at pangaral.[13]

Mamuhay nang may pagmamahal at kabaitan, upang ang kapayapaan at panalangin at pasasalamat ay sama-samang mapasainyong tahanan. Huwag hayaang maging isang lugar ang inyong tahanan na sasabitan lamang ninyo ng sumbrero sa gabi at kakainan at pagkatapos ay tatakbo na kayo sa ibang lugar kundi sa halip ay gawin itong lugar na tatahanan ng Espiritu ng Panginoon.[14]

Dalangin ko na mapuspos kayo ng diwang nagmumula sa [Panginoon], at iyan ay ang diwa ng pagmamahal, ng kabaitan at

pagtulong at tiyaga at pagpaparaya. Sa gayon, kung mapanatili natin ang diwang iyan sa ating tahanan, lalaki ang ating mga anak na katulad ng inaasam natin.[15]

Naaalala ko pa ilang taon na ang nakararaan na sakay ako ng tren pahilaga. Nakita kong nakaupo sa tren sa umagang iyon ang isang babaeng kakilala ko. . . . Nakilala niya ako pagdaan ko sa tapat niya. Kinausap niya ako, at tinanong ko siya: "Saan ka pupunta?" Sabi niya: "Pupunta ako sa Portland, [Oregon]." Alam ko na mahirap lang ang pamilyang ito. Alam kong maraming anak na lalaki ang babaeng ito, kaya itinanong ko: "Ano ang sadya mo sa Portland?" Sabi niya: "May anak ako roon na naospital."

Hindi ko alam na may umalis na pala siyang anak, kaya nagtanong pa ako, at nagtapat siya sa akin. Sabi niya: "Ang bunso ko, nitong nakaraang ilang linggo, ay umalis ng bahay at hindi sinabi sa amin kung saan siya pupunta. Wala kaming balita mula sa kanya, pero walang dudang gusto niyang lumaya at maranasang magsarili, at ang unang impormasyon namin sa kinaroroonan niya ay nang dumating ang isang telegrama mula sa Mercy Hospital sa Portland, na nagsabing naroon ang anak ko sa ospital at maysakit." Sabi niya: "Siyempre nabigla kami talaga sa balita. Isang bagay lang ang dapat gawin, at iyan ay maghanap ng pera at puntahan kaagad ang batang iyon."

. . . Handa siyang bumiyahe nang matagal, araw at gabi, walang hinanakit sa kawalang-galang at kawalang-isip ng kanyang anak, kundi iniisip lang na ito ay kanyang anak, na sa kanya ito, na bigay ito ng Diyos sa kanya, at inaasahan siya ng ating Ama sa Langit na gagamitin niya ang lahat ng posibleng paraan para mapabuti ang buhay nito at maihanda ito para sa mga pagkakataong naghihintay rito. Kaya sa buong magdamag, habang binabagtas ng tren ang mga riles, nakaupo ang butihing babaeng ito, nasasabik sa kanyang anak, bawat milya ay naglalapit sa kanya sa bagay na iyon na humihila sa kanyang puso. Nang dumating siya sa wakas, kaagad siyang nagpunta sa ospital. Nagkataon na ang lugar na titirhan ko ay di-kalayuan sa ospital kaya bumisita ako roon upang makita kung ano ang nangyari.

Nakaupo ang malambing na inang iyon sa tabi ng kama ng kanyang anak na may matinding pulmonya, at namimilipit sa sakit.

Hindi niya ito pinagalitan dahil sa pagbabalewala nito sa kanya; hindi siya nagalit sa kawalang-isip at kawalang-ingat nito, nagpasalamat na lang siyang makasama ang anak na bigay sa kanya ng Diyos. Sinisikap niya ngayon na alagaang muli ang anak na sa pakikipagtuwang niya sa Ama sa Langit ay isilang niya sa mundong ito. Ang bata nga palang ito ay mga 16 na taong gulang na, pero bata pa rin ang turing niya. Sinisikap niyang palakasin ang loob nito sa pagkukuwento rito ng mga bagay na magpapasaya at makakalugod dito, na nangangako sa anak ng mga pagkakataong mapapasakanya kapag gumaling na siya. Sa lugar ng lungkot at sakit na pumuno sa silid na iyon bago siya pumasok, may sinag at kapayapaan at kaligayahan sa mukha ng batang iyon habang nakatingin siya sa mukha ng taong nag-alay ng kanyang buhay upang siya ay maisilang, at sa pagkakataong ito ay naglakbay nang napakalayo upang mabantayan siya at maalagaan.

Kung minsan iniisip ko kung batid ng mga inang ito kung gaano sila kabuti sa mga mata ng kanilang mga anak sa sitwasyong tulad niyon. Naipasiya na ng binatilyong iyon bago dumating ang kanyang ina na kailanman ay hindi na niya ito susuwayin, hindi na niya kailanman babalewalain ang naibigay nito sa kanya, at sa halip ay nagpasiya siya na ang pangalang marangal na ibinigay sa kanya ay igagalang niya habang siya ay nabubuhay.[16] [Tingnan sa mungkahi 5 sa pahina 256.]

Dalangin ko na mag-alab ang pagmamahal ng ebanghelyo ng ating Panginoon sa ating puso at pagyamanin ang ating buhay, na maging mas mabait ang mga lalaki sa kanilang asawa, at ang mga babae sa kanilang asawa, ang mga magulang sa kanilang mga anak, at ang mga anak sa kanilang mga magulang dahil sa ebanghelyo ni Jesucristo, na isang ebanghelyo ng pag-ibig at kabaitan. [17]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

Pag-isipan ang mga ideyang ito habang pinag-aaralan ninyo ang kabanata o naghahanda kayong magturo. Para sa karagdagang tulong, tingnan sa mga pahina v–viii.

1. Basahin ang kuwento tungkol sa paghahanda ni George Albert Smith ng lemonada para sa pagod na mga trabahador (pahina

247). Kailan kayo nakakita ng kabaitang nagpalambot sa puso ng isang tao? Ano ang ilang problema na iniisip ninyong malulutas ng "pagmamahal at kabaitan sa lahat"?

2. Itinuro ni Pangulong Smith na "dapat tayong maging mga dakilang huwaran sa buong mundo" sa pag-iwas sa malupit na pamimintas (pahina 250). Ano ang ilang sitwasyon na makapagpapakita tayo ng gayong halimbawa? Sa inyong opinyon, bakit lubhang nakakasira ang malupit na pamimintas at paghahanap ng mali?

3. Sa mga pahina 251–252, ikinuwento ni Pangulong Smith ang pagpuri ni Elder Francis M. Lyman sa kalalakihan ng Simbahan. Paano kayo naapektuhan ng taos na pagpuri sa inyo ng isang tao? Isipin sandali ang isang taong dapat ninyong purihin.

4. Itinuro ni Pangulong Smith na "kabaitan ang kapangyarihang bigay sa atin ng Diyos upang palambutin ang mga puso" (pahina 252). Anong mga kuwento ang maiisip ninyo mula sa mga banal na kasulatan na naglalarawan sa alituntuning ito? (Para sa ilang halimbawa, tingnan sa Mateo 9:10–13; Alma 20:1–27.)

5. Repasuhin ang kuwento tungkol sa ina na dumalaw sa kanyang anak sa ospital (mga pahina 253–255). Kapag nalihis ng landas ang isang anak, bakit mahirap kung minsan na gawin ang ginawa ng ina sa kuwento? Mapanalanging pag-isipang mabuti kung paano mapapabuti ng kabaitan at tiyaga ang kaugnayan ninyo sa inyong mga kapamilya.

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan:* Mga Kawikaan 15:1; Mateo 18:15; Juan 8:2–11; Mga Taga Efeso 4:29–32; 3 Nephi 12:22–24; Doktrina at mga Tipan 121:41–46

*Tulong sa pagtuturo:* Ang mga talakayan sa maliliit na grupo ay "[nagbibigay sa] maraming tao ng pagkakataong makilahok sa aralin. Ang mga taong karaniwang atubiling makilahok ay maaaring magbahagi ng mga ideya sa maliliit na grupo upang hindi sila magsalita sa harapan ng buong grupo" (*Pagtuturo, Walang Higit na Dakilang Tungkulin,* 213).

## Mga Tala


1. Sa Conference Report, Abr. 1941, 28.
2. Martha Stewart Hatch, sa Susan Arrington Madsen, *The Lord Needed a Prophet* (1990), 130–31.
3. Matthew Cowley, sa Conference Report, Abr. 1951, 166–67.
4. Sa Conference Report, Abr. 1937, 34.
5. "To the Relief Society," *Relief Society Magazine,* Dis. 1932, 704.
6. Sa Conference Report, Okt. 1949, 168–69.
7. Sa Conference Report, Okt. 1934, 50.
8. "To the Relief Society," 707.
9. Sa Conference Report, Okt. 1934, 50.
10. Sa Conference Report, Abr. 1937, 34.
11. Sa Conference Report, Okt. 1945, 174.
12. "To the Relief Society," 709.
13. Sa Conference Report, Abr. 1929, 33.
14. Sa Conference Report, Abr. 1948, 183.
15. Sa Conference Report, Okt. 1950, 9.
16. Sa *Deseret News,* Mayo 15, 1926, bahagi apat, 6.
17. Sa Conference Report, Okt. 1948, 167.




*Ang asawa ni George Albert Smith na si Lucy, at ang kanilang mga anak na sina Edith (kaliwa) at Emily (kanan).*

# Palakihin ang mga Anak sa Liwanag at Katotohanan

*Binigyan ng Panginoon ng responsibilidad ang mga magulang na ituro sa kanilang mga anak ang ebanghelyo sa salita at halimbawa.*

## Mula sa Buhay ni George Albert Smith

Noong malapit na siyang pumanaw, ginunita ni Pangulong George Albert Smith ang pagpapalaki at mga itinuro ng kanyang mga magulang.

"Ipinanganak ako sa isang abang tahanan. . . . Ang aking mga magulang ay mahirap lamang, ngunit pinupuri ko ang aking Lumikha at pinasasalamatan siya nang buong puso sa pagdadala sa akin sa kanilang tahanan.

"Lumaki ako sa Salt Lake City. Noong ako ay walong taong gulang, nabinyagan ako sa City Creek. Ako ay nakumpirmang miyembro ng Simbahan sa isang fast meeting o pulong sa pag-aayuno sa Seventeeth Ward, at nalaman ko noong bata pa ako na ito ang gawain ng Panginoon. Nalaman ko na may mga propetang nabubuhay sa mundo. Nalaman ko na ang inspirasyon ng Maykapal ay iimpluwensya sa mga nagtatamasa nito. . . .

"Wala akong kilalang sinuman sa buong mundo na may mas malaking dahilan para magpasalamat maliban sa akin. Nagpapasalamat ako sa aking pamana, sa mga magulang na nagturo sa akin ng ebanghelyo ni Jesucristo at nagpakita ng halimbawa sa kanilang tahanan. Kung may nagawa man ako na hindi ko dapat ginawa sa buhay ko, isang bagay iyon na hindi ko natutuhan sa tahanan ng aking ina. Sa isang pamilyang maraming anak, kinailangan ng isang ina na napakatiyaga o mapagpasensya, at lagi siyang nagtitiyaga o nagpapasensya sa amin. Naroon lagi ang lambing at kabaitan at pagmamahal."[1]

Sa kanyang sariling tahanan, sinikap ni George Albert Smith na sundan ang halimbawa ng kanyang mga magulang sa pagtuturo nang may tiyaga at pagmamahal. Ginunita ng kanyang anak na si Edith ang isang karanasan noong kabataan niya:

"Lagi niya kaming pinangangaralan tungkol sa aming pag-uugali, na binibigyang-diin ang katapatan at pagiging makatarungan. Naaalala ko na isang araw habang pauwi ako galing sa pag-aaral ng piyano, hindi nasingil ng konduktor ang pamasahe ko. . . . Nilampasan niya ako, at nakarating ako sa pupuntahan ko na hawak pa rin ang pamasahe ko, at aaminin ko na ikinatuwa ko na nalibre ako sa pamasahe.

". . . Masaya akong tumakbo kay Itay para sabihin ang maganda kong kapalaran. Nakinig siya sa kuwento ko nang buong tiyaga. Nagsisimula na akong mag-isip na napakaganda ng nangyari sa akin. . . . Sigurado ako na hindi alam ng konduktor na hindi ako nagbayad, kaya walang problema.

"Nang matapos ang kuwento ko, sabi ni Itay, "Pero, anak, kahit hindi ito alam ng konduktor, alam mo at alam ko at alam din ng Ama sa Langit. Kaya, tatlo pa rin tayong dapat masiyahan na makitang nagbabayad ka nang buo sa serbisyong tinanggap mo.' "

Bumalik si Edith sa kanto at binayaran ang kanyang pamasahe nang bumalik ang sasakyan. Kalaunan ay nagpasalamat siya sa ginawa ng kanyang ama sa pagharap sa sitwasyon: "Talagang nagpapasalamat ako sa isang Ama na sapat ang karunungan para ituro sa akin ang pagkakamali ko, dahil kung nakaligtaan ito, iisipin ko na sang-ayon siya rito, at baka sinubukan kong gawin iyong muli sa ibang pagkakataon."[2] [Tingnan sa mungkahi 1 sa pahina 269.]

## Mga Turo ni George Albert Smith

### Ang mga magulang ang may pangunahing responsibilidad na ituro sa kanilang mga anak ang ebanghelyo.

Ang isa sa pinakamalaki at pinakamaganda sa lahat ng inyong pagpapala ay iyong dumarating kung nagtuturo kayo gaya ng nararapat, at tinuturuan ninyo nang nararapat ang mga hinirang na espiritung ito na ipinadadala ng ating Ama sa Langit sa mundo sa mga huling araw na ito. . . . Huwag ipaubaya sa mga pampublikong

paaralan ang pagtuturo sa inyong mga anak. Huwag ipaubaya ang pagtuturo sa kanila sa Primary, sa Sunday School, sa [mga organisasyong pangkabataan ng Simbahan]. Ang mga ito ay makakatulong sa inyo at maganda ang maiaambag ngunit alalahanin ang sinabi ng Diyos mismo, na ang mga magulang na hindi nagtuturo sa kanilang mga anak ng pananampalataya sa Diyos, pagsisisi at binyag at ng pagpapatong ng mga kamay pagsapit ng walong taong gulang, ang kasalanan ay nasa ulo ng mga magulang [tingnan sa D at 68:25–28]. Hindi ito pagbabanta, mga kapatid, iyan ang magiliw at mapagmahal na payo ng ating Ama sa Langit na nakaaalam ng lahat ng bagay at nauunawaan at natatanto ang mangyayari kapag ang mga anak ay hinayaang lumaki nang hindi naturuan.[3]

Ang sasabihin ko ay gusto kong maikintal sa isipan ng bawat magulang sa Sion, at iyon ay, bagaman ibinigay sa atin ng Panginoon ang lahat ng mahuhusay na paaralang ito, bagaman malaki ang naitulong ng agham o siyensya para tayo guminhawa at mapagpala, bagaman ang Simbahan ay naghanda ng mga lugar na pagdadalhan natin sa ating mga anak para maturuan ng ebanghelyo ni Cristo, hindi niyan inaalis sa inyo o sa akin ang responsibilidad at obligasyong iniatang sa atin ng ating Ama sa Langit na turuan ang sarili nating mga anak. . . . Hindi sapat na ang aking mga anak ay maturuan ng pananampalataya, pagsisisi at binyag, at ng pagpapatong ng mga kamay para sa kaloob na Espiritu Santo sa mga auxiliary organization. Iniutos ng aking Ama sa Langit na ako mismo ang dapat gumawa niyan.[4]

Wala nang ibang maaaring gumanap sa bahaging iniatas sa atin ng Diyos bilang mga magulang. Tinanggap natin ang obligasyon noong tayo ang naging kasangkapan sa paghahatid ng mga batang ito sa mundo. Hindi natin maipapasa ang responsibilidad na iyan sa anumang organisasyon. Iyan ay atin. . . . Una at pinakamahalaga sa lahat ang obligasyon ko at ninyo hindi lamang para magpayo at mangaral kundi magturo, sa pamamagitan ng halimbawa, sa paglalaan ng sapat na panahon para sa ating mga mahal sa buhay, sa mga batang ito, nang hindi sila maakay sa . . . mga ipinagbabawal na landas.[5]

Tawagin sa inyong paligid ang inyong pamilya, at kung hindi ninyo naipaunawa sa kanila noon ang mga layunin ng buhay at naipaalam sa kanila ang Ebanghelyo ng ating Panginoon, gawin ito ngayon, sapagkat sinasabi ko sa inyo bilang lingkod ng Panginoon,

kailangan nila ito ngayon at kakailanganin nila ito magmula ngayon.[6] [Tingnan sa mungkahi 2 sa pahina 270.]

## Ang ibang interes natin ay hindi dapat maging dahilan para malimutan ang tungkulin nating turuan ang ating mga anak.

Sinabi sa atin sa Lucas na darating ang panahon na ang mga tao ay maiinis sa mga pagsusumakit at kayamanan at kalayawan sa buhay [tingnan sa Lucas 8:14]. Nasa isipan ko . . . kahit ngayon, ang kalalakihan at kababaihang mahal ko, na ang espirituwalidad mismo ay nasasakal ng mga bagay na ito, at inaakay sila ng kaaway sa kalayawan at nalilimutan nila ang kanilang tungkulin bilang mga magulang at miyembro ng Simbahan ni Jesucristo.

. . . Ngayon sa gitna ng kalituhan, kasiyahan at lahat ng kalayawan sa buhay, . . . huwag nating kalimutan ang tungkuling dapat nating gawin sa mga batang ito na nilikha sa larawan o wangis ng Diyos. Siya ang Ama ng kanilang espiritu, at tayo ang papananagutin niya sa turo o aral na natatanggap nila. Umaasa ako at nananalangin na maturuan natin sila nang gayon upang pagdating ng wakas ay matanggap natin sa kanya ang pagpapalang, "Mabuting gawa, mabuti at tapat na alipin: . . . pumasok sa kagalakan ng [P]anginoon," at makasama natin ang ating mga mahal sa buhay magpasawalang-hanggan.[7]

May gusto akong ikuwento sa inyo. Ilang taon na ang nakalilipas, may dalawang batang lalaking nakatira sa Indiana, dalawang binatilyong nagtrabaho sa bukid—sa mga bukiring lima hanggang pitong milya ang layo sa isa't isa. Nagsikap sila araw-araw na gawin ang kanilang mga gawain, gatasan ang mga baka, atbp. Nagpunta ang unang bata sa kanyang ama isang araw noong siya ay mga 13 o 14 na taong gulang at sinabi, "Itay, gusto ko pong pumunta sa bayan. Gusto ko pong makita ang nagkikislapang mga ilaw. Puwede po kaya akong umalis nang maaga isang gabi, kapag tapos na ako sa trabaho?" Sabi ng ama, "Hindi ka puwedeng umalis dahil hindi mo magagawa ang trabaho mo." "Kung gigising ako nang maaga at magtatrabaho buong maghapon, puwede po ba akong pumunta sa bayan? Malapit lang po iyon, at darating ako roon sa loob ng isa o dalawang oras at uuwi po ako nang maaga." Sabi ng ama, "Sige,

kung tapos mo nang lahat ang trabaho mo, puwede kang umalis." Mga ama, unawain ninyo ito. Ang nangyari ay umalis nga siya. Halos madilim na nang makarating siya sa bayan. Sarado na ang mga tindahan at bangko. Napakarami pang bukas na bilyaran at sugalan. Lahat ng mabuting tao ay nasa loob na, karamihan ay nasa loob na ng sarili nilang tahanan. Lahat ng sanggano ay nasa kalye o sa mga lugar na ito. Nakita nila ang pagdating ng batang ito at pinag-initan nila ito. Hindi nagtagal ipinakita nila sa kanya ang ilang bagay na hindi dapat makita ng isang bata. Iyan ang naging karanasan niya. Natikman niya ang isang bagay na hindi makabubuti sa kanya.

Ang pangalawang bata ay nagpunta rin sa kanyang ama. Sabi niya, "Itay, gusto ko pong pumunta minsan sa bayan. Ayaw po ba ninyong makita ko ang ilan sa mga bagay na hindi ko pa nakikita? Kailangan ko pong magpunta roon bago magdilim para may makita ako." "Anak," sagot ng ama, "palagay ko may karapatan kang pumunta sa bayan, at palagay ko may karapatan kang isama ang iyong ama. Ikaw ang pumili ng araw at tutulungan kita sa mga trabaho para makaalis tayo nang maaga at maipakilala kita sa ilang kasamahan ko."

Iisang lugar lang ang tinutukoy ko—hindi magkalayo ang dalawang bukirin. Sa loob ng isang linggo nakapili siya ng araw. Tinapos ng mag-ama ang mga trabaho, at nagpunta sa bayan. Nakarating sila bago mag-alas kuwatro. Nakarating sila roon bago nagsara ang mga bangko. Maayos ang bihis ng bata. Dinala siya ng kanyang ama sa bangko at ipinakilala siya sa empleyado ng bangko na humawak sa kanyang kamay at sinabing, "Kapag nasa bayan ka, bisitahin mo kami at tatanggapin ka namin."

Dinala siya ng kanyang ama kung saan nakapuwesto ang kanyang negosyo, kung saan masaya siyang binati ng mga tao. Pag-uwi nilang dalawa, matapos silang manood ng isang palabas, nakilala ng batang iyon ang ilan sa mga kagalang-galang na tao sa komunidad. Kaya nang lumaki na siya at pumunta sa bayan, ang nakasama niya ay mga kagalang-galang na tao.[8] [Tingnan sa mungkahi 3 sa pahina 270.]

Gusto kong ipahiwatig sa inyo na . . . , wala kayong panahong magugugol, walang paraan para magamit ang inyong oras nang mas kapaki-pakinabang kundi sa pagtuturo sa inyong mga anak na maging karapat-dapat sa mga pagpapala ng ating Ama sa Langit.[9]



*"Wala kayong panahong magugugol, walang paraan para magamit ang inyong oras nang mas kapaki-pakinabang kundi sa pagtuturo sa inyong mga anak na maging karapat-dapat sa mga pagpapala ng ating Ama sa Langit."*

---

### Ang halimbawa ng magulang ay aakay sa isang anak tungo sa kaligtasan, kabutihan, at kaligayahan.

Maging mga halimbawa ng kabutihan sa ating mga anak, manalangin sa pamilya at basbasan ang pagkain. Ipakita sa ating mga anak na mahal natin ang isa't isa bilang mag-asawa. Hangga't may panahon pa samantalahin ang pagkakataon bilang mag-asawa na magpakita ng pagmamahal, kabaitan at pagtulong sa isa't isa sa lahat ng paraan. Samantalahin ang pagkakataon hangga't may panahon pa na turuan ang inyong mga anak kung paano mabuhay nang maligaya. . . . Gawing kanlungan ng kapayapaan at pag-asa at pagmamahal ang ating tahanan.[10]

Ilang araw pa lang ang nakalilipas nakita ko ang liham ng isang lalaking marahil ay nasa katanghalian na ng kanyang buhay. Sa sulat sa kanyang ama sinabi niyang: "Ang pagtingin ninyo sa inyong

mga mahal sa buhay, ang pagtuturo ninyo sa akin, ang mga halimbawang ipinakita ninyo sa akin, ay naging inspirasyon sa akin na gawin ang nais ipagawa sa akin ng Panginoon. Nadama ko na sa pagsunod ko sa inyong mga yapak ay maliligtas ako." Iyon ay isang matalinong ama, isang pinagpalang ama, na nakapagtanim nang gayong tiwala sa isipan ng kanyang anak. . . . Dahil sa ginawa ng kanyang ama—pinapurihan naman niya ang kanyang ama sa kanyang liham—dahil sa halimbawang ipinakita sa kanyang tahanan, isa siya ngayon sa mga pinakamatatag sa Simbahang ito. Maaari siyang mabuhay sa mundo at sumunod sa mga utos ng Panginoon. Ang kasabikan niyang gumawa ng mabuti ay natutuhan niya sa tahanang kinalakihan niya. Wala siyang nakitang kasakiman sa tahanan, kundi pagmamalasakit sa iba. Walang balak ang kanyang mga magulang na kamkamin ang lahat at sarilinin ito, kundi hinanap nila ang mga nangangailangan nito, at hinikayat sila at biniyayaan. Hindi nagawang hubugin ng mga sinasabi ng mundo ang pagkatao niya ngayon, kundi nahubog iyon ng halimbawang ipinakita ng kanyang mga magulang, ng mga taong kasama niyang lumaki sa tahanang iyon.

Wala akong alinlangan na ang daan-daang kalalakihan at kababaihan, marahil libu-libo sa kanila, sa mga komunidad na ating tinitirhan, ay ganoon din ang sasabihin tungkol sa mga itinuro ng kanilang mga ama at ina. Ngunit nag-aalala ako na baka may ilan sa atin na naiimpluwensyahan ng mga kaugalian sa mundo at nahuhumaling sa ideya na kailangan nating sundin ang ginagawa ng nakararami anuman ang kanilang pinaniniwalaan o ginagawa. Kapag nagkaganito ang ating halimbawa ay hindi makakatulong kundi makakasira pa sa kaligayahan ng ating mga anak.[11]

Ipakita natin sa ating mga ginagawa araw-araw, pati sa ating pananalita, na naniniwala tayo na ito ang gawain ng Ama at ang galak na hindi kayang ipaliwanag ay madarama natin, at ang ating mga anak na lumaki sa ating tahanan ay lalong mananampalataya at magpapakumbaba. Sila ay pagpapalain at bibigyan ng lakas na paglabanan ang panunukso ng kaaway, at kapalit ng dusang nagpapahirap sa mga anak ng tao dahil sa kasalanan, ay magkakaroon ng kaaliwan, kapanatagan at kaligayahan, at . . . ang mga kalalakihan at kababaihan ay mabubuhay sa mundong ito na may matatag na hangaring iwaksi ang kasamaan.[12] [Tingnan sa mungkahi 4 sa pahina 270.]

## Sa pagmamahal at pagtuturo sa ating mga kabataan, makakatulong tayo na pangalagaan sila laban sa kasamaan.

Mga Banal sa mga Huling Araw, turuan ang inyong mga anak na sundin ang batas ng kalinisan ng puri. Punuin sila ng pagmamahal, upang hindi sila magkaroon ng anumang hangarin na matukso sa kasamaang nakapalibot sa kanila. . . .

Napakalaking pribilehiyo para sa mga magulang na maupo sa kanilang tahanan at mapalibutan ng mabubuting mga anak na ibinigay sa kanila ng ating Ama sa Langit, na Kanyang mga espiritung anak! Napakalaking kagalakan ang magkakasama silang magkamit ng mga pagpapala ng ating Ama sa Langit at maligayang makasama ang kanyang Espiritu, at turuan silang mabuti hangga't bata pa upang sa kanilang paglaki ay manatili silang namumuhay nang matwid!

Mga kapatid, nakikiusap ako na dagdagan pa ninyo ang pagsisikap, pag-iingat at pagtitiyaga upang mapangalagaan ninyo ang bagong henerasyon laban sa mga panunukso ng kaaway. Marami sa ating mga [pelikula], programa sa radyo, magasin, aklat, atbp., ang hindi angkop . . . , at kung hindi natin lalabanan ang epekto ng mga bagay na ito sa pamamagitan ng magandang pagtuturo at kapaligiran, na ipinapaalam sa mga kabataan ang tulong na makukuha mula sa pag-aaral tungkol sa buhay ng mabubuting kalalakihan at kababaihan, na itinuturo sa kanila ang magagandang katangian ng mga propeta at ang kahulugan ng Ebanghelyo ni Jesucristo, maaaring lumayo sa atin ang ilan sa ating mga minamahal. . . .

Turuan natin ang ating mga anak na manatiling malinis ang puri at maging matwid. Turuan ang inyong mga anak na lalaki na ingatan ang puri ng kanilang mga kapatid na babae at mga kaibigan nilang babae. Turuan ang inyong mga anak na babae na ingatan ang puri ng mga lalaking nakakasama nila. . . . Magpakadalubhasa tayo, sabi nga, sa pagpapalaki ng ating mga anak nang may patnubay ng Espiritu ng Diyos, upang ang kaaway ay hindi magkaroon ng lakas na iligaw sila.[13] [Tingnan sa mga mungkahi 5 at 6 sa pahina 270.]

### Ang pag-aaral ng ebanghelyo bilang pamilya ay makakatulong upang mas mapalapit sa atin ang ating mga anak.

Sa ating mga tahanan, mga kapatid, pribilehiyo at tungkulin nating tipunin ang ating pamilya upang sama-sama nating palakasin at tulungan ang isa't isa at turuan ng mga katotohanan ng mga Banal na Kasulatan. Sa bawat tahanan, ang mga bata ay dapat hikayating basahin ang salita ng Panginoon tulad nang inihayag sa atin sa lahat ng dispensasyon. Dapat nating basahin ang Biblia, ang Aklat ni Mormon, at ang Mahalagang Perlas; hindi lamang basahin ito sa ating mga tahanan, kundi ipaliwanag din ito sa ating mga anak upang maunawaan nila ang . . . mga pakikitungo ng Diyos sa mga tao ng mundo.

Tingnan natin kung mas magagawa natin ito sa hinaharap kaysa sa nakaraan. Ipangako nating sundin ang alituntunin at tipunin ang ating mga pamilya sa ating mga tahanan. Itanong natin sa ating sarili: "Nagawa ko na ba ang aking tungkulin sa tahanan na basahin at ituro ang ebanghelyo, tulad ng inihayag sa mga propeta ng Panginoon? Natipon ko na ba ang aking mga anak sa aking tabi at ginawang kaaya-ayang lugar ng pagpipitagan, pagmamahal, pang-unawa, at katapatan ang aming tahanan?"

Kung hindi pa, pagsisihan natin ang ating kapabayaan at tipunin ang ating pamilya at ituro sa kanila ang katotohanan. . . .

"Naisaayos ko ba ang aking tahanan?" Ito ang dapat itanong ng bawat tao. Hindi, ginawa na ba ito ng aking kapwa? kundi, nagawa *ko* ba ang ipinagagawa sa akin ng Panginoon?[14]

Ang ating mga anak ang pinakamahagang regalo sa atin ng ating Ama. Kung magagabayan natin sila sa landas ng kaligtasan, walang-hanggan ang magiging kagalakan natin at nila. . . .

Ang isang paraan upang mapanatili natin silang mas malapit sa atin ay sa pagtipon sa kanila nang mas madalas sa ating mga tahanan. Iniutos ng Simbahan na maglaan ng isang gabi sa loob ng isang linggo para magtipon ang pamilya, matamasa ang simpleng kasiyahang dulot ng pagsasama-sama ng pamilya, at pag-usapan ng isa't isa ang mga bagay na dakila at nagtatagal.



*"Kung magdaraos lamang ng home evening ang mga Banal sa mga Huling Araw, . . . napakaraming tahanan ang magiging masaya."*

. . . Noong 1915 lumiham ang Unang Panguluhan sa "mga stake president, bishop, at magulang sa Sion," at babanggitin ko ang sinabi nila noon:

"Ipinapayo namin at hinihikayat na pasimulan ang 'Home Evening' sa buong Simbahan, at sa oras na ito ay matitipon ng mga ama at ina ang kanilang mga anak sa tahanan, at maituturo sa kanila ang salita ng Panginoon. . . . Ang 'Home Evening' na ito ay dapat ilaan sa pagdarasal, pag-awit ng mga himno at awitin, pakikinig sa musika, pagbabasa ng Banal na Kasulatan, usapan tungkol sa pamilya, at pagtuturo tungkol sa mga alituntunin ng ebanghelyo, at mga problema sa pag-uugali, gayundin sa mga tungkulin at obligasyon ng mga anak sa mga magulang, tahanan, Simbahan, lipunan, at bayan."

At ito ang ipinangakong pagpapala sa mga gagawa ng hinihingi:

"Kung susundin ng mga Banal ang pangaral na ito, nangangako kami na magbubunga ito ng malalaking pagpapala. Ang pagmamahal sa tahanan at pagsunod sa mga magulang ay mag-iibayo. Lalakas ang pananampalataya sa puso ng mga kabataan ng Israel, at magtatamo sila ng lakas na labanan ang masasamang impluwensya at tukso sa kanilang paligid."

Ang mga alituntunin at pangakong ito ay nasa atin pa rin ngayon.[15]

Kung magdaraos lamang ng home evening ang mga Banal sa mga Huling Araw, kung makakapiling natin nang isang gabi sa isang linggo ang ating pamilya, sa ilalim ng impluwensya ng espiritu ng Panginoon, sa sarili nating mga fireside na napaliligiran tayo ng mga taong ipinagkaloob sa atin ng Panginoon, at sinabi sa atin, lalo na, na dapat natin silang turuan, maraming tahanan ang magiging masaya na sa ngayon ay puno ng lungkot at alitan at problema. . . .

. . . Kapag tinalikuran natin ang mundo at mga makamundong bagay, at sa ilalim ng kapangyarihan ng panalangin at pasasalamat ay ibibigay natin sa ating mga anak ang mayayamang katotohanang iyon na inilagak ng Panginoon sa atin para sa atin at sa kanilang kapakanan, tunay na lalakas ang ating pananampalataya. Nawa'y makapagsimula tayong muli, kung nakalimot man tayo sa payo na iyon. Tipunin sa ating paligid ang ating mga anak at gawin nating lugar na tatahanan ng Espiritu ng Panginoon ang ating tahanan. Kung gagawin natin ang ating bahagi, malalaman at matitiyak natin na gagawin ng ating Ama sa Langit ang kanyang bahagi.[16] [Tingnan sa mungkahi 7 sa pahina 271.]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

Pag-isipan ang mga ideyang ito habang pinag-aaralan ninyo ang kabanata o naghahanda kayong magturo. Para sa karagdagang tulong, tingnan sa mga pahina v–viii.

1. Pag-isipan ang kuwento sa mga pahina 259–260. Sa palagay ninyo, bakit matagumpay na naturuan ni George Albert Smith ang kanyang anak na si Edith? Pag-isipan ang isang pangyayari noong kabataan ninyo nang ituro sa inyo ng inyong magulang

ang isang bagay na nakaapekto sa inyong buhay. Bakit epektibo ang aral na iyon?

2. Pag-aralan ang unang bahagi ng mga turo (mga pahina 260–262) at Doktrina at mga Tipan 93:37–40. Sa palagay ninyo, bakit ibinigay ng Panginoon sa mga magulang, sa halip na sa iba pang mga organisasyon, ang responsibilidad na ituro ang ebanghelyo sa kanilang mga anak? Paano matutulungan ng mga organisasyon ng Simbahan ang mga magulang sa responsibilidad na ito? Paano makakatulong ang mga kamag-anak? Kung wala kayong sariling mga anak, mag-isip ng mga paraan para maging mabuting impluwensya kayo sa mga kabataan ng Simbahan na makakatulong sa mga magulang.
3. Repasuhin ang kuwento sa mga pahina 262–263. Paano nakikinabang ang mga anak kapag pinaglalaanan sila ng oras ng kanilang mga magulang? Ano ang ilan sa mga "pagsusumakit at . . . kalayawan sa buhay" (mga pahina 262) na magiging dahilan para makaligtaan natin ang ating mga responsibilidad sa pamilya? Ano ang magagawa natin para maalis ang mga pang-aabalang ito?
4. Basahin ang bahaging nagsisimula sa pahina 264. Pag-isipan ang saloobin ninyo tungkol sa "mga kaugalian sa mundo" at paano maaaring maapektuhan ng damdaming iyon ang inyong mga anak. Ano ang ilang "ginagawa araw-araw" na lalong nagpapatotoo sa ating mga anak tungkol sa ating mga pinaniniwalaan?
5. Ano ang ilan sa mga tuksong nararanasan ng mga bata at kabataan sa inyong komunidad? Pag-aralan ang bahaging nagsisimula sa pahina 266, na hinahanap ang mga bagay na magagawa ng mga magulang, lolo at lola, at iba pa para tulungan ang mga kabataan na labanan ang tukso.
6. Ipinayo ni Pangulong Smith na dapat tayong "magpakadalubhasa," o magpakahusay, sa pagpapalaki sa ating mga anak sa ilalim ng impluwensya ng Espiritu (tingnan sa pahina 266). Ano ang kahulugan niyan sa inyo? Anong uri ng mga bagay ang magagawa ng mga magulang upang magpakahusay sa pagpapalaki sa kanilang mga anak sa kabutihan?

7. Sa mga pahina 268–269, muling binanggit ni Pangulong Smith ang ilan sa mga pangako sa mga pamilyang regular na nagdaraos ng mga family home evening. Paano natupad ang mga pangakong ito sa inyong pamilya? Ano ang maipapayo ninyo sa isang pamilyang hindi pa nakapagdaos ng family home evening ngunit nais itong simulan?

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan:* Mga Kawikaan 22:6; Isaias 54:13; Enos 1:1–3; Mosias 4:14–15; Alma 56:45–48; Doktrina at mga Tipan 68:25–31; tingnan din sa "Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo," *Ensign,* Nob. 1995, 102.

*Tulong sa pagtuturo:* "Maging maingat na huwag madaliing tapusin ang magagandang talakayan sa pagtatangkang mailahad ang lahat ng materyal na inyong inihanda. Bagaman mahalagang tapusin ang materyal, mas mahalagang tulungan ang mga mag-aaral na madama ang impluwensya ng Espiritu, masagot ang kanilang mga katanungan, mapalawak ang kanilang pagkaunawa sa ebanghelyo, at mapalalim ang kanilang pangakong sundin ang mga kautusan" (*Pagtuturo, Walang Higit na Dakilang Tungkulin,* 79–80).

## *Mga Tala*


1. "After Eighty Years," *Improvement Era,* Abr. 1950, 263.
2. Edith Smith Elliott, "No Wonder We Love Him," *Relief Society Magazine,* Hunyo 1953, 367.
3. "To the Relief Society," *Relief Society Magazine,* Dis. 1932, 708–9.
4. Sa Conference Report, Abr. 1926, 145.
5. Sa Conference Report, Abr. 1933, 72.
6. Sa Conference Report, Abr. 1937, 36.
7. Sa Conference Report, Abr. 1926, 146–47.
8. "President Smith Gives Scouting Address," *Deseret News,* Peb. 22, 1947, bahaging pang-Simbahan, 8.
9. Sa Conference Report, Okt. 1948, 181.
10. Sa Conference Report, Okt. 1941, 101.
11. Sa Conference Report, Abr. 1937, 35.
12. Sa Conference Report, Abr. 1913, 29.
13. Sa Conference Report, Okt. 1932, 24–25.
14. "The Family Hour," *Improvement Era,* Abr. 1948, 248.
15. "The Family Hour," 201.
16. Sa Conference Report, Abr. 1926, 145–46.



*"Alalahanin ang halimbawa ng Banal na Panginoon, na nagsabi, noong siya ay nakabayubay sa malupit na krus, 'Ama, patawarin mo sila, sapagka't hindi nila nalalaman ang kanilang ginagawa.'"*

# "Kayo ay Kinakailangang Magpatawad"

*Sa pagpapatawad sa iba, pinalalaya natin ang ating sarili sa galit at inihahanda ang ating sarili para sa buhay na walang-hanggan.*

## Mula sa Buhay ni George Albert Smith

Noong 1897, noong binata pa si George Albert Smith, nagpalista siya sa Utah National Guard. Sa paghikayat ng ilan sa kanyang mga kasama, kumandidato si George Albert Smith sa isang katungkulan sa Guard, ngunit ilang linggo bago sumapit ang botohan, ipinagkalat ng isang karibal na guardsman ang maling paratang na nandaya siya. Dahil dito, natalo si Sergeant Smith sa botohan na sa palagay niya ay dapat niyang napanalunan. Ang nagpalala pa sa sitwasyon ay ang taong nagkalat ng maling paratang ay dati niyang kaibigan.

Bagaman pinilit niyang kalimutan ito, nasaktan nang husto si George Albert Smith sa bintang. Nagsimba siya nang sumunod na Linggo, ngunit nadama niya na hindi siya dapat makibahagi ng sakrament. Humingi siya ng tulong sa panalangin at natanto niya na kailangan niyang pagsisihan ang poot na naramdaman niya. Nagdesisyon siyang puntahan ang kanyang kaibigan at makipagbati rito.

Dumiretso si Gorge Albert Smith sa opisina ng lalaki at sinabi rito sa mahinahong tinig, "Brother, patawarin mo sana ako dahil naghihinakit ako sa iyo nitong nakaraang ilang linggo."

Agad lumambot ang puso ng kanyang kaibigan. "Brother Smith, hindi ikaw ang dapat humingi ng tawad," sabi nito. "Ako ang dapat humingi ng tawad sa iyo." Nagkamayan sila, at mula noon ay nanatiling mabuting magkaibigan.[1] [Tingnan sa mungkahi 1 sa pahina 280.]

Pagkaraan ng ilang taon, ginawa ni George Albert Smith na isa sa habambuhay niyang mga mithiin ang pagpapatawad nang isulat niya sa kanyang sariling paniniwala: "Hindi ko sasadyaing saktan ang damdamin ng sinuman, kahit na ang nagkasala sa akin, sa halip ay gagawan ko siya ng mabuti at kakaibiganin."[2]

Isang malapit kay Pangulong Smith ang nakasaksi na ang kakayahan niyang magpatawad ay isa sa kanyang kahanga-hangang katangian: "Tunay ngang pinatawad niya ang lahat ng tao. Alam niya sa buong buhay niya ang utos ng Diyos: Patatawarin ng Diyos ang gusto niyang patawarin. Tayo, kailangan nating patawarin ang lahat ng tao. Magagawa niya iyan, at pagkatapos ay idinudulog niya ang bagay na iyon sa Diyos. At kapag nagpatawad siya, tiyak kong kinalimutan niya ito. Kung ang isang taong nagpatawad ay kayang lumimot, talagang kakaiba ang taong iyon, tunay ngang siya ay isang tao ng Diyos!"[3]

## Mga Turo ni George Albert Smith

### Kung nauunawaan natin ang ebanghelyo ni Jesucristo, mas madali sa atin na patawarin ang iba.

May isang bagay na mapagsisikapan nating paghusayin, at iyan ay, ang disposisyong patawarin ang mga kasalanan ng isa't isa. Ang pagiging mapagpatawad ay isang katangian na kung wala ay hindi natin lubos na matatanggap kailanman ang mga pagpapalang inaasam natin.[4]

Hindi nauunawaan ng mga tao sa mundo . . . ang pakiramdam ng Tagapagligtas noong habang nagdurusa ang kanyang kaluluwa, humagulgol siya sa kanyang Ama sa Langit, hindi para parusahan at lipulin ang mga pumaslang sa kanya, kundi sinabi niya:

". . . Ama, patawarin mo sila; sapagka't hindi nila nalalaman ang kanilang ginagawa." (Lucas 23:34.)

Iyan dapat ang maging damdamin ng lahat ng miyembro ng Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Iyan dapat ang maging damdamin ng lahat ng anak ng Diyos at mangyayari iyon, sa palagay ko, kung lubos nilang nauunawaan ang plano ng kaligtasan. . . . Ang galit at poot sa ating puso ay hindi magdudulot sa atin ng kapayapaan at kaligayahan.[5]

Ang Panginoon ay nagbigay sa atin ng dakilang impormasyon, inihayag sa atin ang Kanyang isipan at kalooban, itinuro sa atin ang mga bagay na hindi alam ng mundo, at, alinsunod sa impormasyong natanggap natin, pinananagot Niya tayo at inaasahang mamuhay nang mas mabuti, mas uliran kaysa mga taong hindi lubos na nakauunawa sa Ebanghelyo na tulad natin. Ang diwa ng pagpapatawad ay isang bagay na makabubuting mas lubos na ipakita ng mga Banal sa mga Huling Araw sa isa't isa. . . . Dapat tayong makarating sa punto na kaya nating patawarin ang ating kapwa.[6] [Tingnan sa mungkahi 2 sa pahina 280.]

---

**Kapag pinatawad natin ang iba, nagpapasalamat tayo sa pagpapatawad sa atin ng Ama sa Langit.**

Kaugnay ng bagay na ito [ng pagpapatawad sa iba], babasahin ko ang ilang talata mula sa ika-labingwalong kabanata ng San Mateo, simula sa ika-dalawampu't isang talata. Tila kasama rito ng mga Apostol ang Panginoon, at nilapitan Siya ni Pedro at sinabi:

"Panginoon, makailang magkakasala ang aking kapatid laban sa akin na siya'y aking patatawarin? hanggang sa makapito?

"Sinabi sa kaniya ni Jesus, Hindi ko sinasabi sa iyo, Hanggang sa makapito, kundi hanggang sa makapitongpung pito." [Mateo 18:21–22.]

Pagkatapos ay nagbigay ang Panginoon ng talinghaga . . . tungkol sa dalawang lalaki. Nagkautang ng malaking halaga ang isa sa mga lalaki sa kanyang panginoon, at pinuntahan niya ito at sinabing hindi niya mababayaran ang kanyang utang, at hiniling na mapatawad siya sa utang. Nahabag ang panginoon ng aliping iyon, at ipinatawad ang utang. Agad lumabas ang lalaking ito na napatawad at nakita ang kapwa niya alipin na may utang sa kanya ng maliit na halaga, at sinabihan itong magbayad. Hindi nabayaran ng kawawang lalaki ang obligasyon, at ito man ay nakiusap na patawarin siya sa pagkakautang. Ngunit hindi siya pinatawad; sa halip ay ipinakulong siya ng taong napatawad ng kanyang panginoon sa pagkakautang. Nang makita ito ng ibang mga kapwa-alipin pinuntahan nila ang panginoon ng lalaki at ipinaalam dito ang nangyari, at nagalit ito at pinagdusa ang taong kanyang pinatawad, hanggang

sa mabayaran niya ang lahat ng kanyang utang. Kulang sa pagmamahal ang kanyang puso para pahalagahan ang awang ipinakita sa kanya, at dahil sa kawalan ng pag-ibig sa kapwa ay nawala sa kanya ang lahat. [Tingnan sa Mateo 18:23–35.]

Kung minsan nagkakaroon tayo ng alitan, at nalilimutan natin ang pagtitiyaga sa atin ng ating Ama sa Langit, at pinalalaki natin ang isang walang-kuwentang bagay na nagawa o nasabi ng ating kapwa tungkol sa atin. Hindi natin laging ipinamumuhay ang batas na iyon na gusto ng Panginoon na sundin natin pagdating sa mga bagay na ito. Nalilimutan natin ang utos na ibinigay niya sa mga Apostol sa mga kataga ng panalangin, kung saan inatasan silang magdasal upang mapatawad ang kanilang mga kasalanan tulad din ng pagpapatawad nila sa mga nagkakautang sa kanila [tingnan sa Mateo 6:12]. Palagay ko kailangan nating matuto pa nang husto tungkol dito. Hindi pa natin ganap na nasusunod gaya ng nararapat ang mga hinihingi ng ating Ama sa Langit.[7] [Tingnan sa mungkahi 3 sa pahina 280.]

---

## Sa pagpiling hindi masaktan, maiaalis natin sa ating puso ang lahat ng hindi magandang pakiramdam.

Tinuruan na tayong mahalin ang ating mga kaaway, at ipagdasal ang mga taong may masamang hangarin sa atin at nagsasalita ng masama laban sa atin [tingnan sa Mateo 5:44]. . . . Kapag kayo ay nilait, huwag na kayong manlait pa. Kapag nagsabi ng masama ang iba tungkol sa inyo, kaawaan sila, at ipagdasal. Alalahanin ang halimbawa ng Banal na Panginoon, na nagsabi, noong siya ay nakabayubay sa malupit na krus, "Ama, patawarin mo sila, sapagka't hindi nila nalalaman ang kanilang ginagawa."[8]

Minsan may isang pinuno ng Simbahan na nakasakit ng damdamin ng isa sa mga miyembro ng Simbahan, nang hindi sinadya, at patuloy na tahimik na nagdamdam ang anak na ito ng ating Ama, sa halip na gawin ang iniutos ng Panginoon, na lapitan ang nakasakit ng kanyang damdamin at sabihin dito, nang mahinahon ang kanyang damdamin, at bigyan ng pagkakataon ang taong iyon na sabihin sa kanyang, "Sori nasaktan kita, at sana ay patawarin mo ako." Dahil diyan, sa ilang pagkakataon, nananatili ang hinanakit



*"Kung mayroon man kayong hindi mapagkasunduan ng inyong kapwa, ayusin ito hangga't maaga, sa ilalim ng impluwensya ng Espiritu ng Panginoon."*

sa puso natin na inudyok ni Satanas.[9] [Tingnan sa mungkahi 4 sa pahina 280.]

Wala tayong hinanakit sa sinuman sa ating kapwa; wala tayong dahilan. Kung hindi nila tayo naunawaan, kung mali ang sinabi nilang sinabi natin, at inusig nila tayo, dapat nating tandaan na bahala ang Panginoon sa kanila. . . . Kaya kapag nakibahagi tayo sa sakrament ng Hapunan ng Panginoon, . . . alisin natin sa ating puso ang lahat ng kawalang-galang sa isa't isa at sa kapwa natin na hindi natin kamiyembro.[10]

---

**Sa pamamagitan ng pagpapatawad sa iba, inihahanda natin ang ating sarili sa kahariang selestiyal.**

Nawa'y mamuhay ang bawat isa sa atin sa paraan na hindi magkakaroon ng kapangyarihan sa atin ang kaaway. Kung may mga alitan man kayo, kung mayroon man kayong hindi mapagkasunduan

ng inyong kapwa, ayusin ito hangga't maaga, sa ilalim ng impluwensya ng Espiritu ng Panginoon, upang pagdating ng panahon kapwa kayo at ang inyong mga inapo na maaaring sumunod sa inyo ay maihanda sa pagtanggap ng pamana sa kahariang selestiyal.[11]

Sa Doktrina at mga Tipan mababasa natin ang isang rreperensya tungkol sa pagpapatawad, kung saan nagbigay ng isang utos ang Panginoon; nakatala ito sa ika-animnapu't apat na bahagi, at patungkol sa atin ngayon. Ganito ang nakasaad:

". . . Katotohanang sinasabi ko sa inyo, ako, ang Panginoon, ay nagpapatawad ng mga kasalanan sa mga yaong umaamin ng kanilang mga kasalanan sa aking harapan at humihingi ng kapatawaran, na hindi nagkasala tungo sa kamatayan.

"Ang aking mga disipulo, noong unang panahon, ay naghangad ng masama laban sa isa't isa at hindi nila pinatawad ang isa't isa sa kanilang mga puso, at dahil sa kasamaang ito sila ay pinahirapan at labis na pinarusahan.

"Dahil dito, sinasabi ko sa inyo, na nararapat ninyong patawarin ang isa't isa; sapagkat siya na hindi nagpapatawad sa kanyang kapatid ng kanyang mga pagkakasala ay nahatulan na sa harapan ng Panginoon; sapagkat mananatili sa kanya ang mas malaking kasalanan."

Ang talatang huling binasa ang bibigyang-diin ko.

"Ako, ang Panginoon, ay magpapatawad sa yaong aking patatawarin, subalit kayo ay kinakailangang magpatawad sa lahat ng tao;

"At nararapat ninyong sabihin sa inyong mga puso, ang Diyos ang hahatol sa akin at sa iyo, at ikaw ay gagantimpalaan alinsunod sa iyong mga gawa." [D at T 64:7–11.]

Kung tayo ay namumuhay sa paraan na, kapag hindi natin makasundo ang ating kapwa, sa halip na husgahan ang iba, ay tapatan at walang pag-aatubili nating maisasamo sa ating Ama sa Langit na, "Panginoon, kayo po ang humatol sa amin ng aking kapatid; alam po ninyo ang nasa puso ko; alam po Ninyo na hindi ako galit sa kanya; tulungan po ninyo kaming magkaunawaan, at bigyan ninyo kami ng talino upang matwid naming mapakitunguhan ang isa't isa," mababawasan ang mga alitan, at magagalak tayo at

pagpapalain! Ngunit, dumarating paminsan-minsan ang mumunting mga alitang nagpapabago sa takbo ng ating pang-araw-araw na buhay, at patuloy tayong nalulungkot dahil pinahahalagahan natin ang maling impluwensya, at wala tayong pag-ibig sa kapwa. . . .

. . . "Ngayon, ako ay nangungusap sa inyo hinggil sa inyong mga mag-anak—kung babagabagin kayo ng mga tao, o ang inyong mag-anak, sa unang pagkakataon, at inyong matiyagang babatahin ito at hindi mag-aalimura laban sa kanila, ni maghangad na makaganti, kayo ay gagantimpalaan;

"Subalit kung hindi ninyo matiyagang babatahin, ito ay ipalalagay gaya ng sukatan sa inyo bilang isang makatarungang panukat sa inyo." [D at T 98:23–24.]

Ito rin ang sinabi ng Panginoon sa atin. Kung namumuhay tayo ayon sa batas na ito, madaragdagan ang ating biyaya at lakas araw-araw, at kakasihan tayo ng ating Ama sa Langit. Lalakas ang pananampalataya sa puso ng ating mga anak. Mamahalin nila tayo dahil sa kabutihan at dangal ng ating buhay, at magagalak sila na isinilang sila sa gayong klaseng mga magulang. Sinasabi ko sa inyo na ang utos na ito ay hindi ibinigay nang walang batayan; sapagkat ipinahayag ng Panginoon na Siya ay hindi nagbibigay ng anumang batas nang walang pagmamahal, kundi bawat batas ay ibinibigay upang ito ay ingatan at ipamuhay ng bawat isa sa atin.

Maikli lamang ang panahong ilalagi natin sa mundo. Ang pinakabata at pinakamalakas sa atin ay naghahanda lamang para sa kabilang-buhay, at bago natin marating ang kaluwalhatian ng ating Ama at matamasa ang mga pagpapalang inaasam nating matanggap sa pamamagitan ng katapatan, kailangan nating ipamuhay ang batas ng pagtitiyaga, at patawarin ang mga nagkakasala sa atin, at alisin sa ating puso ang lahat ng galit sa kanila.

"At muli, kung ang inyong kaaway ay babagabagin kayo sa pangalawang pagkakataon, at hindi ninyo aalimurain ang inyong kaaway, at matiyaga itong babatahin, ang inyong gantimpala ay magiging isandaang ulit.

"At muli, kung babagabagin niya kayo sa pangatlong pagkakataon, at inyo itong matiyagang babatahin, ang inyong gantimpala ay dodoblehin sa inyo ng makaapat na ulit." [D at T 98:25–26.] . . .

Nawa'y manahan sa atin ang Espiritu ng Panginoon, upang mapatawad natin ang lahat ng tao tulad nang utos Niya, patawarin, hindi lamang sa salita kundi sa kaibuturan ng ating puso, ang bawat kasalanang maaaring nagawa laban sa atin. Kung gagawin natin ito habambuhay, mananatili sa ating puso at tahanan ang mga pagpapala ng Panginoon.[12] [Tingnan sa mungkahi 5 sa ibaba.]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

Pag-isipan ang mga ideyang ito habang pinag-aaralan ninyo ang kabanata o naghahanda kayong magturo. Para sa karagdagang tulong, tingnan sa mga pahina v–viii

1. Pag-isipang mabuti ang kuwento sa pahina 273 at basahin ang 3 Nephi 12:22–24. Sa palagay ninyo, bakit hinihingi ng Panginoon na makipagbati tayo sa ating mga kapatid bago tayo lumapit sa Kanya?
2. Sa mga pahina 274–275 ipinaliwanag ni Pangulong Smith na ang ating kaalaman sa plano ng kaligtasan ay dapat makatulong sa atin na maging mas mapagpatawad. Sa palagay ninyo, bakit kaya gayon? Paano tayo "ma[ka]karating sa punto" (pahina 275) na mapapatawad natin ang iba?
3. Habang pinag-aaralan ninyo ang bahaging nagsisimula sa pahina 275, isipin ang isang pagkakataon na pinatawad kayo ng Ama sa Langit. Sa palagay ninyo, bakit hindi tayo nararapat patawarin kung hindi tayo magpapatawad sa iba?
4. Basahin ang huling talata sa pahina 276. Ano ang humahadlang sa atin na makipagbati sa isang pinuno ng Simbahan o ibang tao na sadya o di-sadyang nakasakit sa atin? Ano ang maaari nating gawin upang malampasan ang mga hadlang na ito?
5. Repasuhin ang huling bahagi ng mga turo (sa mga pahina 277–280). Paano tayo inihahanda ng kahandaan nating magpatawad para sa kahariang selestiyal? Sa anong mga paraan pinagpapala ang ating pamilya kapag pinatatawad natin ang iba?

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan:* Mateo 5:23–24, 38–48; 6:12, 14–15; 7:1–5; 18:15; 1 Nephi 7:16–21; Doktrina at mga Tipan 42:88

*Tulong sa pagtuturo:* "Kapag nagtatanong ang isa[ng tao], isiping anyayahan ang iba na sagutin ito sa halip na kayo mismo ang sumagot nito. Halimbawa, maaari ninyong sabihing, 'Iyan ay isang [nakakatuwang] tanong. Ano ang palagay ng iba sa inyo?' o '[May makakasagot ba] sa tanong na ito?'" (*Pagtuturo, Walang Higit na Dakilang Tungkulin,* 79).

## *Mga Tala*

1. Tingnan sa Merlo J. Pusey, "The Inner Strength of a Leader," *Instructor,* Hunyo 1965, 232.
2. "President George Albert Smith's Creed," *Improvement Era,* Abr. 1950, 262.
3. Matthew Cowley, sa Conference Report, Abr. 1951, 167.
4. "The Spirit of Forgiveness," *Improvement Era*, Ago. 1945, 443.
5. Sa Conference Report, Okt. 1945, 169.
6. Sa Conference Report, Okt. 1905, 27.
7. Sa Conference Report, Okt. 1905, 27.
8. Sa Conference Report, Okt. 1904, 65–66.
9. Sa Conference Report, Okt. 1905, 27.
10. Sa Conference Report, Okt. 1906, 50.
11. Mensaheng ibinigay sa Mexican mission conference, Mayo 26, 1946, George Albert Smith Family Papers, University of Utah, box 121, pahina 288.
12. Sa Conference Report, Okt. 1905, 27–28, 30.



*"Ang kapayapaan ay iniiwan ko sa inyo, ang aking kapayapaan ay ibinibigay ko sa inyo: hindi gaya ng ibinibigay ng sanglibutan, ang ibinibigay ko sa inyo. Huwag magulumihanan ang inyong puso, ni matakot man" (Juan 14:27).*

# Mabuting Pamumuhay sa mga Panahong Mapanganib

*Sa pamamagitan ng ating katapatan sa ebanghelyo, maaari tayong maligtas mula sa mga panganib ng ating panahon at maging magandang impluwensya sa mundo.*

## Mula sa Buhay ni George Albert Smith

Ang paglilingkod ni George Albert Smith bilang General Authority ay sumaklaw sa halos unang kalahati ng ika-20 siglo. Sa panahong ito naranasan ng daigdig ang maraming nakapipinsala at napakagulong pangyayari, kabilang na ang Matinding Kahirapan (Great Depression) at dalawang digmaang pandaigdig. Ang mga kalamidad na ito, pati na ang itinuring niyang malawakang pagbagsak ng moralidad sa lipunan, ang nagtulak kay Pangulong Smith na sabihin nang hindi lang minsan, "Nasa mapanganib na kalagayan ang mundong ito."[1] Nakita niya sa mga kaganapan sa mundo ang katuparan ng mga propesiya tungkol sa mga huling araw, at natiyak niya na ang tanging pag-asa para mapayapa ang mundo ay sumunod sa mga batas ng Diyos. Sa kasukdulan ng Unang Digmaang Pandaigdig, nagbabala siya, "Hindi titigil ang digmaan at hindi magwawakas ang alitan sa mundong ito hangga't hindi pinagsisisihan ng mga anak ng tao ang kanilang mga kasalanan at bumaling sa Diyos at maglingkod sa kanya at sumunod sa kanyang mga utos."[2]

Sa gitna ng mahihirap na panahong ito, nakita ni Pangulong Smith na maraming tao ang pinanghinaan ng loob. Inireport niya na, "Pribilehiyo kong makapunta sa iba't ibang bahagi ng [Estados Unidos] at bihirang makakita ng mga taong maganda ang pananaw, dahil sa mga sitwasyong tila hindi natin mapigilan."[3] Bagama't

tinatanggap niya na ang digmaan, mga pinsalang dulot ng kalikasan, at espirituwal na panganib ay bahagi ng buhay sa mga huling araw, itinuro ni Pangulong Smith sa mga Banal na matatakasan nila ang karamihan sa pagdurusa sa mapanganib na mga panahong ito sa pamamagitan ng pamumuhay ayon sa ebanghelyo at paglaban sa tukso.

Lubos din siyang naniniwala na maaaring magkaroon ng mabuting impluwensya ang matwid na mga Banal sa mga Huling Araw sa kanilang kapaligiran. Itinuro niya na hindi dapat basta tanggapin ng mga Banal ang kalagayan ng mundo kundi dapat silang manatiling aktibo sa kanilang komunidad at sikapin nilang ipadama ang kanilang impluwensya, sa kabila ng anumang oposisyong makakaharap nila. "Lahat tayo ay may obligasyong gawing mas masayang lugar ang mundong ito dahil nakatira tayo rito," sabi niya.[4]

Nagbahagi ng karanasan si Sister Belle S. Spafford, pangkalahatang pangulo ng Relief Society, kung saan itinuro sa kanya ni Pangulong Smith ang alituntuning ito. Matapos siyang tawagin sa katungkulan, ipinaalam kay Sister Spafford na may pulong na gaganapin sa New York City ang National Council of Women. Matagal nang miyembro ng kapulungang iyon ang Relief Society, ngunit kamakailan ay kinalaban ng ilang miyembro ng kapulungan ang Simbahan at ipinahiya ang mga delegadong Banal sa mga Huling Araw sa mga pulong nila. Dahil dito, naisip ni Sister Spafford at ng kanyang mga tagapayo na dapat nang wakasan ng Relief Society ang pagiging miyembro nito sa kapulungan, at nagplano sila ng rekomendasyong nagpahayag ng kanilang mga pananaw. Ginunita ni Sister Spafford kalaunan:

"Sa pakikipagkita isang umaga, mag-isa akong nagpunta kay Pangulong George Albert Smith, dala ang rekomendasyon, kasama ang isang listahan ng mga dahilan kung bakit ginawa ang rekomendasyon. Binasang mabuti ng Pangulo ang nakamakinilyang materyal. Pagkatapos ay itinanong niya, 'Hindi ba ito ang organisasyong sinalihan ng kababaihan bago natapos ang siglo?'

"Sabi ko'y, 'Opo.'

"Sabi niya, 'Tama ba ang pagkaintindi ko na gusto na ninyong wakasan ang pagiging miyembro ninyo?'

"Sabi ko'y, 'Opo.' At idinagdag ko pa, 'Alam po ninyo, Pangulong Smith, wala kaming napapala sa Council.'

"Gulat na tiningnan ako ng Pangulo. Sabi niya, 'Sister Spafford, ang lagi bang nasa isip ninyo ay kung ano ang makukuha o mapapala ninyo? Hindi ba mas makabubuting isipin kung minsan kung ano ang maibibigay ninyo? Naniniwala ako,' pagpapatuloy niya, 'na ang mga babaeng Mormon ay may maibibigay sa kababaihan ng mundo, at may matututuhan din sila mula sa kanila. Sa halip na wakasan ang inyong pagiging miyembro, iminumungkahi ko na isama mo ang pinakamagagaling ninyong board member at bumalik sa pulong na ito.'

"Pagkatapos ay mariin niyang sinabi, 'Ipadama ninyo ang inyong impluwensya.'"[5]

Sinunod ni Sister Spafford ang payong ito at kalaunan ay hinirang siya sa mga katungkulan sa pamunuan sa National Council of Women, at kalaunan pa ay nahalal na pangulo nito. [Tingnan ang mungkahi 1 sa pahina 292.]

## Mga Turo ni George Albert Smith

### Ipinropesiya na magkakaroon ng matitinding kahirapan sa mga huling araw.

Sinabihan tayo na sa mga huling araw ay magkakaroon ng matitinding kahirapan. . . . Hindi lamang tayo binalaan sa mga banal na kasulatang ibinigay sa panahon ng Tagapagligtas at bago siya naparito, at ng mga ibinigay pagkatapos niyang umakyat sa langit, kundi sa sarili nating panahon ay nangusap ang Panginoon at ang paghahayag ng ating Ama sa Langit ay matatagpuan sa Doktrina at mga Tipan. Kung babasahin natin ang mga paghahayag na ito malalaman natin na ibinadya o ipinropesiya ang mga karanasang pinagdaraanan natin. . . .

. . . Inihahatid sa atin ng pang-araw-araw na pahayagan ang mga balita ng kapinsalaan sa lahat ng dako—maunos ang dagat at maraming namatay dito, mga lindol, malalaking buhawi, tulad ng sinabi sa atin na magaganap sa mga huling araw—at sa tingin ko, mga kapatid, kung seryosong nag-iisip ang mga tao, kung nagbabasa sila

ng mga banal na kasulatan, dapat ay alam nila na nagaganap na ang mga sinabi ng Panginoon na mangyayari sa mga huling araw. Umuusbong nga ang mga dahon ng puno ng igos [tingnan sa Joseph Smith—Mateo 1:38–39], at yaong mga nag-iisip ay malalaman na malapit na ang tag-araw, na ang mga bagay na iyon na ibinadya ng Panginoon na darating bago ang kanyang ikalawang pagparito ay nangyayari na ngayon.[6]

Nanganganib pa rin tayo. Kailangang linisin ang mundong ito maliban kung pagsisisihan ng mga anak ng ating Ama sa Langit ang kanilang mga kasalanan at babaling sa kanya. At nangangahulugan iyan na ang mga Banal sa mga Huling Araw, o tayong mga miyembro ng Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, ang dapat manguna sa pagpapakita ng halimbawa.[7] [Tingnan ang mungkahi 2 sa pahina 292.]

## Ang tanging daan tungo sa kapayapaan ay ang ebanghelyo ni Jesucristo.

Iisa lang ang remedyo o lunas sa problema ng sansinukob—isang lunas para sa sakit ng mundo. Iyan ay ang ebanghelyo ni Jesucristo; ang perpektong batas ng buhay at kalayaan, na muling naipanumbalik bilang katuparan ng mga Banal na Kasulatan.[8]

"Ang kapayapaan ay iniiwan ko sa inyo, ang aking kapayapaan ay ibinibigay ko sa inyo: hindi gaya ng ibinibigay ng sanglibutan, ang ibinibigay ko sa inyo. Huwag magulumihanan ang inyong puso, ni matakot man." (Juan 14:27.)

Ito ang nakapapanatag na mga salita ng Pangulo ng Kapayapaan sa kanyang matatapat na disipulo. Tiyak na walang higit na kailangan ang mga tao kundi mga pagpapala ng kapayapaan at kaligayahan at mga pusong walang pinangangambahan. At ibinibigay ito [sa] ating lahat kung makikibahagi lamang tayo rito.

Nang ipanumbalik ang ebanghelyo sa lupa sa dispensasyong ito, inulit ng Panginoon ang kanyang sinabi nang napakaraming beses sa Lumang Tipan at Bagong Tipan, na ang kapalit ng kapayapaan at kaligayahan ay kabutihan. Sa kabila ng kaalamang ito, tila maraming nag-iisip na magkakaroon tayo ng kaligayahan sa iba pang paraan, ngunit dapat alam na nating lahat sa oras na ito na wala nang ibang

paraan. Subalit sa kanyang katusuhan nakumbinsi ni Satanas ang karamihan sa sangkatauhan na huwag tahakin ang landas na hahantong sa tiyak na kaligayahan, at patuloy pa rin niyang ginagawa ito. Ang kaaway ng kabutihan ay hindi natutulog kailanman.

Ngunit sa pagsunod sa mga turo ng Panginoon, sa pagbaling sa kanya at pagsisisi ng kasalanan, sa paggawa ng kabutihan, maaari tayong magkaroon ng kapayapaan at kaligayahan at kaunlaran. Kung magmamahalan ang sangkatauhan, mapapawi ang poot at kalupitang umiral nang matindi sa mundo.[9]

Sa mga panahong ito ng kawalang-katiyakan na ang mga tao ay paroo't parito sa paghahanap ng bagong planong maghahatid ng kapayapaan sa mundo, alamin ito: na ang tanging daan tungo sa kapayapaan sa mundong ito ay ang landas ng Ebanghelyo ni Jesucristo na ating Panginoon. Wala nang iba pa. . . . Ang pagkakaroon ng kaalaman ng katotohanan ay katumbas ng lahat ng yaman sa mundo, ang kaalaman na tayo ay nasa ligtas na daan kapag tayo ay nasa landas ng tungkulin ayon sa itinakda ng ating Ama sa Langit, at malaman na maaari tayong magpatuloy roon kung gusto natin, anuman ang mga impluwensya at panghihikayat ng mga hindi hinirang na maging mga pinuno natin, ay pagpapalang walang-kapantay.[10]

Nabubuhay tayo sa panahon na ang banal na kasulatan ay natutupad sa mga bansa kung saan sinabi ng Panginoon sa pamamagitan ng isa sa kanyang mga propeta, na sa mga huling araw, ". . . ang karunungan ng kanilang mga pantas ay mapapawi, at ang unawa ng kanilang mga mabait ay malilingid." (Isaias 29:14.) Taglay ang lahat ng karunungan ng mundo, wala pang grupo hanggang ngayon na nakapagturo ng daan tungo sa kapayapaan nang may katiyakan na iyon nga ang daan. Mapalad tayong . . . malaman na may daan tungo sa kapayapaan na tanging magbubunga ng maganda, at ang daang iyan ay ang sundin ang mga utos ng Diyos ayon sa inihayag sa mga anak ng tao noong una at sa ating panahon. Kung tatahakin ang daang iyan, lahat ng problemang napakabigat sa mundo ay malulutas, at darating ang kapayapaan sa malungkot na daigdig na ito.[11]

Bagama't ang mundo ay puno ng panganib, at nagdidilim ang kalangitan, at matatalim ang pagkidlat, at malawakan ang paglindol, kung alam natin na ang Diyos ay buhay, at ang ating buhay

ay matwid, liligaya tayo, magkakaroon ng kapayapaang hindi mailarawan dahil alam natin na sang-ayon ang ating Ama [sa] ating pamumuhay.[12] [Tingnan ang mungkahi 3 sa pahina 292.]

## Hindi tayo kailangang matakot kung ginagawa natin ang ipinagagagawa ng Panginoon.

Hindi tayo kailangang matakot kung ginagawa natin ang ipinagagagawa ng Panginoon. Ito ay Kanyang mundo. Lahat ng lalaki at babae ay sakop Niya. Lahat ng kapangyarihan ng kasamaan ay pipigilin alang-alang sa Kanyang mga tao, kung igagalang nila Siya at susundin ang Kanyang mga utos.[13]

Kung may tiwala tayo sa ating Ama sa Langit, kung nasa atin ang Kanyang pagmamahal, kung tayo ay karapat-dapat sa Kanyang mga pagpapala, hindi tayo malilipol ng lahat ng hukbo ng mundo, hindi masisira ang ating pananampalataya, at hindi madaraig ang Simbahang ipinangalan sa Anak ng Diyos.

Basahin sa ikalabinsiyam na kabanata ng II Mga Hari kung paano hinangad ni Sennacherib na hari ng Asiria na ibagsak ang Jerusalem. Si Ezechias, ang haring kumatawan sa Israel, ay nagsumamo sa Panginoon na iligtas sila habang kinukutya siya ni Sennacherib, na nagsasabing, "Huwag mong akalain na tutulungan ka ng pagdarasal sa iyong Diyos. Sa lahat ng lugar na napuntahan ko at nasakop, nangagdarasal sila. Wala kayong laban," at kinabukasan ay natagpuang patay ang malaking bahagi ng hukbo ng Asiria, at iniligtas ng Panginoon ang Jerusalem. [Tingnan sa II Mga Hari 19:10–20, 35.] Siya ang ating lakas, . . . ang Ama natin, ang Ama ng lahat; kung tayo lamang ay magiging karapat-dapat ililigtas Niya tayo tulad ng ginawa Niya sa mga anak ni Helaman [tingnan sa Alma 57:24–27], at tulad ng pagliligtas Niya kay Daniel mula sa mga leon [tingnan sa Daniel 6], at sa tatlong batang Hebreo mula sa nagniningas na hurno [tingnan sa Daniel 3], at sa anim na raang libong inapo ni Abraham nang ilabas niya ang mga ito mula sa Egipto sa pamumuno ni Moises at nilunod ang hukbo ni Faraon sa Dagat na Mapula [tingnan sa Exodo 14:21–30]. Siya ang Diyos ng sansinukob na ito. Siya ang Ama nating lahat. Siya ay lubos na makapangyarihan at nangangako Siya na pangangalagaan tayo kung mamumuhay tayo nang marapat para dito.[14]



*"Panatilihin ang espiritu ng Panginoon sa inyong tahanan; gawin itong mga banal na lugar."*

Anumang paghihirap ang dumating, sino man ang nasa digmaan, anuman ang mangyari sa mundo, dito sa Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, saanman tayo naroon na gumagalang at sumusunod sa mga utos ng Diyos, ay magkakaroon ng proteksyon mula sa mga kapangyarihan ng kasamaan, at ang mga lalaki't babae ay tutulutang mabuhay sa daigdig hanggang sa magwakas ang kanilang buhay sa karangalan at kaluwalhatian kung susundin nila ang mga utos ng ating Ama sa Langit.[15] [Tingnan ang mungkahi 4 sa pahina 292.]

**Ang ating mga tahanan ay maaaring maging payapa at banal na mga lugar sa gitna ng mga kalamidad.**

Palagay ko sa panganib sa lahat ng dako, sa ipinropesiya ng Panginoon sa unang Bahagi ng Doktrina at mga Tipan, na "ang kapayapaan ay aalisin sa mundo," [D at T 1:35] dapat nating madama na dumating na ang panahong ito. Tunay ngang dapat nating suriin

ang ating sarili, at ang ating tahanan ay dapat manatiling lugar ng panalangin at pagtanaw ng utang-na-loob at pasasalamat. Ang mga lalaki ay dapat maging mabait sa kanilang asawa, at ang mga babae ay dapat maging maunawain sa kanilang asawa. Ang mga magulang ay dapat maging marapat sa pagmamahal ng kanilang mga anak sa pamamagitan ng matwid na pamumuhay. Ang ating tahanan kung gayon ay hindi lamang mananatiling lugar ng panalangin at pasasalamat, kundi lugar kung saan ipagkakaloob ng ating Ama ang Kanyang pinakamaiinam na pagpapala, dahil sa ating pagkamarapat.[16]

Dalangin ko na ang ating tahanan ay mapabanal ng kabutihan ng ating buhay, upang ang kaaway ay mawalan ng kapangyarihang pumasok doon at wasakin ang mga anak sa ating tahanan o ang mga nakatira sa ating tahanan. Kung igagalang natin ang Diyos at susundin ang kanyang mga utos, magiging sagrado ang ating tahanan, mawawalan ng impluwensya ang kaaway, at mabubuhay tayo sa kaligayahan at kapayapaan hanggang sa pagtatapos ng mortalidad at hahayo tayo upang tanggapin ang ating gantimpala sa imortalidad.[17]

Iayon ang inyong buhay sa mga turo ng ebanghelyo ni Jesucristo at kapag nagbanta ang mga kalamidad madarama ninyo ang pagalalay ng kanyang makapangyarihang bisig. Panatilihin ang espiritu ng Panginoon sa inyong tahanan; gawin itong mga banal na lugar, kung saan hindi makapapasok ang kaaway; pakinggan ang marahan at banayad na tinig na humihikayat sa inyo na gumawa ng kabutihan. Dalangin ko para sa inyong lahat na hindi kayo mawala sa landas tungo sa kaalaman at kapangyarihan ng Diyos, ang pamana ng matatapat, maging sa buhay na walang-hanggan.[18]

Dalangin ko na manatili sa ating puso at sa ating tahanan ang diwa ng pagmamahal, pagtitiis, kabaitan, pag-ibig sa kapwa, pagtulong na nagpapasigla ng ating buhay at dahil diyan ang mundo ay mas napaniningning at napabubuti.[19] [Tingnan ang mungkahi 5 sa pahina 292.]

---

**Maaari tayong maging mabuting impluwensya sa mundo.**

Sumasamo ako sa inyo, . . . maging mga angkla sa komunidad na kinaroroonan ninyo nang mapalapit sa inyo ang iba at makadama

sila ng seguridad. Hayaang magliwanag nang gayon ang inyong ilaw upang ang iba na nakakakita ng inyong mabubuting gawa ay magkaroon ng hangarin sa kanilang puso na tularan kayo.[20]

Tungkulin nating magpakita ng halimbawa; tungkulin nating itaas ang bandila ng katotohanan. Tungkulin nating hikayatin ang ibang mga anak ng ating Ama na makinig sa kanyang turo at payo at baguhin ang mga bagay-bagay para saanman tayo naroon ay matagpuan natin ang espiritu ng Diyos na nagniningas sa ating kaluluwa at ang ating impluwensya ay maging para sa kabutihan.[21]

Hindi nag-utos ang Panginoon ng anumang bagay na imposible. Sa kabilang banda, binigyan niya tayo ng mga utos at turo at payo kaya posibleng makasunod tayong lahat sa panahong ito na tayo ay nabubuhay. . . .

. . . Mga kapatid, dapat tayong maging matapat. Ang lupaing tinitirhan natin ay dapat mapabanal ng ating mabuting pamumuhay. . . . Ang kailangan lang natin ay pagsisihan ang ating mga kasalanan, talikuran ang ating mga kamalian, linisin ang ating maruming buhay, at maglibot na gumagawa ng kabutihan. Hindi kinakailangang italaga tayo para sa layuning iyan. Bawat lalaki, babae at bata sa Simbahan ni Jesucristo ay maaaring maglibot na gumagawa ng kabutihan at matanggap ang pagpapalang bunga niyon. [Tingnan ang mungkahi 6 sa pahina 292.]

. . . Simulan natin ang gawaing ipinagkatiwala niya sa atin, tulungan natin ang mga anak ng ating Ama saanman sila naroon, at ang ating buhay ay uunlad at ang mundong ito ay magiging mas masaya. Ito ang misyong iniatang sa ating mga balikat. Mananagot tayo sa ating Ama sa Langit sa pamamaraan ng pagsasakatuparan natin nito. Nawa'y loobin ng Diyos na sa kapakumbabaan ng ating kaluluwa ay maglibot tayo na may hangarin sa puso na gumawa ng mabuti sa lahat ng tao saanman sila naroon, at maghatid sa kanila ng galak na darating lamang sa pamamagitan ng pagsunod sa kanyang mga batas at mga utos. Nawa'y manatili ang kapayapaan sa ating puso at tahanan, na mabanaag sa atin ang liwanag at galak saanman tayo magtungo, na mapatunayan natin sa mundo na talagang alam natin na ang Diyos ay buhay, sa pamamagitan ng ating pamumuhay, at matanggap ang kanyang mga pagpapala dahil dito, ang mapagpakumbaba kong dalangin.[22]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

Pag-isipan ang mga ideyang ito sa pag-aaral ninyo ng kabanata o paghahandang magturo. Para sa karagdagang tulong, tingnan ang mga pahina v–viii.

1. Basahin ang kuwento tungkol kay Belle S. Spafford na tumatanggap ng payo mula kay Pangulong Smith (mga pahina 284–285). Sa anong mga paraan ninyo "maipadarama ang inyong impluwensya"?
2. Sa unang bahagi ng mga turo (pahina 285), ikinuwento ni Pangulong Smith ang mga paghihirap na ipinropesiyang darating bago ang Ikalawang Pagparito (tingnan din sa II Kay Timoteo 3:1–7; D at T 45:26–35). Sa inyong palagay, bakit mahalagang malaman na ipinropesiya sa mga banal na kasulatan ang mga paghihirap na ito?
3. Rebyuhin ang bahaging nagsisimula sa bandang ilalim ng pahina 286. Ano ang ilan sa mga problema sa mundo na malulutas ng pagsunod sa ipinanumbalik na ebanghelyo ni Jesucristo? Paano naghatid ng kapayapaan ang ebanghelyo sa inyong personal na buhay? sa inyong pamilya? sa inyong pakikipag-ugnayan sa iba?
4. Sa mga pahina 288–289 nagbigay ng mga halimbawa si Pangulong Smith mula sa mga banal na kasulatan tungkol sa pagprotekta ng Panginoon sa Kanyang mga tao. Sa anong mga paraan Niya kayo naprotektahan at ang inyong pamilya? Paano tayo natutulungan ng pagsunod na madaig ang takot o pangamba?
5. Ano ang ilan sa mga panganib na nagbabanta sa espirituwal na kaligtasan ng ating tahanan ngayon? Ano ang magagawa natin para ang ating tahanan ay maging "mga banal na lugar, kung saan hindi makapapasok ang kaaway"? (Para sa ilang ideya, rebyuhin ang bahaging nagsisimula sa pahina 289.)
6. Basahin ang unang talata sa pahina 290 at ang ikatlong talata sa pahina 291. Paano naging katulad ng "mga angkla" sa kanilang komunidad ang matatapat na Banal sa mga Huling Araw? Bakit natin mas magagawang "maglibot na gumagawa

ng kabutihan" kapag "[malinis na ang] marumi nating buhay"? Mapanalanging pag-isipan ang dapat ninyong gawin para malinis ang karumihan ng inyong sariling buhay.

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan:* Isaias 54:13–17; Mateo 5:13–16; Juan 16:33; 2 Nephi 14:5–6; Doktrina at mga Tipan 87:6–8; 97:24–25; Joseph Smith—Mateo 1:22–23, 29–30

*Tulong sa pagtuturo:* Pag-isipan na anyayahan ang mga miyembro ng klase na basahin ang mga panimula sa "Mga Turo ni George Albert Smith" at piliin ang bahaging makabuluhan sa kanila o sa kanilang pamilya. Anyayahan silang pag-aralan ang mga turo ni Pangulong Smith sa bahaging iyon, kabilang na ang anumang kaukulang mga tanong sa dulo ng kabanata. Pagkatapos ay ipabahagi sa mga miyembro ng klase ang natutuhan nila.

## *Mga Tala*

1. Sa Conference Report, Abr. 1948, 162.
2. Sa Conference Report, Abr. 1918, 41.
3. Sa Conference Report, Abr. 1932, 41.
4. "Some Thoughts on War, and Sorrow, and Peace," *Improvement Era,* Set. 1945, 501.
5. Belle S. Spafford, *A Woman's Reach* (1974), 96–97.
6. Sa Conference Report, Abr. 1932, 42–44.
7. Sa Conference Report, Okt. 1946, 153.
8. "New Year's Greeting," *Millennial Star,* Ene. 1, 1920, 2.
9. "At This Season," *Improvement Era,* Dis. 1949, 801.
10. Sa Conference Report, Okt. 1937, 53.
11. Sa Conference Report, Abr. 1946, 4.
12. Sa Conference Report, Okt. 1915, 28.
13. Sa Conference Report, Abr. 1942, 15.
14. Sa Conference Report, Abr. 1943, 92.
15. Sa Conference Report, Abr. 1942, 15.
16. Sa Conference Report, Abr. 1941, 27.
17. Sa Conference Report, Okt. 1946, 8.
18. "New Year's Greeting," *Millennial Star,* Ene. 6, 1921, 3.
19. Sa Conference Report, Okt. 1946, 7.
20. Sa Conference Report, Okt. 1945, 117–18.
21. Sa Conference Report, Okt. 1947, 166.
22. Sa Conference Report, Abr. 1932, 43–45.

# Listahan ng mga Larawan

Pabalat: *George Albert Smith,* ni Lee Greene Richards, © IRI.

Pahina 4: *Ang Sermon sa Bundok,* ni Carl Heinrich Bloch, ginamit nang may pahintulot ng National Historic Museum at Frederiksborg sa Hillerød, Denmark.

Pahina 12: *Pinagagaling ni Cristo ang Lalaking Bulag,* ni Del Parson, © 1983 IRI.

Pahina 22: *Imahe ni Cristo,* ni Heinrich Hofmann, sa kagandahang-loob ng C. Harrison Conroy Co., Inc.

Pahina 27: *Masdan ang Aking mga Kamay at Paa,* ni Harry Anderson, © IRI.

Pahina 29: *Masdan ang Inyong mga Musmos,* ni Robert T. Barrett, © 1996 IRI.

Pahina 41: *Unang Pangitain ni Joseph Smith,* © 1988 Greg K. Olsen, bawal kopyahin.

Pahina 44: *Joseph Smith,* sa kagandahang-loob ng Community of Christ Archives, Independence, Missouri.

Pahina 54: *Ipinanumbalik ang Melchizedek Priesthood,* ni Walter Rane, © 2010 IRI.

Pahina 62: Larawan sa kagandahang-loob ng Church History Library and Archives.

Pahina 68: *Nagkakaisa sa Harap ng Diyos,* ni Joseph Brickey, © 2010 IRI.

Pahina 71: Larawan © 2000 Steve Bunderson.

Pahina 74: Larawan © 2006 Robert Casey.

Pahina 82: *Sinabi ni Jesus sa Kaniya, "Maria,"* ni William Whitaker, © 1999 IRI.

Pahina 140: *Magsiyaon nga Kayo, at Turuan ang Lahat ng mga Bansa,* ni Harry Anderson, © IRI.

Pahina 170: Larawan © 2000 Steve Bunderson.

Pahina 198: *Nakipagtalo si Elias sa mga Saserdote ni Baal,* ni Jerry Harston, © 1978 IRI.

Pahina 202: *Hinati ni Moises ang Dagat na Pula,* ni Robert Barrett, © 1983 IRI.

Pahina 204: *Ang Pagdating ni Brigham Young,* © 1986 VaLoy Eaton, sa kagandahang-loob ng Zions Bank, bawal kopyahin.

Pahina 212: *Si Cristo at ang Mayamang Batang Pinuno,* ni Heinrich Hofmann, sa kagandahang-loob ng C. Harrison Conroy Co., Inc.

Pahina 224: *Tinatanggihan ni Daniel ang Karne at Alak ng Hari,* ni Del Parson, © 1983 IRI.

Pahina 248: *Lemonada sa Maalinsangang Araw,* ni Michael Malm, © 2010 IRI.

Pahina 272: *Ang Pagpapako sa Krus,* ni Harry Anderson, © IRI.

Pahina 282: *Ang Kapayapaan ay Iniiwan Ko sa Inyo,* © 2004 Walter Rane, sa kagandahang-loob ng Church History Museum.

# Indeks


**A**

Aaronic Priesthood. *Tingnan sa* Priesthood

Aklat ni Mormon
- ibinahagi ni George Albert Smith, sa iba, xxiv, xxxviii
- patotoo tungkol kay Jesucristo, 28–29
- *Tingnan din sa* Banal na Kasulatan, mga

Ama, mga
- dapat ihanda ang kanilang mga anak sa pagtanggap ng priesthood, 51
- *Tingnan din sa* Magulang, mga

Ama sa Langit. *Tingnan sa* Diyos Ama

Apostasiya
- ibinalik ng Ama sa Langit ang ebanghelyo bilang sagot sa, 45
- nawala ang awtoridad ng priesthood noong, 52
- sa kalagitnaan ng panahon, 52

Araw ng Sabbath
- paggalang sa, nagdudulot ng kaligayahan, 187–89
- pagsisimba sa, 190

**B**

Banal na Kasulatan, mga
- basahin, bilang isang pamilya, 119–21
- mas mahalaga kaysa mga pilosopiya ng tao, 115–16
- tinutulungan tayong maghanda para sa kahariang selestiyal, 117–18
- tinutulungan tayong malampasan ang mga pagsubok, 117–18

Biblia
- patotoo tungkol kay Jesucristo, 26–28
- *Tingnan din sa* Banal na Kasulatan, Mga

Binyag
- ni Jesucristo, 26

Buhay
- ay walang-hanggan, 76–77
- layunin ng, 77–81

Buhay Bago Isilang, 76, 77–79

Buhay na walang-hanggan
- layunin ng mortalidad ay maghanda para sa, 77–78

Burol ng Cumorah, xxxi

**D**

Daniel
- pananampalataya ni, 201–203
- sinunod ang batas ng Panginoon ukol sa kalusugan noong kanyang panahon, 223–25

Diyablo. *Tingnan sa* Kaaway

Diyos Ama
- lahat ng lalaki at babae ay mga anak ng, 14–15
- maaari tayong maging katulad, 78
- mayroong katawan, 43–45
- nagbibigay ng mga kautusan dahil mahal Niya tayo, 214–15
- nakikipag-usap sa tao, 126–28

**E**

Ebanghelyo ni Jesucristo
dapat gawin tayong mas mabuting tao, 8–9
kailangan ng daigdig, 137–38
nagdudulot ng kaligayahan, 32, 44–45, 83–84
tanging landas tungo sa kapayapaan, 286–88
tinuturuan tayong mahalin ang isa't isa, 15–16

Elijah
ipinanumbalik ang mga susi ng gawain para sa mga patay, 89, 90
pananampalataya ni, 203

Espiritu Santo
ginagabayan tayo tungo sa kaligtasan at kadakilaan, 131–33
kailangan sa pagbabahagi ng ebanghelyo, 169–71
pinagmumulan ng patotoo, 31, 130–31, 170–71

**F**

Family history
tulong mula sa Panginoon sa pagsasaliksik, 96–99
*Tingnan din sa* Templo at gawain sa templo, mga

Family home evening, 267–68

Farr, Lorin (lolo), xiii

**G**

Gawaing misyonero. *Tingnan sa* Pagbabahagi ng Ebanghelyo

**H**

Halimbawa
ng mga magulang, 231–32, 264–65
sa pagbabahagi ng ebanghelyo, 153–54
sa pamamagitan ng ating, maaari tayong maging positibong impluwensya, 290–91

Home teacher, mga
alaala ni George Albert Smith, 51–52

Huling araw, mga
matitinding kahirapan ang ipinropesiya sa, 285–86

**I**

Ikapu
sa pamamagitan ng, makatutulong tayo sa gawain ng Simbahan, 241–243

Ina, mga
kabaitan at pagkahabag ng, 254–55
*Tingnan din sa* Magulang, mga

**J**

Jesucristo
Anak ng Diyos, 24–26
ating patotoo kay, 23–33
binyag ni, 26
buhay ngayon, 26
ibinigay ang priesthood sa Kanyang mga Apostol, 52–53
Pagkabuhay na Mag-uli ni, 26–27
pagpapakita ni, kay Joseph Smith, 29–30
pagpapakita ni, sa mga Nephita, 28–29
patotoo tungkol kay, sa Aklat ni Mormon, 28–29
patotoo tungkol kay, sa Biblia, 26–27
pinatawad ang mga nagpako sa Kanya sa krus, 274

**K**

Kaaway
maaari nating mapaglabanan o madaig, 219–221
sinisikap tayong iligaw, 215–19

Kabaitan
dapat tayong maging mga halimbawa ng, 251

makapagpapalambot ng mga puso, 247, 252
nagmumula sa Espiritu ng Panginoon, 249–51
sa ating mga tahanan, 253–55
*Tingnan din sa* Pag-ibig, pagmamahal

Kaisipan, mga
tayo ay produkto ng ating, xvi

Kamatayan
tinutulungan tayo ng ebanghelyo na maunawaan, 75–77, 83–85

Kapayapaan
sa pamamagitan ng ebanghelyo ni Jesucristo, 285–88

Katungkulan, mga
responsibilidad ng mga miyembro na gampanan, 177–80

Kautusan, mga
ang kaligtasan ay nagmumula sa pagsunod, 288–89
binibigyan tayo ng Diyos, dahil mahal Niya tayo, 214–15
pinananatili tayo sa panig ng Panginoon, 213

**L**

Lider o pinuno ng Simbahan, mga
ay pinili ng Panginoon, 64–66
ginagabayan ng Panginoon ang Kanyang mga tao sa, 66–67, 128–29
hindi tayo dapat mamintas, 69–70
kaligtasan sa pagsunod, 66
*Tingnan din sa* Pangulo ng Simbahan

**M**

Magulang, mga
dapat maging mapagmahal at mabait sa mga anak, 253–55, 266
halimbawa ng, 231–32, 264–65
responsibilidad ng, na ituro sa mga anak ang ebanghelyo, 260–64
*Tingnan din sa* Pamilya

Melchizedek Priesthood. *Tingnan sa* Priesthood

Moises
mga bisig ni, itinaas nina Aaron at Hur, 67
pananampalataya ni, 201

**N**

Noe
iilan lang ang nakinig sa mga babala ni, 75
pananampalataya ni, 201

**O**

Oposisyon
hindi makahahadlang sa pag-unlad ng Simbahan, 180–82

Ordenansa, mga
kailangan para sa kaligtasan, 56
para sa mga patay, 91–96

**P**

Pagbabahagi ng ebanghelyo
ating responsibilidad, 32, 141, 142–44, 151–52
gantimpala para sa, 144–46
kahalagahan ng Espiritu Santo sa, 169–71
kahalagahan ng halimbawa sa, 153–54
kailangan sa, 137–40
may pagmamahal at kabaitan, 164–66
nakadaragdag sa kaligayahan at kabutihan ng iba, 163–64, 167–69
paraan upang makabahagi sa, mga, 155–59
sigasig at katapatan sa, 140–42, 166–67

Pagbabayad-sala. *Tingnan sa* Jesucristo; Pagkabuhay na Mag-uli

Paggawa, 239–40

Paghahanda
  para sa buhay na walang-hanggan, 6–8, 77–79, 117–18, 277–80
  para sa paglilingkod ng misyonero, 155–57, 157–58
  sa mga emergency, 237–39

Paghahayag
  kailangan ngayon, 126–28
  pansarili, 126, 130–32
  sa propeta, 125, 126–30

Pag-ibig, pagmamahal
  ipakita, sa pagtulong sa kapwa, 17–18
  makahihikayat sa mga tao na gawin ang tama, 18, 165, 252
  nagdudulot ng tunay na kaligayahan, 18–19
  pagkakataong ipakita, 17
  sa pagbabahagi ng ebanghelyo, 164–65
  utos na, 17–18
  *Tingnan din sa* Kabaitan

Pag-ibig sa Kapwa-Tao. *Tingnan sa* Pag-ibig, pagmamahal

Pag-iimbak ng pagkain
  dahil dito ay natulungan ng Simbahan ang mga nangangailangan, 235–36
  inihahanda tayo para sa panahon ng kagipitan, 237–39

Pag-iimbot
  babala laban sa, 240

Pagkabuhay na Mag-uli, 26–28, 81–83

Paglilingkod
  kaligayahan sa pamamagitan ng, 18–19
  makababawas sa pagdurusa, 243–45
  sa mga nagdusa pagkatapos ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig, 235
  sa Simbahan, 177–80

Pagpapatawad sa iba
  ang dapat maging damdamin ng mga miyembro ng Simbahan, 274
  nagpapakita ng ating pasasalamat sa pagpapatawad ng Diyos, 275–76
  tinutulungan tayong maghanda para sa kahariang selestiyal, 277–80

Pagsang-ayon sa mga lider o pinuno ng Simbahan, 63–72

Pagsunod. *Tingnan sa* Kautusan, mga

Pamilya
  ang dasal ay nagdudulot ng pagkakaisa sa, 109
  kabaitan sa, 253–55
  mas mahalaga kaysa makamundong mga bagay, 81
  pag-aaral ng mga banal na kasulatan, 119–21, 267
  *Tingnan din sa* Magulang, mga

Pamimintas, Pagbatikos
  hanapin ang kabutihan ng ibang tao sa halip na mamintas, 250–51
  ng mga lider o pinuno ng Simbahan, 69–70
  salungat sa ebanghelyo ni Jesucristo, 250–51

Panalangin
  hiniling ng bata na ipagdasal siya ng mga doktor, 104–107
  ipagdasal ang mga lider ng pamahalaan, 109
  kapangyarihan ng, 108–109

mabibigyan tayo ng inspirasyon na malaman kung ano ang dapat ipagdasal, 107–108
panalangin ng pamilya, 108–110

Pananampalataya
halimbawa ng, sa mga banal na kasulatan, mga, 201–203
humantong sa Unang Pangitain ni Joseph Smith, 42, 43, 203
isang kaloob ng Diyos na ibinibigay sa mabubuti, 208
ng mga Banal noong una, 203–206

Pangulo ng Simbahan
ginagabayan ng Panginoon ang Kanyang mga tao sa pamamagitan ng, 128–29
pinalalakas ng pagsang-ayon ng mga miyembro, 70–72
tumatanggap ng lakas at karunungan mula sa Diyos, 67–68
*Tingnan din sa* Lider ng Simbahan, mga

Panunumbalik
ng ebanghelyo, 43–45
ng priesthood, 52–56

Patotoo
lahat ay makatatanggap ng kanilang sariling, 31, 130–131

Pioneer, mga, xxxii–xxxv, xxxvii–xl

Priesthood
huwag balewalain ang, 57–58
kabataang lalaki dapat maghandang tanggapin, mga, 51
kailangang ipagkaloob sa paraan ng Panginoon, 55–56
matatagpuan lamang sa totoong Simbahan ni Jesucristo, 55–56
mga mayhawak ng, kailangang karapat-dapat, 57–59
ordenansa ng, kailangan sa pagpasok sa kahariang selestiyal, mga, 56–57
pagkakataong maglingkod, 51–52
panunumbalik ng, 52–56

## S

Sakrament
alisin ang hindi magandang saloobin sa ating puso bago makibahagi ng, 276–77
ang karapat-dapat na pakikibahagi ng, nagpapanibago ng ating espirituwal na lakas, 194–96
pinasimulan ng Tagapagligtas, 190–93

Satanas. *Tingnan sa* Kaaway

Simbahan ni Jesucristo
nagtataglay ng banal na awtoridad, 55–56
pag-unlad ng, 47, 175–77, 180–84
pinamamahalaan ni Jesucristo, 64–65, 128–29

Smith, George A. (lolo)
gawaing misyonero ni, mga, 180–81
nabigyang-inspirasyon na ipagdasal ang kaligtasan ng kanyang pamilya, 107
nakita ni George Albert Smith sa panaginip, xxvii–xxix
pinagmulan ni, xii–xiv
pinapayuhan ang kanyang pamilya na manatili sa panig ng Panginoon, 211

Smith, George Albert
anak ni, mga, xx–xxii
asawa ni, namatay, xxx
bilang ama, xx–xxii, 259–60
bilang Apostol, xxii–xxx
bilang pangulo ng European Mission, xxx–xxxii, 149–51, 199–201
bilang Pangulo ng Simbahan, xxxv–xl
binisita ang Kirtland Temple, 89

binisita ang pangulo ng Mexico, xxxvii–xxxviii
binisita ang sinilangang lugar ni Joseph Smith, 39
hinikayat ang isang tao na basahin ang mga banal na kasulatan, 113–15
ibinahagi ang ebanghelyo, xxiii–xxv, xxxvii–xxxviii, 135–37, 163–64
ibinigay ang Aklat ni Mormon bilang regalo sa Pasko, xxiv
ibinigay ang kanyang amerikana sa isang trabahador sa lansangan, 14
interes ni, sa mga makasaysayang lugar ng Simbahan, xx–xxxv, xxxviii–xl
kabaitan ni, xii, xlii–xliii, 2–3, 13–14, 247–49
kabataan ni, xiii–xvi, 247
kasal ni, xvii
kinumbinsi ang kanyang mga anak na ipamigay ang kanilang mga laruan sa Pasko, xxii
misyon ni, sa katimugang bahagi ng Estados Unidos, xvii–xx
misyon ni, sa katimugang bahagi ng Utah, xvi
nagpadala ng tulong sa Europa na winasak ng digmaan, xxxvi, 235–36
nagtrabaho sa pabrika ng damit sa edad na 13, xv–xvi
nakipagkasundo sa isang kaibigang nakasakit sa kanyang damdamin, 273
nakita ang kanyang lolo sa isang panaginip, xxviii–xxix
nalaman kung paano magpalipad ng eroplano ang mga piloto sa makapal na hamog, 123–25
naligtas mula sa pagkalunod sa pamamagitan ng panalangin, 103–104
naordenan na deacon, 51
pagkamatay ni, xli, 24
paglilingkod sa publiko ni, xxv–xxvi
pinayuhan si Belle S. Spafford na manatiling miyembro ng isang pambansang organisasyon, 284–85
pinsala sa mata ni, xvi, xxvi
problema sa kalusugan ni, mga, xxvii–xxx
sariling panuntunan ni, 1–2, 163, 273–74
sinalakay ng mandurumog, xx
sinang-ayunan bilang Pangulo ng Simbahan, 63
tawag na maging apostol, xxii–xxiii
tinuruan ang kanyang anak ng katapatan, 259–260
tinuruan ng kanyang ina na manalangin, xiii–xiv, 101–103
tumangging uminom ng kape, 223

Smith, John (lolo-sa-tuhod), xiii

Smith, John Henry (ama), xiii, 107

Smith, Joseph
inialay ang kanyang buhay para sa kanyang patotoo, 46–47
ipinanumbalik ang mga walang-hanggang katotohanan, 43–45
pananampalataya ni, 42, 43, 203–205
patotoo tungkol kay Jesucristo, 28–30
tinawag ng Diyos sa kabila ng kanyang kabataan at kakulangan sa kaalaman, 42–43
Unang Pangitain ni, 28–30, 37, 39–43

Smith, Lucy Emily Woodruff (asawa)
pagkamatay ni, xxx

pagliligawan at pagpapakasal nina, xvii–xviii
tumanggap ng basbas mula kay Wilford Woodruff, xx

Smith, Sarah Farr (ina), xiv, 101–103

**T**

Tahanan
maaaring maging lugar ng kaligtasan, 289–90
*Tingnan din sa* Pamilya

Talinghaga ng piging ng kasalan, 6–8

Teknolohiya
maaaring gamitin upang isulong ang gawain ng Panginoon, 176–77

Templo at gawain sa templo, mga
layunin ng, upang matanggap ang mga ordenansa, 91–96
paglalaan ng Idaho Falls Idaho Temple, 90–91
sakripisyo ng mga Banal sa pagtatayo ng Kirtland Temple, mga, 89

This Is the Place Monument, xxxviii–xl

**U**

Unang Pangitain
ipinakita ang pananampalataya ni Joseph Smith, 40, 41, 203
ipinakita na hindi sarado ang kalangitan, 39–41
karagdagang patotoo na si Jesus ang Cristo, 29–30
naglatag ng pundasyon para sa pananampalataya, 41

**W**

Word of Wisdom
ay mapagmahal na payo mula sa Ama sa Langit, 225–27
pagpapala sa pagsunod sa, mga, 227–232
turuan ang ating mga pamilya ng, 231–32

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW

TAGALOG
4 02367 86893 2
36786 893